# ANG IYONG REBOLUSYONG PINANSYAL

## Ang Kapangyarihan ng Katapatan

GARY KEESEE

Mahal na kaibigan kay Cristo,

Ang panalangin namin ay matagpuan mo ang materyales o resource ng pagtuturong ito na maging isang pagpapala at kalakasan para sa iyo! Malayang ibahagi ang materyales na ito sa iyong mga kaibigan, pamilya, at mga miyembro ng iyong iglesya. Maaari ka ring pumunta sa FLNFree.com upang mag-download ng karagdagang mga kopya at marami pang mga libreng aralin sa iyong sariling wika.

Mahal ka ng Diyos at mayroon Siyang kamangha-manghang plano para sa iyong buhay! Ang malaman kung paano kumikilos ang Kaharian ng Diyos ay nagbago ng aming buhay patungo sa mas mabuti, at naniniwala kaming ito rin ang mangyayari sa iyo!

Nang may pag-ibig kay Cristo

Gary at Drenda Keesee



P.S. Huwag kalimutang pumunta sa aming free download website FLNFree.com upang i-download ang karagdagan pang mga aralin sa iyong sariling wika!

R E B

# ANG IYONG REBOLUSYONG PINANSYAL

## Ang Kapangyarihan ng Katapatan

O L U

GARY KEESEE

S Y O N

***Your Financial Revolution***: The Power of Allegiance, Tagalog

Copyright© 2024 by Gary Keesee

Originally published in English Copyright © 2015 by Gary Keesee

ISBN: 978-0-9729035-9-2
Gary Keesee Ministries
P.O. Box 979, New Albany
OH 43054, USA

GaryKeesee.com

This book is a FREE GIFT from Gary Keesee Ministries and is
NOT FOR SALE

***Ang Iyong Rebolusyong Pinansyal***: Ang Kapangyarihan ng Katapatan

Copyright© 2024 by Gary Keesee

Orihinal na inilathala sa Ingles Copyright © 2015 by Gary Keesee

ISBN: 978-0-9729035-9-2
Gary Keesee Ministries
P.O. Box 979, New Albany
OH 43054, USA

GaryKeesee.com

Ang aklat na ito ay LIBRENG REGALO mula sa Gary Keesee Ministries at
HINDI IPINAGBIBILI

# MGA NILALAMAN

**PAUNANG SALITA** .......... 07

**PANIMULA** .......... 09

**KABANATA 1 |** Ang Kaharian .......... 21

**KABANATA 2 |** Ang Asul na Usok .......... 61

**KABANATA 3 |** Pakiusap O Diyos, Mahabag Ka! .......... 69

**KABANATA 4 |** Ang Malaking Isda .......... 97

**KABANATA 5 |** Kaninong Pagpapasya Ito? .......... 107

**KABANATA 6 |** Ang Pagpapala ng Panginoon .......... 141

**KABANATA 7 |** Ang Pintuan .......... 159

**KABANATA 8 |** Ang Kapangyarihan ng Katapatan .......... 167

**KABANATA 9 |** Pakainin Ninyo Sila! .......... 177

**KABANATA 10 |** Magtipon, Hindi Magpawis .......... 191

**KABANATA 11 |** Mas Madali ang Lumipad, Kaysa Maglakad .......... 199

# PAUNANG SALITA

Matagal ko nang nais isulat ang paglalakbay kung saan dinala kami ni Drenda ng Diyos nang ilang mga taon na ngayon. Ang aming buhay ay talagang nagbago! Nakita namin ang lahat ng mga himalang ginawa ni Jesus sa Bibliya na nangyari sa aming harapan mismo sa maraming mga taon: ang mga patay ay nabuhay; ang paralisado ay bumangon, lumakad, at bumalik sa trabaho nang sumunod na araw; hindi mabilang na mga tao ang gumaling; at ang pananalapi ay naibalik para sa daan-daang libong tao. Ngunit ang pinakadakilang mga himala na nakita natin ay nangyari sa sarili naming pamilya at sa aming mga personal na buhay.

Ang layunin ko ay dalhin kayo sa paglalakbay, isang paglalakbay ng pagtuklas na inaasahan kong magbabago sa iyong buhay gaya ng ginawa nito sa aking buhay. Ang kuwento ay hindi maisasalaysay sa isang aklat lamang. Ito ang una sa isang serye ng mga libro na magdadala sa iyo sa personal na pagbabago sa iyong pananalapi at magsisimulang ipakita ang mga hiwaga ng Kaharian ng Diyos na nagpabago sa aking buhay. Para sa akin, ito ay isang kapana-panabik na paglalakbay at isang hindi matatapos na paglalakbay. Tayong lahat ay patuloy na pag-aaralan ito! Ang kaalaman tungkol sa Kaharian ay hindi mauubos.

Labis-labis akong nagpapasalamat sa Diyos. Ang Kanyang mga awa ay bago sa bawat araw, at Siya ay mapagpasensiya at mapagpatawad, na nagpatnubay sa atin sa daan ng kaligtasan. Hindi kita madadala sa paglalakbay na ito nang hindi muna binabanggit ang aking kahanga-hangang asawa, si Drenda. Dahil sa kanyang puso para sa Diyos at sa kanyang pagmamahal at pagtitiis sa akin ang nagbigay sa akin ng lakas ng loob na harapin ang aking mga kahinaan at hanapin ang Diyos para sa mga kasagutan na desperado kong kailangan. Isang malaking kagalakang ibahagi ito sa inyo.

**Ang Iyong Rebolusyong Pinansyal**
*Ang Kapangyarihan ng Katapatan*



# PANIMULA

*Ako ay pinagkaitan ng kapayapaan; nakalimutan ko na kung ano ang kasaganaan.*
— Mga Panaghoy 3:17

Nagising ako na alam kong may problema, napakalaking problema! Matinding takot ang bumalot sa aking isipan nang paggising ko. Hindi ko maramdaman ang aking dila. Ang aking mga kamay, mga binti, at gilid ng mukha ay namamanhid. Ginising ko si Drenda at pilit kong sinasabi sa kanya ang nangyayari habang hindi sumusunod ang buong mukha at dila ko. Napansin kong patuloy na bumibilis ang tibok ng puso ko at hirap na hirap ako sa paghinga habang pinaparating ko sa kanya ang aking kalagayan. Nagising siya at kaagad simulan niya akong ipinalangin. Unti-unting humupa ang kakaiba at nakakatakot na naramdaman ko. Muli akong humiga sa kama habang inalok ni Drenda na dalhan ako ng makakain. Nalilito ako at natatakot sa nangyayari sa aking katawan habang nakahiga akong nananalangin. Ang mga alon ng pagkasindak ay humampas sa akin; ang takot na hindi ko pa naranasan noon sa aking buhay ay umatake sa aking isipan.

Ang buhay kong puno ng utang at ang patuloy na pangangailangan sa pananalapi ay nagpapanatili ng takot bilang isang normal na bahagi ng aking pang-araw-araw na buhay. Ako ay nasa ilalim ng matinding stress sa nakalipas na ilang taon tungkol sa aking lumalalang sitwasyon sa pananalapi. Ako ay nasa larangan ng pagbebenta o sales na may mga komisyon ngunit hindi sapat ang kita. Nangungupahan kami sa isang maliit na luma o 1800s na farmhouse na mukhang hindi pa ito kailanman ipinaayos muli simula nang itinayo ito. Sa palagay ko ay nagmamalabis ako ng kaunti, ngunit wala sa ayos ang bahay. Ang

mga frame ng bintana ay may mga puwang kung saan tumutubo ang mga halaman papasok patungo sa aming sala. Marami sa mga salamin ng bintana ay basag at sira, at nilagyan namin ang mga ito ng tape gamit ang karton at duct tape. Kahit sira-sira na, nagawa pa rin ni Drenda na gawin namin itong tahanan. Ngunit kahit na sa kanyang kamangha-manghang mga kasanayan o skill, hindi namin maitatago ang katotohanang mayroong maraming seryosong problema ang aming tirahan.

Ang lahat na mayroon kami ay nasa parehong kondisyon — sira lahat! Parehong luma na ang aming mga sasakyan, may mahigit 200,000 milya na ang naitakbo nito, at halos ayaw ng umandar. Ang aming dalawang anak na lalaki ay natutulog sa mga kutson na itinapon ng isang nursing home, ang karpet sa sahig ng kanilang kuwarto ay aming nakuha sa tabi ng kalsada sa basurahan. Ang mga pawnshop o pagsasanla ay isang paraan ng aming pamumuhay, at hihiram kami sa sinuman na sa tingin namin ay makakatulong sa amin. Namumuhay kami nang isang kahig isang tuka bawat araw, naghahanap ng maibebenta, naghahanap ng paraan para makaraos, at umaasang magiging mas maganda ang bukas.

Ang aking sampung credit card na naabot na ang mga credit limit ay nakansela nang nakaraang buwan, at ang aking tatlong finance company loans, na may 28 porsyento na, ay naniningil. Ang aking mga bayarin sa sasakyan (oo, may utang pa ako sa napakalumang kotseng iyon) ay nasa 120 na araw ng huli sa pagbayad at may bantang mabawi pa ito. Ang bawat mga bayarin o bills ko ay laging huli ang pagbayad. Ang mga pataw at lien ay inihain laban sa akin, at ang mga tawag sa telepono upang maningil ay gumigising sa akin tuwing umaga. May utang ako sa IRS, at nagsampa na rin sila ng lien laban sa akin para sa mga hindi ko pa nababayarang tax. Nagkautang kami ni Drenda sa aming mga magulang ng $26,000, at napagod na sila sa pagtulong sa amin. Ang aming refrigerator ay bihirang mapuno ng mga grocery. Ang aming kuryente ay laging may banta na puputulin ng kompanya ng kuryente, kung minsan ay halos buwan-buwan. At narating ko na ang dulo ng aking pagkatalo o pagbagsak at walang magawa.

Ngayon, ang stress ay may ginagawang epekto na sa aking katawan na hindi ko nauunawaan. Matapos magpatingin sa ilang mga doktor, sinabi nilang nakaranas ako ng panic attack at binigyan nila ako ng

antidepressants. Sa kasamaang palad, nagpatuloy ang mga panic attack na ito at dumami ang dalas hanggang sa puntong natatakot na akong lumabas ng bahay. Dahil sa mga nakakalitong araw na puno ng takot, habang naghahanap ako ng mga sagot, napansin ko na ang ilang mga pagkain, tulad ng mga may asukal, starch, o caffeine, ay nagdudulot muli ng panic attack. Kaya't natatakot na rin akong kumain ng pagkain at naging maingat sa lahat ng kinakain ko. Ang buhay ko ay naging isang uri ng pagkakakulong hanggang sa punto na hindi na ako makapagtrabaho, siyempre ay lalong nagpalala sa pinansyal kong katayuan.

Inisip ng aking asawa na mawawala na niya ako, at sinabi niya sa akin kalaunan matapos akong gumaling na talagang pinaplano na niya kung ano ang gagawin kung paano alagaan ang aming mga anak. Humingi ako ng tulong sa Diyos para sa mga sagot dahil wala akong karanasan o kaalaman tungkol sa aking nilalabanan. Ang mga doktor ay may malalaki at nakakatakot na mga pangalan para sa kung ano ang aking karamdaman, sinasabing ito ay walang lunas at kailangan kong uminom ng gamot habambuhay. Ang ibang mga doktor naman ay nagsabi na ako ay nasa bingit ng pagiging diabetic, na sinasabing magiging isang magandang kaso ako para pag-aralan habang lumalala ang sakit habang ako ay tumatanda.

Kahit na ako ay isang Kristiyano, wala akong karanasan sa espirituwal na pakikipaglaban o kung paano labanan ang kaaway. Sa katunayan, sa puntong ito ay hindi ko pa alam na nakikipaglaban ako sa isang espiritu ng demonyo. Akala ko ay may problema lamang ako sa aking pisikal na katawan at hinihiling ko sa Diyos na pagalingin ako. Bilang isang Kristiyano, alam ko na ang Diyos ang aking kasagutan, ngunit sa panahong iyon ay parang napakalayo ng Diyos. Binigyan ako ng mga doktor ng diagnosis na may iba't ibang pangalan para sa kalagayan ko, lahat ay nauugnay sa mga problema sa pag-iisip at maaaring gamutin lamang sa pamamagitan ng pag-inom ng iba't ibang gamot. Tulad ng nasabi ko na, walang lunas, tanging mga paggamot lamang na tumutulong sa akin na makayanan ang aking kondisyon sa pag-iisip. Subalit nagkakaroon ako ng mga side effect mula sa mga gamot, at hindi talaga ito nakatulong. Sa katunayan, naniniwala akong nagdagdag pa ang mga ito ng iba pang mga sintomas. Pakiramdam ko ay nabubuhay ako na parang lumulutang, patuloy na pinahihirapan ng

mga takot na mga pag-iisip na hindi ko makontrol. Wala akong mga sagot, at walang nakakatulong. Ito ay nagpatuloy ng ilang linggo, at lumago ang aking pagkadismaya habang ang mga sintomas at takot ay tila binalot na ang aking buhay.

Ngunit isang gabi, nagkaroon ako ng malaking tagumpay habang naghahanap ako ng mga kasagutan sa Diyos. Natuklasan ko ang isang mahalagang susi sa aking kalayaan. Nasa home church ako na dumalo sa isang gabing gawain ng Miyerkules. Habang nasa gitna ng pagpupuri at pagsamba, nakaranas ako ng matinding panic attack. Hindi ko alam ang gagawin. Ako ay desperado, at alam kong kailangan ko ng panalangin, kaya pumunta ako sa harap ng aming iglesya. Kahit na labis kong inistorbo ang gawain, wala akong pakialam. Ako ay dumadalo sa isang napakalaking simbahan at hindi ako personal na kilala ng pastor, ngunit kilala ako ng isa sa mga staff member ng praise and worship team. Na halos gumagapang na ako papunta sa platform sa sobrang desperasyon, huminto ang lahat ng ginagawa at ang lahat ng mga mata ay nakatuon na sa akin. Agad na kumilos ang staff member na kilala ako nang makita niyang papalapit ang mga security officer upang pigilan ako.

Habang ipinapaliwanag niya ang aking sitwasyon sa pastor, nakita kong lumambot ang ekspresyon ng pastor. Lumapit siya sa akin at ipinanalangin ako. Sinabi ng aking kaibigan sa pastor na ako ay may sakit. Tumingin sa akin ang pastor at sinabi, “May espiritu siya ng karamdaman.” Dahil dito, ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa aking ulo at inutusan ang espiritu ng karamdaman na umalis. Nang sandaling iyon, may kamangha-manghang nangyari—pinalaya ako. Sa unang pagkakataon sa loob ng ilang buwan, naramdaman kong normal ako, walang mga nagpapahirap na pag-iisip, walang takot, kundi isang malalim na kapayapaan lamang. Ang sabihin na ako ay nagpapasalamat ay isang kulang pa na pahayag. Ang sabihin na ako ay nasasabik ay hindi rin sapat upang ipaliwanag kung ano ang aking naramdaman. Pakiramdam ko nag-uumapaw ako sa saya, magaan na parang isang balahibo, at puno ng kagalakan.

Pagkatapos ng gawain, pumunta kami ni Drenda sa Pizza Hut kasama ang ilang kaibigan upang magdiwang. Habang nakaupo ako roon at kumakain ng pizza, naalala ko na may isang kanta na tumugtog sa radyo, at bigla na lamang, naramdaman kong muli ang nakakasukang pakiramdam ng takot na bumalot sa akin—bumalik na naman ito.

Muli, nang oras na iyon, nauunawaan ko na iyon ay isang espiritu. Sinabi ng pastor na iyon ay espiritu ng karamdaman, ngunit hindi ko talaga alam kung ano ang ibig sabihin nito, at medyo nalilito ako. Akala ko ay gumaling na ako sa gawaing iyon, ngunit tila hindi pa rin. Kinabukasan, muli akong nakikipaglaban sa mga panic attack, ngunit hindi ko maiwasang isipin ang nangyari nang gabing iyon sa gawain. Nang nanalangin ang pastor ko, hindi niya ipinapanalangin na ako ay gumaling. Nagkaroon siya ng kapamahalaan at awtoridad laban sa isang espiritu. Ang katotohanang ang aking kalagayan ay tumugon sa aking pastor nang ganoon na lamang ay tila nagpapahiwatig na baka nga ito ay isang espiritu at hindi isang sakit. (Muli, makikita mo kung gaano ako kabago sa pagiging Kristiyano na hindi ko ito nauunawaan.) Nang panahong iyon, kaunti lamang ang alam ko tungkol sa espirituwal na pakikipaglaban, ngunit alam ko na totoo ang mga demonyo. Nakakita na ako ng isa.

Noong aking kabataan, naging manager ako ng isa sa dalawang pizza shop na pagmamay-ari ng aking mga magulang. Isang gabi, may isang lalaking pumasok at sinabi sa akin na siya ay magsasagawa ng revival sa isang lokal na simbahan ng Methodist na malapit doon. Inanyayahan niya akong pumunta at dumalo. Tinapos niya ang kanyang paanyaya sa pariralang, "Ginagawa pa rin ni Jesus ang mga parehong bagay na ginawa Niya sa Bibliya." Ngayon, iyon ay kumuha ng aking pansin. Lumaki ako sa simbahan. Ibinigay ko ang aking puso sa Panginoon noong Vacation Bible School nang ako ay nasa ikalimang baitang. Ngunit sa lahat ng mga taong iyon, hindi ko kailanman nakita ang kapangyarihan ng Diyos na nagpagaling sa tao, wala ni isang bagay na talagang nakakuha ng aking pansin kung saan alam kong ito ay Diyos. Kaya't napalayo ang aking buhay mula sa Panginoon noong mga panahong ako ay nag-aaral. Paminsan-minsan sa mga panahong iyon, gagawa ako ng bagong pangako na dumalo sa simbahan, ngunit tila hindi nagtatagal ang aking interes doon. Ngunit ang taong ito ay parang kakaiba. Ginagawa pa rin ni Jesus ang mga parehong bagay na ginawa Niya sa Bibliya? Interesado akong makita kung ano ang kanyang sinasabi. Marami sa aking mga empleyado ay dumadalo sa simbahan na iyon, at hinikayat nila akong pumunta, kaya nagpasya akong pumunta.

Nang unang gabing naroon ako, naramdaman ko ang presensya ng Diyos sa paraang hindi ko pa naranasan noon. Para bang tunay

kong nararamdaman ang presensya ng Diyos; ito ay nadarama. Ang mensahe ng lalaki ay makapangyarihan, at nang tanungin niya kung mayroon bang nais magtalaga o manumbalik ng kanilang buhay kay Jesus, itinaas ko ang aking kamay. Wow! Kakaiba ang gabing iyon. Ako ay sobrang excited. Gusto kong sabihin sa lahat kung gaano kadakila ang Diyos.

Noong mga araw na iyon, walang Internet, walang CD o cassette tapes, at tatlong channel lang ang aming TV. Maliit lang din ang aming bayan, kaya't wala masyadong magagawa pagkatapos ng oras ng trabaho. Ang mga kabataan ay madalas na nagtitipon sa pizza shop para sa entertainment hanggang sa dis-oras ng gabi. Karaniwan kaming nagsasara ng 1:00 A.M. tuwing Biyernes at Sabado ng gabi, at puno ng mga kabataan ang aming parking lot. Madalas kailangang kong paalisin sila dahil nahihirapan ang aking mga customer na makahanap ng parking. Madalas din na may mga gabing kailangang awatin ng mga pulis ang mga away at pauwiin ang mga kabataang ito. Ngunit ngayon ay nagkaroon ako ng ideya. Kailangan ng mga kabataang iyon na marinig ang tungkol kay Jesus. Kaya't lumabas ako at sinabi sa kanila na kung may nais manatili, magkakaroon ako ng Bible study sa pizza shop pagkatapos naming magsara. Alalahanin, na ito ay mga 1:30 ng madaling araw, dahil kailangan pa naming maglinis at magsara mula 1:00 hanggang 1:30 A.M. Hindi ko alam kung may darating, ngunit alam ninyo ba, ang ilan sa kanila ay dumating, at ang ilan sa aking mga empleyado ay nanatili rin. Nang unang gabi na ginanap ko ang meeting, isa sa mga kabataan ay nagsabing nais niyang maglingkod kay Cristo at tinanong ako kung ano ang dapat niyang gawin. Ngayon, ito ay nagdala ng kakaibang problema para sa akin dahil hindi ko pa naisip ang bahaging iyon. Tandaan, halos wala akong alam tungkol sa Bibliya, ngunit may nabasa akong kasulatan na sagot sa aking mga alalahanin.

*At mangyayari na ang bawat tumatawag sa*
*pangalan ng Panginoon ay maliligtas.*
—Mga Gawa 2:21

Mukhang simple lamang ito, kaya't iyon ang napagpasyahan kong gawin. Umalis na ang grupo nang lapitan ako ng kabataang ito na may katanungan, kaya sinabi ko sa kanya na maupo sa isang upuan at sambitin ang pangalang Jesus. Akala ko ay madali lang itong

gawin, ngunit naupo ako roon ng mga dalawang minuto, at wala siyang sinasabi. Kaya't inulit ko ang aking utos, iniisip ko na baka hindi niya ako narinig. Wala pa ring tugon. Pagkatapos napansin ko na siya ay nanginginig. Makikita ko rin sa kanyang ekspresyon na tila nahihirapan siyang banggitin ang pangalan ni Jesus mula sa kanyang bibig. Bigla na lamang, na parang isang dam ang sumabog, binigkas niya ang pangalan ni Jesus, at ang kapayapaan ay bumalot sa kanyang mukha. Ito ay gumana! Kaya't iyon ang aking plano sa tuwing may nais magbigay ng kanilang puso sa Panginoon. Pauupuin ko sila sa isang upuan at sasambitin ng kanilang labi ang pangalan ni Jesus. Halos walang exception, hindi nila kaagad mabigkas ang pangalan ni Jesus. Sila ay magsisimulang manginginig, pagkatapos tila nahihirapan, at bigla nilang mabibigkas ito, at magkakaroon sila ng kapayapaan.

Isang araw habang nasa likod ako ng silid at nagmi-mix ng dough, narinig ko ang katok sa likod ng pintuan. Nang buksan ko ang pintuan, nakilala ko ang dalawang kabataang nakatayo roon na dati ko nang nakausap tungkol kay Cristo. Inimbitahan ko silang pumasok, at ang isa sa kanila ay nagsabi na nais niyang ibigay ang kanyang puso sa Diyos. Kaya't pinaupo ko siya sa isang upuan; at, tulad ng dati, siya ay nagsimulang manginig at sa wakas ay nabanggit ang pangalan ni Jesus. Nang tumingala ako, nakita ko na ang isa pang kabataan ay umatras mula sa akin at nasa kabilang dulo ng silid, nakasiksik sa isang sulok at parang isang hayop na nasa hawla. Sinusubukan niyang maghukay sa pader na parang sinusubukan niyang lumayo pa sa akin. Ito ay kakaiba, at wala akong paliwanag para rito.

Habang nakatayo ako roon at nakatingin sa kanya, bigla akong nagkaroon ng isang kaisipan, "Iniisip ko kung ito ay isang demonyo." Ngayon, wala akong karanasan sa mga demonyo, ngunit nabasa ko ang tungkol sa kanila sa Bibliya. Talagang hindi ko maisip ang anumang ibang paliwanag para sa kanyang kakaibang mga kilos. Kaya't sinabi ko, "Jesus, ito po ba ay isang demonyo?" Agad-agad, parang may tabing na hinila, nakita ko ang isang demonyo na nakabitin sa gilid ng taong ito. Ang demonyo ay mga tatlong talampakan ang taas, at ito ay nakakapit sa taong ito na nakabaluktot ang mga binti. Lagi akong tinatanong ng mga tao, "Ano ang hitsura nito?" Parang kamukha ito ng isang unggoy ngunit iba. Ito ay mabalahibo tulad ng isang unggoy, may mahahabang braso tulad ng isang unggoy, ngunit may namumula at nanlilisik na mga mata at hindi normal ang itsura. Nang makita ko ang mga

mata na iyon, talagang napasigaw ako nang malakas. Ang pagkamuhi na nakita ko sa mga mata na iyon ay higit pa sa kaya kong harapin. Ang pinakamagandang paraan upang ilarawan ang nakita ko sa mga matang iyon ay likidong pagkamuhi, sumasaklaw na pagkamuhi na halos madama. Alam ko sa isang tingin na ang bagay na ito ay hindi lamang pagkamuhi sa akin kundi sobrang galit sa akin.

Ngayon, ano nang gagawin? Hindi ko alam kung ano ang gagawin ngayong nakita ko ang bagay na ito. Ngunit naisip ko na kung ang pangalan ni Jesus ang nagdala sa amin sa Kaharian, dapat itong may awtoridad laban sa demonyong ito, kaya't sinabi ko nang malakas, "Sa pangalan ni Jesus." Agad-agad, nagsara ang tabing. Kung naaalala ninyo ang mga black and white na TV noon, kapag pinapatay mo ito, mayroong isang bahagyang anino ng pinapanood mo na dahan-dahang nawawala mula sa screen. Ganito ang itsura ng bagay na ito. Talagang hindi ko ito makita nang buo, ngunit nakikita ko pa rin ang anino nito na unti-unting nawawala. Nang magsara ang tabing, biglang tumakbo palabas ng gusali ang kabataang lalaki.

Kaya, oo, alam ko na totoo ang mga demonyo. Nais ko sanang sabihin na nang maunawaan ko na ang aking problema ay isang espiritu, hinarap ko ito at lumakad ako sa kalayaan mula nang sandaling iyon. Ngunit hindi iyon agad nangyari. Malungkot isipin, na pagkatapos ng maraming mga taong pagdalo ko sa simbahan, hindi ako kailanman nakapaglaan ng oras na malaman kung sino ako kay Cristo upang matutunan kung paano gamitin ang aking mga karapatan laban sa kaaway. Ngunit ngayon na napagtanto ko, o kahit papaano sa hinala ko na humaharap ako sa isang espiritu, napalakas ako nang matutunan kung paano ito talunin. Alam na alam kong ang demonyo ay dapat tumugon sa aking awtoridad, ngunit nalito ako dahil hindi ito nangyari. Ilang araw pagkatapos, nagkaroon ako ng isa pang positibong karanasan na nagpapatunay na ang aking problema ay talagang isang espiritu.

Ako ay nasa aking silid at nananalangin sa espiritu at nagpasya akong maglaan ng sapat na oras sa pananalangin upang makakuha ng sagot tungkol sa nangyayari. Nang oras na iyon sa panalangin, bigla akong nakaramdam ng ginhawa at muli akong naging malaya, tulad nang ipinalangin ako ng pastor. Ako ay malaya ng mga dalawang oras nang gabing iyon bago ito bumalik, ngunit ngayon ay sigurado akong

ito ay isang espiritu dahil tumugon ito sa panalangin. Sinubukan kong manalangin muli ngunit walang nangyari. Kaya nagsimula akong magbasa ng kahit anong maaari kong basahin tungkol sa espirituwal na pakikidigma at naglaan ng oras sa pag-alala kung sino ako kay Cristo. Ngunit wala pa ring pagbabago. Isang beses lamang nang ako ay nananalangin na nakita kong tumugon ang espiritu sa aking sariling awtoridad. Nalilito ako at nagsimulang taimtim na itanong sa Panginoon kung ano ang gagawin. Bagaman hindi ko lubusang mapalaya ang aking sarili, hindi na ako nagkakaroon ng mga panic attack at nawala na ang lahat ng pagkaparalisa. Kaya mayroon nang ilang malalaking tagumpay. Bagaman patuloy akong nakikipaglaban sa mga nakababalisang kaisipan at depresyon, subalit tiwala akong lumalakas ako. Naglalaan ako ng oras araw-araw sa pagsusuri kung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa ating awtoridad kay Cristo.

Isang hapon, nakikipaglaban ako sa pamilyar na pakiramdam ng pangamba at takot habang nagtatrabaho sa aking opisina. Sinubukan kong manalangin at utusan ang espiritu ng takot na umalis ngunit walang epekto, gaya ng dati. Nang bigla na lamang narinig ko ang tinig ng Panginoon. Sinabi Niya sa akin na utusan ang espiritu na umalis, gawin ito nang malakas at may awtoridad. Sinabi rin Niya sa akin ang isang bagay na nagbago kung paano ko tinitingnan ang espirituwal na awtoridad. Sinabi Niya na huwag pansinin ang aking nararamdaman kapag inuutusan kong umalis ang bagay na iyon, kundi panghawakan ang Kanyang Salita, hindi ang nakikita o ang nararamdaman ko. Nagtatrabaho ako sa aking opisina, kaya hindi ko basta-basta magagawa na sumigaw sa diyablo roon dahil naroon din ang aking mga empleyado. Kaya't tumayo ako at pumunta sa restroom at sinabi nang malakas, "Sa pangalan ni Jesus, tinatalian kita, ikaw na espiritu ng takot. Ang iyong ginagawa ay ilegal, at inuutusan kitang umalis ngayon din, sa pangalan ni Jesus." Wala akong naramdaman na pagbabago. Ngunit naalala ko ang sinabi ng Panginoon, "Huwag mong pansinin ang iyong nararamdaman." Kaya't nagpasalamat ako sa Panginoon para sa awtoridad na ibinigay Niya sa akin laban sa espiritung ito, at nagsimula akong magpuri sa Diyos na ako ay malaya na. Bumalik ako sa aking opisina at bumalik sa trabaho. Habang nakaupo ako sa aking mesa, kahit na wala akong nararamdamang pagbabago, patuloy kong pinasasalamatan ang Panginoon na ako ay malaya na sa tuwing inaatake

ng takot ang aking isipan. Habang inaayos ko ang file ng isang kliyente, bigla kong naramdaman ang presensya ng Diyos na bumalot sa akin, at nakita ko ang isang itim, maulap na anino ang umalis sa akin at mabilis na nawala pataas sa kisame ng aking opisina.

Ako ay malaya na!

Ang demonyong espiritu ng takot ay nawala, at kung bumalik man ito, alam ko na kung paano ito haharapin. Ako ay sobrang natuwa! Tinawagan ko si Drenda at sinabi sa kanya ang nangyari. Sinabi niya na pupunta siya kaagad, at ipinagdiwang namin ito sa pamamagitan ng pagpunta sa isang Chinese restaurant (na paborito ko). Pagkatapos ng araw ng iyon, kinailangan kong ulitin ang aking pagtayo at paninindigan laban sa espiritu ng takot nang maraming beses dahil ang mga demonyo ay hindi madaling sumuko. At kahit na ang demonyo ay umalis na, ang kaguluhan sa pinansyal na aspeto ng aking buhay ay nanatili. Kaya't patuloy na sinusubukan ng takot na muling manumbalik sa aking isipan tungkol sa aking mga pananalapi, at kailangan kong matutunan kung paano ito harapin sa aking isipan at kung paano ito mapanatiling payapa.

Mayroon pang ibang mga labanan na kailangan kong harapin at matutunan sa aking buhay, kasabay ng maraming espirituwal na pagtuturo tungkol sa Kaharian na kailangan pang matutunan, ngunit ang dahilan kung bakit nais kong sabihin sa iyo ang kuwentong ito ay upang malaman mo na naiintindihan ko kung paano nakakaapekto ang stress sa pananalapi sa mga tao at sa kanilang mga buhay at kung paano ito nagbubukas sa kanila sa nakakabalisang takot.

Gusto kong tiyakin sa iyo na alam mong naranasan ko rin ito.

Kaya kahit anong uri ng kaguluhan ang hinaharap mo ngayon, may pag-asa pa. Sana ay nalaman ko nang mas maaga ang tungkol sa Kaharian ng Diyos sa buhay ko. Malungkot isipin na kami ni Drenda ay nabuhay sa kaguluhan sa pananalapi sa loob ng siyam na taon nang hindi naman pala dapat mangyari!

Sa kasamaang palad, ang aming kaguluhan sa pananalapi ay hindi isang maliit na problema; ito ang naging aming kalakaran. Ganito kami namuhay. Siyam na taon ng pagdarahop sa buhay, mga alaala ng mga nakakahiyang pangyayari at sitwasyon. Mga pangyayaring nais ko sanang kalimutan. Pagpalain ang aking asawa! Napakarami ng kanyang mga tiniis noong mga taong iyon. Kaya ngayon, sinisikap kong pagpalain siya tuwing may pagkakataon.

Kung paanong tinuruan ako ng Panginoon kung paano harapin ang demonyong espiritu ng takot, sinimulan Niya rin akong turuan kung paano harapin ang aking mga pananalapi mula sa espirituwal na pananaw. Ang itinuro ng Diyos sa amin ni Drenda, at ang ipinakita Niya sa amin tungkol sa aming mga pananalapi, ay napakalaking pagbabago sa aming buhay at sobrang kapana-panabik at nakakahipo na ipinangako naming gugugulin ang natitirang bahagi ng aming buhay sa pagtulong sa mga tao na matuklasan ang parehong mga prinsipyo.

Kami ni Drenda ay nagmula sa desperadong kawalan ng pananalapi hanggang sa pagbabayad nang cash para sa aming mga sasakyan, pagtayo ng aming pangarap na bahay nang walang utang, pagsisimula ng maraming kompanya, at pag-launch ng aming palabas sa TV araw-araw na "Fixing the Money Thing" sa bawat time zone sa buong mundo. Nagsimula rin si Drenda ng lingguhang palabas na "Drenda TV" sa ABC Family network upang tulungan ang mga pamilya na malaman kung paano mamuhay at upang palakasin ang mga kababaihan. Naramdaman namin na pinangungunahan kami ng Diyos na simulan ang Faith Life Church, kung saan tinuturuan namin ang libo-libong tao tungkol sa Kaharian ng Diyos kada linggo. Ngayon, kailangan ng milyon-milyon bawat taon upang gawin ang aming ginagawa, mahigit sa $200,000 bawat buwan para sa TV lamang, sa oras ng pagsusulat na ito. Wala sa mga ito, sa katunayan, ang magiging posible kung hindi kami tinuruan ng Diyos ng mga nais naming ituro sa inyo sa mga serye ng mga librong ito. Ayokong tingnan mo ang librong ito bilang isa pang libro tungkol sa pananalapi. Hindi ito isa pang libro tungkol sa kung paano gumawa ng budget, bagama't marahil ay kailangan at iminumungkahi iyon. Hindi ito muling pagsasaayos ng dating, "hindi sapat na kita," na maaari nating bawasan ang sesyon ng pagtuturo.

Hindi, ito ay isang aklat tungkol sa isang rebolusyon, isang pag-aalsa laban sa kaharian ng kadiliman at sa nakakasakal na kahirapan. Ito ay isang libro tungkol sa pag-aalis ng mga limitasyon ng isang tiwaling pamamahala at pagyakap sa isang bagong paraan ng pamumuhay. Ang sagot ko ay hindi simpleng pangkalahatang payo sa pananalapi. Natuklasan ko na kailangan ko ang kumpletong pagbabago sa aking pananalapi o pinansyal:

**ISANG REBOLUSYONG PINANSYAL!**

KABANATA 1

# ANG KAHARIAN

Ibinahagi ko sa iyo sa panimula ang kung paano ang aking buhay ay kinain ng nagpapahirap na takot. Kaya naniniwala ako na mahalagang simulan ko ang ating lakbaying ito sa pamamagitan ng isang pahayag na ganap na dapat mong maunawaan: HUWAG MONG PAG-ARALAN KUNG PAANO MAMUHAY SA TAKOT! Ang takot ang nagbubukas ng pinto sa lahat ng uri ng mga makadiyablong impluwensiya, kalituhan, at depresyon, tulad lamang ng nakita nating nangyari sa aking buhay at kasalukuyang nangyayari sa milyun-milyong buhay ng iba pa. Naniniwala ako na ang pinansyal na trauma ay ang pangunahing tagapagbukas ng pinto para ang takot ay pumasok sa buhay ng mga tao. Personal kong tinutulungan ang mga tao sa kanilang pananalapi sa loob ng 34 na mga taon sa aking financial planning firm, at natuklasan ko na hindi lamang ako ang tanging tao na nagkaroon o nakararanas ng mga isyu sa pananalapi sa buhay.

Katunayan, batay sa aking pananaliksik, natuklasan ko na 23 porsiyento ng populasyon ng Amerika ay hindi man lang nagbabayad ng minimum na bayad sa kanilang mga utang at dahan-dahan nang bumabagsak sa pagkabaon sa kanilang pananalapi. Ito ay isang ikaapat na bahagi ng buong bansa! Apatnapu't pitong milyon, isang ikaanim ng buong populasyon, ay namumuhay sa food stamps, at walo sa bawat sampung mga tahanan ay namumuhay sa saktong sweldo lamang, paycheck to paycheck. Hindi ko na rin pag-uusapan pa ang 18 trilyong dolyar na utang ng ating bansa at kailanman hindi na kayang bayaran. Hindi ko na rin babanggitin ang 120 trilyong dolyar na halaga na

1 Tracy Turner, "Debt Is People's Biggest Worry…Finance Problems Rank Higher Than Terrorism and Disasters." *The Columbus Dispatch, 2006.*

2 Brad Plumer, "*Why are 47 million Americans on food stamps? It's the recession — mostly.*" *The Washington Post, 2013.*

3 Glenn Kessler, "Does the Nation have 128 Trillion in Unfunded Liabilities." *Washington Post, 2013.*

mga pinansyal na obligasyon ng Estados Unidos sa kanyang sarili na walang pagsasaayos ng pondo upang matustusan ang gastos na ito. Namumuhay tayo sa isang bansa na mayroong mga seryosong isyung pinansyal! Ang natuklasan ko sa aking buhay ay ang mga hindi pa nalulutas na mga pinansyal na isyu at stress ay nagbubunga ng isang paraan ng pamumuhay na puno ng takot.

Ngunit mayroong mga kasagutan! Maaari kang mapalaya! Malinaw ang Bibliya sa usaping ito: Pumunta rito si Jesus upang ipangaral ang mabuting balita sa mga

> *Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay nasa akin. Sapagkat hinirang niya ako na mangaral ng magandang balita sa mga mahihirap.*
>
> —Isaias 61:1

Ano ang magandang balita sa isang mahirap na tao? Na maaari siyang makalaya! Ngayon, marahil wala ka pang ideya sa kung paano ito maaaring mangyari. Sa isang punto ng aking buhay, naramdaman ko ang pagiging lubos kawalan ng pag-asa. Ang kaisipan na mayroon akong $100 sa bulsa ko na hindi ko inutang sa iba ay sobrang kakaiba na matatawa na sana ako kung hindi lamang ito nakakatakot at nakakalungkot. Ang siyam na taong iyon na namumuhay ako sa survival mode at nakaapekto sa aking mga emosyon. Ninanakaw sa ating ng pinansyal na stress ang lahat ng mga bagay na mabuti. Kapag pinapanood ko ang mga luma naming mga palabas noong mga panahong iyon, hiyang-hiya ako. Makikita mo sa isang video na lalabas ako sa sasakyan ko at tatakbo patungo sa akin ang mga minamahal kong mga anak pagkatapos ng nakakapagod na araw sa opisina. Tatakbo sila sa akin at hahawakan ang aking binti at yayakapin ako, nang sumisigaw, "Hi, Daddy!" Sa video, hindi ko man lang sila binati o tingnan man lang. Nalunod na ako sa stress at pagka-desmayado na hindi ko na namamalayan kung ano ang tunay na mahalaga.

**"ANG ESPIRITU NG PANGINOONG DIOS AY NASA AKIN. SAPAGKAT HINIRANG NIYA AKO NA MANGARAL NG MAGANDANG BALITA SA MGA MAHIHIRAP."**

**— ISAIAS 61:1**

Ang aking kaisipan noon ay nagpapaalala sa akin sa isa sa aking

mga natutunan sa swimming class. Kung may isang nalulunod at sumisigaw ng saklolo, mag-ingat ka kung pupuntahan at tutulungan mo siya. Bakit? Dahil ang tanging iniisip lang nila ay ang maligtas sila na maaaring hindi nila napapansing hinihila ka na rin nila pababa. Naging ganoon ako, parang isang zombie na walang kamalay-malay sa buhay, sumasabay lamang sa agos ng buhay na walang nararamdaman. Bilang isang asawang lalaki, bigo ako. Bilang isang ama, bigo ako. Bilang isang tagapagtustos, bigo ako. Ang buhay ko ay naging paulit-ulit na walang emosyon, walang pangitain, at malumbay na pananaw sa buhay.

Sa panahong iyon maraming ginagawang mga bahay sa Columbus, Ohio. Nagtatayuan ang mga bahay kahit saan, at dahil dito, nagdaos ng Parade of Homes ang aming lungsod nang sunod-sunod ng ilang mga taon. Kung hindi mo alam kung ano ito, hayaan mong ipaliwanag ko. Ang parade of homes ay isang grupo ng mga spec homes, o bahay na malapit nang matapos, na pinapatayo ng iba't ibang mga tagapagtayo upang ipakita ang kanilang mga kakaibang mga style at abilidad, pati na rin ang mga bagong kagamitan at mga finishing. Sa mga taong nandoon, napakalaking bagay nito at libu-libong mga tao ang nakikibahagi rito. Ngunit kinakatakutan ko ang Parade of Homes. Sa lubhang kahirapan ng aming pamumuhay, hindi ko gusto na pumunta si Drenda at tingnan ang mga bahay na ito. Masama na ang pakiramdam ko tungkol sa aking pagkabigo sa pinansyal; tiyak na ayaw kong malaman ng aking asawa kung gaano pala talaga kahirap ang kanyang kalalagayan. Ngayon alam ko na kung gaano kahangal ang pananaw kong ito, ngunit noong mga panahong iyon, iyon ang pananaw ko. Alam ko na kung pupunta siya doon, gugustuhin niyang magkaroon siya ng ganoon. Kaya taon-taon, sinabi ko, "Huwag!" Ngunit sa wakas, isang taon sumuko ako at nagpasya na pupunta kami.

Ang mga bahay, tulad nang maiisip mo, ay talagang kamangha-mangha. Pinagmukha nila ang aming munting 1800s na farmhouse na isang inabandona na bahay na naghihintay na ibagsak ito. Pagkatapos naming maglakad sa ilang mga unang bahay at habang naglalakad kami sa bangketa, bigla kong napansin na wala na si Drenda sa tabi ko na naglalakad. Lumingon ako upang tingnan kung nasaan siya, at nalungkot ako na makita siyang nakatayo sa labas ng bahay na kagagaling lang namin. Tumutulo ang mga luha sa kanyang mata. Naglakad ako

pabalik sa kanya at tinanong ang isang hindi-nag-iisip na tanong, “Anong problema?” Na parang hindi ko pa alam ang sagot sa tanong iyon. Tiningnan niya lang ako at tinanong, “Kailan ako magkakaroon ng bahay?” Napa-isip na ako, “Bahay? Na tulad ng mga ito? Lahat ng mga ito ay $500,000 hanggang $700,000 na mga bahay.” Naghahanap pa rin ako ng paraan upang mabayaran ang $300 na buwanang upa natin para sa lumang farmhouse. Alam kong nakalulungkot ito, ngunit wala talaga akong makitang paraan palabas doon, at wala akong maibigay na pag-asa sa aking magandang, minamahal na asawa. Binabalutan na ng takot at pagkabigo ang aking isipan at pananaw. Hindi na ako ito; anong nangyari sa aking kaligayahan, sa aking kasiyahan? Tila hindi na ako makakita lampas sa aking pinansyal na stress.

Nasa 2:00 o 3:00 ng umaga at hindi ako makatulog. Ang sakit ang biglang naramdaman ko sa aking panga at mukha na parang may mga karayom, at lubhang kinailangan ko ng ginhawa. Tatlumpu’t anim na oras iyon pagkatapos kong nagpa-root canal upang patigilin ang isang impeksyon na nagdulot ng pamamaga ng aking mukha na parang isang lobo. Grabe ang naging sakit at hindi pagiging komportable ko. Umiinom ako ng Tylenol (pain reliever) bawat apat na oras para sa sakit, ngunit hindi talaga ito nakatulong. Habang nakaupo ako sa sa aking sala, na hindi makatulog at umiinom ulit ng isa pang dosis ng gamot, nagkataong napatingin ako sa karton ng Tylenol at binasa ang mga instruksiyon nito. Hindi dahil hindi ko alam paano umiinom ng Tylenol kundi dahil sa sobrang pagkabagot, tulad lamang ng nabasa na nating lahat ang karton ng cereal habang kumakain ng cereal sa umaga. Hindi talaga dahil interesado tayo doon kundi dahil nagkataong nandoon lang iyon. Oo, oo, 2 tableta kada 4 na oras, pero ano raw? Hindi higit sa 10 tableta sa loob ng 24-oras na panahon? Mabilisang nag-isip ako kung ilang tableta ang nainom ng isang tao kung uminom siya nito kada 4 na oras, tulad ng ginawa ko sa nakalipas na 2 araw—12 mga tableta sa isang araw, 2 tabletang sobra sa maximum dosis. Biglaan, tumigas ang aking tyan at kinalibutan ako.

Siyam na taon ng pamumuhay nang isang tuka, isang kahig, bigo bilang asawang lalaki, bigo bilang isang ama, at bigo bilang isang tagapagtustos ay nagdulot sa akin na nawawala sa sarili kong mga emosyon. Binigyan ako ng mga doktor ng mga antidepressant upang subukang makatulong. Ngunit walang nakatulong. Habang nakaupo

roon nang gabing iyon na mayroong impeksyon sa aking ngipin, na dalawang araw nang walang tulog, at sa lubhang sakit at kirot kaya hindi nanaman ulit ako makatulog. Ngayon binabasa ko ang karton ng Tylenol, natuklasan kong may isa pang bagay na dapat kong alalahanin, ang posibleng overdose sa Tylenol. Wala akong kaalam-alam sa kung anong maaaring gawin sa akin ng pagiging overdose sa Tylenol, ngunit sigurado akong hindi naman ito matapang dahil maaari itong mabili lamang over the counter. Naisip ko na marahil nilagay lamang nila ang mga babala sa karton tulad nito upang tumalima sa kanilang mga abogado at maging ligtas sa kanilang mga legal requirements. Hindi ko maisip na ang pag-inom ng sobrang 2 tableta ay maaaring magdulot ng malaking problema. Ngunit ang espiritu ng takot ay bumalot sa aking isip, ginamit ang katotohanang iyon, at sinimulang bombahin ang aking isipan ng mga "paano kung." Kaya upang mapanatag ang aking isip, naisip ko ng tawagan ang Poison Control Center upang alamin ito. Tiyak ako na sasabihin lamang nila na hindi ito malaking bagay.

Ang babaeng na kausap ko sa telepono ay tunog propesyonal nang sumagot siya. Tinanong niya ako kung paano siya makatutulong, at ipinaliwanag ko sa kanya na uminom ako ng Tylenol bawat 4 na oras sa nakalipas ng 36 na oras, nakainom ako ng 12 tableta kada araw sa halip na 10 tableta lamang na limit nito. Sinabi ko sa kanya na tumawag ako upang tiyakin na ang pag-inom ko sa sobrang 2 tableta ay hindi magdudulot ng anumang seryosong pinsala. Nagkaroon ng katahimikan, at naririnig ko ang pagpipindot ng mga keys ng computer. Pagkatapos ay narinig ko ang mga salitang ito, at inuulit ko ang eksaktong sinabi niya sa akin, "Sir, wala pa kaming kailanman naitalang sinuman na nakainom ng ganyang karaming dosis." Tama ba ang pagkarinig ko? Tiyak na hindi! Kaya ipinaliwanag ko muli sa kanya na nakainom lamang ako ng 2 sobrang tableta sa loob ng 24-oras na panahon at ginawa ko ito ng 2 araw.

Sa pagkakataong ito, sumagot siya sa akin nang may mahigpit na boses, "Sir, tulad ng sinabi ko, wala pa kailanman ang nakainom ng ganyang karaming dosis at nabuhay pa. Kailangan kitang pumunta sa emergency room NGAYON!" Nang sinubukan kong ipaliwanag muli sa kanya kung ano ang nangyari, dahil tiyak nga akong may mali siyang naririnig, pinatigil niya ako at sinabi, "Alinman, magmamaneho ka papunta ng ospital o magpapadala ako ng ambulansya para sa iyo."

Nabigla ako! "Magmamaneho ako," pautal kong sinagot. "Saang ospital ang pupuntahan mo?" tanong niya. Sinagot ko siya at ibinaba na niya ang telepono.

Nakatayo ako roon nang nakatulala. Mayroon akong napakahalagang pagpupulong nang 9:00 A.M. nang umagang iyon, at 3:30 na ngayon ng umaga. Kinalakadkad ko ang sarili ko paakyat sa aking kwarto at ginising si Drenda at sinabi sa kanya ang nangyari. Tiningnan niya ako nang may isang kaawa-awang tingin ng pagkabalisa. Ang asawa niyang lalaki ay tila kumikilos nang kakaiba sa loob na ng ilang mga buwan, at pagod na siyang panghawakan ang lahat ng ito, at ngayon ito naman? "Gary, dalawang tableta lamang na sobra iyon. Tiyak, hindi ka agad maniniwalang papatayin ka nito. Tawagan mo ulit sila," sinabi niya. Ngunit ang takot ay hindi lohikal at nakapagpapapighati. "Sinabi ng babae na maaari itong makapatay sa akin; kailangan kong pumunta ng ospital." Kitang-kita ko ang isang "binibiro mo ba ako" na tingin sa mga mata ng aking asawa nang palabas ako ng kwarto.

Nang nagmamaneho ako patungo ng ospital, dalawang mga lalaki na may puting coat na naghihintay sa labas ng pintuan ng emergency entrance. Nang pinarada ko ang sasakyan, lumapit sila sa akin at sinabi, "Kayo ba si Gary Keesee?" Minadali nila ako deretso sa isang treatment room. Nang nilagpasan ko ang blackboard ng emergency room, nakita ko ang aking pangalang nakasulat doon. Nakasulat doon, "Gary Keesee—overdose." Hindi ako makapaniwala. Sa pagpapaikli ng kuwento, nang kunin na ng doktor ang sample na aking dugo, bumalik siya at sinabi, "Bakit ka nandito? Ang iyong blood level ng Tylenol ay hindi pa nga sapat na mataas upang tanggalin ang sakit ng ulo." Nang ikinuwento ko sa kanya ang tungkol sa Poison Control, nagsimula siyang tumawa. Hindi ako natawa rito, at tiyak na hindi rin ako natawa o natuwa sa $2,000 na bayaring dumating sa aking mail. Pinaglaruan ako ng diyablo at muling ninakawan ako.

Ibinabahagi ko ang mga kuwentong ito sa iyo, na kasama ng aking panimula, upang matulungan ka na makita kung saan ang aking buhay noon bago ko matuklasan ang Kaharian ng Diyos. Oo, Kristiyano na ako. Oo, nag-iikapo ako. Oo, pinangunahan ko ang pagsamba sa aming iglesya nang ilang beses na. Oo, minahal ko ang Diyos. Ngunit may isang bagay na hindi tama, lubhang hindi tama! Sinabi ko na sa iyo kung paano itinuro ng Diyos sa akin kung paano

labanan ang espiritu ng takot at kung paano ako nakalaya mula sa mga antidepressant at mga panic attack. Ngunit hindi pa ako nakalaya mula sa aking kalalagayan na naging pinaka sanhi ng aking pakikipagbaka sa takot, ang aking walang pag-asang kalalagayan sa pinansyal! Mayroon pa rin akong lubhang mabigat na presyon o pressure araw-araw upang maghanap ng pananalapi at bayaran ang aking mga bayarin, dagdag pa ang sampung credit card ko na ubos at kinansela na, utang sa tatlong mga financial company, utang sa IRS, utang sa aking mga kamag-anak, at maraming mga judgment at mga lien.

**"AT PUPUNUAN NG AKING DIYOS ANG LAHAT NG INYONG MGA PANGANGAILANGAN AYON SA KANYANG MALUWALHATING KAYAMANAN NA MATATAGPUAN KAY CRISTO JESUS."**

**— FILIPOS 4:19**

Gaya ng sinabi ko na, magulo na ang aming pinansyal na kalalagayan. Ang stress at emosyonal na kaguluhan ang naging paraan ng aking paggawa. Bagaman Kristiyano na ako, namamatay na kami sa larangan ng pananalapi, at isa-isa, kinansela na ang aking mga credit card. Nagsampa ng mga lien, binawi ang mga credit, at tumawag ang mga nagpapautang o creditors. Kami ay nasa pinakamababang punto na ng pinansyal na kalalagayan, at kasama ng aming negosyo na hindi kumikita, hindi man lang kami makabili ng pagkain. Magsisiksikan ang aking pamilya sa paligid ng kalan na pinagsusunugan ng panggatong dahil hindi namin kayang bumili ng langis o fuel oil. Tinitingnan namin ang mga upuan at sofa kung mayroon naisiksik na mga barya sa mga butas nito na umaasang makahanap ng sapat na pera para sa isang happy meal sa McDonald's na hahatiin pa ng aking mga anak.

Naging magaling na ako sa pagpapaliban sa mga nagpapautang o creditors kapag tumawag sila, ngunit isang araw isa sa aking mga overdue na account ay kumuha ng abogado upang kunin na ang aking utang. Tinawagan ako ng lalaking ito at wala siyang pagkatao. Simple lamang niyang sinabi, "Kailangan ko ang pera sa loob ng tatlong araw kung hindi ay magsasampa ako ng kaso laban sa iyo para sa aking kliyente." Tapos na ako. Wala na akong ibang paraan, wala na akong credit, nahiraman ko na ang lahat ng aking mga kaibigan, at sa puntong

ito, natuklasan ko na tapos na talaga ako. Gumapang ako papunta sa aking kwarto at dumapa sa aking kama at umiyak sa Diyos. Kaagad, narinig ko ang tinig ng Panginoon. Isang talata na ilang beses ko ng naririnig ay biglang lumitaw sa aking isip.

> *At pupunuan ng aking Diyos ang lahat ng inyong mga pangangailangan ayon sa kanyang maluwalhating kayamanan na matatagpuan kay Cristo Jesus.*
>
> —Filipos 4:19

Tumugon ako sa Panginoon sa pagsabi na alam ko na ang talatang ito ngunit hindi naman natutugunan ang aking mga pangangailangan! Sinagot Niya agad ang aking tanong, "Oo, ngunit hindi Ko ito kasalanan. Hindi mo kailanman binigyan ng panahon at pag-aralan kung paano kumikilos ang Aking Kaharian. Sa katunayan, karamihan sa aking mga iglesya ay namumuhay tulad ng pamumuhay ng Israel sa Lumang Tipan—bilang mga alipin. Namumuhay sila sa paraan ng buhay ng pagkautang at pagkaalipin sa larangan ng pananalapi. Nais Ko na ang Aking bayan ay maging malaya."

Kaagad akong tumakbo pababa at pinuntahan si Drenda at sinabi sa kanya ang sinabi ng Panginoon sa akin. Nagsisi ako sa kanya dahil hindi ko unang sinaliksik ang Diyos at hindi inaral kung paano kumikilos ang Kanyang Kaharian. Katunayan, sa panahong iyon, talagang hindi pa namin alam kung ano ang tinutukoy ng Diyos nang sabihin Niya na hindi namin alam kung paano kumikilos ang Kaharian. Kung tutuusin, kami ay nasa iglesya, madalas na nag-iikapo sa aming kita, at minahal ang Diyos. Akala namin na maka-Kaharian na ang aming kaisipan. Gayunman, ang pinaka usapin dito, na malapit ko ng matanto dito, ay, oo, patungo na ako ng langit, ngunit wala akong kaalam-alam kung paano dalhin ang kapangyarihan at awtoridad ng langit patungo sa aking buhay at baguhin ang mga natural na kalalagayan ko. Kaya sinimulan naming pag-aralan ang Bibliya, at nagsimulang mangusap ang Diyos sa amin at tinulungan kami upang matutunan ang Kanyang tinutukoy nang sabihin niya ang Kaharian. Nakakagulat ang aming mga natutunan! Ito ay tila ang pagsindi ng ilaw sa madilim na kwarto. Sa unang pagkakataon sa aming buong buhay, natagpuan namin ang mga kasagutan tungkol sa aming pinansyal na buhay!

**Panginoon, Ano ang Ibig Mong Sabihin sa Kaharian?**

Nang sabihin sa akin ng Diyos na kailanman ay hindi ko pa pinag-aralan kung paano kumikilos at gumagana ang Kanyang Kaharian, naguluhan ako, sa katunayan higit pa. Kaharian? Wala kaming kaalam-alam ni Drenda tungkol dito. Nanalangin kami at hiniling sa Diyos na ituro sa amin kung ano ang ibig Niyang sabihin dito: "Panginoon, ituro Mo sa amin ang Iyong ibig sabihin sa Kaharian!" Kaya ang unang bagay na dapat kong pag-aralan ay kung ano ang isang Kaharian. Sa tingin ko na ang konseptong ito ay mahirap na intindihin ng mga western minds o kaisipan ng mga taga-kanluran, ang mamuhay nang mayroong maka-Amerikanong pag-iisip ng demokrasya at malayang pagpapahayag (free expression). Ang Kaharian ng Diyos ay hindi isang demokrasya; ito ay isang Kaharian na mayroong isang Hari. Ang awtoridad ng Hari ay dumadaloy sa Kaharian sa mga itinalagang awtoridad sa pamamagitan ng iba't ibang mga opisina ng gobyerno at mga tao upang mapakilos ito sa ilalim ng ganoong awtoridad. Ang magkaroon ng isang mob ng mga tao ay hindi isang kaharian. Maaari kang magkaroon ng isang milyong mga tao sa isang malaking grupo o mob at hindi pa rin ito isang kaharian. Ang isang kaharian ay isang grupo ng mga tao na binubuo at pinagsasama ng batas o gobyerno. Ang kahulugan ng kaharian sa diksyunaryo ay: "kaharian: isang estado o gobyerno na mayroong isang hari o reyna bilang kanyang tagapagpangulo."

Bagaman ipinagdiriwang natin ang pagbaba ni Jesus sa lupa bawat Pasko, madalas nating hindi nauunawaan na mayroon Siyang dala-dalang isang gobyerno o pamamahala kasama Niya. Pinag-uusapan ng Bibliya ang pamamahalang ito sa Isaias 9:6-7:

> *Sapagkat sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki; at ang pamamahala ay maaatang sa kanyang balikat; at ang kanyang pangalan ay tatawaging "Kamanghamanghang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, Prinsipe ng Kapayapaan." Ang paglago ng kanyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magwawakas, sa trono ni David, at sa kanyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan ng katarungan at ng katuwiran mula sa panahong ito hanggang sa magpakailanman. Isasagawa ito ng sigasig ng Panginoon ng mga hukbo.*

Si Jesus ang tagapangulo ng pamamahalang ito, at kapag tinanggap natin si Jesus bilang ating personal na Tagapagligtas nagiging bahagi tayo ng pamamahalang ito; nagiging mga mamamayan tayo. Hindi lamang tayo naging mga mamamayan ngunit tayo na rin ay talagang naging bahagi ng mismong sambahayan ng Diyos bilang mga anak na lalaki at babae ng Diyos.

> *Subalit sa lahat ng tumanggap sa kanya, sa mga sumampalataya sa pangalan niya, sila'y binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos; na hindi ipinanganak ayon sa dugo, ni ayon sa laman o kalooban ng tao, kundi ayon sa Diyos.*
>
> —Juan 1:12-13

> *Kaya nga, hindi na kayo mga dayuhan at mga banyaga, kundi kayo'y kabilang sa sambayanan ng mga banal at mga kaanib sa sambahayan ng Diyos.*
>
> —Efeso 2:19

Bilang bahagi ng sambahayan ng Diyos, tayo ay naging bahagi ng Kanyang pamilya at kaya mayroon o ay may bahagi sa lahat ng pinagmamay-ari ng Diyos. Ngunit tayo rin ay naging mamamayan ng Kanyang dakilang pamamahala. Ito ay tumutukoy na mayroon tayong mga legal na karapatan at mga benepiyso sa loob ng pamamahalang iyon. Upang makakuha ng mas malalim at mabuti na pang-unawa ng pinag-uusapan ko, hayaan mong pag-usapan ko ang pagiging natural na mamamayan ng Estados Unidos. Bilang isang mamamayan ng Estados Unidos, mayroon kang mga legal na karapatan. Ang iyong mga legal na karapatan ay nakasulat na sa ating konstitusyon at sa mga batas na ipinasa sa ating pamamahala. Ang mga batas at benepisyong ito ay ganap na nariyan para sa bawat mamamayan, kahit sinuman sila. Hindi, itinatag ito sa pamamagitan ng batas, at legal na maaaring magamit ng bawat mamamayan na tumatawag mula sa kanilang mga Amerikanong tahanan. Posible bang hindi alam ng isang mamamayan ang kanyang mga legal na karapatan, ngunit gayunpaman, mayroon na sila dahil simple lamang na sila ay mamamayan ng Estados Unidos sa Amerika.

Ngayon ito ay isang bagay na magandang pag-isipan, at umaasa ako na mababago nito ang iyong buong pananaw sa Diyos at sa kung

paano ka nakakatanggap mula sa Diyos. Dito sa Estados Unidos kapag nalaman naming may anuman o sinumang nagtatangkang kunin sa amin ang aming mga legal na karapatan o trinato kami nang hindi makatarungan, mayroon kaming access para sa hustisya o katarungan (ang katarungan ay ang pagpapatupad o pangangasiwa ng batas), isang proseso na nagpapatupad at nagpapatibay ng aming mga legal na karapatan. Pumupunta kami ng korte, at hindi titingnan ng hukom ang aming mga hitsura, o kung gaano kami kayaman o kahirap. Tinitingnan niya ang batas. Siya ay mamamahala nang ayon sa batas sa bawat panahon. Ito ang aming kasiguruhan: na mayroon kaming legal na mga karapatan, at ang aming pamamahala o gobyerno ang magpapatupad at magpapatibay ng aming legal na mga karapatan sa pamamagitan ng proseso ng katarungan sa Estados Unidos. Nang iniisip ito, tingnan pa natin nang mas maigi ang Isaias 9 dahil pinag-uusapan nito ang bagong pamamahala na dadalhin ni Jesus dito sa lupa.

> *Siya (Jesus) ay mamamahala sa trono ni David at sa Kanyang Kaharian. Itatatag Niya ito at aalalayan na may katarungan at katuwiran…*
>
> —Isaias 9:7b

Sinasabi ng talatang ito na ang Kaharian ng Diyos ay naitatatag at naalalayan sa pamamagitan ng katarungan, ang pangangasiwa ng batas ng Diyos. Ang pangangasiwa ay nangangahulugan sa proseso ng pagpapatupad o pagpapatibay ng iyong mga legal na karapatan. Ang iyong mga legal na karapatan ay ang tinatawag ng Diyos na katuwiran o kung ano ang sinasabi Niyang tama, ang Kanyang batas. Upang matiyak na mayroon ka ng mga bagay na sinabi ng Diyos ay nararapat sa iyo sa Kanyang Kaharian, ang legal na dapat mayroon ka bilang isang mamamayan ng Kahariang iyon, binigyan tayo ng Diyos ng access sa katarungan, ang proseso o garantiya na mapapa sa iyo ang mga ipinangako Niya sa iyo. Ipinahayag na ng Diyos ang Kanyang kalooban sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang Bibliya, upang malaman natin ang ating mga karapatan sa Kanyang Kaharian. Ito ay magandang balita! Ang lahat ng nababasa mo sa Bibliya na tumutukoy sa mga pangako ng Diyos dapat sa iyo ay legal na ngang nasa iyo bilang isang mamamayan ng Kanyang Kaharian!

Maliwag na sinasabi ng ikalawang Corinto 1:20 na ang bawat pangako—BAWAT PANGAKO—ay "Oo" at "Amen." Napagpasiyahan na ito; ito ay legal ngang sa iyo na.

> *Sapagkat gaano man karami ang mga pangako ng Diyos, lahat ng mga ito kay Cristo ay "Oo." Kaya't sa pamamagitan niya ay nasasabi namin ang "Amen," sa ikaluluwalhati ng Diyos.*
>
> —2 Corinto 1:20

Ang pinaka pundasyon ng Kaharian ng Diyos ay ang katarungan at katuwiran—hindi ito kailanman ipinaubaya. Kaya isipin mo ito sa ganitong paraan: "Kung alam ko ang batas ng Kaharian ng Diyos (ang Kanyang kalooban), at alam ko na mayroon akong access sa katarungan ng Diyos, ang proseso ng pagpapatupad na paggarantiya sa akin ng sinasabi ng batas, ako na ngayon ay may kumpyansa at hindi na matatakot."

> *At ito ang katiyakang taglay natin sa kanya: kung anuman ang hihilingin natin ayon sa kanyang kalooban, pinakikinggan niya tayo. At kung alam nating pinakikinggan niya tayo sa anumang hinihiling natin, nakatitiyak na tayo na tatanggapin natin ang hiniling natin mula sa kanya.*
>
> —1 Juan 5:14-15

Nang sabihin ng talatang ito na pinakikinggan Niya tayo, hindi nito tinutukoy ang pakikinig nang mayroong tunog, ang marinig ang ating mga salita sa pamamagitan ng mga sound waves; tinutukoy nito ang pagdinig at pagkuha Niya sa ating kaso. Isipin mo ang isang hukom na dinidinig ang isang kaso upang matiyak na maipatupad ang katarungan o hustisya. Ang hukuman at ang hukom ay nariyan upang tiyakin na ang hustisya at katarungan ay madaling maaccess at makamit ng bawat mamamayan. Ang desisyon ng hukom ay hindi batay sa kanyang sariling damdamin kundi batay sa batas na kanyang pinamumunuan upang ipatupad ito sa bawat mamamayan. Mayroong hukom upang tiyakin na ang hustisya o katarungan (ang pagpapatupad ng batas) ay naganap ayon sa nakasulat na batas. Sa larangan ng Diyos, ang Kanyang trono (lugar ng awtoridad) at ang Kanyang kapangyarihan ay nariyan upang tiyakin ang katarungan (ang pagpapatupad ng Kanyang kalooban) sa bawat taong lumalapit kay Jesus at sa Kanyang Kaharian.

Pakiusap na basahin mo muli ang pahayag na iyon nang dahan-dahan at hayaang ihambing mo ito sa iyong kasalukuyang pananaw sa Diyos. Iniisip ng marami na nagpapasiya ang Diyos ayon sa iba't ibang kaso ng mga tao, ngunit hindi ito totoo. Siya ang Hari ng isang Kaharian na may mga batas na hindi nagbabago. Siya ay hindi nagpapasiya at kailanman hindi magpapasiya sa labas ng Kanyang batas. Sa gayon maaari na nating malaman ang Kanyang tugon bago pa man tayo humiling sa Kanya, at matitiyak natin na nasa atin na ang Kanyang batas bago pa man natin ito makita sapagkat mayroon Siyang kapangyarihan upang isagawa ang pagpapatupad at pagpapatibay ng Kanyang batas.

**ANG MGA KAHARIAN AY PINAPATAKBO SA PAMAMAGITAN NG MGA BATAS ANG MGA BATAS AY HINDI NAGBABAGO.**

Nang sinimulan namin ni Drenda saliksikin ang aming mga legal na karapatan sa Kaharian, lubhang binago nito kung paano namin iniisip ang mga patungkol sa Diyos at sa Bibliya. Ang naging resulta ng aming bagong pang-unawa ay ang mga binagong buhay. Wala ng pagmamakaawa. Wala ng pagsusumamo. Natuklasan namin na ang mga sinabi ng Diyos ay legal na ngang ibinigay sa atin bilang mga mamamayan ng Kanyang Kaharian. Kailangan lamang nating patuloy na saliksikin ang legal na paraan upang maangkin ang mga legal nang sa atin at kalagan ito sa lupa. Isipin mo ang pag-cash ng tseke. Bagaman marami kang pera sa iyong checking account, mayroon pa ring legal na proseso upang makuha at maangkin ang pera at i-cash ang tseke. Mayroong proseso sa anumang legal na sistema na dinadaanan upang maangkin ang isang bagay, kahit na ito ay pagmamay-ari mo.

> *Ipinagkaloob sa atin ng kanyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na kailangan sa buhay at pagiging maka-Diyos, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kanya na tumawag sa atin sa kanyang sariling kaluwalhatian at kabutihan..*
>
> —2 Pedro 1:3

Isa itong kaharian! Ang mga mamamayan ng Kaharian ay mayroong parehong mga karapatan tulad ng sinumang mamamayan din ng Kaharian. Napakahalagang maunawaan natin ang puntong ito:

ang mga kaharian ay pinatatakbo sa pamamagitan ng mga batas ang mga batas ay hindi nagbabago. Bakit ito mahalaga? Mahalaga ito dahil nangangahulugan ito na kung ang Kaharian ay kumikilos at tumatakbo ayon sa mga di-nagbabagong mga batas, walang itinatanging sinuman ang Kaharian. Sa halip, ang bawat isa sa Kaharian ay may parehong karapatan upang matamasa ang pagpapatupad ng batas ng Kaharian para sa kanila tulad ng sino pang tumatasa rin nito sa Kaharian.

Dito na ang kinalilituhan ng marami sa atin sa iglesya. Iniisip ng karamihang mga Kristiyano na natataong nagpapasiya ang Diyos ng nais Niyang gawin sa buhay ng isang tao. Sa madaling salita, iniisip nila na pinipili ng Diyos ang taong pagpapalain Niya at ang taong hindi. Iniisip nila na pinapayagan ng Diyos na mangyari sa isang tao ang mga bagay na wala silang kapangyarihang lutasin. Iniisip nilang pagagalingin Niya ang tao ito at yung isa hindi. Karamihang mga Kristiyano ay nagmamakaawa sa Diyos na tulungan sila, nang ginawa na nga ng Diyos ang lahat ng kaya Niya upang tulungan sila. Binigay Niya na sa kanila ang Kaharian, ang buong Kaharian!

> *Nang Pinagpala kayong mga dukha, sapagkat sa inyo ang kaharian ng Diyos.*
>
> —Lucas 6:20b

Sinasabi sa akin ng Diyos na ang sagot para sa aking pananalapi ay ang Kanyang Kaharian at maaari mong idagdag dito na, ang alamin kung paano maaccess ang mga batas ng Kaharian dito sa lupa katulad ng ginawa ni Jesus. Inaamin ko na wala akong kaalam-alam sa ano ang ibig sabihin nito nang una. Ngunit habang pinag-isipan ko ang tungkol sa sinabi ng Diyos sa akin, natanto ko na katotohan ngang kumikilos at tumatakbo ang mga kaharian sa pamamagitan ng mga batas. Ang tungkulin at epekto ng isang batas ay maaari mong malaman at maasahang gumana nang pareho sa bawat pagkakataon dahil hindi nagbabago ang batas. Kailanman ay hindi ko naisip ito sa isang espirituwal na pananaw noon. Gayunpaman, kung gayon nga ang nangyayari, at na ang Kaharian ng Diyos ay talagang kumikilos nang ganoon, alam ko ngayon na maaari kong pag-aralan ang mga batas na iyon, gamitin iyon, at makamit ang mga benepisyo ng mga batas na kumikilos sa aking buhay.

Natuklasan ko na ang mga batas na ganap dito sa lupa ay hindi

nagbabago. Sa katunayan, ang kanilang palagian at hindi nagbabagong paggana ay maaasahan upang magpadala ng tao sa buwan at paliparin ang eroplano. Ngunit karamihan sa mga Kristiyano ay lumalapit sa Diyos nang walang ganitong pang-unawa. Sa halip, nagmamakaawa sila at umiiyak kapag may pangangailangan sila, sa pagtatangkang kumbinsihin nila ang Diyos para sa kanilang pangangailangan na parang kailangan pa ng Diyos piliin na paglaanan sila.

Halimbawa, kung mangangaral ako sa isang kumperensya sa iglesya, lahat ba ng mga tao sa iglesyang iyon ay magsisimulang manalangin na mabuksan ang mga ilaw para sa aming pagtitipon? Mag-aayuno at mananalangin ba sila, na nagmamakaawa sa Diyos, "Diyos, alam Mo kung gaano kahalaga ang pagtitipong ito at kung gaano namin kakailangan na nakabukas ang mga ilaw," habang lumuluha at tumatangis sila sa pananalangin? Sa tingin ko, hindi. Sa katunayan, tiyak ako na hindi papasok sa kanilang isipan ang mabahala kung mabubuksan ba ang mga ilaw sa kanilang pagtitipon. Kung sa ilang mga kadahilanan na pumunta sila ng gabing iyon at hindi nakabukas ang mga ilaw, sa tingin mo ba na tatawagan nila ang power company at magmamakaawa sa kanila na buksan nila ang mga ilaw? Hindi. Kung gayon man, sigurado ako na ang company representative sa telepono ay makikinig nang ilang sandali at lilingon sa kanyang katrabaho at sasabihin, "Mayroong tumawag dito na nasisiraan na ng ulo." Pagkatapos ay sasabihin niya, "Ma'am, mayroon kayong kuryente; ang problema ay nandiyan sa inyo."

Kapag sinasabi ko ang linyang ito sa mga kumperensya, lahat sila ay tumatawa. Alam mo kung bakit? Ito ay dahil ang tawagan ang power company, na may grabeng pag-iyak, at sabihin sa kanila na buksan ang mga ilaw ay kahangalan; alam na ng karamihang mga tao ang dapat gawin. Simple lamang nilang pipindutin ang switch. Ganoon ka-simple! Wala ang grabeng mga emosyon, wala ang stress; simple lamang na pipindutin ang switch. Alam mo kung bakit hindi sila nababahala sa usaping pagbukas ng ilaw? Dahil kanilang INAASAHAN NA na mabubuksan ang mga ilaw. Inaasahan nila na mabubuksan ang mga ilaw dahil alam nila kung paano gumagana ang kuryente. Nauunawaan nila ang MGA BATAS na mayroon ang kuryente, at alam nila na kailanman ang batas na ito ay hindi magbabago.

Ngunit kung bumalik ka ng 1,000 mga taon sa nakaraan at

sinabihan ang isang tao na pasisindihin mo ng ilaw ang isang buong lungsod gamit ang mga maliliit na mga glass bulb, iisipin nilang nasisiraan ka na ng isip. At kung may nakita man silang isang bahagi ng lungsod na mayroong nakasinding maliit na glass bulb, sasabihin nila na ito ay isang himala. Anuman na hindi kayang ipaliwanag ng tao, ay tinatawag nilang himala. Ngunit hindi ito himala; ito lamang ay ang simpleng batas ng kuryente o law of electricity na gumagana rito nang tulad ng paggana nito sa sinumang magbibigay ng panahon upang pag-aralan kung paano ito gumagana.

Kakaalam lang natin kung paano gumagana ang kuryente, o masasabi mong nagbalik-aral tayo sa mga batas na nagpapatupad sa kuryente. Kaya maaari nating asahan na ito ay gagana at hindi na magugulat kapag nakita natin itong gumagana. Sa katunayan, mas magugulat pa tayo kapag nakita nating hindi ito gumagana. Sa pag-unawa sa mga batas na ipinapatupad sa kuryente at sa pagsusulat sa mga ito, maaari nating paramihin ang mga ilaw sa buong mundo. Paano? Maaari natin itong gawin sa pamamagitan ng pagturo sa iba kung paano gumagana ang mga batas na ito at bigyan sila ng pagkakataong matamasa rin ang benepisyo ng pagkakaroon din ng ilaw. Itong lahat ay nagiging posible dahil sa pang-unawa ng mga batas na nagpapatupad sa kuryente. Ang pareho ay totoo sa mga espirituwal na batas. Kung hindi natin sila uunawain, hindi tayo magkakaroon ng abilidad na matamasa ang mga benepisyo nito o ang paramihin ito kapag kailangan natin.

Kapag nakakita tayo ng eroplanong lumilipad, hindi natin sinasabi, "Wow, grabeng himala iyan." Hindi, inaasahan na nating lumipad ang eroplano dahil, muli, nauunawaan natin kung paano nakakalipad at bakit nakakalipad ito. At muli, kung babalik tayo ng 1,000 mga taon sa nakaraan, at isa sa mga bagong double-deck Airbus 380 jet ay lumipad sa taas ng mga puno, ano ang sasabihin ng mga tao? Sasabihin nila na isa itong himala! Umaayon ako na ang 380 ay tunay ngang kahanga-hanga, nagtitimbang ito ng 1.2 milyong libra o 550,000 kilo, kayang isakay ang higit sa 800 na katao sa bilis na 570 mph ng mga 9,000 milya. Sobrang galing nito na matutukso kang isipin na isa nga itong himala. Ngunit hindi ito ganoon. Maaari nating tanungin ang mga inhinyero na gumawa ng 380 kung paano ito nakakalipad, at ipapaliwanag nila sa atin ang bawat laws of physics na ginamit nila upang mapalipad ang eroplanong iyon at pati ang tungkol sa bawat tornilyo at mga

bahagi na ginamit nila. Wala ang mga inhinyerong ito ay sa runway sa pinakaunang lipad ng eroplanong ito at nagsasabing, "Wow, tingnan mo ito; hindi ako makapaniwala na talagang nakakalipad iyan." Muli, may kumpyansa tayong sumasakay ng eroplano dahil alam natin ang abilidad nitong lumipad ay nakabatay sa mga physical law na hindi nagbabago. Basta tayo ay nasa pagkakaayon sa mga batas na iyon, lilipad ang eroplano. Tandaan ito: Ang mga batas ay hingi nagbabago!

Kailanman hindi tayo sasakay ng eroplano kung ang mga batas na iyon ay pabago-bago. Kung bumili kami ng airline ticket at nakasulat ang ganitong mga linya sa harap, "Ang paglalakbay sa eroplanong ito ay sa inyong sariling peligro dahil ang batas ng pag-angat ay gumagana nang pabugso-bugso. Isang araw gumagana ang batas at sa susunod na araw ay hindi. Wala ang tiyak na nakakaalam—masuwerte ka ba? Magandang pagbiyahe." Kailan ang huling beses na natakot ka na baka lumutang ka mula sa iyong upuan? Wala pa? Bakit wala? Dahil alam mo na ang law of gravity ay kailanman hindi nagbabago.

Ang mga ito na aking binanggit ay ang mga pisikal na batas ng lupang nilikha ng Diyos. Ngunit alam mo ba? Ang mga espirituwal na batas ng Kanyang Kaharian ay gumagana sa parehong paraan—hindi sila nagbabago! Bago mangusap ang Diyos sa aking tungkol sa Kanyang Kaharian, sanay na sanay na ako sa kung paano gumagana ang mga pisikal na batas ng lupa, ngunit naisip ko na ang Kaharian ng Diyos ay kakaiba rito. Inisip ko na gagawin ng Diyos ang anumang napag-isipan Niyang nais Niyang gawin kung kailan Niya nais. Ngunit natuklasan kong hindi ito totoo. Nang makita ko na ang mga espirituwal na batas ng Kaharian ng Diyos ay hindi nagbabago at maaaring matutunan, maunawaan, at magamit, aking naintindihan kung bakit palaging sinasabi ni Jesus, "Ang Kaharian ng Diyos ay tulad ng ganito." Pagkatapos ay iniuugnay Niya ang Kaharian sa isang bagay sa natural na daigdig upang maunawaan ng mga tao kung paano ito kumikilos at gumagana. Biglang, tila may ilaw na sumindi sa aking isipan. Nagkaroon ako ng ganitong pag-iisip, "Kung ibinigay sa atin ng Diyos ang Kaharian, at ginawa nga Niya, at ang Kaharian ay kumikilos ayon sa mga batas na hindi nagbabago, maaari kong matutunan ang mga batas na iyon at gamitin ang mga ito sa aking buhay."

*Huwag kang matakot, munting kawan, sapagkat ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang Kaharian.*

—Lucas 12:32

Iyon ang araw na ako ay naging isang espirituwal na siyentipiko o spiritual scientist! Nakita ko ang Bibliya mula sa isang lubhang kakaibang pananaw. Nagsimula ako magtanong kapag binabasa ang Bibliya: "Bakit dumami ang mga isda? Bakit napagaling ang taong iyon? Bakit dumami ang tinapay?" at marami pa. Nang binabasa ko ang Bibliya sa ganoong pananaw, na hinihiling sa Diyos na ipahayag sa akin ang mga batas na nandoon—WOW!

Nang nangusap ang Panginoon sa akin noong araw na tumawag ang abogado at sinabi Niya sa akin na ang aking problema ay dulot ng aking hindi pagbibigay panahon upang matutunan kung paano gumagana ang Kanyang Kaharian, kaagad akong bumaba at nagsisi sa aking asawang babae sa hindi ko pagsasaliksik sa Panginoon at sa pagpapahintulot kong mahulog kami sa kaguluhang ito, tulad nang nasabi ko. Ngunit hindi namin alam ang talagang kahulugan ng pagtitiwala sa Kaharian para sa aming katugunan. Muli, dumadalo na kami sa isang iglesya, patungo na ng langit, at mahal na namin ang Diyos. Wala kaming konsepto o ideya sa ibig sabihin ng Diyos nang sabihin niya ang "Kaharian" noong panahong iyon. Mayroon kaming hinaharap na tunay na problema, at hindi namin alam kung paano makukuha ang pera, na ayon sa abogado ay dapat naming maibigay sa loob ng tatlong araw o kung paano rin namin haharapin ang kasong isasampa sa amin kung hindi namin maibibigay ang perang iyon sa loob ng tatlong araw.

Kaya ito ay naging magandang pagsusulit. Ito ang aking pinakaunang karanasan sa isang problema sa pananalapi, na ninais ko na ipahayag ng Panginoon sa akin ang ibig Niyang sabihin sa "Kaharian." Kaya hayaan mong sabihin ko sa iyo ang nangyari. Tandaan, sinabi ng abogado na mayroon kaming tatlong araw upang ibigay ang pera sa kanya, na wala kaming ganoong pera! Ang kawalan ko ng pag-asa roon ang nagdala sa akin na pumunta sa aking kwarto at umiyak sa Panginoon; lagot na ako! Siyempre, iyon ang panahong nangusap ang Diyos sa akin patungkol sa Kaharian bilang aking katugunan; at muli, wala pa akong ideya sa kung anong ibig sabihin ng Diyos doon, ngunit tiyak na nais kong matuto.

Pagkalipas ng dalawang araw, nang gabi, papunta ako upang makipagkita sa isa sa aking kliyente para sa kanyang life insurance. Siya nga pala, noon laging kong pinaparada ang aking sasakyan sa kabilang kanto mula sa bahay ng aking kliyente, hindi talaga sa harap ng kanilang bahay. Ang minivan na minamaneho ko ay may mga problema. Kapag pinapaandar, lagi nitong pinupuno ng puting usok ang kalsada, at napakadumi nito. Lagi kong naiisip na hindi makakatulong sa aking negosyo kung paparada ako sa harap ng daanan ng aking kliyente at, kapag aalis, ay pupunuin ng puting usok ang harapan nila. Inakala ko na ang aking kredibilidad sa larangan ng pananalapi ay maaapektuhan kung nangyari iyon dahil kinakausap ko nga sila na mamuhunan ng daan-daang libong dolyar nang kasama ako. Oo nga naman, kung isa nga akong magaling na financial manager, bakit ko minamaneho ang isang sasakyan na halos hindi na umaandar? Ito ang ginawa ko nung gabing iyon.

Nang paalis na ako mula sa bahay ng aking kliyente, kinabahan at natakot ako na makita ang kliyenteng sumusunod sa akin papunta sa kanto kung saan ako nagparada. Wala siyang ibang layunin dito; nag-uusap lamang kami. Ngunit napaisip ako na paano kung nandoon pa rin siya habang pinapaandar ko yung sasakyan. Nagpatuloy kaming nag-usap hanggang sa aking van. Nang nakababa ang bintana ko, patuloy pa rin kaming nag-usap, habang umaasa akong babati siya ng magandang gabi at magkukunwari akong may inaasikaso sa loob ng sasakyan habang naglalakad siya pauwi, ngunit hindi niya ito ginawa. Sa wakas, bumati na siya ng "good night," ngunit simple lamang siyang humakbang paatras mula sa van at tumayo lang doon. Naisip ko na lagot na ako. Pinaandar ko ang van, umaasa na marahil sa isang pagkakataong ito hindi ito magbubuga ng napakaraming puting usok, ngunit hindi natupad ang mithiin kong iyon. Kaagad, napuno ang hangin ng usok na nakakasakit sa mata.

Kinaway ng lalaki sa akin, nang nagmamadali, na patayin ko ang van. Lumapit siya pabalik sa aking bintana at hiniling na buksan ko ang takip ng makina o hood nito. Pagkatapos ay ipinaliwanag niya sa akin na may part-time siya bilang isang mekaniko ng sasakyan, at may gusto siyang tingnan dito. Pagkatapos ng ilang minuto, bumalik siya at sinabi, "Tama nga ang hinala ko; sira na ang head gasket. Imaneho mo na ang van mo pauwi at kaagad mong ipaayos ito." Pinasalamatan ko

siya habang paalis na ako, ngunit ang dyagnosis niya sa aking sasakyan ay parang wala lang sa akin. Wala akong pera para ipaayos ang van.

Halos anim na milya lamang ang opisina ko mula sa bahay ng kliyente ko, at nang pabalik na ako sa aking opisina, ang pamilyar na kumot ng depresyon ang bumalot sa akin. Ngunit habang nagmamaneho ako, naalala ko ang sinabi ng Panginoon sa akin, at nagsimula akong mangusap sa Kanya tungkol sa aking van. "Panginoon, sinabi ko, wala akong pera upang ipaayos ang van na ito. Mayroon pa rin akong utang para sa van na ito, at hindi ko ito pwedeng ibenta nang sira. Talagang hindi ko alam ang gagawin ko. Marahil mas mabuti nalang kung biglang nasunog ang van na ito. Kung gayon ang insurance company ang magbabayad para rito at hindi ko na ito iisipin pa."

**SA PUNTONG IYON, NAPATUNAYAN NAMIN SA AMING SARILI NA GUMAGANA ANG SISTEMA NG DIYOS, AT NAGTALAGA KAMI NA PATULOY NA MATUTUNAN AT GAMITIN ANG SISTEMA NG KAHARIAN NG DIYOS MULA SA PUNTONG IYON PASULONG.**

Mga tatlong milya mula sa aking opisina, napansin ko ang isang bumubuong bula na hindi ko pa napansin noon sa hood ng sasakyan. Habang tinitingnan ito, lumaki ito nang lumaki hanggang, pagparada ko sa paradahan ng aking opisina, sumabog ang bulang ito sa apoy. Nabigla ako; ang buong harapan ng van ay ngayon nilamon na ng apoy na umaabot hanggang anim na talampakan kataas. Kaagad akong pumasok sa gusali ng opisina at tumawag ng mga bumbero. Sa sunod na araw, kabuuang wala na talaga ang van ayon sa insurance company, at binigyan nila ako ng tseke upang bayaran ang utang nito at may sapat pang natira upang ipadala ng gabing iyon ang tseke sa abogadong tumawag sa akin tatlong araw nakalipas. Namangha kami ni Drenda. Hindi namin alam ang dapat naming isipin. Nalaman namin na ang Diyos ang gumagawa para sa amin at mayroong dinamikong nagbabago. Ngunit ang aming pagtatalaga sa Kaharian ay patuloy pa lamang na susubukan sa isang makabagong paraan na magtatakda ng aming landas para sa darating na mga taon.

Matapos masunog ang van, kami ay siyempre, sabik na sabik, ngunit bigla naming natanto na wala kaming sasakyan. Bagama't bayad na ang van at ang aming abogado sa credit card, wala pa kaming pera upang bumili ng bagong van. Nang marinig ang pagkawala ng aming van, tumawag ang aking ama at sinabi sa amin na gusto niya kaming tulungan para makakuha ng bagong van. Nasabik kami nang marinig namin ang balitang ito. Kaya pumunta kami ng ama ko sa isang lokal na dealership ng kotse at nakakita ng van na nagustuhan namin ni Drenda. Sinabi ng ama ko na magbibigay siya ng $5,000 para sa pagbili ng sasakayan, na higit-kumulang nasa $17,000. Maiiwan nito sa amin ang $12,000 upang i-finance. Nag-aaalinlangan kong sinulatan ang credit application at pinirmahan din ito ng aking ama. Babalitaan daw nila ako sa kinaumagahan.

Nang gabing iyon hindi kami makatulog. Alam namin na hindi namin kayang kunin ang pautang o loan na iyon. Katatapos lang ng Panginoon mangusap sa akin sa paggawa ko ng parehong bagay na ganito. Ngunit nang wala kaming sasakyan, mayroong puwersa sa akin upang sumuko at pumayag na kumuha ng loan. Matapos ang isang kakila-kilabot na gabi ng pagtulog, nagkasundo kami ni Drenda na hindi talaga namin pwedeng pirmahan ang loan paper. Tinawagan ko ang ama ko at pinasalamatan siya sa kanyang mabait na alok ngunit sinabi ko na tatanggihan namin ito. Sunod, tinawagan ko ang dealership at sinabi sa kanila ang parehong bagay. Nadismaya rin sila dahil naaprubahan na ang aming loan nang umagang iyon at nakahanda ng kunin ang van. Bagama't wala kaming ideya sa kung paano kami tutulungan ng Diyos para sa aming van, nadama namin ang isang kapayapaan tungkol doon.

Sa panahong iyon, nagbebenta si Drenda ng ilang mga antigong gamit na nahanap niya sa mga garage sale. Nagpadala siya ng sulat para sa isang lalaki tungkol sa pagbili ng ilang mga silid na puno ng mga kagamitang pambahay o furnitures na ibinebenta niya isang buwan na bago sumabog ang aming van ngunit wala pa rin kaming pakikipag-usap o contact sa kanya. Ilang araw matapos masunog ang van, tumawag siya at pumayag na ibenta ang tatlong silid na puno ng mga furniture kay Drenda sa halagang wala pang $1,000. Nakipagkasundo si Drenda sa isang auction company upang ibenta ang mga furniture para sa kanya at pinagkasunduan nila na ang kanyang komisyon mula

sa auction ay isang maganda at gamit na kotse na pagmamay-ari ng auction company sa halip na pera. Kaya't ngayon mayroon kaming magandang station wagon na bayad na, bayad na credit card, at bayad na loan sa van.

Wow! Ganito pala kumikilos ang Kaharian. Sa puntong iyon, napatunayan namin sa aming sarili na gumagana ang sistema ng Diyos, at nagtalaga kami na patuloy na matutunan at gamitin ang sistema ng Kaharian ng Diyos mula sa puntong iyon pasulong. Maaari mong tanungin, "Anong prinsipyo ang inyong sinunod?" Ang pinakamalaki ay ang huwag magtiwala sa utang kundi humingi sa Diyos para sa aming pangangailangan at hayaan Siyang ipakita sa amin kung paano ito aanihin.

Kinuha ng pangyayari sa van ang aking pansin at pinatibay ang isa pang pangyayari ilang buwang nakalipas bago iyon, ngunit noong panahong iyon, hindi ko naunawaan ang ipinapahayag ng Diyos sa akin. Hindi ko pa napagdurugtong ang mga pangyayari sa aking isipan na ito pala ay isang prinsipyo sa Kaharian.

Mahilig akong mangaso ng usa o deer hunting ngunit sa tagal kong pangangaso ay walang nahuhuli. Lalabas ako, uupo sa gitna na kalamigan, at gagawin ito araw-araw ngunit walang swerte na makahuli. Hindi ko lamang hilig ang pangangaso o hunting; mayroon akong mga maliliit na mga anak na tiyak mapapakain ko ng karneng-usa o venison. Bagama't noong mga nakaraan nakahuli na ako, ilang taon na ulit nang naging matagumpay ako habang panahon ng mga usa o deer season at naiuwi ang karneng-usa. Isang araw, pinag-iisipan ko ang nalalapit na deer season, narinig ko ang tinig ng Panginoon. Sinabi Niya, "Bakit hindi mo Ako hayaang ipakita sa iyo kung paano mo makukuha ang usa mo sa taong ito?" Nabigla ako nito. "Ipakita sa akin kung paano ko makukuha ang aking usa sa taong ito?" Anong ibig sabihin noon? Nang ipinapanalangin ko ang mga salitang iyon, naramdaman ko ang maghasik ng isang pinansyal na binhi o kaloob para sa tiyak na layunin ng pag-aani sa usang iyon. Naramdaman kong nangusap ang Panginoon sa akin na sa panahong naghasik ako para sa aking usa, ako ay dapat na maniwalang natanggap ko na iyo bago ko pa man ito nakukuha, nang ayon sa Marcos 11:24:

Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at mangyayari nga iyon sa inyo.

Bagama't bilang isang Kristiyano lagi na akong nagbibigay at sumusuporta sa aking iglesya, ang paghahasik nang mayroon tiyak na intensyon at paniniwala na natanggap ko na ang ipanalangin ko ay panibago para sa akin. Kumuha ako ng tseke at nagsulat sa bahaging memo nito, "Para sa aking usa sa 1987." Ipinatong ko ang kamay ko rito at ipinadala ito sa isang ministeryo na pinagkakatiwalaan ko at idineklara na natanggap ko na ang aking usa nang pinadala ko ito. Nakatira ako sa Tulsa, Oklahama, ayon sa mga batas ng lungsod na iyon, wala talaga roong lugar upang mangaso, ngunit isa sa aking mga kaibigan sa iglesya ay nag-anyaya sa akin sa tahanan ng kanyang lola sa probinsya nang Thanksgiving. Sinabi niya na mayroong iilang mga usa sa kanilang kabukiran. Kaya pumunta ang aking pamilya roon noong umaga ng Thanksgiving upang matamasa ang dakilang araw ng mga pagkain at pagsasama at ngayon ay upang iuwi ang aking usa.

Hindi talaga alam ng kaibigan ko kung saan dapat akong pumunta, ngunit mayroon doong pastulan na napapaligiran ng kakahuyan, at iminungkahi niya sa akin na pumunta roon sa pastulan at umupo katabi ng malaking puno na nandoon. Ngayon, nais kong makita mo ang larawang ito. Nakaupo ako sa isang natabasang pastulan ng mga dayami na mayroong isang malaking puno sa gitna. Kaya umupo ako nang nakasandal sa puno at nakaharap sa kakahuyan, na nasa 130 na yarda kalayo sa akin. Ngayon na inaalala ko ito, nakaupo lang ako sa gitna ng isang pastulan o open field katabi ng isang puno, talagang hindi ideyal na lugar ng pangangaso.

Matapos ang 30 o 40 minuto nang umaga, nang hindi ko napansin, may isang lalaking usa o buck na tumatakbo sa kabukiran sa likod ko patungo sa kakahuyan sa harap ko. Nasa gitna namin ng usa ang puno, kaya hindi ako nakita ng usa at hindi ko rin ito nakita. Deretsong tumakbo ang lalaking usa patungo sa puno habang papunta sa kakahuyan, nang hindi ako nakikita roon. Nang malapit na ang usa sa puno, naamoy ako ng usa at huminto roon, nang iniisip kung nasaan ako. Umikot ang usa sa puno, at nagkatinginan ang aming mga mata, limang yarda lamang ito kalayo sa akin. Hindi ko sigurado kung sino ang mas nagulat, ngunit hindi na nagtatagal at biglang tumakbo nang buong bilis ang usa patungo sa kakahuyan. Nakaupo pa rin ako roon, habang napakabilis na tumatakbo ang usa palayo sa akin, sinusubukan kong ayusin ang aking rifle at hanapin ang aking scope.

Ngayon, sa pagtatangkang ipunterya ang baril ko sa whitetail buck na tumatakbo nang buong bilis at barilin ito nang biglaan o offhand shot, napakahirap pala nito kunin. Sa totoo lang, hindi pa ako kailanman nakabaril ng tumatakbong usa noon. Natatandaan ko na halos hindi ko nga mapanatili ang usa sa aking scope habang ito ay tumatalon nang mataas, gaya ng ginagawa ng mga whitetail deer kapag tumatakbo nang buong bilis. Ngunit nang kalabitin ko ang gatilyo, bumagsak ang buck at hindi na gumalaw. Nabigla ako! Nangyari lahat ng iyon sa loob ng isang segundo. Ang distansya ng pagbaril ay 110 yarda nang sukatin ko ito.

**NABIGLA AKO NA ANG PAMILYANG ITO AY MAAARING MAKALAYA SA KANILANG PAGKAUTANG SA LOOB LAMANG NG WALA PANG 7 TAON, KASAMA NA ANG KANILANG MORTGAGE.**

Nang tumunog ang aking baril, lumabas ang aking kaibigan at binati ako sa aking buck na nakahiga roon. Hindi ko pa nasabi sa kaibigan ko ang pangungusap ng Panginoon sa akin sa kung paano ko matatanggap ang aking usa, ngunit ngayon nakatingin ako sa kanya at sinabi, "Sa tingin ko ang usang ito ay hindi dahil sa aking mahusay na abilidad sa pangangaso." Matapos ay inilabas ko ang isang pirasong papel sa aking hunting coat, na kung saan nakasulat ang araw na pinadala ko ang tsekeng iyon. Simpleng nakasulat dito, "Naniniwala akong natanggap ko na ang aking usa ng 1987, sa pangalan ni Jesus." Mayroon din doong petsa at oras nang ipanalangin ko ang panalanging iyon. Itinaas ko ang papel na ito upang makita ng aking kaibigan at sinimulang ibahagi sa kanya ang tungkol sa sinabi ng Panginoon na gawin ko.

Nakuha ng kaganapang ito ang aking pansin. Walang duda ko ng alam na ito ay sa Diyos. Ngunit dahil sa ilang mga kadahilanan, hindi ko naunawaan na naaaccess ko na pala ang batas ng Kaharian. Katunayan, ang terminong "Kaharian" ay isang bagay na hindi ko talagang pinag-iisipan pa. Nakakamangha ang makuha ang usang iyon, ngunit mangyayari ba ulit ito? Nang walang konsepto tungkol sa batas ng Kaharian, hindi ko malalaman kung paano at ano ang mga batas na nagdulot na magpakita ang usang iyon. Kaya binansagan ko ito

na isang bagay ng Diyos at umaasa ulit sa hinaharap na subukan muli ito sa susunod na deer season. Ngunit bago dumating ang deer season na ito, nasunog ang aming van. Nang nasunog ang van at nagpakita ang bayad na na station wagon, nakuha na ng Diyos ang aking buong pansin. Ako na ngayon ay sabik na sabik na lumabas ulit para sa aking usa sa susunod na deer season. Nais kong subukan ang aking teorya at lalo pang matutunan ang tungkol sa Kaharian ng Diyos. Hindi na matagal bago ang panahong iyon muli!

Nakuha ko ang aking unang usa sa Oklahama sa taglagas o fall ng 1987. Ngunit sa Hulyo ng 1988, lumipat kami ng Ohio na kung saan ako lumaki. Bagama't lumaki ako roon, 12 taon na bago ulit ako nakatira roon. Nang lumaki ako roon, hindi ako kailanman naging matagumpay sa pag-aani ng isang Ohio deer. Bagama't maraming beses ko nang sinubukan, hindi pa ako kailanman nakakuha ng isang usa. Nang nakaayos na kami sa isang townhouse na inupahan namin sa Ohio, natanto ko na hindi ko pala alam kung saan maaaring mangaso. Bilang isang batang lalaki, nangaso na ako para sa mga kuneho sa tapat na daanan mula sa bahay ng ama ko sa tabi ng isang batis na nandoon. Gumawa ako ng isang trap line sa loob ng ilang mga taon nang lumalaki ako, subalit ni isang beses hindi man ako nakakita ng isang usa o senyales na nagkaroon ng usa sa bandang doon. Isang araw nang nasa kolehiyo ako, sabik na tumawag ang kapatid kong lalaki sa akin. Sinabi niya na talagang nakakita siya ng isang usa sa tabi ng batis malapit sa bahay ng aking ama. Nagulat kaming dalawa.

Nang naaalala ang pinag-usapan namin, nagpasiya akong pumunta sa dulo ng batis sa pinakaunang araw ng deer season. Tinawagan ko ang aking kapatid at humingi ng mga payo sa kung saan magandang pumunta sa batis na iyon. Bagama't ilang taon na siya nang nakabalik siya roon, naalala niya ang isang malaking puno ng maple na nasa tabi ng batis sa likod ng kagubatan at inisip niyang maaaring magandang lugar iyon. Dahil pabalik-balik ako sa dulo ng batis na iyon nang lumalaki ako, alam ko ang bawat liko ng batis at alam ko kung saan ang tinutukoy niya.

Ginawa ulit namin ni Drenda ang ipinakita sa amin ng Panginoon noong nakaraang taon sa Oklahoma—maghasik ng binhi, isulat ito, at maniwalang matatanggap namin kapag nanalangin kami, ayon sa Marcos 11:24. Sa oras na iyon, may dalawang deer lamang na limit

sa Ohio ng kahit anong kasarian, ngunit naisip namin na maghahasik kami para sa isang usa muna at mamaya na kukunin ang pangalawa. Naghasik kami ni Drenda ng binhi para sa usa at naniwalang natanggap na namin ito kapag nanalangin kami. Kamangha-mangha, sa loob ng 40 minuto sa pinakaunang umaga ng deer season, hindi lang isa kundi dalawang usa ang nakuha ko. Wow, talagang may patutunguhan ito!

Lumipas ang isang buwan, nagkaroon ako ng panaginip tungkol sa isang ideya ng negosyo. Ang negosyo ay may kinalaman sa lahat ng kaalaman sa pinansyal na natutunan ko mula sa negosyo ng insurance, ngunit mayroon itong ibang layunin sa aking panaginip. Hindi ko lubos na nauunawaan ito, ngunit sigurado akong itinuturo sa akin ng Diyos ang magsimula ng sariling negosyo at iwanan ang kompanya kung saan ako nagtatrabaho nang walong taon. Sa mga panahon ng panaginip kong ito, nagtatrabaho at nagbebenta pa rin ako ng life insurance at mga security.

Sa linggo na napanaginipan ko ito, mayroon akong nakatakda na pagdalaw sa isang pamilya upang pag-usapan ang tungkol sa insurance. Bagama't nag-usap kami tungkol sa life insurance, alam kong hindi iyon ang tunay nilang pangangailangan o problema. Sila ay nababahala sa kanilang buwanang badyet at utang. Bahagi ng aking karaniwang plano para sa aking mga kliyente ay ang kanilang punan ang mga data sheet na naglalaman ng lahat ng kanilang pinansyal na datos. Ito ay nagbibigay-daan sa akin na malaman kung gaano anong life insurance ang kailangan nila. Nang gabing iyon, nabalisa ako tungkol sa pamilyang ito. Gusto ko silang tulungan, ngunit hindi ko alam kung paano. Umupo ako kasama ang kanilang data sheet at nagsimulang magtrabaho para sa kung anong ang mga pwede nilang gawin. Habang nagtatrabaho ako gamit ang aking financial calculator, lumihis ako mula sa pananaw ng life insurance at nagsimulang tingnan kung maaari akong makakuha pa ng anumang cash sa kanilang buwanang badyet. Sa pamamagitan ng muling pagsasaayos ng ilang bagay at paglalaro sa calculator, nabigla ako na ang pamilyang ito ay maaaring makalaya sa kanilang pagkautang sa loob lamang ng wala pang 7 taon, kasama na ang kanilang mortgage, nang walang binabago ang kanilang kinita.

Sa puntong ito, nagtatrabaho na ako sa larangan ng pinansyal sa loob ng 8 taon, at hindi pa ko nakarinig ng sinumang nagsabi na ito ay posible. Muli kong inulit-ulit ang kaso nila at nakuha ang parehong

sagot: 6.2 na taon at sila ay makakalaya sa pagkautang. Pagkatapos ay pumunta ako sa aking file drawer at sinimulan kong hilahin ang mga data sheet ng iba ko pang mga kliyente. Ginawa ko ang parehong mga kalkulasyon at nakuha ang parehong sagot: sa loob lamang ng 7 taon at makakalaya na sila sa pagkautang. Sa totoo lang, nabigla ako sa datos na ito.

Naisip ko na masisigla ang aking kliyente nang makita niya ito, kaya nagpasiya akong gumawa ng magandang presentasyon at i-presenta ang aking natuklasan nang nag-usap kami tungkol sa kanilang mga pangangailan sa life insurance. Tunay ngang mabigat ang pakiramdam ko para sa pamilyang ito. Alam ko kung paano naapektuhan ng pinansyal na stress ang bawat bahagi ng aking buhay at nais kong malaman nila na may pag-asa pa sila. Kaya ipinakita ko ang aking maikling ginawang presentasyon sa aking kliyente, at nang pinag-usapan ko ang mga datos, nandoon sila nakaupong nakatulala. Matapos kong ipakita sa kanila kung gaano sila katagal maaaring maging malaya sa pagkautang, tumalon ang lalaking asawa nang lumuluha at sinimulan akong pasalamatan. Talagang, ito ay parang ang mga nakikita mo sa TV na isang pamilyang nanalo sa lotto o ng pinakamalaking premyo sa isang game show. Hindi nila madaling mapaniwalaan ang sinasabi ko sa kanila. Tunay na nakahihipong karanasan ito para sa kanila, ngunit pati na rin sa akin.

Nang iniisip ko ito nang gabing iyon, hindi mawala sa isip ko ang katotohanan na sa simpleng pagsasaayos lamang ng mga propyedad o asset ng mga kliyente at mga datos, maaari kong ipakita sa kanila kung paano sila maaaring maging malaya sa pagkautang sa loob ng wala pang 7 taon. Nakita ko ang epekto at pag-asang ibinibigay nito sa kanila. Binalikan ko at tiningnan ang karamihang mga file ng aking mga kliyente upang malaman kung ilan sa kanila ang babagsak sa "wala pang 7-taong panahon upang maging malaya sa utang" at nagulat akong makita na 85 porsiyento sa kanila ay kasama rito. Ngunit sino ang nagsasabi sa kanila ng ganito? Matapos ang gabing iyon kasama ang aking kliyente at matapos kong tingnan ang marami sa mga file ng aking mga lumang kliyente, natuklasan ko na maaari akong magsimula ng isang negosyo na nagpapakita sa mga tao kung paano sila makakalaya sa utang gamit ang aking plano.

Ngayon, noong panahong iyon hindi pa ako malaya sa sarili kong

mga utang, ngunit tiyak akong nakikiramay sa mga taong nabibigatan at stress sa kanilang pananalapi, at ang misyong ito ay naging mas nakakaakit para sa akin kaysa sa pagbenta lamang ng life insurance. Sinimulan kong ipakita sa lahat ng aking mga kliyente sa insurace ang parehong uri ng babasahin, at silang lahat, walang ni isa sa kanila ang hindi ay lubhang nagulat.

Bilang isang business model, mayroon pa akong mga problemang kailangan ayusin. Ang una ay ang mahabang panahon nang mano-manong pagkalkula at pagkatapos ay mano-mano ring pag-type sa isang pormat ng presentasyon. Ikalawa, paano ako kikita sa paggawa nito? Sa huli, nakipagkasundo ako sa isang computer software designer na gumawa ng isang program upang magawa ko ang aking mga pagkalkula nang mas mabilis. Tungkol sa ikalawa kong problema, alam ko na hindi ko talaga maaaring singilin ang mga taong nais makalaya sa utang dahil, una pa lang, wala na silang pananalapi. Sinimulan kong manalangin para rito.

Isang araw, nagkaroon ako ng biglaang ideya. Talagang nadama kong binigyan ako ng Diyos ng ideya kung paano patakbuhin ang aking kompanya, na tumutulong sa mga tao nang hindi sila sinisingil, habang sa parehong oras, kumikita ako para sa sarili ko. Sa aking plano, hahanapin ko ang mga tinatawag kong nawawalang pera o lost money, ang perang mayroon na ang aking kliyente ngunit hindi niya nakikita. Halimbawa, gagawa ako ng paghahambing ng mga rate ng sasakyan, bahay, life, at health insurance, naghahanap ng mga matitipid. Ihahambing ko ang mga rate ng mortgage upang makita kung tama ba ang pag-refinancing. Susuriin ko ang maraming mga bagay na katulad noon, kahit na hindi ko personal na hinahawakan ang bawat bahagi ng negosyo na aking sinasaliksik. Kapag nasa bahay ako ng aking kliyente, ipapakita ko sa kanila ang mga matitipid nila at pagkatapos ay hahayaan silang maghanap ng kompanya na maaaring magpatupad ng aking mga ideya o maghanap ng representante na mayroong kompanya mngas makatitipid sila. Bigla ko na lamang natanto na ang kliyente kong ito ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa referral fee sa mga kompanyang iyon.

Sa madaling salita, ginawa ko na ang lahat ng trabaho sa pagbebenta ng aking kliyente sa kanilang kompanya at produkto. Ang gagawin na lang nila ay pumirma. Kaya sinimulan kong tawagan ang mga vendor,

mga representante, at mga propesyonal na aking iminungkahi sa aking mga kliyente at sinabi sa kanila ang aking ginagawa at tinanong sila kung sa tingin nila ay sulit ba ito para sa referral fee. Sinabi nilang lahat "Oo." Kaya iyon ang ginawa ko. Iniwan ko ang dati kong kompanya at nagsimula ng aking sariling kompanya na tumutulong sa mga tao upang makalaya sa utang. Gumanda ang negosyo ko at, sa pangyayaring ito, tinustusan kami ng sapat na pera upang makalaya kami ni Drenda sa pagkakautang sa loob ng dalawa't kalahating taon! Kami ay sobrang excited! (Kung interesado kang magkaroon ng libreng plano, tumawag sa 1-800-815-0818. Patuloy pa rin namin itong ginagawa ngayon, 28 taon na ang lumipas!)

Ang bawat araw ay bagong araw habang ipinapakita sa amin ng Diyos ang higit pang mga bagay kung paano kumikilos ang Kanyang Kaharian. Habang dumadalaw ako sa isa ko pang kliyente, nangusap ang Diyos sa akin na kumuha ng mga tauhan at gawing tunay na negosyo ang aking munting negosyo. Nang kumukuha na ako ng mga tao upang magtrabaho para sa amin, nagsimulang umunlad ang negosyo namin sa pataas nang pataas na mga antas. Nabanggit ko na sa panimula kung paano namin sinimulang bayaran nang buo o cash ang aming mga sasakyan at kung paano namin napatayo ang aming dream home. Sa bawat buwanang business meeting namin kasama ang mga bagong empleyado, magbabahagi ako tungkol sa Kaharian ng Diyos, at ang mga tao ay lalong naaakit sa aking kompanya upang makarinig pa nang higit tungkol sa Kaharian at kung paano nila ito magagamit sa sarili nilang mga buhay, tulad ng pagpunta nila para sa pagkakataon sa negosyo mismo.

Ang mga aral na ipinapakita ng Diyos sa akin ay kamangha-mangha at, siyempre, marami sa mga aral na iyon ay natutunan ko habang nangangaso ako bawat taon. Ang mga kuwentong aking nakita sa pangangaso, sa totoo lang, ay talagang kahanga-hanga. Hindi ko ito paniniwalaan malibang makita ito mismo ng aking mga mata. Ang bawat kuwento ay nagturo sa akin ng bagong mga bagay tungkol sa Kaharian na hindi ko pa nakita noon. Inisip kong ibahagi ang ilan sa mga ito sa inyo sa aklat na ito, ngunit kung nais mo talagang basahin ang aking mga kuwento sa pangangaso, maaari kang kumuha ng kopya ng aking aklat na "Faith Hunt" sa aking website.

Ang kuwentong ito ay nangyari ilang taon matapos kong matuklasan ang deer hunting sa pamamagitan ng aking bagong kaalaman tungkol

sa Kaharian. Gaya ng ibinahagi ko na sa iyo, itinuro ng Diyos sa akin kung paano maghasik para sa aking usa at tanggapin ito na tapos na kapag nanalangin ako—at nang walang pagbubukod, aking aanihin ang aking usa sa loob ng 30 hanggang 45 na minuto kada taon. Siya nga pala, 28 taon na ito laging nangyayari. Gayunman, sa partikular na taong ito lumabas ako tulad nang dati, na mayroon ng lubos na pagtitiwalang magpapakita ang aking usa. At tiyak nga, sa loob ng ilang minuto, nakita ko ang isang usa na naglalakad palayo sa akin at papasok na sa property ng aking kapitbahay na mga 200 yarda ang layo mula sa akin. Alam ko na sa panahong pumasok ang usa sa mga kakahuyan mawawala na ito, ngunit alam ko na ito na nga ang aking usa. Ito ay noong mga panahong wala pa akong alam patungkol sa bow hunting, paggamit ng mga grunt calls, o kung paano manawagan ng mga usa. Alam ko na ang usang iyon ay aking aanihin, ngunit pinapanood ko lamang itong pumapasok sa kakahuyan ng aking kapitbahay. Ngunit nang biglaan narinig ko sa aking espiritu, "Utusan mo ang usa na lumapit sa iyo." "Ano? Utusan ang usa na lumapit sa akin; ano ang ibig sabihin noon?" Hindi pa ako tiyak, kaya malakas ko itong sinabi, ngunit hindi sapat na lakas para marinig ako ng usa, "Usa, inuutusan kitang huminto, umikot ka pabalik dito, at lumapit at tumayo sa ilalim ng punong kinatatayuan ko." Gamit ko ang pana ngayon sa pangangaso at idinagdag ko ang huling bahaging iyon tungkol sa pagtayo sa ilalim ng aking puno dahil nais ko talagang maging malapit ang usa sa akin. Inisip ko na kung ang pananampalataya ang magdadala ng usa sa akin, maaari ko na rin itong papuntahin sa ilalim ng aking puno kung saan makakakuha ako ng magandang punterya sa kanya.

Kamangha-mangha, nang sabihin ko ang mga salitang iyon, agad na huminto ang usa, umikot pabalik, at nagsimulang pumunta deretso patungo sa aking puno. Nabigla ako nang nilakad ng usa ang 200 yarda na layo at pumunta sa deretsong ilalim ng aking punong kinatatayuan, na 12 talampakan lamang sa ibabaw niya. Wala akong suot na camouflage, wala ring pabango, wala ring mga grunt call, ako at ang Diyos lamang, subalit nakatayo ang usang iyon nang eksakto sa ilalim ko. Sa tingin ko, walang sinuman ang hindi makakapunterya noon. Inuwi ko ang usang iyon nang may lubos na kagalakan, ngunit hindi ko matanggal sa aking isipan ang aking natuklasan. Talaga bang lumapit ang usang iyon sa akin dahil nagsalita at inutusan ko ito? Tila ganoon na nga.

Ang inuupahan naming pastulan sa Ohio ay may 89 ektaryang binubuo ng ilang mga kagubatan, mga batis na mayroong mga mababababang punongkahoy o halamanan, at mga bukirin. Sa mga buwan ng taglamig, at lalo na kung may niyebe pa sa lupa, mahilig kaming lumabas upang mangaso ng kuneho o rabbit hunting. Mayroong panahon ang Ohio para sa mga ring-necked pheasant (uri ng ibon) na kasabay rin ng rabbit season, ngunit bihira lamang kami nakakita ng pheasant sa aming pastulan.

Sa partikular na araw na iyon, lumabas kami upang mangaso ng mga kuneho at nangangaso kami sa tabi ng batis nang may ibong pheasant na lumabas. Minadali kong pinunterya ito at binaril. Alam ko na sa sandaling kalabitin ko ang gatilyo ay natamaan ang pakpak ng ibon. Bumagsak ang ibon; gayunman, sa sandaling bumagsak ito sa lupa, tumakbo pa muli ang ibon palayo. Kaya ng isang pheasant tumakbo sa bilis ng 35 milya kada oras, at talagang pinatutunayan ng ibong ito na kaya niya itong gawin. Puno ang lupa ng bagong ulan na niyebe, at tumatakbo ang ibon sa malawak na pastulan na medyo pataas ang anggulo, kaya madali kong nakikita ang bawat hakbang ng ibon sa pagtatangka nitong makatakas.

Nakatayo ako roon nang ilang sandali habang iniisip na makakatakas ang ibon na iyon, ngunit biglang nagkaroon ako ng sigasig sa aking espiritu. Alam ko ang nangyari nang inutusan ko ang usang iyon na huminto at bumalik papunta sa akin. Nadama kong gawin din ito ngayon, kaya malakas kong sinigaw, “Pheasant, sa pangalan ni Jesus, HUMINTO KA!” Kaagad, nawala sa aking paningin ang deretso at pataas na pagtakbo ng ibon. Kitang-kita ko ang buong pastulan, at kaagad na huminto ang pheasant sa sandaling sumigaw ako. Kasama ko ang aking anak na lalaking si Tim at sinabi niya, “Dad, huminto ang pheasant sa sandaling sumigaw ka.” Ngunit nasaan na iyon? Sinundan namin ni Tim ang pinagdaanan nito sa pastulan, at nandoon lamang ito sa mga niyebe. Ang kalahati ng ulo nito ay nakabaon sa niyebe, ngunit ang buong katawan nito ay nakalabas sa niyebe. Medyo malapit ito sa isang madamong bahagi ng pastulan, at kaya kanina nawala ito sa aming paningin. Patay na ba ito? Pinulot ko ang ibon, na kaagad na ikinampay ang mga pakpak nito at sumisiyok. Buhay na buhay pa ang ibon! Nang sinusuri ko ang ibon habang kinakatay namin ito, nakita kong nagasgasan ko lamang ang kanang pakpak nito. Nagtinginan kami

ni Tim nang may pagkamangha. Walang sinuman ang maniniwala sa nakita namin, wala talaga.

Tulad ng nabanggit ko na, mayroong dalawang deer lamang na limit sa Ohio ng kahit anong kasarian, ngunit isang usang lalaki lamang ang maaaring maani kada taon. Sinusubukan ng Ohio bawasan ang populasyon ng mga usa sa estados sa paghihikayat na hulihin ang mga babaeng usa. Kaya maghahasik ako ng aking binhi para sa isang lalaki at isang babaeng usa, at nang walang humpay, ang lalaking usa ay lalabas sa loob ng 30 hanggang 40 minuto sa unang paglabas namin; at matapos sa susunod na paglabas namin, ang babaeng usa naman ang lalabas. Isang araw bumungad sa akin, “Sandali lang; lumalabas ang mga usa ayon sa pagkasunod-sunod ng pagkasulat ko nang hinasik ko ang aking binhi.” Totoo ba talaga ito? Paano kung baligtarin ko ang pagkasunod-sunod nito? Madalas naghahasik ako para sa isang lalaki at isang babaeng usa, at iyon ang pagkasunod-sunod ng kanilang paglabas. Sa panahong ito, naghasik ako para sa isang babae tapos isang lalaking usa sa halip na isang lalaki tapos ang babaeng usa; at muling dumating ang usa, ngunit sa pagkakataong ito unang lumabas ang babaeng usa at pagkatapos ang lalaking usa naman. Ibinabaligtad ko ito sa loob ng ilang mga taon, upang subukan ang aking teorya, at gumana ito sa bawat pagkakataon. Habang nakikita kong nangyayari ang mga ito, lubos akong namamangha sa Kaharian at sa kung gaano pa lamang kaliit ang kaalaman ko rito. Isang bagay ang sigurado ako, pinapakita ng Panginoon sa akin na mayroon akong higit pang awtoridad sa mga nangyayari sa aking buhay kaysa sa naisip kong mayroon ako.

Idagdag ko lang, kasalukuyang deer season na ng 2015. Naghasik ako para sa isang lalaking usa na mayroong apat na sanga sa bawat sungay (four-point) o mas malaki pa, isang isang-taong gulang na babaeng usa, at isang isang-taong gulang na button buck, para kainin. Tulad ng pagkilos ng isang orasan, isang buck na may anim na sanga sa sungay o six-point ang dumeretso sa aking puno; matapos, sa sumunod na paglabas namin, nakakuha ako ng isang isang-taong gulang na babaeng usa, at ito lamang ang tangi at unang lumapit kaagad sa aking puno sa panahong iyon. Alam ko na sa susunod na paglabas ko magpapakita naman ang buttong buck. Alam kong hindi ito kapani-paniwala; sinasabi ko lamang sa iyo ang nakikita kong nangyayari.

Ngunit may isang deer hunt na nagbigay-linaw sa lahat ng mga ito

at kaya talagang natakot ako. Nahasik ko na ang aking binhi para sa aking lalaking usa o buck na may four-point o mas malaki pang mga sungay at matapos pati na rin ang para sa isang batang lalaking usa o button buck (ang isang button buck ay binibilang na isang babaeng usa dahil nakatago pa ang mga sungay nito sa kanyang balahibo at mga maliliit na butones pa lamang ito). Lumabas ako nang tulad ng dati at nakuha ang aking eight-point buck sa loob ng 15 minuto habang bow season. Nang lumabas ako sa sumunod na pagkakataon, tiyak akong naroroon na ang aking button buck.

**NGAYON, ALAM KO NA, NANG WALANG ANUMANG PAGKALITO, NA GANAP NGANG NAPAKA-TIYAK NG KAHARIAN.**

Matapos ang dalawang linggo, lumabas muli ako, at nang umupo ako sa aking tree stand, nakita ko ang isang magandang eight-point buck na dumadaan sa pastulan na 300 yarda ang layo mula sa akin. Deretso siyang papunta patungo sa aking puno. Hindi siya mula lumingon sa kanyang deretsong paglakad at dinaan ang buong pastulan at direktang pumunta sa ilalim ng aking puno at tumayo lamang doon ng halos mga 20 segundo. Tapos ay lumingon at agad na bumalik sa pastulan sa parehong dinaanan niya nang pumunta siya sa akin. Tandaan, isang buck lamang ang legal na kunin sa Ohio, at nakuha ko na ang aking eight-point buck, kaya kinailangan kong umupo roon at panoorin lamang ang usang ito na hindi ko puwedeng punteryahin. Ako ngayon ay lubos na naguluhan. Ito ang pinakaunang pagkakataon na lumabas ako upang mangaso at mayroong isang usa na lumapit sa akin na hindi ang eksaktong usa na hinasikan ko sa aking binhi. Sa mga pagkilos ng buck na iyon, deretsong pumunta at dinaanan ang pastulan at pagkatapos ay tumayo sa ilalim ng aking puno, pagkatapos ay bumalik sa pastulan sa parehong dinaanan niya nang pumunta siya sa akin, lahat ng ito ay hindi pangkaraniwan. Tila ang usang iyon ay mayroong tungkuling ginagawa. Naghintay ako nang umagang iyon, ngunit walang button buck na nagpakita.

Nang gabing iyon sa aking opisina, naguguluhan ako sa lahat ng mga ito. May mali rito; dapat nagpakita ang button buck. At bakit sa ganoong paraan nagpakita ang eight point buck na iyon? Nang nakaupo ako roon, sinimulan kong manalangin sa aking espiritu, na hinihiling

sa Diyos na ipakita sa akin kung ano ang nangyari. Narinig ko ang tinig Niya na sinabi sa akin, "Tingnan mo ang iyong binhi." Tingnan ang aking binhi? Alam ko kung ano ang hinasikan ko. Ang aking bangko ay gumagawa ng kopya ng aking mga tseke, kaya nilabas ko ang statement na ito at tiningnan ang tsekeng isinulat ko nang naghasik ako para sa aking usa. Akala ko, naghasik ako para sa dalawang buck, isang buck na four point o mas malaki pa at isa namang button buck, na binibilang pa rin na babaeng usa, tulad ng nasabi ko kanina. Ngunit ganito ang nakasulat sa aking tseke, "dalawang buck, four point o mas malaki pa, isang button buck." Bagaman nais kong isulat sana na dalawang buck, isang four point o mas malaki pa at isang button buck, hindi ito ang nakasulat dito. Sabi nito, "dalawang buck, four point o mas malaki pa, isang button buck." Ilang mga usa iyon? Tatlo, at ang ikalawang usa ay isang four point o mas malaki pa tulad ng unang usa. Nang makita ko ito, napaupo ako roon nang nakatulala. May misyon talaga ang usang iyon kanina. Dapat pala talagang nandoon ang usang iyon dahil sa batas ng Kaharian. Tumalon ako at sumigaw at tumakbo palibot ng aking bahay. WOW!!!!

Sa parehong panahon, natakot ako sa aking nakita. Kung ang aking nakita ay ang kung paano ka-eksakto at katiyak kumikilos ang Kaharian, ibig sabihin kailangan ko maging mas maingat. Hindi ko sinadyang pinakilos ang mga kaganapang ito na hindi ko nais mangyari, subalit nangyari dahil kinalagan ko sila ayon sa espirituwal na batas. Ngayon, natuklasan kong maraming mga tao, kasama na ako roon, ang nakararanas ng mga bagay sa buhay nila na hindi nila nais makitang mangyari, subalit sila mismo ang siyang nagpakilos na mangyari ang mga bagay na ito. Tandaan, gamit ang Kanyang mga salita, pinatay ni Jesus ang isang puno ng igos at subalit sa ibang pagkakataon naman ay tinawag si Lazaro na lumabas sa libingan. Ginamit ng dalawang pangyayari ito ang parehong batas para sa magkaibang mga layunin. Sa sumunod na pagkakataong nangaso ako, nagpakita na ang button buck tulad na aking hinasikan.

Nagulat ako sa buong pagkasunod-sunod ng mga pangyayaring ito at ito ay nagkaroon ng malaking epekto sa aking pananaw tungkol sa Kaharian. Ngayon, alam ko na, nang walang anumang pagkalito, na ganap ngang napaka-tiyak ng Kaharian. Subalit dapat ba tayong magulat doon? Ang bawat pisikal na batas sa mundo ay ganoon din ka-

tiyak. Sa palagay ko, hindi ko lang napagtanto na ang mga espirituwal na batas ay gumagana tulad ng mga pisikal na batas na nilikha mismo ng espirituwal. Naisip ko na dapat ito noon pa, ngunit hindi pa. Ngunit ngayon, alam ko na na ang Kaharian ay tiyak, napaka-tiyak.

Okay, dahil sinabi mo, magbibigay ako ng isa pang kuwento ng pangangaso. (Gustong-gusto ko talaga ang mga aral na natutunan ko habang nangangaso, kaya tiisin niyo muna ako rito.) Nang makita ko kung gaano katiyak ang Kaharian, nagpasiya akong magsagawa ng mas tiyak pang eksperimento. Ngayong taon, nagpasiya akong maghasik para sa isang seven-point buck. Karaniwan, ang isang usa ay mayroong parehong bilang ng mga puntos sa bawat panig ng katawan nito. Ang isang four point ay may dalawang puntos sa bawat panig ng katawan nito; ang isang eight point ay may apat sa bawat panig, at ganoon na nga. Ngunit maraming beses, ang mga sungay ng isang buck ay hindi pantay-pantay dahil sa iba't ibang kadahilanan, at magkakaroon sila ng iba't ibang bilang ng mga point sa bawat panig. Ngunit, tulad ng sinabi ko, madalas, magkakaroon sila ng parehong bilang sa bawat panig.

Nais kong kalagan ang aking pananampalataya para sa isang bagay na tiyak at hindi pangkaraniwan, dahil nga sa isinasagawa kong eksperimento, tulad ng sinabi ko. Natutunan ko na kung mas tiyak ka, maaaring mas matagal ang iyong paghihintay, at mas eksakto ang mga tagubilin ng Banal na Espiritu upang ito ay maganap. Kaya sa unang araw ng bow season, alam kong hindi pa ako dapat lumabas; alam kong wala pa ito roon. Katunayan, hinintay ko ang buong Oktubre, at alam ko lamang sa aking espiritu, "Hindi, wala pa siya rito." Nakakabagot ito; ang mga kulay ng taglagas, ang mga kakahuyan, gusto ko na talagang lumabas doon. Ngunit naghintay ako.

At nangyari nga. Isang gabi nang nakaupo ako sa sala kausap ang mga magulang ng aking asawa, na dumalaw mula sa Georgia, narinig ko ito. Bukas ng umaga na ang araw na hinihintay ko. Naroon na seven point buck! Sinabi ko sa lahat ng aking pamilya na makukuha ko na ang aking buck kinabukasan. Sabik na sabik akong nagising at lumabas nang madilim pa. Gamit ko ang aking crossbow sa pangangaso sa aking tree stand na nakatanaw sa sampung ektaryang latian na kahilera ng aking mga kakahuyan. Napakaganda ng lugar na ito. Pumupunta at lumilipad ang mga pato habang nakaupo ka roon; mga muskrat, at maging ang mga mink ay makikitang gumagala sa

paligid nito. Napapalibutan ito ng mga mabababang punongkahoy, at ito ay isa sa mga pangunahing lugar na tinutulugan ng mga usa sa aking lupa. Habang naghihintay ako sa aking tree stand, walang nangyari. Naghintay ako ng 45 minuto, pagkatapos isang oras, at wala pa rin.

Narinig ko ang pagbukas at pagsara ng mga pintuan ng sasakyan sa kabilang dulo ng bukid sa aming bahay, at alam kong iyon ay ang mga magulang ni Drenda na uuwi na pabalik ng Georgia. Ipinangako kong kumain ng almusal kasama nila bago sila umalis, at ako ang magluluto. Ang orihinal na plano ko ay makuha na ang usa nang maaga at pagkatapos ay bumalik sa aming bahay para mag-almusal. Ngunit hindi pa dumarating ang usa, at napilitan tuloy akong bumaba mula sa puno at umuwi sa aming bahay. Alam ko sa aking karanasan sa aking lupa na ang mga usa ay pupunta sa latian sa bandang huling mga oras ng umaga, dahil ito ang isa sa kanilang pangunahing lugar na tinutulugan, gaya ng nabanggit ko. At ganoon na nga, alam ko na sa anumang sandali maaaring dumating doon ang usa, ngunit hindi na ako maaaring manatili pa roon. Kailangan kong bumalik na lang ulit sa susunod umaga.

Binati ko silang lahat sa bahay at sinimulang magluto ng almusal. Ako lagi ang nagluluto ng almusal sa aking tahanan at sa aking alaala ay lagi ko nang ginagawa ito. Mayroon akong ispesyal na recipe para sa mga whole-wheat waffle na talaga namang masarap, ako na ang nagsasabi. Kasama sa menu namin ang itlog, sausage, at mga cheese grit, ngunit ang main item na talagang nagpapasarap sa aking almusal ay ang tunay na maple syrup. Ang Ohio ay isang probinsya ng maple syrup, at ang mga tao sa aming lugar ay gumagawa at nagbebenta ng sarili nilang maple syrup. Hindi ko pinapayagan ang hindi tunay na syrup sa aking tahanan, yung mga talagang tunay at puro lamang. Kaya nandoon ako nagluluto ng almusal, at nakaharap ang aming mga bintana sa kusina sa mga kakahuyan at latian. Bigla na lang, nakita ko ang isang usa na tumatawid papuntang latian. Sumigaw ako, "Iyon na ang aking usa!" Sinabi ko sa kanila na ipagpatuloy nila ang pagluluto dahil hahabulin ko ang aking usa!

Sa panonood ko sa mga usang tumatawid sa bukid na iyon, alam ko kung saan ang eksaktong lugar na pupuntahan nila; at upang makapunta roon, dadaan muna ito sa direktang ilalim ng aking puno. Inisip ko na kung makakarating ako sa aking puno mula sa likod at

umakyat bago makarating ang usa doon, maaari akong makakuha ng magandang punterya mula roon. Magiging mahirap ang lumabas doon at akyatin ang puno at unahan ang usa bago ito makarating sa puno, at kailangang umalis na ako NGAYON! Tumakbo ako sa bukid at pagkatapos, sa abot ng aking makakaya, dahan-dahang umakyat sa puno. Sa ngayon, maayos ang lahat, wala akong makitang senalyes kung nasaan ang usa.

Umakyat ako sa puno at umupo nang nakita ko ang usa na naglalakad sa latian direktang patungo sa aking tree stand. Walang ibang pinansin ang usa maliban sa dinaanan ng babaeng usa na sinusundan nito at kaya hindi nito ako nakita o naamoy. Pumunta ang babaeng usa sa ilalim ng aking puno at patungo sa latian, at sa parehong daan din dadaan ang buck o lalaking usa. Hindi na ako maaaring makahingi ng mas maganda pang setup kaysa rito. Ngayon, ang buck ay nasa 25 yarda ang layo mula sa akin, dahan-dahan kong pinunterya ito gamit ang aking crossbow at tinira ang pana. Natuklasan ko sa sandaling pinakawalan ko ang panang tinira ko. Harapin natin ito; halos ubos na ang aking hininga sa pagtakbo sa likod ng bukid para maunahan ang usa rito.

Nadismaya akong makita na napakababa ng tama ng pana, at alam kong hindi ko natamaan ang anumang vital areas nito. Nang matamaan, tumalon ang usa sa makapal na mga halamanang nakapaligid sa latian at dahan-dahang naglakad palayo sa aking paningin. Napansin ko mula sa mga nakaraang pangangaso na kapag pana ang gamit, minsan hindi alam ng mga usa kung ano ang nangyari sa kanila kapag natamaan ito. Madalas, basta na lang ito lalakad palayo, basta kapag hindi ka nito nakita o naamoy. Alam ko rin na karaniwang humihiga ang mga nasugatang usa sa mga halamanan at hindi malayo ang kanilang nilalakad. Dahil hindi ako nakita ng usa, iyon nga ang eksaktong ginagawa nito. Dahan-dahan akong bumaba mula sa puno at umuwi sa bahay sa parehong daang dinaan ko papunta roon, ang mas mahabang daan upang hindi ko magulat ang usa.

Nang makarating ako sa bahay, agad akong tinanong ng lahat kung ano ang nangyari at kung nakuha ko ba ang usa. Ikinuwento ko sa kanilang lahat ang nangyari at hiniling na samahan ako ng aking mga lalaking anak upang tulungan akong habulin ang buck sa mga halamanan, na umaasang magkakaroon ako ng isa pang pagkakataon na tamaan ito. Pinalibutan namin ang lugar na may makapal na mga

halaman at dahan-dahang pumasok dito. Nakita ko na biglang nagulat ng isa kong anak ang usa, at tumalon-talon ito sa mataas na mga halaman. Nasa 70 yarda ang layo nito sa harap ko, na tumatawid mula sa aking kanan papunta sa kaliwa.

Kaagad, nakita ng buck ang isa ko pang anak sa kabilang dulo ng bukid. Nang matuklasan nito na hindi ito ang parehong taong nakagulat sa kanya at na hindi nito alam ang talagang ligtas na lugar na maaari nitong takbuhan, huminto ito upang pag-isipan ang mga maaaring nitong gawin. Nalaman ko na ito na lamang ang tanging pagkakataon na mayroon ako. Hindi niya pa ako nakikita. Nakatayo ito ngayon nang patagilid 70 yarda mula sa akin na nakaharap sa aking anak. May sapat na lakas ang crossbow upang patayin ang usa sa ganoong layo, ngunit bumababa ang pana ng ilang mga pulgada o minsan nga ay mga talampakan sa layo na 70 yarda. Hindi ko pa kailanman natira ang aking pana sa ganoong layo noon, at ang pana ko ay hindi tulad ng mga mas bagong 185-pound draw crossbow na mas malakas at may kayang tirahin ang pana nang lagpas 400 feet kada segundo. Asintado lamang ito sa layo na mga 35 o 40 yarda.

Dahil nakatagilid ang usa at nakatayong hindi gumagalaw, nagpasiya akong tirahin na ito. Tinantiya kong pinunterya ang aking bow sa bandang ibabaw ng buck, at pinakawalan ang pana. Pinanood ko ang pana na lumilipad patungo sa buck at, sa aking gulat, nakitang tumama ito sa leeg ng usa. Tumagos ito sa kagitna ng leeg ng usa (pasensya na sa mga detalye), ngayon nakausli na ang pana sa magkabilang panig ng usa habang tumatakbo ito. Habang tumatakbo ang usa papunta sa mga halamanan, hindi ko nakita kung saan ito nagpunta. Dahan-dahan kong sinimulang maglakad papunta sa halamanan kung saan naglaho ang usa. Naroon ito! Ginawa na ng pana ang kanyang trabaho, at nakuha ko ang aking buck.

Habang sinamahan ako ng aking anak na si Tim, naging mas interesado ako sa mga sungay ng buck kaysa sa anumang bagay. Hindi talaga ako nagkaroon ng pagkakataon upang bilangin ito, ngunit nang bilangin namin mayroon nga itong pitong mga punto. Nang tiningnan namin nang mas mabuti ang buck, nakita namin na talagang eight point ito ngunit isa sa mga tangkay nito ay nabali, kaya naging seven point na lamang. Nakatayo lamang kami roon ni Tim sa pagkamangha at pinuri ang Panginoon. Tunay talagang kamangha-mangha ang Kaharian!

Habang nakatayo kami roon ni Tim, napagtanto rin namin na, "Sino ang maniniwala sa atin? May nakakaalam na ba na ang Kaharian ay gumagana sa ganitong paraan?"

Sa tingin ko, nakuha mo na ang punto. Ang Kaharian ay gumagana sa pamamagitan ng napaka-tiyak na mga batas na nakatakda at maaasahang gumagana sa parehong paraan sa bawat pagkakataon. Nakakapanabik ito noong una kong natanto na ang mga batas na ito ay gagana para sa anumang bagay, kasama na ang pananalapi. Maaari kong matutunan ang mga batas na ito. Magiging isa akong espirituwal na siyentipiko o spritual scientist, at aalamin ko kung paano kumikilos at gumagana ang Kaharian na ito. Tutulungan ako ng Diyos.

KABANATA 2

# ANG ASUL NA USOK

Nang makita namin ni Drenda na kumikilos at gumagana ang Kaharian sa aming buhay, kami ay naging ganap na malaya sa pagkautang, at hinangad naming ibahagi sa iba ang mga natutunan namin. Nang sinimulan namin ang aming iglesya at ang pagnenegosyo ko, ibinabahagi namin ito sa lahat ng mga nais makinig. Ngunit naramdaman ko sa aking espiritu na may kulang pa; hindi ko alam kung ano, ngunit alam ko na may higit pang mga bagay na ipapakita ang Diyos sa akin upang ibahagi ang Kaharian sa mga tao.

Noong 2005, nagkaroon ako ng udyok sa aking espiritu na isagawa ang tatawagin kong kumperensya ng rebolusyong pinansyal, isang series ng limang pagtitipon kung saan nadama kong magkakaroon ako ng wastong panahon upang ilatag ang ilan sa mga prinsipyo ng pananalapi ng Kaharian na nakapagbago ng aking buhay. Lumaki ako sa isang Methodist church, at kung minsan ay nagkakaroon kami ng isang buong linggong mga revival. Ganitong uri ng modelo ang nakita ko sa aking espiritu, limang sesyon kung saan magkakaroon ako ng sapat na oras upang ibahagi sa mga tao ang mga konsepto at prinsipyong itinuro sa akin ng Diyos sa larangan ng pananalapi. Hanggang sa oras na iyon, hindi ko pa iniayos ang mga prinsipyong ito sa isang sistematikong pormat. Ngunit sa aking espiritu lagi kong nakikita ang sarili ko na nagsasagawa ng limang sesyon ng pagtitipon tungkol sa pananalapi.

Habang nananalangin ako tungkol dito nakasalubong ko si Larry, kaibigan kong matagal ko nang hindi nakita. Sinabi niya sa akin ang tungkol sa isang nalalapit na kumperensya sa Albania na isasagawa niya, at inanyayahan niya akong magsalita doon. Halos 12 na taon na si Larry sa mission field sa Albania at malaki ang naging epekto nito sa bansang iyon. Medyo bago pa para sa akin ang pag-iisip na

maglakbay nang ganoon kalayo. Hindi ako madalas naglalakbay at hindi pa ako kailanman nakarating sa Albania at hindi ko pa nga tiyak kung alam ko ba kung nasaan ang Albania. Hinikayat ako ni Larry, na nagsasabing isasagawa niya ang isang pambansang pagtitipon kasama ang maraming mga pastor ng bansang iyon, at naisip niya na ang aking mga kaunawaan at pananaw sa pananalapi ng Kaharian ay magiging malaking tulong para sa mga tao roon. Sinabi ni Larry na magkakaroon ako ng dalawa o tatlong sesyon upang magbahagi sa kumperensya. Bagaman hindi ito limang sesyon, nananabik pa rin akong ituro ang paksang ito sa iilang sesyon lamang na mayroon ako. Kaya sinabi kong gustong kong pumunta.

Pagbaba ko ng eroplano sa Albania, sinalubong ako ni Larry nang may magandang pahayag. "Gary," sabi niya, "biglaang hindi matutuloy ang isa sa aking mga tagapagsalita, kaya magkakaroon ka ng limang sesyon." Tumalon ang puso ko. Ito na iyon! Alam kong hinirang ito ng Diyos at ngayon makikita ko na kung paano magaganap at mangyayari ang mga nakita ko sa aking espiritu. Dala ko na ang aking mga notes pero hindi ko pa sila naaayos sa pang-limang sesyon na format. Kaya, araw-araw magtuturo ako, pagkatapos ay babalik at mananalangin sa espiritu, at isusulat ko ang mga notes ko para sa susunod na sesyon. Sa bawat sesyon, hindi kapani-paniwala ang pagpapahid ng Diyos.

Bago ako magpatuloy, kailangan kong sabihin sa iyo na ang Albania ay isang napakahirap na bansa noong mga panahong pumunta ako roon. Ang average wage doon ay nasa $500 kada buwan, at ang panunuhol ay isang paraan ng pamumuhay para sa mga tao roon. Habang iniisip ko ang ituro sa mga tao ang tungkol sa larangan ng pananalapi, hindi ko tiyak kung paano nila ito tatanggapin. Alam kong kumikilos ang Salita para sa sinuman, ngunit ito ay isang bagong karanasan para sa akin. Habang nagtuturo ako sa unang sesyon, naramdaman ko ang isang pader o hadlang sa simula. Sa ikalawang sesyon, naramdaman ko ang espirituwal na kagutuman ng mga tao na hinihikayat ako, at nakita kong lumalago ang pananampalataya sa kanilang mga mukha habang naririnig nila ang mabuting balita ng Kaharian. Sa bawat araw habang nagtuturo ako sa mga tao, pasaya sila nang pasaya, at masasabi kong nananabik na sila para sa Kaharian.

Noong gabi bago ang huling sesyon na magtuturo ako, nangusap ang Panginoon sa akin na dapat akong maglikom ng paghahandog para

sa mga lokal na iglesya roon. Nag-aalangan pa ako tungkol dito dahil, una sa lahat, hindi ko ito pagtitipon; at pangalawa, hindi ako sigurado kung paano tutugon ang mga tao. Kinailangan naming bayaran ni Larry ang malaking gastusin sa transportasyon at pabahay para sa mga lokal na pastor para lang makasama sila sa pagtitipon. Kinausap ko si Larry tungkol dito, at sinabi niya sa akin na ituloy ko ito at maglikom ng paghahandog.

Kaya noong huling sesyon naglikom ako ng paghahandog para sa kumperensya, at napakalakas ng pagpapahid na halos hindi na ako makatayo. Ang bawat isa sa silid ay sumasayaw at sumisigaw habang dinadala ang kanilang pera sa harapan upang ihandog ito. Ang mga usher na may hawak ng mga bag, habang inilalagay ng mga tao ang kanilang pera, ay umiiyak at nahihirapan ng tumayo. Hindi pa ako kailanman nakakita ng ganito dati, kahit na hindi habang naglilikom ng paghahandog. Ngayon habang pinanonood ko ang mga tao na sumasayaw at sumisigaw sa tuwa habang nagbibigay sila, lubusang namangha ako sa pagpapahid at gayundin sa taimtim na pananampalataya ng mga nagbigay ng mahahalagang binhi.

Pagkatapos ng pagtitipon, halatang nahipo si Larry sa kanyang nakita. Nagulat din siya sa dalawang punong-puno na mga offering bag na dinala namin pabalik sa kanyang apartment matapos ang panggabing pagtitipon. Sinabi ni Larry na madalas isa lamang na offering bag ang bahagyang mapupuno matapos ang pagtitipon kung saan naglikom siya ng paghahandog. Mabilis kaming kumilos at itinago ang mga bag ng pera habang nasa isang mataong kalye papunta sa maliit na apartment ni Larry.

Nang makarating kami sa apartment ni Larry, umupo kami sa kanyang sala at binuksan ang mga offering bag para bilangin ang pera. Habang ibinubuhos ni Larry ang laman ng bag sa mesa, isang bagay ang nangyari na hanggang sa araw na ito ay napakahirap ipaliwanag sa mga salita. Bigla na lang, pinuno ng mapusyaw na asul na usok ang buong silid at naramdaman namin ang napakatinding presensya ng Diyos. Napaupo kami sa ilalim ng pagpapahid na pumuno sa lugar na iyon. Hindi ito katulad ng anumang pagpapahid na naramdaman ko habang ako ay nangangaral o nananalangin para sa mga tao. Sa halip, ang pagpapahid na ito ay may kasamang presensya. Ito ay banal at ipinadama sa akin na ako ay nasa presensya ang Diyos, mismong

presensya Niya. Habang nakaupo kami, palakas nang palakas ito sa kwarto. Wala na kaming ibang magawa kundi ang maupo at umiyak. Pagkatapos ay nakita ko, sa gitna ng tambak ng pera na ibinuhos sa maliit na mesa, ang wedding ring ng isang lalaki. Namangha ako sa katotohanan na noong gabing iyon mayroong isang taong wala ng pera na nagbigay ng tanging bagay na mahalaga sa kanya. Nangusap ang Panginoon nang sandaling iyo at sinabi:

> *"Tinatawag kita sa mga bansa upang ituro sa kanila ang mga prinsipyong itinuro Ko sa iyo tungkol sa Kaharian at pananalapi. Ang singsing na ito ay inilagay sa paghahandog ngayong gabi nang may dakilang pananampalataya. Ngunit nais Kong kunin mo ito at panatilihin ito bilang pag-alaala sa gabing ito. Alamin mo rin na kung paano ang singsing-pangkasal ay nangungusap tungkol sa tipan, ipapahayag mo ang Aking tipan ng paglalaan sa aking bayan. At alamin mo na saanman kita ipadadala, ilalaan ko ang pananalapi upang bayaran iyon."*

Buong gabi akong hindi makatulog. Nakitira ako sa apartment ni Larry nang gabing iyon, at ang pagpapahid ay nananatili roon. Sa buong Atlantiko nang pauwi ako hindi ako makatulog. Ang tanging magawa ko lamang ay dumungaw sa bintana at umiyak sa buong 8 oras na biyahe. Hindi ako makatulog nang 46 oras pagkatapos mangusap sa akin ang Panginoon nang gabing iyon. Sa loob ng maraming buwan pagkatapos ng gabing iyon, sa tuwing naiisip ko iyon, mararamdaman ko muli ang parehas na presensyang iyon at magsisimulang umiyak.

Hindi ko sinabi kay Larry ang pangungusap ng Panginoon sa akin tungkol sa singsing na iyon. Ang pera ng paghahandog na iyon ay para sa iglesya ng Albania, at alam kong maaari ring ibenta ang singsing na iyon para sa karagdagang pera—ngunit alam ko kung ano ang pangungusap ng Panginoon tungkol doon. Kaya tuwang-tuwa ako nang tinawagan ako ni Larry at sinabi na kinausap siya ng Panginoon at sinabi sa kanya na ibigay sa akin ang singsing na iyon. Ikinabit ko ito sa isang lalagyan, at ngayon nasa opisina ko na ito. Sa paglipas ng mga taon mula noon, maraming mga pagkakataon ang dumating na tiningnan ko ang singsing na iyon at kinailangan kong alalahanin ang mga salita ng Panginoon nang gabing iyon, habang kaharap ko ang tila napakalaking mga hamon sa pananalapi. Walang pagsalang

naging tapat ang Diyos sa paglaan sa lahat ng aking kinailangan upang magpatuloy sa dako na itinuro Niya sa akin noong gabing iyon. Ang gabing iyon sa Albania ay ganap na nagbago ng aking buhay, ngunit mas higit at marami pa ang ipapakita sa akin ng Diyos sa mga susunod na araw.

Pag-uwi ko mula sa Albania, nadama ko ang matinding hangarin na dalhin ang mensaheng ito ng Kaharian saanman maaaring kong magawa ito. Nagkaroon ako ng matinding alab na mailabas ang impormasyong ito, at sabik na sabik akong ituro muli ang parehong limang sesyon na iyon at makita kung ganoon din ba ang mangyayari. Hindi ko kinailangang maghintay nang matagal. Inanyayahan ako ng isang pastor sa Utah na pumunta at ituro ang parehong limang sesyon na iyon. Narinig niya mula kay Larry na ito ay labis na nakapagbabago ng buhay, at nais niyang pumunta ako sa kanila. Isa siyang pastor ng maliit at napakahirap na iglesya ng mga Indian. Kailangan nila ng tulong sa pananalapi, at kung totoo ang sinabi ni Larry sa kanya, pakiramdam niya na makakatulong ako.

Kaya lumipad ako at nagdaos ng mga pagtitipon nang Linggo ng umaga at Linggo ng gabi hanggang Miyerkules ng gabi. Sa kabuuan, nagkaroon ng limang sesyon tulad ng sa Albania, at nagkaroon ako ng parehong tugon. Ang mga tao ay sumigaw at sumayaw sa huling gabi ng kumperensya, sa ilalim ng napakalakas na pagpapahid, habang sila ay nagbibigay. Sa pagkakataong ito, hindi ko nakita ang asul na usok, ngunit naramdaman ko ang isang malakas na pagpapahid sa buong limang sesyon. Pagkatapos ng huling sesyon, nagulat ako, gaya ni Larry noon sa Albania, sa napakalaking paghahandog na mula lamang sa 17 na mga mag-asawa. Sinigurado ko ang paghahandog sa loob ng offering bag at dinala ito sa aking opisina upang maiproseso sa susunod na araw.

Kinaumagahan nang araw na iyon, nakatanggap ako ng tawag mula sa aking opisina. Ang sekretarya ko ang tumawag sa akin, at napansin kong may kakaibang nangyayari. Nanginginig ang kanyang boses, at parang kaiiyak lamang. Ang unang niyang mga salita ay, "Pastor, mayroong kakaiba sa perang dinala mo rito." "Anong ibig mong sabihin, Tracy?" itinanong ko. Pagkatapos ay sinabi niya sa akin na binuksan niya ang money bag upang bilangin at i-deposito ito, ngunit sa sandaling gawin niya ito, napakalakas na bumaba ang pagpapahid sa kanya sa opisina, at bumagsak siya sa sahig. Ang aking isa pang sekretarya, na nakarinig sa mga nangyari, ay lumapit sa isang sulok at

siya rin ay nagsimulang manginig sa ilalim ng pagpapahid. Sinabi ni Tracy, "Ano ang nangyari sa perang iyon sa Utah?" Sinabi ko sa kaniya na hindi ko alam.

Pagkalipas ng ilang mga linggo, itinuturo ko ang parehong mga prinsipyong iyon sa maliit na iglesya sa katimugang bahagi ng Ohio. Sa iglesyang ito, pinadala namin ang unang apat na sesyon sa pamamagitan ng DVD, at pinanood nila ito noong nakaraang apat na linggo. Bumaba ako ng Linggo ng gabi upang tapusin ang limang mga sesyon. Muling matutumba kami sa pagpapahid dito. Nang maglikom ako ng paghahandog nang gabing iyon, nagkaroon ng parehong tugon na nakita ko sa iba pang mga pagtitipon. Nananabik na ang mga tao na magbigay. Habang nagbibigay, inilagay ng iglesya ang isang basket sa harapan upang ilagay ng mga tao ang kanilang mga handog. Sa pagkakataong ito, nagkaroon muli ng asul na usok. Mayroong isang globo na halos limang talampakan ang diyametro sa paligid ng offering basket habang naghahandog ang mga tao. Napakalakas ng pagpapahid na kinailangan ko ng tulong sumakay sa kotse pagkatapos ng pagtitipon dahil hindi ako makalakad nang mag-isa.

**NGUNIT HINDI LAMANG BINAYARAN NI JESUS ANG ATING KARAPATAN UPANG MAKAPASOK SA LANGIT, GINAWA RIN NIYANG POSIBLE NA MAMUHAY TAYO BILANG ANAK NG DIYOS AT MATAMASA ANG MGA PAKINABANG NG KAHARIAN NG DIYOS DITO SA LUPA.**

Habang nagaganap ang mga ito, hindi ko talaga alam kung ano ang nangyayari, at hindi ko pa kailanman narinig na nangyayari ito saanman. Ipinagpatuloy kong isagawa ang mga kumperensya, at ang pagpapahid ay patuloy ding naging napakalakas. At oo, muling nagpakita ang asul na usok na iyon sa ilan pang mga kumperensya. Ngunit ang bahaging higit na nakapagtataka sa akin ay ang katotohanan na ang pagpapahid ay naroon sa pera mismo. Pagkatapos ng isang kumperensya, nahihirapan ang aking staff sa pagbilang ng handog. Naaalala mo yung pagpapahid na bumaba sa apartment sa Albania nang ibuhos ni Larry ang handog sa mesa? Kung pupulutin mo ang isang piraso ng pera na ibinigay sa mga handog na ito, kaagad

mong mararamdaman ang pagpapahid at magsisimulang manginig. Alam kong parang kabaliwaan itong pakinggan, ngunit ito lamang ang naobserbahan ko.

Bilang isang espirituwal na siyentipiko o spiritual scientist, nagtataka ako sa lahat ng mga ito at tinanong ko ang Panginoon tungkol dito. Kinausap Niya ako at sinabi sa akin kung bakit mayroong malakas na pagpapahid sa mga handog. Sinabi Niya sa akin na karamihan sa mga tao ay nagbibigay dahil ito ay isang tungkulin o dahil sa legalismo. Ang iba ay nagbibigay dahil sa isang pormula, ngunit hindi sila nagbibigay nang may tunay na pananampalataya. Marami ang nagbibigay dahil iniisip nila na magagalit ang Diyos sa kanila kapag hindi nila ito ginawa. Ang iba ay nagbibigay na parang ito ay bayaring kailangan nilang bayaran. Sinabi Niya sa akin na habang itinuturo ko ang tungkol sa Kanyang Kaharian at ipinapahayag ang mga tagong prinsipyo ng pananalapi sa Kaharian, lumalago ang pananampalataya sa puso ng mga tao. Pagkatapos kapag sila ay nagbigay mayroon na silang tunay na pananampalataya, at nandoon ang Kingdom connection o doon nakaugnay ang Kaharian, at sa gayon ang pagdaloy ng pagpapahid.

Mula noong paglakbay ko sa Albania noong 2005, napakalaki ng pagpabago sa aking buhay. Dahil sa hangarin kong maabot ang mabuting balita ng Kaharian sa mga tao, ginamit namin ni Drenda ang TV upang iabot sa ibang mga bansa ang mabuting balita. Literal na gumugugol kami ng milyon-milyon kada taon upang ibahagi sa mga tao ang tungkol sa Kahariang ito na aming natuklasan ilang taon nang nakaraan. Pero baka hindi mo pa naririnig ang mabuting balita ng Kaharian. Ganyan din kami noon—mga mananampalatayang patungo ng langit ngunit walang alam kung paano kalagan ang langit sa lupa. Ngunit hindi lamang binayaran ni Jesus ang ating karapatan upang makapasok sa langit, ginawa rin niyang posible na mamuhay tayo bilang anak ng Diyos at matamasa ang mga pakinabang ng Kaharian ng Diyos dito sa lupa. Ngunit higit na mahalaga, milyon-milyon ang dapat nating maabot ng mabuting balita ng ebanghelyo, at ito ay nangangailangan ng pananalapi upang maisagawa. Nakatingin sa atin ang mga tao. Dapat mayroong kakaiba sa mga buhay natin!

Ano ang itinuro ko sa Albania na nag-udyok sa pagpapahid na iyon? Ano ang sinabi ng Diyos sa akin na ipangaral sa mga bansa? Well, iyon ang layunin ng aklat na ito, at naniniwala akong babaguhin nito ang iyong buhay gaya ng ginawa nito sa akin.

KABANATA 3

# PAKIUSAP O DIYOS, MAHABAG KA!

Tumawag sa opisina ko si Jerry at tinanong kung maaari ba kaming magkita at mananghalian habang nandoon ako malapit sa kanila. Mayroon akong interview sa isang television station sa bayang malapit sa kanya, at nais niyang ikuwento kung paano nagbago ang buhay niya dahil sa aking mga materyales at pag-broadcast sa TV. Hindi pa kami nagkita ni Jerry pero isa o dalawang beses na kaming nakapagusap sa phone. Sinabi ko, “Sige.” Mananaghalian naman talaga kami, at naisip ko, habang nandoon, nais kong makilala siya at marinig ang kanyang kuwento.

Nang tanghalian nagkita kami ni Jerry at ng kanyang anak na lalaki, at sinimulan ni Jerry ibahagi sa akin ang kanyang kuwento. Naging pastor si Jerry ng 30 na taon, ngunit kinailangan niyang umalis sa ministeryo dahil sa isang stroke na naging sanhi ng kanyang kapansanan. Sa panahong ito matapos ang stroke, gumuho ang kanyang buhay. Dahil hindi siya makapagtrabaho, sa larangan ng pananalapi, hindi na sila nakakapagbayad para sa bahay at lupa ng kanilang pamilya at inilagay na ito sa sheriff's sale o auction upang rematahin. Naging mahirap para sa kanila ang bumili ng mga kagamitan at pagkain. Sa katunayan, sinabi ni Jerry na umabot pa ito sa punto na isang araw naupo na lamang siya na may hawak na kargadong .45 sa isang kamay at sa isa naman ay Bibliya, habang pinag-iisipang kitilin nalang ang sariling niyang buhay.

Sa kalagitnaan ng panahong ito na tila wala ng pag-asa, nakita ni Jerry ang aming TV broadcast at bumili ng ilan sa aking mga materyales. Patuloy niyang ipinaliwanag na noong una niyang natanggap ang mga materyales, may malaki siyang pangangailan ng humigit-kumulang

$2,000 upang mabayaran ang mga pangunahing mga bayaran at pagkain. Paulit-ulit niyang pinakinggan ang mga materyales hanggang sa magsimulang lumago ang pananampalataya sa kanyang puso. Nagpasiya siyang manampalataya sa Diyos para sa $2,000 na kailangan niya. Kaya ginawa niya rin ang ginawa namin ni Drenda sa unang usa na aming natanggap. Naghasik siya ng binhi para sa $2,000 na iyon. Isinulat niya sa isang piraso ng papel ang petsa at ang oras na pinaniniwalaan niyang natanggap niya na ang pera, ayon sa Marcos 11:24, at ipinadala ang tseke sa aming ministeryo.

Hindi ko alam na nangyayari pala ito dahil hindi ko pa nakakausap si Jerry noon. Sinabi niya na pagkatapos ng isa't kalahating linggo may isang lalaki na pumunta sa kanilang harap na pintuan at hiniling na makausap siya. Kilala na ni Jerry ang lalaking ito noon, ngunit sinabi niyang matagal na silang hindi nagkakausap. Nagpatuloy sila sa maikling usapan, at pagkatapos ay sinabi ng lalaki na pumunta talaga siya para bigyan si Jerry ng tseke na $2,000. Ipinaliwanag pa niya na isa't kalahating linggo na ang nakararaan sa ganito at ganoong araw at sa ganito at ganoong oras, nadama niya ang impresyon ng Banal na Espiritu na bigyan si Jerry ng $2,000.

Nakatayong nakatulala si Jerry. Mabilis niyang kinuha ang kanyang pitaka kung saan niya inilagay ang maliit na piraso ng papel na nagsasaad ng araw at oras na pinaniniwalaan niyang natanggap niya na ang $2,000 na kailangan niya. Ang petsa at oras na nakasulat sa papel ni Jerry ay tumugma sa eksaktong oras na tinutukoy ng lalaki nang madama niyang ibigay kay Jerry ang $2,000. Alam ni Jerry na hindi ito nagkataon lamang; alam niya na ito ay direktang tugon sa Kaharian ng Diyos, partikular sa mga batas ng Kaharian.

Ipinagpatuloy niya ang kanyang kuwento at sinabi sa akin na mayroon siyang pitong mga anak, lahat ay may mga asawa na maliban sa isang 16-taong-gulang na anak na lalaki (ang kasama niya sa tanghalian), na tumalikod sa Diyos nang makita niya ang lahat ng pinagdaanan ng kanyang tatay. Nagalit ang anak niyang lalaki sa Diyos dahil naging matapat ang kanyang tatay sa Diyos nang 30 na taon, at nadama niya na pinabayaan na lamang siya.

Nag-iisip si Jerry ng paraan upang maabot niya ang kanyang anak, at nagkaroon siya ng ideya. Madalas kong pinag-uusapan ang tungkol sa pangangaso ng usa o deer hunting sa aking mga materyales

at ibinabahagi kung paano ako tinuruan ng Diyos na mangaso sa pamamagitan ng pananampalataya. Mahilig ang anak niya sa deer hunting, kaya ipinaliwanag ni Jerry sa kanyang anak kung paano niya makukuha ang kanyang usa sa panahon ng taglagas na iyon, nang ayon sa paraan ng Kaharian. Pinag-isipan ito ng kanyang anak at sa wakas sumang-ayon, pagkatapos nagbigay nang may pananampalataya, tulad ng ginawa ni Jerry sa kanyang $2,000. Sa loob lamang ng walong minuto, nakuha na ng anak na lalaki ang kanyang usa. Habang dinala nila ang usang iyon sa butcher shop o tindahan ng karne, nakalagay sa CD player ni Jerry ang aking CD. Habang pinasok ni Jerry ang usa sa butcher shop, sinabi ng anak niya na gusto niyang maiwan sa sasakyan at patuloy na makinig pa. Nang pagkalabas ni Jerry, sinabi ng kanyang anak, "Tay, sa tingin ko may napalampas tayo sa mga taong ito. Alam ko na ang usang iyon ay isang resulta ng Kaharian ng Diyos."

Pagkatapos, muling itinalaga ng kanyang anak na lalaki ang kanyang buhay sa Panginoon at sinabi sa kanyang tatay na kung kaya ng Diyos ibigay ang $2,000 at ang usa, tiyak na kaya ring ibigay ng Diyos ang $17,000 na kailangan nila upang mailabas ang kanilang bahay sa foreclosure o pagreremata. Sa puntong ito ko unang nakilala si Jerry. Naaalala ko na dumating sa akin ang sulat ni Jerry kasama ang binhi niya at ng kanyang anak upang mailabas ang kanilang bahay mula sa pagreremata. Naaalala kong maikli lamang ang sulat na ito ngunit nailatag niya rito ang kanilang pangangailangan. Walang binanggit na kahit ano pa, simpleng mailabas lamang ang bahay mula sa pagreremata. Naaalala ko ring ipinatong ko ang aking kamay sa sulat na iyon at sumang-ayon sa kanila. Naaalala ko pa ang eksaktong sandali at oras kung kailan ko ginawa iyon.

Sa puntong ito, sinabi sa akin ni Jerry na sa loob ng halos dalawang linggo may isa pang lalaki na pumunta sa kanilang harap na pintuan. Muli, isa itong kakilala ni Jerry noon. Sinabi ng lalaki na nakita niya ang bahay nilang nakalista sa nalalapit na sheriff's sale at tanong niya si Jerry kung magkano ang kailangan nila upang mailabas ito sa pagreremata. Sinabi ni Jerry sa kaniya ang halaga, ito ay higit $17,000. Nagsulat ang lalaki ng isang tseke para sa buong halagang iyon at umalis. Tinitigan ni Jerry ang tseke. Sa puntong ito, umiiyak na si Jerry nang nakaupo sa tapat ko sa restawran at nagpapasalamat sa akin sa pagtuturo sa iba tungkol sa Kaharian ng Diyos. Sinabi ni Jerry na tuwang-tuwa siya na

nakita ng lahat ng kanyang mga anak ang kamay ng Diyos, at ito ay naging kanyang pagkakataon upang ibahagi ang Kaharian sa kanila. Itong gustong-gusto ko! Ito ang realidad ng Kaharian ng Diyos, at napakapalad ko na maibahagi ito sa mga tao at matapos ay marinig ang kanilang mga kuwento. Tingnan mo, hindi kailangan ni Jerry ang awa. Kinailangan niya ng mga sagot, at ang mga ito ay natagpuan niya sa Kaharian.

**"SINASABI KO SA INYO ANG TOTOO, KUNG MAY PANANAMPALATAYA KAYO NA KAHIT KASINLAKI LANG NG BUTO NG MUSTASA, MASASABI NINYO SA BUNDOK NA ITO, 'LUMIPAT KA ROON!' AT LILIPAT NGA ITO. WALANG BAGAY NA HINDI NINYO MAGAGAWA."**

**– MATEO 17:20B**

Ngayon, pakiramdam kong kailangan kong idagdag ito rito tungkol sa kuwento ni Jerry. Kahit na tila bigla nalang pumupunta ang mga tao sa pintuan nila Jerry at bibigyan siya ng pera, hindi ko nais na magkaroon ka ng maling ideya na ang sagot sa iyong pananalapi ay biglaan nalang magpapakita habang ikaw ay nakaupo lang at umiinom ng coke. Hindi, mayroon ka ring bahaging gagampanan upang iyong maani ang iyong pangangailangan. Sa kaso ni Jerry, nag-pastor siya ng 30 mga taon. Naghasik siya sa mga taong ito sa loob ng matagal na panahon. At pangalawa, hindi na kaya ni Jerry lumabas sa kanilang bahay dahil sa stroke. Umani si Jerry mula sa kanyang hinasikan, mula sa mga tao sa kanyang iglesya na kung saan siya naghasik sa loob ng maraming mga taon.

Kailangan kong sabihin sa iyo na si Jerry ay ganap nang magaling mula sa stroke, at nabawasan siya ng higit sa 70 na libra (pounds) nang magkita kami upang mananghalian noong araw na iyon. Purihin ang Diyos, nakuha niya rin ang Kaharian. Maaari mong sabihin na, "Well, pastor naman si Jerry; tiyak, alam niya na ang lahat tungkol sa Kaharian." Nalaman nating hindi pa pala, at tiyak ako na sa aking mga nakita, hindi siya nag-iisa. Sa kasamaang palad, hindi rin alam ng maraming mga tao sa iglesya kung paano gumagana ang Kaharian ng Diyos at matanggap ang kanilang mga kasagutan. Inilarawan ng isang kuwento sa Mateo kung paano nag-iisip ang karamihan.

*Pagbalik nina Jesus sa kinaroroonan ng maraming tao, lumapit sa kanya ang isang lalaki, lumuhod ito sa kanyang harapan at sinabi, "Panginoon, maawa po kayo sa anak kong lalaki. May epilepsya siya at grabe ang paghihirap niya kapag sinusumpong. Madalas siyang matumba sa apoy at madalas din siyang mahulog sa tubig. Dinala ko siya sa mga tagasunod nyo, pero hindi po nila mapagaling."*

*Sumagot si Jesus, "Kayong henerasyon ng mga walang pananampalataya at baluktot ang pag-iisip! Hanggang kailan ba ako magtitiis sa inyo? Dalhin nyo rito ang bata!" Sinaway ni Jesus ang masamang espiritu at lumabas ito sa bata. At gumaling ang bata noon din.*

*Nang sila-sila na lang, lumapit kay Jesus ang mga tagasunod niya at nagtanong, "Bakit hindi po namin mapalayas ang masamang espiritu?" Sumagot si Jesus, "Dahil mahina ang pananampalataya ninyo. Sinasabi ko sa inyo ang totoo, kung may pananampalataya kayo na kahit kasinlaki lang ng buto ng mustasa, masasabi ninyo sa bundok na ito, 'Lumipat ka roon!' at lilipat nga ito. Walang bagay na hindi ninyo magagawa."*

—Mateo 17:14-20

Sa kuwentong ito, nakita natin ang isang desperadong lalaki; na ang kanyang anak na lalaki ay pinahihirapan ng masasamang espiritu, halos na sa punto ng kamatayan. Nang marinig niya ang ministeryo ni Jesus at na may kapangyarihan si Jesus upang magpalayas ng mga demonyo, nagplano siya na dalhin ang kanyang anak kay Jesus upang mapagaling Niya. Gayunpaman, pagdating niya roon, nalaman niyang wala si Jesus dahil umakyat Siya ng bundok upang manalangin kasama ang tatlo sa Kanyang mga alagad. Sinabi ng ibang mga alagad na nandoon na hindi ito problema; nagpapalayas na sila ng mga demonyo mula nang bigyan sila ni Jesus ng awtoridad na gawin iyon, sa Kanyang pangalan, at sila na ang bahala sa anak ng lalaking ito. Ngunit habang ipinapanalangin nila ang kabataang lalaki, hindi umaalis ang demonyo. Bagama't sinubukan nila, hindi pa rin lumayas ang demonyo. Nabalisa ang ama at nalito ang mga taong sumusunod kay Jesus.

Sa sandaling iyon, si Jesus at ang tatlong Niyang alagad ay dumating

sa eksena, mula sa bundok. Si Jesus, na nakikita ang kaguluhan, ay tinanong kung anong nangyayari. Ipinahayag ng ama kung paano niya dinala ang kanyang anak na lalaki sa mga alagad, ngunit hindi nila mapalayas ang demonyo. Pagkatapos ay ginawa ng ama ang marahil gagawin din ng marami, kung hindi, ito ay ginagawa ng mga tao kapag tila wala ng sagot o pag-asa sa hinaharap nilang krisis. Nagmakaawa siya kay Jesus. Bagaman mukhang mabuting ideya ang magmakaawa kapag desperado ka na, hindi ito ang kasagutan para sa lalaking ito, at hindi rin ito para sa iyo. Ang ama, na gustong pukawin ang habag ni Jesus para sa kanyang sitwasyon, ay nagpatuloy sa pagsasabi kay Jesus kung paano pinahihirapan ng demonyo ang kanyang anak, ibinubuwal siya sa apoy, at itinatangkang patayin siya. Pinatigil ni Jesus ang lalaki. Hindi Niya na kailangang marinig pa ang paghihirap na dinaranas ng anak ng lalaking iyon. Sa pagkabigo ay sumigaw si Jesus, *"Kayong henerasyon ng mga walang pananampalataya at baluktot ang pag-iisip! Hanggang kailan ba ako magtitiis sa inyo? Dalhin nyo rito ang bata!"* Sa loob ng isa Niyang pangungusap, ganap na ipinaliwanag ni Jesus kung bakit hindi lumayas ang demonyo.

Ngunit bago natin lalong pag-usapan ang mga tinutukoy ni Jesus sa sinabi Niya, kailangan nating muling linawin ang pundasyon na ating pinagbabatayan, na ang Diyos ay hindi kailanman at hindi maaaring magsinungaling. Ang sinasabi Niya ay katotohanan. Ngayong nalinaw na natin ito, maaari nating suriin ang sitwasyon gamit ang pahayag na ito, "Ang mga demonyo ay DAPAT na lumayas!" Kung hindi sila lumalayas, mayroong problema, at hindi ito sa panig ng Diyos kundi sa atin. Tandaan ito, ang mga problema sa pagtanggap mula sa Diyos ay laging nasa ating panig. Malinaw na sinasabi ni Jesus sa atin ang dahilan kung bakit hindi lumayas ang demonyo—baluktot na pag-iisip at kawalan ng pananampalataya. Tatalakayin natin ang dalawang dahilan na ito sa isang saglit. Ngunit sa puntong ito ng ating talakayan, nais kong magtuon ng pansin sa ama at sa anak sa kuwento.

Halatang desperado na ang ama para sa kanyang anak. Nang tila walang nangyari pagkatapos ipanalangin siya ng mga alagad, nawalan na siya ng pag-asa. Wala ng tiyak na kasagutan. Ang tanging solusyon na naisip niyang makatutulong ay hindi ring nagdulot ng maganda. Isang bagay na lang ang natitirang pwedeng gawin at iyon ay ang magmakaawa. Ang terminong "magmakaawa" ay nagpapahiwatig na

may taong may kapangyarihan at awtoridad upang tumulong ngunit pinili niyang huwag tumulong. At kaya, ang tanging paraan na lamang ay ang magbigay ng mahabang pagpapaliwanag ng kakila-kilabot na paghihirap na dinaranas ng kabataan, sa pagtatangkang mahipo at mahabag si Jesus sa kanyang sitwasyon.

Sa totoo lang, ganito manalangin ang maraming mga tao, alam nilang may kapangyarihan ang Diyos upang tumulong ngunit hindi tiyak sa Kanyang magiging tugon, kaya sila nagmamakaawa. Kaya sa mahahabang panalangin at maraming mga salita, inilalatag nila ang mga detalye ng sakit at mga pangyayari. "Ama, alam Mong kailangan ko ng pera sa Biyernes; pakiusap, Panginoon tulungan Mo ako." O "Panginoon, pakiusap, kung pagagalingin Mo ang anak ko, maglilingkod ako sa Iyo buong buhay ko. Pakiusap, Panginoon." Hindi ko ginagawang magaan o nililiit ang mga sitwasyong hinaharap ng mga tao, ngunit pakiusap na bigyan natin ng pansin kung paanong kaagad na ginamit ni Jesus ang kapangyarihan ng Diyos sa sitwasyong iyon at upang palayain ang bata. Ito ang puso ng Diyos, ang Kanyang hangarin. Walang kakulangan ng habag, kapangyarihan, o awtoridad. Hindi rin ito ang naging problema sa kuwentong ito. Inilatag ni Jesus ang problema bilang baluktot na pag-iisip at kawalan ng pananampalataya. Sa madaling salita, ang maling pag-iisip at ang kanilang kawalan ng pananampalataya ang humadlang sa hurisdiksyon o kapangyarihan ng Kaharian sa kasong ito.

Okay, napakarami pang pwedeng pag-usapan dito, maraming mga susi sa Kaharian at kung paano ito gumagana. Hindi ko muna nais na pasukin at pag-usapan ang ilan sa mga bagay na dapat mong malaman dito, ngunit babanggitin ko ang iba sa kanila, at pag-aaralan natin ang mga batas na nakikita nating kumikilos dito sa susunod.

Upang magkaroon ng pangunahing pang-unawa ng batas ng Kaharian, kailangan nating maunawaan ang pangunahin at saligang punto: Binigay ng Diyos kay Adan ang kumpletong hurisdiksyon o kapangyarihan sa buong daigdig. Siya ang mamamahala rito.

> *Pagkatapos, sinabi ng Diyos, "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang."*
>
> —Genesis 1:26

Sa tingin ko mas pinaliwanag ito ng Hebreo 2:7-9:

> *Siya'y ginawa mong mababa kaysa mga anghel; siya›y pinutungan mo ng kaluwalhatian at ng karangalan. Ipinasakop mo ang lahat ng bagay sa kanyang mga paanan. Wala Siyang iniwan na hindi niya nasasakop.*

Sa ngayon, unawain mong hindi maaaring gamitin ng Diyos ang Kanyang awtoridad sa lupa (sa Kaharian ng mga tao) maliban kung ang isang lalaki o babae ng mayroong legal na hurisdiksyon dito ay kakalag ng awtoridad ng langit.

Ito ang dahilang kung bakit sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad sa Mateo 18:18:

> *"Tinitiyak ko sa inyo, na anumang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit; at anumang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit."*

Muli, walang hurisdiksyon o kapangyarihan ang langit dito sa lupa maliban kung isang lalaki o babae ang siyang kumakalag nito rito. Kaya ito ang dahilan kung bakit sinasabi ni Jesus dito na kung mayroon isang lalaki o isang babae na kakalagan ang awtoridad ng langit dito, itataguyod ito ng kalangitan. Kung hindi natin ito gagawin, hindi ito magagawa ng langit. Kung tila kakaiba ang kaisipang ito para sa iyo, pakiusap na huwag kang huminto rito. Pag-uusapan ko pa nang mas-detalye ang tungkol dito sa mga susunod. Ngunit sa ngayon tanggapin mo ang katotohanang ito bilang dahilan kung bakit hindi umalis ang demonyo sa bata—**hindi niya kinailangang gawin iyon**! Kumikilos ito sa legal niyang karapatan na manatili roon. Muli, sinabi ni Jesus na ang dahilan kung bakit hindi kinailangan ng demonyo umalis ay dahil sa kawalan ng pananampalataya, o kakulangan ng hurisdiksyon. Nawalan ng hurisdiksyon ang Diyos sa kapakanan ng mga tao nang pinalayas pala talaga ni Adan ang Diyos dahil sa kanyang paghihimagsik. Dito rin nakuha ni Satanas ang hurisdiksyon sa buong sangkatauhan.

**NGUNIT HINDI IKAW ITO, AKING KAIBIGAN; MAYROON KANG ACCESS UPANG MATAMO ANG KATURANGAN NG KAHARIAN. MAYROONG MGA KASAGUTAN SA IYONG MGA PROBLEMA.**

> *Dinala siya (si Jesus) ng diyablo sa mataas na lugar at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa sanlibutan. Sinabi sa kanya ng diyablo, "Ibibigay ko sa iyo ang karapatan sa lahat ng ito at ang kaluwalhatian nila sapagkat ipinagkaloob na ito sa akin (ni Adan). Maibibigay ko ito kanino ko man ibigin. Kaya't kung sasambahin mo ako, magiging iyo na ang lahat ng ito."*
>
> —Lucas 4:5-7

Dahil dito, nawala ng Diyos ang Kanyang legalidad o legal na pagkilos sa lupa dahil nawala Niya ang lalaking namamahala rito—si Adan. Muli, pag-uusapan ko pa ang partikular na mga batas sa susunod, tulad ng sinabi ko, pero ang pangunahing dahilan kung bakit ko ginamit ang kuwentong ito ay upang maipakita ang saloobin at pagiging desperado ng ama at kung paano siya kumiling sa pagmamakaawa. Pakiusap na masusing basahin ang mga susunod na mga pangungusap.

Kung walang awtoridad o batas at isang sistema upang ipatupad ang katarungan (justice) at bigyan ng katugunan ang mga taong nangangailangan, ang pagmamakaawa na lamang ang maaaring gawin. Hayaang sabihin ko ito sa ibang pamamaraan. Kung ang isang tao ay walang legal na solusyon sa isang problema at walang daan upang matamo ang proseso kung saan ang hustisya ay maipapatupad, walang tunay na katiyakan ng mga kasagutan. Ang pagmamakaawa na lamang ang maaaring gawin.

Ngunit hindi ikaw ito, aking kaibigan; mayroon kang access upang matamo ang katarungan ng Kaharian. Mayroong mga kasagutan sa iyong mga problema. Tandaan, ang isang kaharian ay isang uri pamahalaan, at ito ay kumikilos sa pamamagitan ng mga batas na walang-pagtatangi at maaaring makuha ng sinumang mamamayang naninirahan sa hurisdiksyon ng kahariang ito. Tulad ng ipinahayag ko sa unang bahagi ng aklat na ito, ang Kaharian ng Diyos ay itinayo sa katarungan (ang legal na proseso na sumusuri sa awtoridad ng Diyos upang ipatupad ang tama ayon sa Kanyang batas) at katuwiran. Mayroong dahilan kung bakit hindi lumalayas ang demonyong iyon, at hindi ito dahil sa kahinaan ng Diyos o ang pagbabago sa Kanyang kalooban. Pinapakita sa atin ni Jesus kung paano Niya kaagad na sinaway ang mga alagad at pagkatapos pinalayas ang demonyo.

Ang karamihan sa mga Kristiyano, kapag hindi nakikita ang

demonstrasyon ng Kaharian, ay binabago ang kanilang doktrina, na sinasabi, "Hindi lahat ng mga demonyo ay lumalabas." Alam nila na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat, kaya iniisip nila na maaaring gawin ng Diyos ang anumang gusto Niyang gawin sa lupang ito, kaya kung hindi lumabas ang demonyo, ibig sabihin pinili ng Diyos na hindi ito palayasin. Aking kaibigan, ang pang-unawang ito ay lubos na mali. Sinabi ni Jesus na ang KANILANG baluktot na pag-iisip at kanilang kawalan ng pananampalataya ang siyang humadlang sa hurisdiksyon ng langit sa kasong ito. Hayaang ipahayag ko ito sa ganitong paraan. Ang dahilan kung bakit hindi lumabas ang demonyong iyon ay dahil sa isang legal na isyu—at ayon lang. Hindi nito kinailangang lumabas dahil wala sa kanila ang nagdala ng awtoridad at legal na hurisdiksyon ng langit sa sitwasyong iyon. "Ngunit, Gary, tinangka nila itong palayasin." Oo, ngunit tulad ng sinabi ko, sa usapang legalidad, hindi nito kinailangang lumabas. Bakit? Muli, wala roon ang hurisdiksyon ng langit upang palayasin ang demonyo.

**DAHIL NASA TAO ANG LEGALIDAD NG LUPANG ITO, HINDI MAKAKAKILOS ANG PAMAHALAAN NG DIYOS AT ANG KANYANG AWTORIDAD HANGGA'T HINDI LUBOS NA UMAAYON SA SINASABI NG LANGIT ANG ISANG LALAKI O BABAE, NA MAY HURISDIKSYON SA LUPA AT SAKA KAKALAGAN ANG AWTORIDAD DITO.**

Hayaang i-paraphrase ko ang sinabi ko. Mayroong silang baluktot na pag-iisip, ang tawaging mabuti o katanggap-tanggap ang bagay na mali o ang baliktad na pag-iisip sa kung anong maaaring sabihin ng Diyos tungkol sa isang sitwasyon. Ang kawalan ng pananampalataya ay isa ring malaking isyu dahil ang pananampalataya ay kailangan upang magkaroon ng hurisdiksyon ang langit sa lupa. Hindi kumbinsido ang mga alagad, hindi lubos na umaayon, na lalabas ang demonyo. Natakot sila.

Dahil nasa tao ang legalidad ng lupang ito, hindi makakakilos ang pamahalaan ng Diyos at ang Kanyang awtoridad hangga't hindi

lubos na umaayon sa sinasabi ng langit ang isang lalaki o babae, na siyang may hurisdiksyon sa lupa, at saka kakalagan ang awtoridad dito. Siya nga pala, ang pagiging lubos na naaayon ang ating mga puso sa sinasabi ng langit ay tinatawag na pananampalataya, at wala sa kanila ang nagkaroon ng pananampalataya noong araw na iyon. Sila ay nagdadalawang-isip at lubos na walang pananampalataya, at kaya hinadlangan nito ang hurisdiksyon ng langit sa sitwasyong ito. Ngunit may pananampalataya si Jesus at alam Niyang lalabas ang demonyo! Inako ito ni Jesus at lumayas ito. "Pero, Gary, ang dahilan kung bakit lumabas ang demonyo nang sawayin ito ni Jesus ay dahil Siya si Jesus." Talaga ba? Tingnan natin ang Marcos 6:5 nang nagmiministeryo si Jesus sa Kanyang sariling bayan.

> *Hindi siya (si Jesus) nakagawa ng kahit anong himala roon liban sa pagpapatong ng kanyang mga kamay sa ilang maysakit upang sila'y mapagaling.*

Siguradong aayon ka na may kapangyarihan si Jesus upang magpagaling, tama? Kaya masasagot mo dapat kung bakit hindi Niya magawa ang lahat ng Kanyang nais na gawin sa kuwentong ito. Nandoon ang pangangailangan, ngunit may humadlang sa Kanya. Sinagot Niya ito sa talatang 6, "Nagtaka siya sa kawalan nila ng pananampalataya." Ang pananampalataya (ang pagsang-ayon sa langit) ay nagbibigay sa langit ng legalidad sa lupa. Halimbawa, madali mong makikita ang prinsipyong ito sa kung paano ka naligtas at lumapit kay Kristo.

> *Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng puso tungo sa pagiging matuwid at nagpapahayag sa pamamagitan ng bibig tungo sa kaligtasan.*
>
> —Roma 10:10

Sumasampalataya ang iyong puso (sa sinasabi ng langit), at ikaw ay magiging matuwid. Ito ay isang legal na termino, ibig sabihin ang pangangasiwa ng batas at pagpapahiwatig na ang langit ay mayroon na ngayong legalidad sa lupa. Sa simpleng pananaw ng prinsipyong ito, tandaan natin na binigay kay Adan ang legal na dominyon o kapangyarihan dito sa lupa, at ang tao pa rin ang nasa posisyong ito. Hindi dapat ito ikalito sa kawalan ng kakayahan ng taong mamahala

sa espirituwal, na nawala niya kay Satanas sa Hardin ng Eden. Hindi maaaring lumabag ang Diyos sa legal na posisyon na mayroon ngayon ang tao sa lupa. At kaya, kailangan ng Diyos maghanap ng lalaki o babaeng aayon sa kalangitan upang magkaroon ito ng legal na pagpasok at pagkilos sa lupa.

Sa Roma 10:10, mapapansin mo na mayroong dalawang bagay na dapat matupad bago maaaring kalagan ang awtoridad at kapangyarihan ng langit sa lupa. Ang una ay nabanggit ko na: Dapat lubos na naaayon at nagkakasundo ang ating mga puso sa sinasabi ng langit; ito ay ang pananampalataya. Pangalawa, dapat nating maunawaan na ang pagiging nasa pananampalataya lamang ay hindi makapag-kakalag ng langit dito. Nakakagulat ba? Hayaan mong ipaliwanag ko. Isipin mo ang isang light switch. Mayroon ng kuryente, ngunit kailangan mo pa ring pindutin ang switch upang buksan ang ilaw. Kapag nananampalataya ang ating puso sa sinasabi ng langit, ang koneksyon o ugnayan sa langit ay nagiging legal o makatarungan. Ngunit kailangan pa rin nating kalagan ang awtoridad dito. Tulad ng aking halimbawa, kailangan nating pindutin ang switch. Ginagawa natin ito habang nagpapahayag at kumikilos sa awtoridad ng Kaharian.

Alam kong pinauulit-ulit ko lamang ang aking sarili, ngunit ang pag-unawa sa batas na ito ng Kaharian ay NAPAKAHALAGA upang magkaroon ka ng kakayahang matanggap ang anumang mayroon para sa iyo ang langit. Matatanggap mo ang lahat ng mga bagay na maaaring mong matanggap mula sa langit sa parehong paraan na naligtas ka—sa pananampalataya sa sinabi ng langit sa iyong puso at sa pagpapahayag o pagkilos sa sinasabi ng langit.

Ang Kaharian, tulad sa itinuro at pinakita ni Jesus, ay ganap na kakaiba para sa mga alagad. Sa maraming pagkakataon, nakikita natin ang mga alagad na nalilito sa kanilang nakikita. Sa huling talata na ating binasa, naniniwala akong natatakot ang mga alagad sa pagpapakita ng demonyo at nagdalawang-isip, at kaya, ito ay nagpawalang-bisa sa kanilang pananampalataya. Sa palagay ko na habang pinapalayas nila ang demonyo, nagpahayag ito, siguro itinatapon ang bata at gumagawa ng malaking demonstrasyon. Maaaring ito ang nagdulot ng takot. Sa pag-iisip ko lamang ito rito, ngunit isang bagay ang tiyak ako. Mayroong nangyari kaya ang kanilang mga puso ay nawala sa pagkasundo sa langit at nawalan ng pananampalataya.

Sa kabilang palad, si Jesus ay lubos na naaayon sa sinasabi ng

langit tungkol sa sitwasyong iyon at inutusang lumabas ang demonyo. Kaya gaya ng nakikita natin, ang problema sa hindi pag-alis ng demonyo ay nasa dakong lupa, hindi sa kalangitan.

**"KAYA'T SINASABI KO SA INYO, ANUMAN ANG HINGIN NINYO SA INYONG PANALANGIN, PANIWALAAN NINYONG TINANGGAP NA NINYO AT MANGYAYARI NGA IYON SA INYO.**

**— MARCOS 11:24**

Kung pipili ako ng isang kasulatan lamang upang mas mailarawan ang pagkilos ng Kaharian sa lupa, sasabihin ko na ito ay ang Marcos 11:22-24. Upang ihanda ang tono, kailangan nating balikan ang ilang mga talata, at makikita nating may sinabi si Jesus sa puno ng igos at ito ay namatay. Pagkatapos na wala itong makitaang bunga, isinumpa ito ni Jesus. Sa sunod na araw habang dumaan muli ang mga alagad sa parehong punong iyon, natanto nilang namatay na ito. Namangha si Pedro sa kanyang nakita at sumigaw kay Jesus sa kanyang gulat.

> *Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumampalataya kayo sa Diyos! Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo, na <u>sinumang magsabi</u> sa bundok na ito, 'Mabunot ka at maitapon sa dagat,' mangyayari ang sinabi niya kung siya'y naniniwala at walang pag-aalinlangan sa puso. Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at mangyayari nga iyon sa inyo.*
>
> —Marcos 11:22-24

Pansining namangha si Pedro sa nangyari. Paano ito nangyari? Simpleng may sinabi lang si Jesus sa puno. Ngunit walang alinlangan, ang puno ay tumugon sa mga salita ni Jesus at namatay. Sinabi ni Jesus kay Pedro ang isang "katotohanan," isang batas ng Kaharian ng Diyos. Ang paliwanag ni Jesus ay nagbibigay sa atin ng higit pang pag-unawa kung paano kumikilos ang Kaharian ng Diyos sa lupang ito. Muli sa halimbawang ito makikita natin ang parehong batas na gumagana tulad ng ating pinag-uusapan; isang lalaki o babae sa lupa, na lubos na naaayon sa sinasabi ng langit (ngayong naging matuwid na) at pagkatapos ay magpapahayag o kakalagan ang awtoridad ng langit. At

siyempre, ang lalaki sa kuwentong ito, ay si Jesus, Siya mismo, ngunit ginawang malinaw ni Jesus sa Kanyang pagpapaliwanag na "sinuman" ay maaaring gawin ang Kanyang ginawa.

Sigurado akong aayon kayo na kung talagang nalaman at naunawaan ng mga tao ang batas na itinuturo sa kanila ni Jesus, ito ay magkakaroon ng dakilang epekto sa kanilang mga buhay. Nakita ko ang epekto ng Kaharian sa mga buhay ng aking pamilya, ngunit napakaganda rin na aking nakita ang epekto ng Kaharian sa ibang mga pamilya habang itinuturo namin sa kanila ang aming mga natutunan. Hayaang ibahagi ko ang isang kuwento sa aming sariling iglesya kung saan ipinakikita muli ang batas na ito. Sa maraming pagkakataon, ang pagkakaroon ng kaalaman patungkol sa Kaharian at paggamit nito ay nagiging pagkakaiba sa pagitan ng buhay at kamatayan. Nangyari ito sa kuwentong ito.

Nagsimulang dumalo si Jennifer sa aking iglesya at naririnig niya ang tungkol sa pananampalataya at sa Kaharian. Nasabik siyang matutunan ang kanyang awtoridad at karapatan sa Kaharian habang siya ay buntis sa pangalawa niyang anak, at nais niyang manganak sa bahay lang. Kaya sinimulan niyang pag-aralan ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa panganganak at ang mga pangako sa Kaharian na maaaring magamit para sa kanyang anak. Kumbinsido siyang maaari siyang magkaroon ng malusog na home birth o panganganak sa bahay. Kumuha siya ng midwife o komadrona, at hiniling ang isa sa mga kababaihan sa aming iglesya, na may karanasan na rin sa ganito, kung maaari niyang gabayan siya sa kanyang panganganak.

Bago ang panahon ng kanyang panganganak, lagi siyang dumadalo sa bawat pagtitipon at tinatamasa ang bawat prinsipyo ng Kaharian. Ang mga konseptong ito ay bago para kay Jennifer, at natuwa siya sa pag-aaral at pagtutuklas na may tunay na mga kasagutan sa Kaharian ng Diyos. Sa kasamaang palad, nang panahong iyon, kinailangang magtrabaho ng asawa niyang lalaki kada linggo at madalas hindi nakakadalo sa iglesya kasama ang kanyang asawa. At ayon, dumating ang panahon ng panganganak. Tinawag na nila ang midwife at ang coach niya.

Nasa bandang 2:00 o 3:00 A.M. nang may tumawag sa phone ko sa tabi ng aking kama. Ang tumawag, narinig kong sumisigaw ang coach ni Jennifer sa telepono, "Pastor, pakiusap manalangin po kayo; ipinanganak nang patay ang sanggol!" Ginising ako ng mga balitang

ito. Ipinagpatuloy na sinabi ng birthing coach na kaaalis lamang ng sanggol sa isang ambulansya papunta sa ospital. Sinabi niya sa akin na, sa katunayan, idineklara ng medical team na siya ay dead on arrival na.

Bumangon kami ni Drenda at nagbihis. Nagsimula akong manalangin sa Espiritu, nang nakikinig sa kung anong dapat kong gawin. Alam kong nais ng diyablo siraang-puri ang aming iglesya sa pangyayaring ito. Nakikita ko na ang mga headline na, "Sanggol Patay Habang Sinusuportahan ng Isang Kultong Iglesya ang Panganganak sa Bahay." Hindi talaga kami lumalaban sa kung paano dapat ipanganak ang isang sanggol, kung sa bahay o hindi, ngunit marami sa kanilang mga kababaihan sa iglesya ay piniling manganak sa bahay; ito ang totoo. Patuloy kaming nanalangin ni Drenda sa Espiritu habang nagmamaneho papunta sa ospital, 20-minutong pagmamaneho. Sa bandang kalagitnaan, bigla kong naramdaman ang Espiritu ng Diyos bumaba sa akin, at nalaman kong magiging maayos ang sanggol. Sa eksaktong sandali, lumingon ang asawa ko sa akin at sinabi na sinabi ng Panginoon sa kanya na magiging maayos ang sanggol.

Alam ko ang sinabi ng Panginoon sa aming mag-asawa, kaya nang naglalakad ako sa emergency room, gusto kong malaman kung anong makikita namin. Sa loob ng ER, nakita ko ang grupo ng pito o walong mga nars na nakatayo sa paligid ng tila isang ganap na normal, kulay pink, at umiiyak na sanggol. Pinag-aralan kong maigi ang kanilang mga mukha. Sa karamihang mga sitwasyon kung saan ang isang sanggol ay hawak ng isang grupo ng mga kababaihan, makikita mo silang nakangiti. Ngunit sa pagkakataong ito, walang nakangiti. Kundi, mayroong pagkagulat sa kanilang mga mukha.

Nagkita kami ng babaeng tumawag sa amin. Muli niyang ipinaalam sa amin na idineklarang patay ang sanggol sa bahay, na 20 minuto kalayo sa ospital. Idineklara ring patay na ang sanggol pag dating nila sa ospital ngunit nang biglaan, parang nagising lamang ang sanggol. Purihin ang Diyos! Lubos kaming nagalak ni Drenda na makitang buhay at malusog ang sanggol katulad na katulad ng sinabi sa amin ng Banal na Espiritu.

Samantala, hiwalay na ambulansya ang nagdala sa nanay ng sanggol, kay Jennifer, papunta sa maternity ward. Dahil dito, hindi niya alam ang kalalagayan ng kanyang anak na babae. Ang aking asawa,

si Drenda, ay umakyat sa maternity floor para kumustahin siya. Nang pumasok si Drenda sa kwarto kung saan nagpapahinga si Jennifer, sinabi niya, "Jennifer, malusog ang anak mo, at napakaganda niya." Ang nars na nakatayo sa tabi ni Jennifer ay biglang sumali at sinabi, "Hindi, nasa body bag na ang sanggol na iyon!" Mariing itinama ng asawa ko ang pagkakamali ng nars. Sa araw na ito, sa kaluwalhatian ng Diyos, ang baby girl na pinangalanang Haley, ay isang magandang dalaga na walang brain damage o anumang isyu sa kalusugan. Dahil nauunawaan kong kumikilos ang Kaharian ng Diyos ayon sa mga espirituwal na batas, alam kong hindi ito nagkataon lamang. Kaya sa aking pagiging isang spiritual scientist (hindi Kristiyanong siyentipiko, kundi isang nag-aaral sa kung paano kumikilos ang Kaharian ng Diyos), ginusto kong malaman ang eksaktong nangyari.

Alam kong si baby Haley ay opisyal nang idineklarang "dead on arrival" ng crew ng ambulansya pag dating nila sa bahay. Alam ko ring idineklarang dead on arrival ang sanggol pag dating nila sa ospital. Kaya anong nangyari? Kinausap ko ang birthing coach na nandoon, at hiniling kong sabihin niya sa akin nang buong detalye ang mga pangyayari. Naghahanap ako ng mga clues o palatandaan. Sinabi niya lahat naman ay naging maayos hanggang sa isilang ang sanggol. Wala siyang mga vital signs at sobrang blue na ang kulay niya. Tinangkang buhayin muli ng midwife ang sanggol ngunit hindi niya magawa. Pinatuloy ng coach at sinabi na marami sa mga kamag-anak ni Jennifer na nandoon ay nagsimula ng mataranta. Ngunit kalmadong sinabihan sila ni Jennifer na manahamik, at saka inilagay niya ang kanyang daliri sa mukha ng kanyang asawa, sabay sinabing, "Huwag kang magsasalita—ang sanggol na ito ay magiging malusog!"

Pinatigil ko ang kuwento ng coach sa sandaling iyon at hiniling na sabihin niya ulit ang sinabi ni Jennifer sa kanyang asawang lalaki. Sinabi niya ang parehong mga salita na nilagay ni Jennifer ang kanyang daliri sa mukha ng kanyang asawa at sinabing, "Huwag kang magsasalita—ang sanggol na ito ay magiging malusog!" Wow! Ayun na iyon! Iyon ang pinaka sandali, ang deklarasyon na nagligtas sa buhay ni baby Haley. Naramdaman ko na para akong isang detektib na lumutas ng isang malaking kaso! Lubos akong nagagalak. Napakasimple, ngunit napakahalaga. Simple lamang na ginamit ni Jennifer ang espirituwal na batas sa kalagitnaan ng sitwasyong iyon, at iniligtas nito ang buhay

ng kanyang sanggol! Sa pagmumuni-muni ko sa bago kong natutunan, lahat ay naging maliwanag sa akin.

Alam ni Jennifer, na dahil sa kanyang trabaho, hindi naging matibay ang pananampalataya ng kanyang asawa tulad ng nangyari sa kanya sa mga nakalipas na mga buwan. Nalaman niya rin, na bilang ulo ng tahanan, ang kanyang pag-aayon sa nakakakilabot na nakikita nila ang siyang seselyo sa kapalaran ng sanggol. Kaya ang una niyang pagtugon ay ang sabihan ang kanyang asawa at upang huwag siyang makipagkasunduan sa kamatayan ng kanilang anak. Sa halip, si Jennifer ay kumbinsidong mabubuhay at magiging malusog ang kanilang anak, at idineklara niya ito nang may katapangan at pananampalataya.

Kaagad, pagkatapos palabasin si Jennifer sa ospital, pinuntahan niya ang crew ng ambulansya at tinanong sila kung anong ginawa nila para sa sanggol habang papunta sila ng ospital nung gabing iyon. Nahihiya silang nakatingin sa kanya.

"Wala," sa wakas sinabi ng isa sa kanila.

"Anong ibig sabihin mong, wala?" tinanong ni Jennifer, "Nag-CPR ka ba?"

"Hindi" sabi nila.

"May ginawa ba kayong anuman para sa sanggol?"

"Wala," muli nilang sinabi.

Sinabi nilang simpleng patay na ang sanggol, at wala na silang pag-asang gumaling pa siya. Gayunman, tila "nagising" lamang ang sanggol nang dumating sila sa ospital! Ang crew ng ambulansyang iyon ay nakatanggap ng parangal mula sa ospital at sa mga bumbero bilang the response of the year, isang taunang award batay sa resulta ng isang napakahirap na sitwasyon. Ngunit inamin nilang wala silang ginawa.

Kamakailan lamang ay nakasama namin si Haley sa aming television broadcast kasama ng kanyang ina, na si Jennifer; at kaming lahat, nang lumuluha, ay muling ipinagdiwang ang Kaharian ng Diyos. Ipinagdiwang namin ang katotohanang may isang tao sa eksenang iyon na may alam kung paano kumilos sa mga espirituwal na batas at sa awtoridad ng Kaharian.

Sa kuwentong ito makikita natin si Jennifer, na lubos na naaayon sa sinasabi ng langit at pagkatapos ay kinakalagan ang awtoridad na iyon sa sitwasyon sa pamamagitan ng kanyang sariling mga salita. Gumagana ang batas!

May isa pang pamilya sa aking iglesya na nagkaroon ng karanasan

sa parehong batas na ito sa Kaharian ng Diyos. Dalawang mga magkapatid na babae ang magkasamang nananghalian, at hindi ito madaling gawin, dahil parang nasa 12 o 13 ang lahat ng kanilang mga anak. At, habang sila ay nanananghalian, napansin nila na si Joel, na apat-na-taong gulang, ay nawawala. Tiningnan nila ang buong bahay at hindi nila siya mahanap. Kaya naisip nilang nagtatago siya, ngunit nang hanapin nila ulit siya, hindi nila siya makita. Biglang si Tina, ang ina, ay nagkaroon ng kakilakilabot na kaisipan. Paano kaya sa pool sa likod ng kanilang bahay? Tumakbo siya papunta sa likod ng bahay kasama ang kanyang pamangkin, 13-taong-gulang na si Courtney, sa kanyang tabi. Nalula sa takot si Tina nang makita nila si Joel sa pinaka-ilalim ng pool, na hindi gumagalaw. Walang nakakaalam kung gaano na siya katagal doon. Sumigaw si Tina na tawagan ang 911 habang sumisid siya sa pool upang kunin si Joel palabas. Hindi na siya humihinga, maputla at hindi na gumagalaw.

Ang 13-taong-gulang, na pinalaki sa aming children's ministry department, ay nagsalita sa kanyang tita, "Hindi, Tita Tina, hindi natin kailangang tumawag sa 911; may awtoridad tayo rito. Kailangan nating manalangin." Kaya nanalangin silang dalawa, ngunit walang nangyari. Sumigaw muli si Tina, "Tawagin niyo ang 911!" Pagkatapos sinabi ni Courtney sa kanyang tita, "Tita Tina, kailangan nating magsalita ng buhay sa kanya." Kaya sinabi ni Courtney, "Joel, sa pangalan ni Jesus, gumising ka!" Kaagad na nabulunan si Joel, nagsuka ng tubig, at nagkamalay, at ganap na naging normal.

Kapag iniisip ko ang kuwentong ito, lagi akong namamangha, hindi ako namamangha dahil naging maayos ang batang lalaki, kundi namamangha ako sa 13-taong-gulang at ang kanyang katinuan ng isip sa sandaling iyon. Sa loob ng sobrang nakababahala na buhay at kamatayang sitwasyon, nagawa niyang makita kung anong kailangan gawin nang hindi naidadala ng takot. Muling pinatunayan ni Courtney na ang pagkakaalam sa kung paano kumikilos ang Kaharian ay mas mabuti pa kaysa sa isang magandang sermon; nakasalalay dito ang buhay o kamatayan!

Muli, pansinin kung paano kumikilos o tumatakbo ang batas ng Kaharian. Sa una sinabi ni Courtney na kailangan nilang manalangin, ginawa nga nila, ngunit walang nangyari. Ito ay dahil kapag tayo ay nananalangin hindi natin kinakalagan ang awtoridad at kapangyarihan ng Diyos. Ngunit nananalangin tayo para sa direksyon. Ito ang eksaktong

pangangailangan nila nang panahong iyon. Pagkatapos, mapapansin mo sa kuwento na sinabi ni Courtney na kailangan nilang salitain ang buhay sa kanya. Nang ginawa nila ito, nagising siya nang ganap na malusog at ito ay totoo hanggang sa araw na ito. Muli, nakikita natin ang isang pusong lubos na naaayon sa sinasabi ng langit, at subalit walang nangyari hanggang kinalagan ng isang lalaki o babaeng nasa pananampalataya ang awtoridad sa lupa.

Hayaang magbigay ako ng isa pang kuwento, isa na malapit sa aking puso. Dinala ng kapatid na lalaki ni Drenda ang kanyang asawa, si Candy, sa ospital upang isilang ang ika-lima nilang anak. Dumaan kami ni Drenda sa ospital sa umagang manganganak na si Candy upang makita ang bagong miyembro ng aming pamilya. Akala namin isinilang na siya bago pa kami nakarating doon. Ngunit natuklasan namin, dahil sa ilang pagkaantala, kapapanganak niya lamang. Habang naglalakad kami papunta sa maternity ward, kasalukuyang dinadala pa lang si Baby Holland sa nursery. Kung marahil nakita mo na, ang mga nursery sa mga maternity ward ng ospital ay puro mga salamin lamang, upang makita mo ang mga bagong-silang na pinapasok doon.

**ALALAHANIN NA ANG MGA BATAS NG KAHARIAN AY GUMAGANA SA BAWAT PAGKAKATAON, PARA SA SINUMAN!**

Nang dinadala nila si baby Holland, kaagad kong napansin na maputla ang kulay niya. Lahat ng mga anak ni Johnny ay halos puti, o blonde ang buhok; at sa una, naisip ko na ang pagkaputla niya ay posibleng normal lang para sa mga anak niya kapag bagong-silang. Ngunit gayon pa man mukhang hindi siya malusog tingnan. Kaagad, tumakbo ang mga doktor. Mabilis na isinara ng mga nars ang mga kurtina para walang makakakita ng loob ng nursery, at nalaman kong may mali rito. Bagaman isinara ang mga kurtina, may butas kung saan nakikita ko lahat ng nangyayari. Dinala ng mga nars ang mga kagamitan nila, at isang doktor ang nagsimulang mag-CPR kay Holland. Lumakad ako sa kabilang pintuan ng nursery kung saan malinaw na naririnig ko ang pinag-uusapan ng mga doktor. Habang nakikinig ako, nagulat ako nang marinig ko na walang tibok ng puso ang sanggol at hindi nila muling mapatibok ang kanyang puso. Habang patuloy akong nakikinig, naririnig ko ang pagtibok ang

paminsan-minsan lang na tibok ng heart monitor. Maririnig ko ang isang tibok at matapos ang 15 o 20 na mga segundo, at maririnig ko muli ang isa pang tibok. Hindi tumitibok ang puso ni Holland!

Lumabas ang doktor mula sa kwarto at lumapit kay Johnny, "Mukhang hindi maganda ang nangyayari, Johnny; pasensiya ka na, ngunit ginagawa pa rin namin ang lahat ng magagawa namin." Hindi kami pwede sa loob ng nursery, kaya ipinatong ni Drenda at ni Johnny ang kanilang mga kamay sa pintuan sa isang dulo ng nursery, at ipinatong ko rin ang aking mga kamay sa pintuan sa kabilang dulo ng nursery. Nanalangin kami at idineklara na si Holland ay mabubuhay at hindi mamamatay at na siya ay magiging malusog. Inutusan namin ang pusong iyon na tumibok, sa pangalan ni Jesus.

Kaagad, ang doktor na kumausap kay Johnny ay nagmamadaling lumabas ng nursery. Nilampasan niya kami nang walang sinasabi. Sa loob ng ilang minuto, nagmamadali siyang bumalik kasama ang isang nars na sumusunod sa kanya, at malakas na sinasabi, "Doktor, hindi natin pwedeng gawin iyon. Hindi tayo pinahihintulutan sa ospital na ito na gawin ang procedure na iyon. Hindi ako papayag na makuha mo ang dugong iyon." Hindi niya siya pinansin habang bumalik siya sa loob ng nursery. Kinuha niya ang isang manwal, at nakita kong maingat niyang pinag-aralan kung paano gawin ang isang procedure. Ngayon nanood ako mula sa maliit na butas sa mga kurtina na tumayo ang doktor at sinimulang ipasok ang mahabang tubo sa sanggol. Natanto ko na noon na binibigyan niya ng dugo ang sanggol.

Kaagad, narinig kong tumaas ang bilis ng pagtibok ng kanyang puso. Ito ay bumilis at umabot na sa normal na bilis ng tibok ng puso ng isang bagong-silang. Sa loob ng isang minuto lumabas ang doktor at sinabi, "May mga anghel doon sa loob; tinulungan kami ng Diyos sa sanggol na iyon!" Kitang kita namin na nagulat din siya. Pagkatapos ay nalaman namin na hindi niya duty noong panahong iyon at hindi siya kasama sa panganganak ni Candy. Nang nangyayari ang lahat ng ito, eksaktong dumaan lamang siya sa ospital upang tingnan ang isang pasyente. Masasabi kong namamangha pa rin ang doktor na iyon sa nangyari nang sabihin niya sa amin na nawalan ng tibok ng puso si Holland ng 36 na mga minuto!

Sa araw na ito si Holland ay magandang apat-na-taong gulang. Naniniwala ako na ang aming pagkaunawa sa batas ng Kaharian ang

siyang nagdala ng katugunan sa sitwasyong iyon. Naaalala ko pa rin, nang ipinatong ko ang aking mga kamay doon sa pintuan ng nursery, na iniisip sa aking sarili, "Hindi kami magdaraos ng lamay para sa maliit na pamangkin ni Drenda! Hindi, hangga't ako ang namumuno!"

Habang humihinto tayo upang pag-isipan kung paano naapektuhan ng Kaharian ang bawat kuwentong ibinahagi ko, nais kong alalahanin mo na ang mga batas ng Kaharian ay gumagana sa bawat pagkakataon, para sa sinuman! Tulad ng sinabi ko sa simula ng aklat na ito, ang natural na mga batas ng lupa ay palaging gumagana nang may parehong resulta sa bawat pagkakataon. Ito ay walang-pagtatangi at gumagana para sa sinumang gugugol ng panahon upang pag-aralan at gamitin ito. Gumagana at kumikilos ang kuryente sa USA na tulad din ng pagkilos nito sa Africa; wala itong pinagkaiba.

Nang nasimulan kong matuklasan na ang Kaharian ng Diyos ay isang Kahariang mayroong napakalinaw ngunit tagong mga batas, nalaman kong natagpuan ko ang kasagutan sa aking mga problema. Natuklasan ko na kailanman ay hindi ang Diyos ang nagpipigil sa akin, ang piliing hindi ako pagpalain o tulungan sa panahon ng aking pangangailangan. Hindi, ngayon natuklasan ko na binigay na ng Diyos sa akin ang lahat ng mga bagay na kakailanganin ko sa aking buhay kay Jesu-Cristo, na sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo ay mayroon na akong access sa lahat ng mayroon ang langit. Nauunawaan ko na ngayon na ang Kahariang ay pinatatakbo ng mga nakatatag na mga batas na maaari kong matutunan at magamit sa aking buhay.

Nagbago na ang aking pag-iisip sa bawat kuwentong binabasa ko sa Bibliya, naghahanap ako ng mga palatandaan na muling nagpapahayag ng isa pang batas sa Kaharian. Itinuon ko ang sarili ko sa pagiging isang spiritual scientist upang aking matutunan kung bakit nangyari ang mga nangyari sa mga kuwentong madalas kong nababasa sa Bibliya. Ang kasulatan sa 1 Juan ay tila nakakatawa at kakaiba para sa maraming tao. Alam kong binasa na natin ito, ngunit basahin muli natin ito dahil inuulit-ulit nito ang katotohanang kasagutan mo.

> *At ito ang katiyakang taglay natin sa kanya: kung anuman ang hihilingin natin ayon sa kanyang kalooban, pinakikinggan niya tayo. At kung alam nating pinakikinggan niya tayo (ang kunin ang*

> *kaso natin) sa anumang hinihiling natin, NAKATITIYAK na tayo na tatanggapin natin ang hiniling natin mula sa kanya.*
>
> —1 Juan 5:14-15

Gustong-gusto ko ang kasulatang ito dahil pinag-uusapan nito ang batas, at ang batas ang nagbibigay katiyakan sa atin upang makamit ang katarungan. Ito ang ating katiyakan—kung anuman ang hihilingin natin ayon sa kalooban ng Diyos (ang batas, ang tinatawag ng Diyos na tama), pinakikinggan Niya tayo. Muli, ang terminong "pinakikinggan tayo" ay hindi nangangahulugang pinakikinggan ng Diyos ang ating naririnig na mga salita, bagaman Kanyang dinidinig ito. Kundi, ito ay nangangahulugang kinukuha ng Diyos ang ating kaso. Kung iisipin mo ang isang hukom na kukuha ng isang kaso at namumuno ayon sa batas, at hindi ayon sa kanyang sariling damdamin (at ganito talaga dapat ang nangyayari), ay mauunawaan mo ang kasulatang ito. Pinakikinggan Niya tayo—kinukuha Niya ang kaso at diringgin ang kaso, at tiyak na makakamit natin ang katarungan, ang legal na sa atin.

Aking kaibigan, sa tingin ko talagang kailangan mong huminto at basahin muli iyon, nang dahan-dahan. Kung ang kakabasa mo lang ay totoo, at ito nga ay totoo, ang buhay mo ay sasabog sa kaligayahan! Walang katiyakan ang mga taong nananalangin nang hindi alam ito; sila ay nagiging madaldal sa pananalangin. Pinag-usapan ito ni Jesus sa Mateo 6:7-13.

> *Kapag kayo'y nananalangin, huwag ninyong daanin sa maraming salitang walang kabuluhan na tulad ng ginagawa ng mga Hentil, sapagkat akala nila'y pakikinggan sila dahil sa dami ng kanilang sinasabi.*
>
> —Mateo 6:7

Ang salitang "babble" o "maraming salitang walang kabuluhan" ay ang pagsasalita ng mga walang kabuluhang kalituhan na mga salita o tunog. Ganito manalangin ang karamihang mga tao. Wala silang ideya sa kanilang karapatan sa katarungan o kahit ang legalidad na ibinigay na ng Diyos sa kanila sa Kaharian. Hindi mo na kailangang magmakaawa o umiyak pa para sa isang bagay na mayroon ka na!

Ipalagay natin ang isang pulis na nakatayo sa kalsada at sinasabihan ang isang truck na huminto, at bigla na lamang siyang umiyak at nagmakaawa na huminto ang truck. "Pakiusap, truck, huminto ka.

Mahabag ka sa akin. Pakiusap, pakiusap naman, huminto ka." Iyan ang magiging pinaka kaawa-awa at kahiya-hiyang insulto sa bansa ng Estados Unidos at sa legal na sistema nito. Hindi, ang pulis na iyon ay matatag na tatayo at malinaw na sasabihan ang truck na huminto, at ito ay hihinto ayon sa batas ng lupa at sa posisyon niya bilang opisyal na kumakatawan sa pamahalaan ng bansa.

Ang mga taong nagmamakaawa sa Diyos ay walang ideya o kaalam-alam sa batas ng lupa o sa kanilang posisyon. Ang dahilan kung bakit napakalaking insulto sa bansa na magmamakaawa ang isang pulis na huminto ang truck ay dahil inilalarawan nito ang isang bansang walang batas at awtoridad. Ang tanging mayroon lamang sa bansang iyon ay anarkiya o kaguluhan. Kapag ang mga Kristiyano ay nagmamakaawa at nagpapatuloy sa ganoon, inilalarawan nito na ang Kaharian ng Diyos ay mahina, at walang maibigay na mga kasagutan. Nagdudulot ito ng pagdududa sa mga tao tungkol sa pagnanais o kakayahan ng Diyos na tulungan sila, samantalang sa kabuuan, sila ay may karapatan na sa mga bagay na kanilang hinihiling. Binigay sa atin ni Jesus ang malinaw na kasagutan sa walang-saysay na uri ng nagmamakaawang panalangin— "ITIGIL MO 'YAN!"

> *"Kapag kayo'y nananalangin, huwag ninyong daanin sa maraming salitang walang kabuluhan na tulad ng ginagawa ng mga Hentil, sapagkat akala nila'y pakikinggan sila dahil sa dami ng kanilang sinasabi. Huwag ninyo silang tularan, sapagkat alam na ng inyong Ama ang kailangan ninyo bago pa man kayo humingi. analangin nga kayo tulad nito:*
>
> *'Ama naming nasa langit, pakabanalin nawa ang iyong pangalan. 'Dumating nawa ang iyong kaharian, matupad nawa ang iyong kalooban, dito sa lupa tulad ng sa langit. Bigyan mo po kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw. Patawarin mo po kami sa aming mga pagkakautang, kung paanong nagpatawad kami sa mga nagkakautang sa amin. At huwag mo kaming pabayaan sa panahon ng pagsubok, sa halip ay iligtas mo po kami mula sa masama.'"*
>
> —Mateo 6:7-13

Tandaan, tinuturuan tayo ni Jesus kung paano manalangin sa mga talatang ito. Sa kasamaang palad, inilagay ng maraming mga tao ang mga talatang ito sa magagandang mga plaka sa kanilang mga tahanan

subalit hindi nauunawaan ang kahulugan ng mga talatang ito. Ang kasulatang ito ay tinatawag na ang Panalangin ng Panginoon, ngunit tinuturuan Niya silang manalangin sa pamamagitan lamang ng mga salitang iyon. Hindi Niya ito literal na ipinapanalangin noon tulad ng ginagawa natin sa ating mga pagtitipon sa iglesya. Ang mga salitang ito ay isang instruction manual, kung maaari, sa kung paano manalangin at makuha ang mga resulta nito, hindi memory verse na dapat sinasambit.

"*Dumating nawa ang Iyong Kaharian, matupad nawa ang Iyong kalooban, dito sa lupa tulad ng sa langit*," ay isang instruction sa kung paano manalangin. Dapat tayong manalangin, na ipatupad ang kalooban ng Diyos, na nasa langit, dito sa lupa at sa ating mga sitwasyon. Kaya ang kasagutan mo? Manampalataya na ang sinasabi ng Diyos na nararapat na iyo na ay nasa iyo na, at gamitin ang iyong awtoridad sa Kaharian ng langit upang dalhin ang langit dito sa lupa at tugunan ang pangangailangan mo at ng mga nasa paligid mo.

Kaya huminto nang ilang sandali at pag-isipan ito. Kung alam mo nang walang anumang pag-aalinlangan na ang iyong panalangin ay epektibo at itinataguyod ng buong kalangitan, magkakaroon ka ba ng katiyakan kapag nananalangin ka? OO!!!! Kapag eksaktong alam mo kung ano ang legal na karapatan mo bilang isang mamamayan ng langit, alam mo ang liberal na ibinigay na sa iyo at nauunawaan ang proseso upang matanggap ito, at kung paano matamasa ang benepisyo ng mga batas na iyon, maglalakad ka sa ganap na bagong pamamaraan ng buhay—ang pamamaraan ng Kaharian. Anong mangyayari sa takot? Anong mangyayari sa pagaalinlangan? Paano i-uudyok ng kaalamang ito ang katiyakan ng iyong kinabukasan at ang katiyakan sa kalagitnaan ng bagyo? Ito ang naging epekto ng Kaharian sa aming dalawa ni Drenda nang matuklasan namin ito. Madalas kami ay namamangha sa aming mga nakikita. Hindi, uulitin ko iyon. Kami ay patuloy at laging nagugulat at namamangha! Mas higit pa roon, namangha kami sa awtoridad na ibinigay ng Diyos sa iglesiya upang kumilos sa ngalan at sa pamamagitan ng pamahalaan na iyon dito sa lupa.

> *Sapagkat pinalaya na tayo ng KAUTUSAN ng Espiritu na nagbibigay-buhay sa pamamagitan ni Cristo Jesus mula sa KAUTUSAN ng kasalanan at ng kamatayan.*
>
> —Roma 8:2

Nakakamanghang matanto na pinalaya na tayo mula sa "kautusan ng kasalanan at ng kamatayan" at binigyan na ng Kaharian at daan sa "kautusan ng Espiritu na nagbibigay-buhay". Muli, ang mas nakakamangha para sa amin ay ang talagang nakikita namin na ang batas na iyon ang nagdulot ng katuwiran ng Kaharian sa aming mismong mga buhay.

Ang Kaharian ang nagpahintulot sa akin ng kagalingan sa pisikal, at pati na rin sa emosyonal na larangan patungo sa bagong pag-asa at ang maging malaya sa mga antidepressants. Ito ang nagpahintulot sa akin na magmula sa kahirapan, na ang paghihirap kong magbayad ng $300 pang-upa kada buwan para sa sira-sirang 1800s na farmhouse, patungo sa pagpapatayo at mabayaran nang buo ang isang 7,700 square foot na tahanan sa loob ng 59 magagandang mga acre. Mas nagustuhan din ako lalo ng aking asawa! Ang pagmamaneho ng mga disenteng sasakyan na hindi biglang nasisira araw-araw ay hindi matutumbasan ng pera. Ang kakayahang magbigay ng daan-daang libong dolyar para sa Ebanghelyo ay napaka-imposibleng isipin ilang taon lamang nakalipas. Ang buhay, ang ilaw ng Kaharian, ang siyang dumadaig sa kadiliman; at tulad ng sinabi ng Diyos sa aklat ng Genesis nang tiningnan Niya ang Kanyang natapos na mga nilikha, "Mabuti ito, napakabuti nito."

Sabik na sabik kami ni Drenda na ibahagi sa sinumang nakikinig ang patungkol sa Kaharian at ang aming kuwento. Ang mga tao sa aming iglesya ay nakakasabay na rin dito at nararanasan ang parehong resulta na aming naranasan, at isa na roon ang aming 12-taong gulang na anak na babae. Nakita niya ang Diyos na gumawa ng napakaraming mga bagay at natuklasan nang paulit-ulit at paulit-ulit ang walang-maliw na mga batas ng Kaharian sa aming buhay. Alam kong nanonood siya at natututo siya tungkol sa mga batas na ito, ngunit isang kuwento ang nagpakita sa akin kung gaano siya ay ganap na natututo.

Isang gabi nang umakyat ako sa kwarto niya upang bumati ng good night ay may napansin akong kakaiba. Doon sa kanyang pader ay may larawan ng isang Pomeranian na aso. Ngayon, sa mga nakakaalam na mga magulang, ang ganitong uri ng larawan ay tiyak na palatandaan na hihilingin nila ang ganoong aso. Sa gayon, hinayaan kong palampasin muna ito at dahil ayaw ko na ng isa pang aso sa loob ng bahay o indoor dog. Ang kapatid ni Kirsten na si Polly ay mayroon ng indoor dog, at pareho naman silang dalawa ng kwarto, kaya laging kasama nila Polly at Kirsten ang aso ni Polly.

Malumanay kong sinabi kay Kirsten kung paano ko nagustuhan ang larawan niya ng aso ngunit hindi ko nais na magkaroon ng isa pang asong nakatira sa loob ng bahay. Kung gusto niyang mag-alaga ng aso, maaari siyang maglaan pa ng mas maraming oras kasama ang Dachshund na aso ng kapatid niya. Walang sinabing anuman si Kirsten nang gabing iyon, at pinakinggan lamang ang sinabi ko. Naisip ko na tapos na ang usapang iyon, ngunit pagkatapos ay nababanggit pa rin ang tungkol sa Pomeranian na aso sa mga komento tulad ng, "Hindi ba't maganda ang magkaroon ng Pomeranian?" o "Sobrang kapal at ang lambot pala nila." Pagkatapos siyempre, kaagad na ipapakita sa akin ni Kirsten ang larawan ng aso na nakita niya online. Muli, simpleng sasabihin ko, "Hindi." Ako ang may awtoridad sa bahay, at hindi na tayo magkakaroon pa ng isa pang asong nakatira sa loob ng bahay.

Muli akala ko na tapos na ang usapang ito hanggang isang araw pagkalipas ng halos isang buwan pag-uwi namin galing sa iglesya, may kumpyansang lumapit si Kirsten sa akin at, nang nakangiti ang kanyang buong mukha at sinabi, "Pa, natanggap ko ngayon ang Pomeranian puppy dahil sa pananampalataya tulad lang ng itinuturo mo." Ipinaalala ko muli sa kanya ang sinabi ko nung nakaraan tungkol sa isa pang aso sa bahay. Nang may pareho pa ring ngiti sa kanyang mukha, sinabi niya, "Pero, Pa, sabi ni Mama na kaya ng Diyos baguhin ang puso ng isang hari." Ang komento niya sa akin ay hindi pagiging rebelde. Simple lamang siyang sumang-ayon sa kanyang mama at nanalangin na baguhin ng Diyos ang puso ko. Nagulat ako. Nalaman ko ngayon na nag-usap silang dalawa ng kanyang mama, at hinikayat siya ng mama niya na ganap na kayang baguhin ng Diyos ang aking isip.

Mula sa paghihikayat na iyon, kinalagan niya ang kanyang pananampalataya sa umagang iyon sa iglesya, ang paghahasik at pagpapahayag na natanggap niya na ang aso sa pamamagitan ng pananampalataya. Pinatibay ko ang sarili ko at itinatatag muli ang pag-ibig ko para sa kanya at muling sinabi sa kanya, "Hindi tayo magkakaroon ng isa pang aso sa loob ng bahay." Nagpasensiya ako ngunit hindi ito mangyayari. Mukhang hindi niya pinapansin ang sinabi ko; lumakad siya palayo nang nakangiti pa rin. Muli, akala ko sa wakas tapos na ang usapang iyon.

Ngunit pagkalipas ng halos isang buwan, inanyayahan akong

magturo sa isang maliit na iglesya sa Mississippi. Ito ay isang maliit ng iglesya sa probinsya na pinapalibutan ng milya-milyang nakatiwangwang na lupain. Matapos ang unang gabi, lumapit ang pastor sa akin at sinabi na nangusap ang Panginoon sa kanya sa pagtitipon na iyon. Sinabi niya, "Hindi ko alam kung alam mo ito o hindi, pero nagpapalaki rin ako ng mga Pomeranian, at sinabi sa akin ng Panginoon na ibigay sa iyo ang isa sa mga puppy na ngayon ay anim na linggong gulang na at handa nang makahanap ng tahanan." Nakatayo ako roon nang nakanganga ang aking bibig. Nananatili pa rin ako sa desisyon kong huwag tanggapin ang asong iyon, at kaya sinabi ko, "Ipapaalam ko sa iyo." Wala akong kaalam-alam na siya pala ay nag-aalaga ng mga aso, at tiyak na wala akong sinabi sa kanya tungkol sa hangarin ni Kirsten na magkaroon ng puppy noon.

Sa kalaunan ako ay napaluha at sinabi kay Drenda ang nangyari at na ayaw kong iuwi ang asong iyon sa bahay. Tumingin siya sa akin at sinabi, "Tatanggihan mo ba ang pananampalataya ng ating anak?" Hindi rin talaga gusto ni Drenda na magkaroon ng pangalawang aso sa bahay, ngunit mas minamahal niya si Kirsten kaysa sa anumang abala na maidudulot sa amin ng isa pang aso. At ngayon na dinala ng Diyos ang asong ito bilang resulta sa pananampalataya ni Kirsten, paano namin siya tatanggihan? Kaya sinabi ko sa pastor na kukunin ko ang aso.

Hindi namin sinabi kay Kirsten ngunit sinabi namin sa kapatid niyang babae na tiyaking dalhin niya si Kirsten sa airport kapag susunduin niya kami. Pumunta si Kirsten sa airport, at lumapit kami sa kanila at ibinigay ang maliit na travel case na dinala namin para sa aso. Nang makita ni Kirsten ang maliit na Pomeranian, kaagad siyang umiyak. Tumigil ang lahat. Ang bawat tao sa paligid namin ay huminto at pinanood ang eksenang nasa harapan nila. Hindi nagtagal, dumami ang mga tao sa paligid namin habang umiiyak doon si Kirsten, na hawak ang maliit na puppy. Sinasabi ni Drenda sa kanilang lahat kung paano binigay ang puppy sa amin at kung paano nanampalataya si Kirsten sa Diyos para sa asong iyon.

Doon ko natuklasan at naisip na maaari ka pa lang magkaroon ng revival sa isang airport sa simpleng paghawak ng puppy sa iyong kamay. Nais ng mga tao makita ang puppy, at ang mga tao sa airport ay napapaluha na rin kasama ni Kirsten, pati ang mga TSA officers. Sa

puntong ito, naramdaman ko na tila masama akong ama. Nang makita ko ang ligaya na dinala ng puppy na ito sa aking anak at kung paano dinala ng Diyos ang asong iyon bilang resulta sa pananampalataya ng aking anak, nagtaka ako kung bakit ako kailanman tumutol sa isang bagay na napakahalaga para sa kanya. Si shakespeare, ang ipinangalan niya sa kanya, ay napaka kaibig-ibig. Naging ganap na bahagi siya ng aming pamilya. Bagaman siya ay malaya at independiyenteng maliit na puppy, sunod siya nang sunod kay Kirsten saanman siya pumunta umaga't gabi.

Bagaman ito ay nakakahipong kuwento, kailangan mong sagutin ang tanong na ito at ito talaga ang layunin ng aklat na ito. **Paano nagpakita ang aso na iyon?** Kailanman hindi pa ako inalokan ng aso dati. At paanong ito ang naging eksaktong aso na kinakalagan ng anak kong babae sa kanyang pananampalataya? Nagkataon lang ba ito? Hindi, malinaw na hindi. Ito ay isang direktang resulta ng Kaharian at ang mga batas na namamahala rito ang siyang nagpabunga nito sa buhay ng aking pamilya. Ito ay nagbunga tulad ng magiging bunga nito sa bawat pagkakataon para sa sinumang may pananampalataya at kakalagan ang awtoridad ng Kaharian dito sa lupa. Maaari nating kilalanin na ang Kaharian ng Diyos ang nagpabunga sa asong iyon. Ngunit paano ito nangyari? Ano ang mga batas na gumawa at kumilos upang ito ay maisakatuparan? Umaasa ako na habang nilalakbay natin ang aklat na ito, magkakaroon tayo ng malinaw na mga kasagutan na tutulong sa iyo malaman kung paano mo talagang tatamasahin ang Kaharian ng Diyos. Kung tutuusin, ikaw na ay mamamayan ng Kahariang iyon na may mga legal na karapatan at benepisyo! Ngunit una, hayaan mong bigyan muli kita ng isa pang halimbawa ng Kaharian mula sa aming buhay pamilya.

## KABANATA 4

# ANG MALAKING ISDA

Habang natutunan namin ni Drenda ang patungkol sa Kaharian ng Diyos at ang awtoridad na mayroon kami rito sa lupa, mas lalong nabuksan ang aming kaisipan na kami ang nagtatakda kung papaano kami mamumuhay. Naapektuhan ng Kaharian ng Diyos ang bawat aspeto ng aming buhay, subalit kami ang kakalag ng pagtustos na aming kinakailangan o ninanais sa aming buhay. Hindi ito kusang nangyari lamang. Gaya ng maliit na tuta ng anak naming babae, walang bagay na napakaliit o hindi mahalaga upang hindi mapailalim sa kapamahalaan ng Kaharian. Nang napagtanto namin iyon, wala talagang naging imposible o nasa labas ng posibilidad para sa amin. Sa halos buong buhay ko, hindi ko talaga naunawaan na binigay sa atin ng Diyos ang Kaharian, ang BUONG Kaharian upang ating matamasa ito. Kaya nakakatuwang makita ang Kaharian ay naapektuhan ang bawat larangan ng aming buhay, maging sa mga maliliit at hindi talagang mahahalagang mga larangan. Isang halimbawa nito ay naisasalarawan ng susunod na kuwento. Ang tawag ko rito ay ang kuwento ng malaking isda.

Nangyari ito nang ang aming pamilya ay nasa Alaska nagbabakasyon. Ang katotohanang nandoon kami ay isang pangarap lamang para sa akin. Lumipad kami patungo  ng Anchorage at umarkila ng isang RV para sa tatlong linggo at bumyahe sa malaking bahagi ng kanlurang baybayin. Napakaganda talaga nito! Isang araw habang kami ay nagmamaneho sa Kenai Peninsula, may napansin kaming malaking isda na nakasabit sa labas na rack ng isang charter boat o inuupahang bangka. Karamihan sa mga inuupahang bangka o charter boat ay kadadaong pa lamang; at sa buong daungan, ang mga malalaking isda ay nakasabit. Para sa akin, mukha silang malaking flounder na isda. Hindi

pa ako nakakita ng isdang halibut noon, at hindi ko alam kung ano sila, pero napakalaki nila. Namangha kami habang dumadaan sa bawat charter company, lahat ay nag-aalok ng isang araw ng pangingisda para sa mga isdang halibut. Biglang tumingin sa akin ang aking asawa at sinabi, "Gusto kong makahuli ng halibut, at gusto kong makahuli ng isa kasama ang kapitan na iyon doon." Itinuro niya ang isang karatula na nag-aanunsyo ng isang halibut fishing charter o inuupahang bangka para mangisda ng mga halibut, at ang Kristiyanong simbolo ng isda ay nasa karatula.

Una sa lahat, nagulat ako! "Gusto mong makahuli ng halibut?" Hindi pa niya kailanman ginusto ang mangisda noon. Pero nagpilit siya, kaya huminto kami at pumasok sa opisina. Abala ang mga tauhan sa opisina sa pakikitungo sa ibang mga kustomer, kaya tumingin muna kami sa paligid, binabasa ang mga bagay na nakapaskil sa bulletin board. Nakita namin ang isang anunsyo tungkol sa isang halibut derby na kasalukuyang nagaganap, ngunit malapit na ring matapos. Dahil hindi namin alam kung ano iyon, malamang na hindi mo rin alam iyon, kaya hayaan mong ipaliwanag ko. Ang Halibut Derby ay isang paligsahan kung saan ang sinumang makakahuli ng pinakamalaking halibut sa buwan na iyon mula sa lahat ng charter captains ang mananalo. Ang mananalo ay magkakaroon ng litrato sa dyaryo at makakatanggap ng tseke. Pinag-usapan namin ni Drenda ang pagsali sa Derby dahil lalabas at mangingisda rin naman talaga kami. Ilang dolyar lang ang bayad para makasali; at doon nagsimula ang lahat.

Si Drenda, ang aking malambing at mahinhing asawa, ay lumingon tungo sa akin at sinabing pinagpasyahan niya na ipapanalo niya ang derby upang ang negosyo ng kapitang ito ay magiging kilala dahil siya ay isang Kristyano at ang kaluwalhatian ay mapupunta sa Diyos. Kaya nung kami na ang magpapalista sa mesa, matapang na ipinahayag ni Drenda na siya ang mananalo sa Halibut Derby upang ang Diyos ang makakuha ng kaluwalhatian at ang kanilang negosyo ay makikilala dahil sila ay Kristiyanong negosyo. Siyempre, sa kapitan ng charter boat, maaari mong mawari ang kanyang iniisip. Siyempre, lahat ay may gustong manalo sa Halibut Derby, at tiyak akong maraming beses na niya itong narinig, kundi man sa karamihan ng mga turistang kanyang nilayag. Subalit, hindi ko natitiyak kung narinig niya na ang maraming mga taong nagpahayag na ipapanalo nila ito para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Hindi gaanong nagsalita ang kapitan tungkol sa sinabi ni Drenda patungkol sa Derby. Habang kami ay naglayag at nagsimulang mangisda, nakahuli kami ng mga halibut, at paulit-ulit na tinatanong ni Drenda ang kapitan, na siya ring may-ari nito, kung gaano kalaki ang halibut na kailangan upang manalo sa Derby. Sasabihin lang niya na kailangang mas malaki ito kaysa sa kahuhuli niya lang, na ito ay nag-uudyok kay Drenda na magtanong sa tuwing makakahuli siya ng isda. Kaya nang makahuli siya ng isang 40-pounder o apatnapung librang bigat na halibut, sinabi ng kapitan na hindi pa rin ito sapat. Nang makahuli siya ng 70-pounder o ng pitumpung libra na halibut, sinabi pa rin niya na hindi pa ito sapat. Siyempre, alam ng lahat kung gaano kasarap ang halibut, kaya plano naming ipadala pauwi ang mga nahuli namin. Hanggang dalawang isda kada tao ang maaaring iuwi, kaya itinabi na namin ang 70-pounder.

Papalapit na sa gabi at ngayon malapit na ang dapit-hapon. Ang aking anak na si Tom, ang anak na babae na si Polly at ako mismo ay nakahuli na ng tig-dalawang halibut namin. Ang aking dalawa pang anak, si Amy at si Tim ay kinailangang lumipad ng mas maaga upang dumalo ng isang kumperensya at hindi namin sila kasama. Si Drenda, siyempre, ay mayroon na ng kanyang 70-pounder, ngunit ni isa sa mga isdang nahuli namin ay hindi makakapanalo sa Derby. Subalit si Drenda ay may kumpyansa pa rin na makakahuli siya ng malaki. Habang papalapit ang dilim, sinabi ng kapitan sa aming lahat na itabi na ang aming mga pamingwit dahil oras na upang bumalik sa daungan. Hindi pinansin ni Drenda ang utos habang tinutulungan ng kapitan kaming lahat na iligpit ang aming mga kagamitan. Nakiusap siya para sa ilang minuto pa habang muli niyang ipinahayag na mahuhuli niya ang isdang mananalo sa Halibut Derby. Ang kapitan ay naghintay ng ilan pang mga minuto at sa wakas ay nagsimulang maglakad papunta sa kanya habang sinasabi, “Pasensya na, pero kailangan na talaga nating umalis.”

Bago pa man niya maabot ang pamingwit ni Drenda, biglang yumuko ito nang malakas. Maliwanag na malaki ang isda dahil yumuko ang pamingwit at nagsimulang umingay ang mga drag ng pamingwit. Itinaas ng kapitan ang pamingwit upang maramdaman kung gaano kalaki ang isda at sumang-ayon siya na malaki nga ito, ngunit sinabi niyang isa itong pating. Sinabi niyang alam niya ito sa paraan ng paghila

ng isda. Tumagal ng kaunting oras bago nakuha ni Drenda ang isda. Ginamit niya ang lahat ng kanyang lakas upang hatakin ang isda mula sa kailaliman, na nasa 300 talampakan pababa. Nang lumitaw ang isda sa ibabaw, kitang-kita ng lahat na ito nga ay isang napakalaking halibut, mas malaki pa kay Drenda mismo.

Habang hinihila ang isda papunta sa bangka, sinabi ng kapitan na masyadong malaki ang isda para basta lang tusukin at hilahin papasok sa bangka nang buhay pa dahil ito kakawag; at dahil sa laki nito, maaari itong makasakit ng tao o makasira sa bangka. Mayroon siyang espesyal na prod o panusok na dinisenyo para sa mga ganitong kalalaking isda. Ang prod ay may maliit na sumasabog na dulo, na kapag ipinindot sa ulo ng isda, ay sasabog at papatayin ang isda. Nang itulak ng kapitan ang prod sa ulo ng malaking isda at sumabog ang dulo nitong may paputok, umalog ang isda, kaya hindi tumama ang pagputok.

Sa tunog ng pagsabog, sumisid ang isda pababa nang buong lakas papunta muli sa kailaliman. Buong 300 talampakan ng linya ay nagamit habang mabilis na hinila ito ng isda pababa. Natatakot kami na baka hindi kakayanin ng linya ang isda o mabitawan ang pamingwit habang nagpupumiglas ito pababa. Kaya muling kinailangan ni Drenda na hilahin ang malaking isda pataas. Nahihirapan na siya dahil minsan na niyang napagtagumpayan ang paghila sa isda pataas; kaya niyakap ko siya, inilagay ang aking kamay kasama ng kanyang kamay sa reel ng pamingwit, at sabay naming dahan-dahang hinila muli ang isda sa ibabaw. Sa pagkakataong ito, nagawa na ng kapitang iakyat ito sa bangka kung saan kaming lahat ay namangha sa laki nito.

Dinala namin ang halibut sa town square kung saan may timbangan na kayang sukatin ito. Ang isda ay tumimbang ng 123 pounds at ito ay mas mahaba pa kaysa kay Drenda. Sinabi ng lalaking nagtimbang nito na sa mga oras na iyon, ito ang pinakamalaking isdang naipasok sa derby; ngunit mayroon pang dalawang linggo bago matapos ang paligsahan, kaya hindi pa namin alam kung mananalo ang isda o hindi. Ngunit tama nga, isang araw ay dumating ang isang tseke na nakapangalan kay Drenda at isang kopya ng artikulo sa dyaryo na may larawan niya. Lubos kaming natuwa.

Gumana muli ang Kaharian! At muli kong kailangan itanong ito, “Paano niya nahuli ang isdang iyon?” Sa buong panahon ng aming pagsasama, dalawang beses ko lang nakita si Drendang mangisda, at hindi talaga iyon ang kanyang hilig. Kaya, sa una pa lang, talagang

nagulat ako nang gusto niyang makahuli ng halibut. Ngunit mayroon siyang mga dahilan; nais niyang mahuli ang makakapanalo sa derby! At nagawa nga niya. Habang nagbabayad kami sa kapitan doon sa Alaska, nagkaroon kami ng pagkakataong ibahagi sa kanya ang tungkol sa Kaharian ng Diyos at kung paano namin nahuli ang isda na iyon. Bagamat hindi ito ang opisyal na nanalo nang mga oras na iyon, nang iniwan namin ang kapitan, sapat na kalaki ang isda upang makuha ang kanyang atensyon. At siyempre, ito nga ang nanalo.

Maaaring isipin mo na ang kuwento namin, o sabihin kong, ang kuwento ni Drenda ng malaking isda ay nagtatapos doon. Alam ko na iisipin lang ng mga tao ay sinwerte lamang siya, subalit paano kung dalawang beses ito nangyari? Mga limang taon ang nakalipas, inanyayahan namin ni Drenda ang isang kaibigang pastor na pumunta sa Alaska para mangisda ng salmon. Hindi pa kami nakabalik mula noong huling RV trip namin kasama ang aming pamilya at matagal na naming hinahanap ang pagkakataon na makabalik. Muli kaming umupa ng RV at nagplano na mangisda ng salmon dahil nasa kalagitnaan na ng sockeye run o ang panahon ng pagdagsa ng maraming sockeye salmon. Habang naghuhuli kami ng salmon, napag-usapan namin ang pangingisda ng halibut at ang isda ni Drenda. Hindi pa nakakapangisda ng halibut ang aming kaibigan, kaya sinabi namin, “Sige, puntahan natin.” Napagpasyahan namin na nais naming bumalik sa parehong lugar at sa parehong kapitan ng charter kung nasa pagnenegosyo pa rin siya.

Habang nagmamaneho kami papunta sa kinaroroonan niya noon, hindi na namin siya makita roon at naisip namin na baka kailangan na naming maghanap ng ibang kapitan. Ngunit bago iyon, naisipan naming tingnan sa Internet kung mahahanap namin ang pangalan niya, dahil hindi na namin matandaan ang pangalan ng kanyang bangka. Pagkatapos ng ilang paghahanap, nakahanap kami ng kopya ng artikulo sa dyaryo patungkol sa isda ni Drenda, kasama ang kanyang larawan limang taon nang nakalipas. Binanggit nito ang bangka at ang pangalan ng kumpanya, kaya sa isang mabilis na pagtawag sa telepono, nakausap namin siya at naisaayos ang mga kailangan ayusin. Nagpapatuloy pa rin ang kumpanya niya ngunit lumipat sila ng pagnenegosyo ng mga limang milya mula roon.

Nang pumasok kami sa lugar nila, ang babae sa desk, na asawa

ng kapitan at may-ari, ay tumingin at sinabi, "Ito na ang nanalo sa halibut derby!" Natuwa kami sa ilang minuto ng pag-uusap tungkol sa malaking halibut na nahuli noon at sa mga pangyayari sa nakalipas na limang taon. Sa panahong ito ng ekonomikong kahirapan, kaya hindi gaanong maganda ang takbo ng negosyo nila. Sinabi niya na hindi na gaanong naglalakbay ang mga tao at hindi na rin ginugol ang kanilang pera sa pangingisda tulad ng dati, at humihina na ang loob ng kanyang asawa. Binanggit namin sa kanya ang patungkol sa Kaharian, at sinabi niya na hindi interesado ang kanyang asawa sa paglingkod sa Diyos.

Nang sumasakay na kami sa bangka, naalala rin niya si Drenda at ang malaking isda. Lumapit si Drenda sa kanya at tinanong kung kumusta na ang pangingisda, at sinabi niya na karamihan sa kanilang nahuhuli ay maliit kumpara sa isa na nahuli niya noon para sa Derby. Pero sinabi niya na hindi naninirahan sa lugar nila ngayon ang mga malalaking isda dahil masyadong itong mababaw. Ipinaliwanag niya na ang dahilan kung bakit niya inilipat ang kanyang negosyo rito ay dahil sa lugar kung saan siya noon humuhuli ng isda, at kung saan nahuli ni Drenda ang nanalo sa Derby, ay mas malalim ngunit puno ng mga pating. Ninanakaw at kinakain ng mga pating ang mga pain nila bago ito makarating sa ibaba, at masyadong malaki na ang nasayang niya para sa pain at sa oras doon.

Kaya tinanong namin kung anong laki ang kanilang nahuhuli sa bagong lugar na ito, at sinabi niya na wala siyang nakitang isdang mas malaki sa 20 hanggang 30 libra sa loob ng isang buwan. Kaya tiningnan siya ni Drenda at sinabi, "Well, malaki ang mahuhuli ko ngayon, ang pinakamalaking isdang makikita mo sa loob ng ilang mga panahong lumipas, upang malaman mo na tapat ang Diyos." Pero simpleng tinawanan lang siya ng kapitan. Buong araw, mga isdang 20-pounder lang ang nahuhuli namin tulad ng sinabi ng kapitan, at buong araw, patuloy na nang-uuyam ang kapitan kay Drenda tungkol sa "malaking isda" na mahuhuli niya. Tulad lamang ng nangyari sa nakaraang lakbay namin.

Sa pagtatapos ng araw, sinabi sa amin ng kapitan na itabi na ang lahat ng mga pamingwit, at hindi siya pinansin ni Drenda, sinabing kailangan lang niya ng isa o dalawang minuto para mahuli ang malaking isda. Muli, naghintay ng isang minuto ang kapitan ngunit sinabi sa kanya na kailangan na niyang umalis. Nang sandaling iyon ay hinila

ang kanyang pamingwit, at sa madaling salita, nahuli niya ang isang isda na 70-pounder. Nagulat na naman ang kapitan.

Nang pumunta kami sa isang kainan matapos ng pangingisda, nakausap namin ang isang charter captain na kasabay naming kumakain doon. Nang marinig niya na nahuli ni Drenda ang isang isda na 70-pounder, hindi siya makapaniwala. "Saan kayo nangingisda; gaano kalalim?" Nais niyang malaman kung saan namin nahuli ang malaking isda. Matapos namin umalis sa restawran, balak naming dumaan ulit sa charter para pumirma at ipadala pauwi ang isda.

Bago namin iniwan ang charter captain, muli kaming nagkaroon ng pagkakataong magbahagi tungkol sa Kaharian ng Diyos. Tiningnan ko ang kapitan at sinabi, "Talagang kailangan mong matanto kung paano niya nahuli ang dalawang isda na iyon. Ang mga batas ng Kaharian ay gumagana rin para sa pera." Sa pagkakataong ito, nakuha namin ang kanyang atensyon, at kahit papaano naging interesado naman siya. Iniwan namin sa kanya ang aking aklat, *Fixing the Money Thing* at umalis na kami.

Ang dalawang isdang ito ba ay resulta ng pagkakataon o ito ba ay resulta ng batas ng Kaharian? Ikaw ang magpasya, pero nagpasya na kami ni Drenda noon pa man. Mula sa mga paglalakbay sa pangingisda, kalayaan mula sa utang, o sa pagpapagaling, ang aming mga karanasan sa Kaharian ng Diyos ay kapana-panabik at nakakapagbago ng buhay. Nararanasan din ng iba ang Kaharian. Narito ang isang liham mula sa isang babae na nakarinig ng kuwento ni Drenda.

> Kumusta Gary at Drenda!
>
> Naisip ko na pagkatapos kong mabasa ang inyong aklat kung saan nahuli ni Drenda ang halibut na nanalo ng derby, dapat ko rin ibahagi ang aking Kuwento sa Pangingisda sa inyo. Kamakailan lamang, nagbakasyon kaming buong pamilya sa Cocoa Beach/Cape Canaveral, Florida. Gusto ng aking asawa, si Robert, sumakay sa isang bangka para mangisda sa malalim na dagat at umaasang makahuli ng ilang isda para iuwi sa Colorado. Matagal na naming plinano ang paglalakbay na ito, kaya nang sabihin niya sa akin na gusto niyang pumunta sa pangingisda, sobrang excited ako at sinabi, "Tara na! At magtiwala tayo sa Diyos para sa magandang huli!" Nagtanong ako kay Bob kung anong klase ng isda ang makukuha namin sa Florida kung saan

kami mangingisda. Sa lahat ng mga isda na kanyang binanggit sa akin, pinili kong manalangin at maniwala para sa napakalaking red snapper.

Dumating ang araw, at naghihintay kami para sa aming mga tagubilin mula sa kapitan ng bangka at sa kanyang crew. Matagal ko nang ipinapahayag na mahuhuli ko na ang isang napakalaking red snapper, kaya lumakas lalo ang aking pananabik habang nagsasalita ang kapitan. Nadismaya ako nang marinig kong sinabi ng kapitan na, sa kasalukuyan, ang tanging mga isda na hindi namin maaaring dalhin pauwi ay ang bass, flounder, at red snapper! Ugh, inisip ko; ano pa ang silbi kung maniniwala ako para rito?

Hindi ko palalampasin ang pagkakataong ito na paganahin ang aking pananampalataya. Sabi ko, “Panginoon, ako na ay nananampalataya para sa isang malaking red snapper, at kung ganoon nga, huhulihin ko pa rin ang isang isdang ito at matapos mag-uuwi pa rin ng ibang klaseng isda!”

Kaya habang nasa bangka kami, lumapit ako sa aking 8-taong gulang na anak na babae, si Rachel, at sinabi, “Tandaan mo na maaari kang manalangin at maniwala sa Diyos na makakahuli ka ng isda ngayon. Naniniwala ka ba?” Ngumiti siya at tumango sa pagsang-ayon. Sinabi ko rin ang parehong mga salitang pang-suporta sa aking 21-taong gulang na anak na babae, si Jordan. Binigyan niya ako ng isang nagtatakang tingin ngunit sumang-ayon din pagkatapos. Tiningnan ko si Bob at sinabi, "Maniwala tayo para sa isang malaking huli!"

Lumipas ang ilang oras at wala pa ring kumagat sa aming mga tali na nanatili lamang doon. Ngunit biglang may kumagat sa tali ni Rachel at sobrang tuwang-tuwa siya. Tinawag niya ang kanyang ama upang tulungan siya. Ilang minuto pa, nakahuli sila ng isang Atlantic shark! Wow, nakuha ni Rachel ang konsepto ng pananampalataya! Kaya pinuri namin siya. Ang galing!

Natatandaan ko na nagsimula akong mag-isip na baka wala na akong mahuhuli, ngunit itinigil ko ang kaisipang iyon at ipinahayag na mayroon na akong isda. Umupo ako at nagpahinga at narinig kong sinabi ng Diyos, “Kung magpapahinga ka lang dyan at hayaang Ako ang magdala ng isda sa iyo, makukuha mo

ito." Alam ko na hindi ako isang magaling na mangingisda, kaya hindi ako maaaring umasa sa anumang sarili kong kakayahan. Umupo ako at huminga nang malalim nang may lubos na pagtitiwala sa Diyos at naghintay. Lumipas ang mga 20-30 minuto, nadama ko ang isang hila sa aking tali, inakala ko na sumabit lamang ito, ngunit isda na pala talaga ito.

Nagsimulang turuan ako ng aking asawa, at pagkatapos ay lumapit na rin ang kapitan upang turuan din ako. Sinabi niya habang hinahatak ko ang malaking isda na marahil ay mayroon akong isang napakalaking snapper sa dulo ng aking linya. Lubos akong nagulat na alam niya kung ano ito bago pa man niya makita ang isda! Tiyak nga, habang patuloy akong lumalaban at humihila, lumitaw na ang aking 20-pound na napakalaking red snapper! Nagpapasalamat ako sa Diyos nang may sobrang galak at tuwa. Alam ko na mayroon akong nakamtang tagumpay sa aking sistema ng pananampalataya. Patuloy ko lang na inaalala ang pagtitiwala ni Drenda at naisip na kaya ko ring magkaroon ng parehong pananampalataya at paniniwala. Matiyaga akong nagpatuloy at nagbunga nga ito.

Salamat sa inyong ministeryo at sa pagsusulat ng mga aklat, kasama na rito ang *The Faith Hunt*. Lubos akong nagpapasalamat sa Diyos at sa inyong ministeryo na tumulong sa akin na makaranas ng mas dakilang pagpapala. Inaabangan ko na ang hinaharap nang may higit pang pananampalataya at kasiyahan. Alam ko kung gaano nakapagministeryo ang karanasang ito sa aming pamilya!

Lubos na Sumasainyo,<br>
S.T.

KABANATA 5

# KANINONG PAGPAPAPASYA ITO?

Sa mga naunang kuwento, nakita natin na ang Kaharian ng Diyos ay lumikha sa lupang ito ng isang aso, isang isda, pera upang mabayaran ang pagreremata, nagdala ng pera para mabayaran ang mga kotse at mga bahay na kinailangan namin sa buhay, nailigtas ang buhay ng tatlong mga bata at marami pa. Lahat ng mga kuwentong ito ay nilikha ng Kaharian ng Diyos, o hayaan mong gawin ko itong mas personal, ang Kaharian ng ATING Diyos! Hindi dapat tayo mabigla sapagkat ang Kanyang Kaharian ay dakilang higit sa masusukat.

Sabi sa Ikalawang Pedro 1:3a:

> *Ipinagkaloob sa atin ng kanyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na kailangan sa buhay at pagiging maka-Diyos,*

Sa mga kuwentong ating nakita, nais kong itanong ang isang mahalagang katanungan, "Kaninong pagpapasya ito?" Ang ibig sabihin ko ay: Bigla na lang bang pinagpasyahan ng Diyos na ibigay ang asong iyon kay Kirsten, o ang isdang iyon sa aking asawa na si Drenda? Ang mga pagkakataong bang ito ay mga basta na lang na ginawa ng Diyos sa Kanyang makapangyarihang kalooban para sa amin? O mayroon pang ibang dahilan kung bakit nangyari ang mga bagay na ito? Palagay ko ang kasagutan ay ikagugulat ng maraming tao. Maging ako ay nagulat din dito.

Upang masagot ang katanungan, tingnan natin ang isang kuwento sa Bibliya mula sa Lucas 8.

*Habang paalis na si Jesus, nagigitgit siya ng mga tao. Isang babae roon ang labindalawang taon nang dinudugo. Nagugol na niya ang lahat ng kanyang kabuhayan sa manggagamot. Hindi na siya kayang pagalingin ninuman. Lumapit siya sa likuran ni Jesus at hinipo ang laylayan ng damit nito. Agad tumigil ang kanyang pagdurugo.*

*Sinabi ni Jesus, "Sino ang humipo sa akin?" Nang walang umaamin ay sinabi ni Pedro, "Panginoon, sinisiksik ka ng mga tao at napapalibutan." Ngunit sinabi pa rin ni Jesus, "May humipo sa akin sapagkat alam kong may lumabas na kapangyarihan sa akin."*

*Nang makita ng babae na hindi lingid ang kanyang ginawa, nanginginig itong lumapit at nagpatirapa sa paanan ni Jesus. Sinabi niya sa harap ng mga taong naroroon kung bakit niya hinawakan si Jesus at kung paanong gumaling siya agad.*

*Kaya sinabi ni Jesus sa babae, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Humayo kang panatag ang kalooban."*

—Lucas 8:42-48

Ang Bibliya ay malinaw na nagsabi na si Jesus ay sinisiksik sa bawat kabilaan at kahit si Pedro ay nagulat sa tanong ni Jesus na "Sino ang humipo sa akin?" Bilang spiritual scientist, gusto kong malaman, kailangan kong malaman, bakit ang babaeng ito ay gumaling at walang sinumang iba pa. Bakit ang pagpahid ay dumaloy sa kanya lang at hindi dumaloy sa lahat ng humihipo sa Kanya sa pagkakataong iyon? Ang sagot ay narito, ngunit bago ko sagutin ang tanong na iyan, hayaang magtanong pa ako ng isa pang tanong. Sinasadya ba ni Jesus ang magministeryo sa kanya? Ipinatong Niya ba ang Kanyang mga kamay sa kanya? Ang sagot ay hindi; ang katotohanan ay, hindi man lang alam ni Jesus na nandoon siya. Kaya kinailangan Niyang itanong kung sino ang humila ng pagpahid dahil hindi Niya siya nakita. Kaya kaninong pagpapasya ang gumaling siya nung araw na iyon?

Tanungin ko ito sa isa pang paraan. Pinili ba ng Diyos na pagalingin siya sa pagkakataong iyon o desisyon niya na makatanggap sa Diyos? Ito ay isang mahalagang tanong sa maraming mga tao na "hinihintay" ang Diyos na gumawa sa kanilang buhay. Naniniwala ako na ang katotohanang hindi batid ni Jesus na naroon siya ay nagpapatunay na pagpapasya niya na makatanggap at hindi pagpapasya ni Jesus na pagalingin siya.

Ngayon ito ay nagbubukas ng isang napakahalagang kapahayagan,

at ito iyon—Hindi pumipili ang Diyos nang basta basta lang na pagalingin ang isang tao at hindi naman sa isa. Binigay Niya na sa atin ang lahat ng access o kapangyarihan sa pagpapagaling sa pamamagitan ng ating legal na katayuan sa Kanyang Kaharian. Kaya ang katotohanan ay, tayo ang nagpapasya. Ngunit nais kong malaman, paano niya nagamit ang kapangyarihang ito? Paano niya "napagpasyahan" na tanggapin ito? Sinasabi sa atin ni Jesus kung paano niya nagamit ang kapamahalaan at kapangyarihan ng Kaharian. Sinabi niya, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Humayo kang panatag ang kalooban." Ang pangungusap na ito ay nagsasabi sa atin ng lahat ng kailangan nating malaman at nagbibigay sagot sa ating tanong kung bakit siya tumanggap at bakit walang ibang tumatanggap doon sa araw na iyon. Bilang mga spiritual scientists, simulan natin ang pagmasid nang mas malapit sa kuwentong ito at tingnan kung may maaari tayong makakuha na mga tanda kung bakit siya nakatanggap.

Una sa lahat, tinawag siya ni Jesus na "anak", ibig sabihin nito ay siya ay kabahagi ng bansa ng Israel. Mayroon siyang tipan sa Diyos. O maaari mong sabihin na mayroon siyang legalidad sa langit bilang mamamayan ng bansang Israel upang makatanggap mula sa Diyos. Ang katotohanang ito ay hindi lamang ang tanging dahilan kung bakit siya nakatanggap dahil ang lahat ng sumisiksik kay Jesus ay mayroon din nang parehong legalidad. Kailangang mayroong iba pang bagay na nagdulot ng pagdaloy ng kapangyarihan. Sinabi rin ito ni Jesus sa atin na may isa pang dahilan kung bakit siya tumanggap. Sa katunayan, sinabi ni Jesus na ito ang eksaktong dahilan kung bakit siya personal na tumanggap. Sinabi Niya na ang kanyang pananampalataya ang nagpagaling sa kanya.

Kaya ngayon alam na natin ang dahilan kung bakit siya nakatanggap. Una, legal na karapatan niyang tumanggap dahil siya ay anak ni Abraham; at pangalawa, ang kanyang pananampalataya ang nagsilbing switch na nagpadaloy ng kapangyarihan sa kanyang katawan sa mismong sandaling iyon. Ang katotohanang siya ay anak ni Abraham, nangangahulugang siya ay nasa ilalim ng tipan ng Diyos kay Abraham, ay maaaring ihalintulad sa kumpanya ng kuryente na nagbibigay ng kuryente at ang mga kable na pumapasok sa iyong tahanan. Ngunit hindi ibig sabihin nito na bukas na ang iyong mga ilaw. Kailangan mo ring buksan ang switch para sumindi ang mga ilaw. Kaya ngayon, kailangan nating alamin kung nasaan ang switch o kung

ano ang switch. Tinawag ito ni Jesus na kanyang pananampalataya, ngunit ano nga ba ang pananampalataya at paano ko ito bubuksan? Ito ay isang kritikal na tanong na kailangang masagot.

**Ano ang Pananampalataya?**

Ang pananampalataya ay isang salitang na madalas na lamang na binabanggit ng mga Kristyano, at ako ay kumbinsido na marami, kung hindi man, ang karamihan sa lahat, ay hindi alam kung ano ang pananampalataya, kung bakit ito kailangan, kung paano malaman kung sila ay nasa pananampalataya, at kung paano matagpuan ang pananampalataya. Kung ang pananampalataya ay ang switch na nagpagaling sa babaeng ito, kailangan nating tingnan nang malapitan ang pananampalataya! Makikita natin ang ating kahulugan ng pananampalataya sa Roma 4:18-21. Ngayon, alam ko ang iniisip mo, "Hindi, Gary. Ang Hebreo 11:1 ang ating kahulugan ng pananampalataya."

> *Ngayon, ang pananampalataya ay pagiging tiyak sa mga bagay na inaasahan at paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.*
>
> —Hebreo 11:1

Oo, ito ang tradisyonal na kasagutan, ngunit kung titingnan mo ang kasulatan, sinasabi sa atin ng Hebreo 11:1 ang mga benepisyo ng pananampalataya, hindi kung ano talaga ang pananampalataya. Naniniwala ako na ang ating kasulatan sa Roma ay magbibigay ng napakalinaw na larawan kung ano talaga ang pananampalataya.

> *Sa kabila ng kawalan ng pag-asa, umasa si Abraham na siya›y magiging ama ng maraming bansa sapagkat sinabi sa kanya, "Magiging gayon karami ang iyong lahi." Hindi nanghina ang kanyang pananampalataya, sa kabila ng katotohanang maituturing na patay na noon ang kanyang katawan, palibhasa'y halos isandaang taon na siya, at baog pa ang kanyang asawang si Sarah. Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang pinatatag ng kanyang pananampalataya habang niluluwalhati niya ang Diyos. <u>Lubos na nagtiwala</u> si Abraham na kayang tuparin ng Diyos ang kanyang ipinangako.*
>
> —Roma 4:18-21

Unawain natin ang tagpo ng kuwentong ito. Si Abraham at si Sarah ay hindi na maaaring magkaanak. Hindi ko sinasabi na nahihirapan silang makabuo ng bata, at dapat lang na sumubok nang sumubok. Ibig sabihin ko ay sila ay halos 100 taong gulang na, at wala na talaga. Hindi na kaya ng kanilang katawan magkaroon ng anak; ito ay imposible! Subalit nangako ang Diyos ng anak kahit na sa natural ay ito ay lubos nang imposible. Sinasabi ng Bibliya na si Abraham ay lubos na nagtiwala na ang Diyos ay mayroong kapangyarihan na gawin ang Kanyang sinabi, sa kabila ng mga natural na katotohanan na nagsasabi ng ibang kuwento. Ito ngayon ang ating kahulugan ng pananampalataya: "Lubos na nagtitiwala at umaayon na ang Diyos ay may kapangyarihan na gawin ang Kanyang ipinangako." Ganito ko ito sinasabi: **Ang pagiging sang-ayon sa Langit**, hindi lamang sa isip kundi lubos na nagtitiwala, ang ating mga puso ay payapa at lubos na kumbinsido sa sinabi ng Diyos, sa kabila ng ibang sinasabi ng pisikal o natural na mundo.

**"NGAYON, ANG PANANAMPALATAYA AY ANG KATIYAKAN SA MGA BAGAY NA INAASAHAN, ANG PANININDIGAN SA MGA BAGAY NA HINDI NAKIKITA."**

**— HEBREO 11:1**

## Ang Ating Kahulugan ng Pananampalataya:

Ang pananampalataya ay ang lubos na tiwala at pagsang-ayon sa sinabi ng Diyos! Ito ay ang ating puso at isipan na sumasang-ayon sa langit, ang ating mga puso na lubos na nagtitiwala, nang may kumpyansa, at payapa.

## Bakit Kailangan ng Pananampalataya?

Bakit hindi na lang pagalingin ng Diyos ang lahat ng tao sa ospital kung gusto Niya? Bakit hindi Niya itigil ang mga digmaan? Bakit hindi Siya magpadala ng mga anghel para ipangaral ang Ebanghelyo sa atin? Sigurado akong narinig mo na ang lahat ng mga tanong na ito dati. Ang sagot ay hindi Niya maaaring gawin iyon. Hindi dahil wala Siyang kakayahan, kundi dahil wala Siyang hurisdiksyon o awtoridad upang

gawin iyon. "Gary, sinasabi mo ba na hindi magagawa ng Diyos ang kahit ano na gusto Niya?" Alam kong tila kakaiba ito sa iyo ngayon, ngunit tingnan natin ang Bibliya upang mahanap ang sagot dito.

> *Ngunit may nagpatunay sa isang dako, na sinasabi,*
> *"Ano ang tao upang siya'y iyong alalahanin?O ang anak ng tao upang siya'y iyong kalingain? Siya'y ginawa mong mababa kaysa mga anghel nang sandaling panahon; siya'y pinutungan mo ng kaluwalhatian at ng karangalan, at siya'y inilagay mo sa ibabaw ng mga gawa ng iyong mga kamay. Ipinasakop mo ang lahat ng bagay sa kanyang mga paanan."*
> *Nang masakop niya ang bawat bagay, wala siyang iniwan na hindi niya nasasakop. Ngunit ngayon ay hindi pa natin nakikitang nasasakop niya ang lahat ng mga bagay,*
>
> —Hebreo 2:6-8

Makikita natin mula sa kasulatang ito na ibinigay ng Diyos sa tao ang kumpletong legal na hurisdiksyon sa buong lupa nang siya ay inilagay dito. Walang bagay na wala sa ilalim ng kanyang hurisdiksyon. Pinamunuan niya ang dakong ito nang may ganap na hurisdiksyon at awtoridad. Ang kanyang kakayahang mamuno na may awtoridad ay sinusuportahan ng pamahalaang naglagay sa kanya rito. Sa katunayan, siya ay namuno na may ipinagkaloob na awtoridad ng Kaharian ng Diyos. Isinuot niya ang korona ng pamahalaang iyon, na kumakatawan sa kaluwalhatian ng Diyos, ang pagpapahid, at ang posisyon ng karangalan na kanyang taglay.

Upang magkaroon ng magandang larawan kung ano ito, isipin ang hari sa mundong ito. Bagaman siya ay isang likas na tao at walang tunay na kapangyarihan sa kanyang likas na pagkatao, siya ay nagsusuot ng korona na nagpapahiwatig na siya ay kumakatawan hindi lamang sa kanyang sarili kundi pati na rin sa isang buong kaharian at pamahalaan. Ang kanyang mga salita ay may awtoridad dahil sinusuportahan ito ng lahat ng kapangyarihan at likas na yaman ng pamahalaan at kaharian na kanyang kinakatawan.

Kung iisipin mo ang isang sheriff o pulis na nagdidirekta ng trapiko, siya ay magpapahinto ng isang malaking truck na may utos na, "Tumigil ka sa ngalan ng batas." Oo, ang truck ay mas malaki kaysa sa tao, at ang tao, sa kanyang sarili, ay walang laban sa truck, ngunit

ang truck ay hihinto. Humihinto ito hindi dahil sa tao kundi dahil sa badge, na kumakatawan sa isang pamahalaan, na suot ng tao. Sa pagkakataong ito, ang pamahalaan ay mas malaki kaysa sa taong may suot ng badge. Para sa driver ng truck, wala siyang pagkatakot sa tao, ngunit may pagkatakot siya sa pamahalaan na kinakatawan ng taong ito, na nagiging dahilan upang huminto ang truck. Ganito rin dito. Si Adan ay namuno sa lahat ng nilikha sa lupa. Ang kapangyarihan at kapamahalaan ng Diyos, na kinakatawan ng korona ng kaluwalhatian at karangalan, ay nagbigay sa tao ng katiyakan na ang kanyang mga salita ay namumuno sa ngalan ng Kaharian ng Diyos.

Mahalagang tandaan na nung nawala ni Adan ang kanyang kakayahang mamahala sa lupa sa paggawa ng pagtataksil laban sa pamahalaan ng Diyos, nawala niya ang kanyang korona. Ang lupa ay nadungisan at nabago. Pumasok ang kamatayan sa lupa, at ngayon si Satanas ay mayroong legal na awtoridad at impluwensya sa kalakaran ng mga tao. Mahalagang maunawaan mo na ang tao pa rin ay ang legal na tagapamahala ng lupa, gaya nang itinakda ng Diyos para sa kanya, ngunit wala na siyang awtoridad o kapamahalaang mamuno sa espirituwal gaya ng dati. Subalit, kahit sa kanyang nahulog na kalalagayan, siya pa rin ang namumuno sa lupa. Oo, wala na siyang korona ng pamahalaan ng Diyos na tutulong sa kanya. Wala na siyang kapamahalaan na mamuno nang may kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos; nawala niya na ang kanyang posisyon ng karangalan. Ngunit siya pa rin ang tanging legal na pintuan sa lupa. Kaya kailangang gamitin ng Diyos ang mga taong puspos ng Espiritu upang maisakatuparan ang Kanyang kalooban sa buhay ng mga tao. Sa ganitong paraan din, ginagamit ni Satanas ang mga taong puspos ng demonyo upang maapektuhan ang lupa tungo sa kanyang plano sa sangkatauhan. Ang prinsipyong ito ng hurisdiksyon sa lupa ay mahalaga sa iyong pangunawa ng batas sa Kaharian, at kapag naunawaan mo na ito, masasagot nito ang marami mong magiging katanungan sa hinaharap kung bakit nangyayari ang mga bagay-bagay, o bakit nangyari o hindi nangyari ang ibang mga bagay sa espirituwal.

Maaari mong sabihin, "Ngunit akala ko pag-aari ng Diyos ang mundo at ang lahat ng nasa roon?" Tama, sa Kanya nga. Inaasahan ko na ang halimbawang ito ay makakatulong sa iyo upang maunawaan kung ano ang aking sinasabi. Kung pinaupahan ko ang isang bahay na pag-aari ko sa iyo, bagaman legal na akin ang bahay, legal kong

isinusuko ang karapatan kong basta na lamang na pumunta kung kailan ko gusto doon. May isang linya sa karamihan ng mga paupahan na nagsasaad kung kailan maaaring legal na pumasok ang mga may-ari ng bahay sa inuupahan—halimbawa, upang harapin ang isang emergency o gawin ang mga pag-aayos—at ang dami ng abiso na kailangan. Kung susubukan kong pumasok sa bahay sa labas ng kasunduan na ito, ito ay ituturing na pagpapasok o pagnanakaw, kahit pa na pag-aari ko ang property. Kung nilabag ko ang batas na nakasaad sa paupahan, maaari akong legal na piliting umalis sa lugar kahit pag-aari ko ito. Ito ay nagpapakita kung bakit kailangan ni Satanas na dumaan kay Adan upang makapasok sa dako ng lupa. Tanging si Adan ang may susi! Kailangan ni Satanas na dumaan sa pintuan at si Adan ang tanging paraan. Kung susubukan ni Satanas na umikot kay Adan, siya ay legal na mapipilitan lumabas.

**KAYA KAILANGANG GAMITIN NG DIYOS ANG ANG MGA TAONG PUSPOS NG Espiritu UPANG MAISAKATUPARAN ANG KANYANG KALOOBAN SA BUHAY NG MGA TAO.**

> *Dinala siya ng diyablo sa mataas na lugar at sa isang saglit ay ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa sanlibutan. Sinabi sa kanya ng diyablo, "Ibibigay ko sa iyo ang karapatan sa lahat ng ito at ang kaluwalhatian nila sapagkat ipinagkaloob na ito sa akin. Maibibigay ko ito kanino ko man ibigin. Kaya't kung sasambahin mo ako, magiging iyo na ang lahat ng ito."*
>
> —Lucas 4:5-7

Makikita mo sa talatang ito na sinasabi ni Satanas ang awtoridad o karapatan at kaluwalhatian (kayamanan) ng mga kaharian ng sangkatauhan ay ipinagkaloob sa kanya. Sino ang nagbigay sa kanya ng karapatan? Siya na mayroon nito noon, si Adan! Kaya hindi lamang bastang papasok ang Diyos nang hindi Siya dadaan sa legal na daanan. Kung gagawin Niya ang gayon, sasabihin ni Satanas na madaya ito. Hindi, dadaan ang Diyos sa parehong pintuan na ginamit ni Satanas upang dalhin ang kanyang pamahalaan at awtoridad sa mundo, at ito ay ang tao. Subalit may tao bang naging gayon?

*Ngayon, sinabi ng Panginoon kay Abram, "Lisanin mo ang iyong bansa, ang mga kamag-anak mo, at kahit ang sambahayan ng iyong ama, at pumunta ka sa lugar na ipapakita ko sa iyo. Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo.*

—Genesis 12:1-3

Si Abraham ay tinawag na ama ng ating pananampalataya dahil siya ang lalaking nagbukas ng pintuan ng lupa para sa Diyos kung saan ang lahat ng mga bansa sa lupa ay pagpapalain. Siyempre, kapag sinasabi ng talatang ito ang mga bansa ay pagpapalain, tinutukoy nito si Jesu-Cristo, na siyang magbubukas ng daan upang ang kapamahalaan ng Diyos ay magkakaroon muli ng legal na access o daanan sa lupa sa pamamagitan ng pananampalataya ni Abraham. Ang pananampalataya ni Abraham ay ang nagbukas na legal na pintuan para sa langit, na ginawa ng Diyos na permanenteng nakabukas sa paggawa ng isang legal na usapan o tipan kay Abraham at sa kanyang mga binhi o tagapagmana.

Narito ang aking pagsasaalang-alang. Ang pamahalaan ng kalangitan ay makakapasok lamang sa lupa sa pamamagitan ng isang lalaki o babae sa lupa sapagkat sila ay may legal na hurisdiksyon dito. Ang ganitong legalidad ay maaaring maipatupad lamang kung ang isang lalaki o babae ay lubos na nagtitiwala at umaayon sa kanilang puso sa sinasabi ng Diyos (pananampalataya).

Isa pang paraan upang sabihin ito ay ang kalangitan ay maaari lamang na legal na makaapekto sa isang lalaki o babae sa lupa kung kanilang nanaisin at piliin ang sumailalim sa paghahari at awtoridad ng Diyos. Ito ay ang parehong prinsipyo na ginamit ni Satanas upang makapasok sa mundo, ginamit niya si Adan para gawin ito. Nilinlang niya si Adan na hindi mapagkakatiwalaan ang Diyos at pinilit ang puso ni Adan na hindi ito magkasundo sa Diyos. Bilang resulta, pinili ni Adan na paniwalaan si Satanas at tanggihan ang awtoridad ng Diyos.

Ito ang parehong prinsipyo na gagamitin ngayon ng Diyos upang ibalik ang Kanyang pamahalaan at awtoridad sa lupa sa pamamagitan ni Abraham. Naniniwala si Abraham sa Diyos at itinuturing ng

Diyos ang kanyang kasunduan bilang katuwiran, na nagpapahiwatig na naroon ang kinakailangang legal na kasunduan. Ang kasunduang ito ng parehong mga partido, ang Diyos at si Abraham, ay nagbigay-daan sa Diyos na maglagay ng legal na kontrata (isang tipan) na nagtitiyak ng access ng langit sa lupa, NGUNIT mahalagang tandaan na ang kasunduang ito ay nakaaapekto lamang kay Abraham at sa kanyang mga tagapagmana. Isang palatandaan ng tipan na ito ay ibinigay sa lahat ng mga tagapagmana ni Abraham, ito ay ang pagtutuli. Ang pagtutuli ay ang pagputol ng balat sa ulo ng ari ng lalaki. Habang itinatanim ng isang lalaki ang kanyang binhi sa isang babae, ang kanyang binhi ay dapat dumaan sa tinuli na ari, na nagsasaad kay Satanas at sa ama at inang nagbunga na ang bata ay nasa harapan ng langit bilang isang tagapagmana ng kasunduan na itinakda ng Diyos at ni Abraham.

**"KAYA ANG PANANAMPALATAYA AY NANGGAGALING SA PAKIKINIG, AT ANG NARIRINIG AY SA PAMAMAGITAN NG PANGANGARAL NG SALITA NI CRISTO."**

**– ROMA 10:17**

Gayunpaman, gaya ng ating nabasa noon, bawat lalaki o babae, bagaman mayroong kasunduang legal na maaari sa kanila, ay kailangan pa rin nilang tuparin ang legal na requirement na ang kanilang sariling puso ay lubos na nagtitiwala at umaayon sa sinasabi ng Diyos upang tunay na makinabang sa personal na mga benepisyo ng kasunduan na ginawa ng Diyos at ni Abraham. Sa makatuwid ay, ang tipan ay naglagay ng mga kable sa kanilang bahay, ngunit kailangan pa rin nilang buksan ang switch sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsasagawa ng Salita ng Diyos nang personal.

Ngayon alam na natin kung ano ang pananampalataya at bakit ito ay legal na kinakailangan. Ngayon ay mahalaga na malaman natin kung paano magkaroon ng pananampalataya at kung paano malaman kung tayo ay nasa pananampalataya.

### Paano Tayo Magkaroon Ng Pananampalataya?

Ito ang isang clue: Hindi ka maaaring manalangin na magkaroon ng pananampalataya. Nagulat ka? Sabi ko na.

> *Kaya ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, at ang naririnig ay sa pamamagitan ng pangangaral ng salita ni Cristo.*
>
> —Roma 10:17

Paanong nagmumula ang pananampalataya sa pakikinig ng Salita ng Diyos? Iyon lamang ba iyon? Ano ang proseso? Ang pakikinig lamang ba ng Salita ang Kailangan upang magkaroon ng pananampalataya sa espiritu ng tao? Upang maunawaan paano nagmumula ang pananampalataya at ano ang tinutukoy ng Roma 10:17, maaari nating tingnan ang Marcos kabanatang 4. Kung ihahagis mo ang iyong Bibliya sa hangin, karaniwan ay magbubukas ito sa Marcos kabanatang 4; ganoon ito kahalaga! Sabi ni Jesus sa Marcos 4:13 na kung hindi mo mauunawaan ang itinuturo Niya sa kabanatang iyon, hindi mo mauunawaan ang iba pang mga talinghaga sa Bibliya. Masasabi ko na ito ay napakahalaga!

Bakit mahalaga ang kabanatang ito? Dahil sinasabi sa atin nito kung papaano nakikisalamuha ang langit sa lupa, paano ito nagkakaroon ng legalidad, at kung saan ito nagaganap. Wala nang mas mahalaga sa buhay mo kaysa sa malaman kung ano ang tinutukoy ng buong kabanatang ito. "Paano kumikilos ang Kaharian ng Diyos?" ay maaaring itanong mo. Basahin mo ang Marcos kabanatang 4! Sa kabanatang ito, ikinwento ni Jesus ang tatlong talinghaga kung papaano nabubuo ang pananampalataya sa espiritu ng tao, na gaya ng alam mo na ngayon ay isang requirement ng langit upang legal na masakop ng langit ang lupa.

Ang tatlong kuwento sa kabanatang ito ay ang talinghaga ng manghahasik, ang talinghaga ng lalaking naghasik ng binhi, at ang kuwento ng binhi ng mustasa.

Magsimula tayo sa pagtingin sa ikalawang kuwento ni Jesus sa Marcos kabanatang 4, ang kuwento ng taong naghasik ng binhi.

> *Sinabi pa ni Jesus, "Ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: May isang taong naghasik ng binhi sa lupa. Natutulog siya at gumigising sa araw at gabi, sumisibol pa rin at lumalaki ang binhi nang hindi niya namamalayan kung paano. Ang lupa sa kanyang sarili ang nagpapasibol sa halaman, una ang usbong, saka ang uhay, pagkatapos ay ang uhay na hitik sa butil. Kapag hinog na ang bunga, magsusugo agad ang magsasaka ng gagapas sapagkat panahon na ng pag-aani."*
>
> —Marcos 4:26-29

Bago natin simulang talakayin ang talatang ito, atin munang bigyang kahulugan ang ating mga termino. Ano ang binhi na tinutukoy ni Jesus, at ano ang lupa? Binigyang kahulugan ni Jesus ang mga terminong iyon sa naunang talinghaga ng manghahasik sa parehong kabanata. Ang binhi ay ang Salita ng Diyos, at ang lupa ay ang puso ng tao o ang espiritu ng tao. Kaya sa talinghagang ito, sa paggamit ng mga kahulugan ni Jesus sa dalawang salitang ito, masasabi natin na sinasabi ni Jesus na ang tao ay ang naghahasik ng Salita ng Diyos sa kanyang sariling puso. Kaya nang mag-isa, ang lupa o ang puso ng tao ay nagkakaroon ang pananampalataya (pakikisang-ayon sa langit) sa lupa.

Bago ako magpatuloy, mahalaga na maalala mo ang ating kahulugan ng pananampalataya: ang puso ng isang lalake o babae na talagang nagtitiwala at umaayon sa sinasabi ng langit. Ang talatang ito ay nagsasabi na kahit hindi alam ng tao kung papaano gumagana ang proseso, ang Salitang itinanim sa kanyang puso ay mag-isa nitong magsisimulang tumubo at bumuo ng pagsang-ayon. Mangyayari ito kung siya man ay natutulog o gising; hindi mahalaga, patuloy ang proseso. Habang iniingatan ng tao ang Salita sa kanyang puso, ang kanyang puso ay dahan-dahang sasang-ayon sa sinasabi ng langit, at ang pananampalataya ay mabubuo.

Ang ating kasulatan dito sa Marcos kabanatang 4 ay nagsasabi sa atin na ang puso ay nagbubuo ng pagsang-ayon sa pamamagitan ng isang proseso. Ang kuwento ay nagsasabi sa atin na kapag sinimulan nating tanggapin ang Salita sa ating puso, nagsisimulang mabuo ang pananampalataya. Inihalintulad ni Jesus ang bahaging ito ng paglago sa pagsibol ng binhi. Ang sumibol na binhi ay tutubo at lalaki hanggang ito ay maging stalk o usbong. Sa wakas, mamumuo ang head o ang uhay sa usbong subalit maging sa bahaging ito ay wala pa ring bunga, wala pa ang pagsang-ayon, at wala pang pagbabago sa natural o sa pisikal na lupa. Pagkatapos, sinabi ni Jesus na ang proseso ay magpapatuloy hanggang ang uhay ay lalago at magkakaroon na ng mga hitik na binhi sa uhay, matured seed. Kapag dumating na ang proseso doon, kapag ang malagong binhi ay nasa uhay na, ang pagsang-ayon ay naroon na, at ang pananampalataya ay naroon na, na magpapahintulot sa isang lalaki o babae na anihin sa mundong pisikal ang itinanim ng langit sa puso ng tao.

Ngayon, makinig nang mabuti. Balikan natin kung ano talaga ang

nangyari. Ang langit ay naghahasik ng Salita ng Diyos sa lupa, sa puso ng isang lalaki o babae kung saan kinakailangan ang pagsang-ayon. Sa panahong iyon, ang puso ng tao ay hindi pa umaayon sa langit, ngunit, nang mag-isa nito, nagsisimula ang isang proseso sa puso na nagdadala rito sa pagkakasundo sa kung ano ang inihasik. Gumamit si Jesus ng isang mahusay na ilustrasyon upang ipakita sa atin ang prosesong ito. Inihahambing Niya ang prosesong ito sa isang magsasaka na naghahasik ng binhi at kung paano tumutubo ang halaman, binibigyan tayo ni Jesus ng larawan kung ano ang itsura ng pananampalataya. Sa natural na dako, kapag ang binhi sa uhay ay hinog na, ito ay magmumukhang **EKSAKTONG** tulad ng binhi na inihasik sa lupa. Ulitin ko iyon.

**Kapag ang binhi sa uhay ng halaman ay hinog na, ito ay magmumukhang eksatong—EKSAKTONG—tulad ng binhi na inihasik sa lupa.**

Maghasik ka ng binhi ng mais, at ang hinog na binhi sa mais ay magiging katulad sa binhi na iyong inihasik. Magkapareho sila, magkamukha, at magkatulad ang lasa. Hindi mo masasabing magkaiba ang dalawa; magkapareho sila.

Kaya hayaan niyong isalaysay ko ang sinasabi ni Jesus. Kapag narinig natin ang Salita ng Diyos (Roma 10:17), tayo ay naghahasik ng Salita ng Diyos sa ating espiritu, sa ating mga puso. Kung pananatilihin natin ang Salitang iyon sa ating mga puso, ito ay lalago; at kapag ito ay hinog na, ang mga larawan sa ating puso (ang dako ng lupa) ay tutugma sa sinasabi ng langit. Sa ibang salita, kapag itinanim mo ang isang pangako mula sa langit sa iyong puso, ito ay unti-unting magbubunga ng pagtitiwala sa sinabi ng Diyos. Sa huli, ang iyong puso ay magiging lubos na nagtitiwala at umaayon sa sinasabi ng langit at magkakaroon ng pagsang-ayon. Halimbawa, kung ikaw ay nakakaranas ng karamdaman, ang iyong katawan ay nagsasabi sa iyo na ikaw ay may sakit. Habang itinatanim mo ang Salita ng Diyos na nagsasabing binayaran na ng Diyos ang halaga para sa iyong kagalingan sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus, unti-unting makukumbinsi ang iyong puso sa sinasabi ng Diyos.

Kapag ang salitang iyon ay ganap na lumago sa iyong puso, ang pagtitiwala na ikaw ay magaling na ay nagiging **iyong** pinaniniwalaan at sinasabi. Hindi mo na lamang inuulit ang sinasabi ng langit. Ang iyong puso ay matibay nang naniniwala. Kapag sinabi mong, "Ako ay

magaling na," hindi na ito isang pormula na inuulit mo; sa halip, ito ay ang iyong pinaniniwalaan at alam na katotohanan. Ang sinasabi ng langit ay naging sariling pananaw mo na sa realidad.

Kaya sinasabi ng Hebreo 11:1:

> *Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.*

Mayroong angat-kalikasang katiyakan sa sinasabi ng langit kapag naroon ang pananampalataya, subalit mayroon pang isang hakbang sa proseso.

Ngayon kailangan na ng tao gamitin ang kanyang panggapas upang umani, upang dalhin sa kanyang aktwal na kalalagayan, ang katiyakan sa kanyang puso.

> *Kapag hinog na ang bunga, **magsusugo agad ang magsasaka ng gagapas** sapagkat panahon na ng pag-aani."*
>
> —Marcos 4:29

Pansinin mo na kahit ang puso ay sumasang-ayon na sa langit at ang realidad ng langit ay naging realidad na ng lalake o ng babae, wala pa ring tunay na pagbabagong nangyari sa pisikal na mundo. Dahil ang tao ay ang siyang may natural na hurisdiksyon dito sa lupa, siya ang nararapat na kakalag ng awtoridad o kapamahalaan ng langit dito sa lupang ito. Hindi maaaring gawin ito ng Diyos nang wala ang lalake o babae. Maipapakita ko ito sa isang pamilyar na talatang ating tinalakay noong una.

> *Sapagkat sumasampalataya ang tao sa pamamagitan ng puso tungo sa pagiging **matuwid** at **nagpapahayag** sa pamamagitan ng bibig tungo sa kaligtasan.*
>
> —Roma 10:10

Kapag ang puso ng tao ay naniniwala sa Salita, nagbubunga ito ng pananampalataya, at siya ay nagiging matuwid o justified. Ang justified o nagiging matuwid ay isang legal na termino o salita na nangangahulugang ang pagpapatupad ng batas. Kaya kapag ang puso ng tao ay nasa pagsang-ayon sa langit, at ang kanyang puso ay lubos na nagtitiwala at umaayon sa sinasabi ng langit, siya ay justified, nagiging

matuwid. Ngayon, legal na ang langit na dumaloy sa kanyang buhay, dumaloy sa lupa. Ngunit ang pagiging matuwid lamang ay hindi kumakalag sa kapangyarihan ng Diyos. Tulad ng bahay na may kuryente mula sa mga planta ng kuryente, mayroon pang isang hakbang—ang pindutin ang switch upang dumaloy ang kapangyarihan, at sumindi ang mga ilaw. Bakit? Dahil tulad ng sinasabi ng Roma 10:10, may isa pang hakbang pagkatapos ng pagiging matuwid.

Ang isang matuwid lalaki o babae na nakatayo sa harap ng langit at lupa ay kailangan nang magpahayag o kumilos ayon sa kasunduang iyon upang tunay na kalagan ang kapangyarihan at pagpahid ng Diyos sa lupa. Basahin muli ang kasulatang iyon, nang paulit-ulit, hanggang sa ganap mong maunawaan ang sinasabi ko. Ganito ito gumagana! Ganito nakakamit ng langit ang legalidad sa lupa, ang puso ang nagsisilbing daanan ng langit sa lupa, at ang ating mga salita at kilos ang mga switch na kumakalag ng kapangyarihan ng langit. Bigyang-pansin muli ang pangalawang bahagi ng talatang iyon: Tayo ang dapat kakalag ng kapamahalaan ng langit dito.

Una nating makikita na itinuro ni Jesus ang konsepto na ang langit ay naghihintay na ang isang lalake o babae na, una sa lahat, magbigay ng legalidad, at ikalawa, ng hurisdiksyon sa lupang ito, sa Mateo 16 at Mateo 18.

> *Tinitiyak ko sa inyo, na anumang inyong talian sa lupa ay natalian na sa langit; at anumang inyong kalagan sa lupa ay nakalagan na sa langit.*
>
> —Mateo 18:18

Sinabi ni Jesus na ibibigay Niya sa iglesya ang mga susi (awtoridad) ng Kaharian ng langit sa lupa. Sinabi Niya na anumang inyong talian sa lupa ay susuportahan ng langit, at anumang inyong kalagan sa lupa, susuportahan din ng langit. Isipin muli ang isang pulis; siya ang may awtoridad, ngunit ang gobyerno ang may kapangyarihan. Ang pulis ang may hawak ng susi o awtoridad ng gobyerno, dahil siya ay nanumpa na maging ahente ng gobyernong iyon. Ang kanyang sinasabi ay susuportahan ng gobyerno. Tandaan, tanging ang isang lalaki o babae lamang ang may legal na hurisdiksyon dito, kaya tanging isang lalaki o babae lamang ang makapagbibigay ng legal na hurisdiksyon sa langit

dito sa lupa.

May isa pang mahalagang punto na kailangan mong malaman tungkol sa pananampalataya. Hayaan mong tukuyin ko ang ating talata sa Marcos kabanatang 4 muli.

> ***Ang lupa*** *sa kanyang sarili* ***ang nagpapasibol sa halaman****, una ang usbong, saka ang uhay, pagkatapos ay ang uhay na hitik sa butil.*
>
> —Marcos 4:28

Tandaan, binigyang kahulugan ni Jesus ang lupa na tinukoy sa talinghagang ito bilang ang puso ng tao o ang espiritu ng tao, gaya ng nabanggit ko kanina. Pansinin kung saan nabubuo ang pananampalataya? Hindi ito produkto ng langit, gaya ng pinaniniwalaan ng mga tao, kundi ito ay produkto rito sa lupa at ito ay produkto ng iyong puso. Hindi mo maaaring ipanalangin ito o hingin ito sa Diyos. Hindi kailangan ng pananampalataya sa langit. Hindi natin kakailanganin ng pagsang-ayon sa langit. Hindi, ito ay kailangan lamang dito sa lupa, at ito ay mangyayari lamang sa mga puso ng mga kalalakihan at kababaihan dito sa lupa. Tulad ng itinuturo ng talinghaga sa Marcos 4, mayroong isang paraan lamang upang makuha ito: sa paglalagay ng Salita ng Diyos sa iyong puso at pagpapakilos sa proseso ng pagsang-ayon. Kaya kung nangangailangan ako ng pananampalataya, ano ang gagawin ko? Ihahasik ko ang Salita ng Diyos sa aking puso at pahihintulutan ko itong lumago hanggang sa magkaroon ng pananampalataya. Iyan lamang ang paraan kung paano ito makuha.

Bago ko iwanan ang Marcos 4, nais kong pagusapan muli ang panggapas na tinukoy doon.

> *Kapag hinog na ang bunga,* ***magsusugo agad ang magsasaka ng gagapas*** *sapagkat panahon na ng pag-aani."*
>
> —Marcos 4:29

Naniniwala ako na karamihan sa dako ng mga iglesya ay hindi naturuan kung paano gamitin ang panggapas, nangangahulugang hindi sila naturuan kung papaano anihin ang kanilang pangangailangan. Ang iglesya, sa pangkalahatan, ay naturuan kung paano magbigay ngunit hindi kung paano alagaan at umani mula sa binhi na kanilang inihasik.

Tiyak na tiyak si Jesus sa talatang ito, na sinasabi na kapag maaari nang anihin ang ating pananampalataya, TAYO mismo ang gagapas nito. Kahit na maayos tayong naghasik ng ating binhi sa pananampalataya, kung hindi natin alam kung paano isagawa ang paggagapas, walang anihang magaganap. Totoong wala akong alam tungkol dito hanggang sa pasimulan akong turuan ng Panginoon kung paano kumikilos ang Kaharian. Payagan ninyo akong magbigay ng ilang halimbawa kung ano ang itsura nito.

Inanyayahan akong magsalita sa isang simbahan sa Atlanta. Ito ay isang gawain sa Miyerkules ng gabi at ang simbahan ay hindi ganoon kalaki, ngunit iyon ay ayos lamang sa akin. Gustung-gusto kong ituro sa mga tao ang patungkol sa Kaharian. Nang ako ay dumating sa simbahan, nanibago ako na ang mga pintuan ay sarado at walang tao roon. Sampung minuto na lamang at magsisimula na ang gawain. May narinig akong napakaingay na truck sa likuran ko; tila ang tunog nito ay parang wala itong muffler. Nang ako ay lumingon, nakita ko ang isang luma at sira sirang pickup truck na pumarada sa likod ng kalsada ng simbahan. Hindi ko na inisip pa ang tungkol dito sapagkat ako nga naman ay nasa downtown Atlanta. Nang ako ay naghihintay, ang isang lalaki ay lumapit sa akin mula sa likod ng gusali at ipinakilala ang kanyang sarili bilang ang pastor. Humingi siya ng paumanhin na siya ay nahuli, dahil ayaw umandar ng kanyang lumang truck. Sinabi niya sa akin na kinailangan niyang pinatakbo nang pababa sa kalsada upang mapa-andar ang truck, at kapag may kaunting bilis na, itataas niya na ang clutch dahil ayaw gumana ng starter. Sinabi niya ng maraming pagkakataon na hindi na ito gumagana talaga, at kinakailangan niyang maglakad ng limang milya tungo sa simbahan.

**GANITO NAKAKAMIT NG LANGIT ANG LEGALIDAD SA LUPA, ANG PUSO ANG NAGSISILBING DAANAN NG LANGIT SA LUPA, AT ANG ATING MGA SALITA AT KILOS ANG MGA SWITCH NA KUMAKALAG NG KAPANGYARIHAN NG LANGIT.**

Habang patuloy niyang sinasabi sa akin ang tungkol sa kanyang simbahan, sinabi niya sa akin na bagaman siya ang pastor ng simbahan,

ang pangunahing tungkulin ng simbahan ay ang pagpapakain sa mga taong naghihirap sa buhay. Nagpakain sila ng mahigit 10,000 pagkain kada buwan sa lugar na iyon. Habang nagsasalita ang pastor, nababalisa ako. Narito ang isang tao ng Diyos na nagpapakain ng 10,000 katao sa isang buwan, at wala man lang siyang maaasahang sasakyan? Siya ang tanging larawan ng Diyos na makikita ng marami sa mga taong pinapakain niya. Kung makita nila na naghihirap na siya, na kailangang maglakad papuntang simbahan ng limang milya sa isang 100-degree na araw ng tag-araw, anong tiwala ang mayroon sila na matutulungan sila ng Diyos? Kaya kong gawan ng paraan iyon. Mayroon akong medyo bago pang kotse na may 20,000 milya sa bahay na maaari kong ibigay sa kanya. Sinabi ko sa kanya ang aking plano at ipapadala ko ang isa sa aking mga tauhan sa Atlanta kasama ang kotse. Siya, siyempre, ay nagalak. Ginugol ko ang gabing iyon sa pagtuturo sa kanya at sa kanyang maliit na iglesya tungkol sa Kaharian ng Diyos at kung paano ito gumagana kaugnay ng pera.

Pag-uwi ko, inayos ko ang sasakyan na maihatid na ito sa Atlanta. Nang dumating ang aking tauhan sa aking bahay upang kunin ang sasakyan, alam kong gumagawa ako ng espirituwal na transaksyon sa langit. Alam ko na habang pinapakawalan ko ang sasakyang iyon sa Kaharian ng Diyos, maniniwala ako sa Diyos para sa isang sasakyan na kakailanganin ko rin. Hindi ako car person, ibig sabihin hindi talaga ako mahilig sa kotse. Ang ilang mga tao ay ganoon, ngunit hindi ako ganoon. Ang isang kotse ay isang kasangkapan lamang para sa akin. Gusto kong magkaroon ng magandang kotse siyempre, ngunit kadalasan ay nagmamaneho ako hanggang sa punto na kailangan na itong palitan.

Nang dumating ang aking tauhan, lumabas ako sa aking garahe, at ipinatong ko ang aking mga kamay sa sasakyang iyon at sinabing, "Ama, kinakalagan ko ang sasakyang ito sa gawain ng iyong ministeryo, at habang kinakalagan ko ang sasakyang ito, tinatanggap ko ang isang sasakyan…." Nag-alinlangan ako. Alam ko kung gaano katiyak ang Kaharian ng Diyos, at alam ko na ang salitang "sasakyan" lamang ay hindi sapat. Alam ko rin na kailangan kong maging tiyak at na kami ni Drenda ay kailangang nagkakasundo patungkol sa mga partikular na bagay ng aming mga natanggap. Habang ako ay nakatayo roon sa kalagitnaan ng pagsasalita. Akin ring natanto na wala akong ideya sa

kung anong klaseng kotse ang nais ko. Kaya inulit ako, "Panginoon, aking kinakalagan ang sasakyang ito sa iyong ministeryo at naniniwala ako na makakatanggap ako ng sasakayang maganda habang ako ay naghahasik, pero babalikan na lang Kita sa kung anong model at uri kapag nalaman ko na ang iyon." Iyon na iyon; wala na ang kotse. Wala naman talaga akong iniisip na kotse na masasabi kong, "Oo, gusto ko IYAN mismo,"

Mga ilang buwan ang lumipas. Syempre, si Drenda ay kasundo ko sa pagbigay ng kotse na iyon at tulad ko wala siyang naiisip sa kung anong gusto niyang kotse. Sa sumunod na dalawang buwan nag-uusap kami patungkol sa mga kotse at sinabi niya isang araw, "Alam mo, sa tingin ko ay magiging masaya ako sa pagkakaroon ng isang convertible." Sinabi ko na sang-ayon ako at sinabi ko rin na iniisip ko na masaya nga kung ganoon, subalit anong uri? Muli, hindi namin alam kung anong klaseng mga convertible ang mayroon. Subalit habang kami ay nagmamaneho para kumain ng agahan, sinabi ng asawa ko bigla, "Iyon na iyon!" "Ano iyon?" sabi ko. "Iyon na!" sabi niya habang nakaturo sa kabilang banda ng parking lot ng kainang pinaradahan namin. "Ano iyon?" sabi ko. "Iyon ang kotse, Iyon ang kotse na gusto ko!" At nakita ko ang isang napakagila-gilalas na convertible na nasa parking lot. "Tingnan natin kung anong model ito," sabi ko. Kaya kami ay nagmaneho tungo sa kotseng iyon at huminto sa likod nito.

Kaya naman pala, hindi kataka-taka na nagustuhan namin ito. Ito ay isang BMW 645Ci, isang napakagandang convertible, at napakamahal din nito. Sa totoo lang, nung nakita ko ang anyo ng kotseng iyon, inisip ko, "Okay, Panginoon, ipahayag Mo kung anong gagawin namin." Alam ko na hindi ako magbabayad ng $115,000 para sa isang bagong BMW, ngunit alam ko rin na kayang gumawa ng Diyos ng mga dakilang bagay. Wala kaming sinabihan ni Drenda tungkol sa kotse o binanggit man sa iba na naghahanap kami ng kotse.

Mga dalawang linggo ang lumipas, tumawag sa amin ang kapatid ni Drenda at sinabi, "Nakita ko na ang kotse ni Drenda!" "Anong ibig mong sabihin na nakita mo na ang kotse ni Drenda?" tanong ko. Sinabi niya, "Nakita ko itong kotse na ibinebenta, at bigla na lang akong nakaramdam na ito ang kotse na dapat kay Drenda; at dapat kong sabihin sa inyo ang tungkol dito." "Anong klaseng kotse iyon?" tanong ko. "Ito ay isang BMW 645Ci, at ito ay perpektong kondisyon; Talagang perpekto pa. Ilang taon pa lamang ito, mababa ang mileage,

at wala itong ni isang gasgas. Ito ay perpekto. Bukod pa roon, kilala mo ang taong nagbebenta nito." "Talaga?" tanong ko. "Oo," sabi niya; "dapat mo siyang tawagan tungkol dito." Aba, nang sinabi niya sa akin ang gawa at model ng kotse, alam ko na iyon ang eksaktong kotse na gusto naming dalawa ni Drenda ilang linggo lang ang nakalipas, alam ko na may ginagawa ang Diyos.

Tinawagan ko ang may-ari ng kotse. Oo, kilala ko nga siya, at nag-usap kami ng kaunti tungkol sa kotse. Sinabi niya kung gaano kaganda ang kondisyon ng kotse. At pagkatapos ay sinabi niya ang mga salitang ito sa akin. "Alam mo, mula nang magkausap tayo tungkol sa kotse na ito, talagang nararamdaman kong ito dapat ang kotse ni Drenda." Hindi ko pa man nababanggit sa kanya na tinitingnan ko ang kotse para kay Drenda. Nagpatuloy ang lalaki at sinabi, "Ganito na lang, ibebenta ko ito sa iyo sa halagang $28,000." Halos hindi ako makapaniwala sa naririnig ko. Mas mahal pa ang totoong halaga ng kotse na iyon kaysa roon. Nang sinabi ko kay Drenda ang tungkol dito, tuwang-tuwa siya, sa madaling salita. Binayaran namin ng cash ang kotse at hanggang ngayon ay nasa amin pa rin ito. Ito pa rin ay tumatakbo at mukhang maganda. Wala pa rin itong gasgas, at ilang beses na kami nag maneho nito nang nakababa ang bubong, nagpapatugtog sa stereo, at na ang sinag ng araw nagbibigay-buhay sa isang nakakapagod na araw.

Ang paborito naming paglakbay ay ang pagmamaneho ng kamangha-manghang convertible na iyon sa kabundukan ng Colorado kasama ang aming mga gamit sa camping sa trunk. Kasama namin sa biyahe na iyon ang aming anak na si Kirsten, at natatandaan ko na nagmamaneho kami sa Kansas sa I-70 sa gabi nang nakababa ang bubong. Nakahiga si Kirsten sa likod at natutulog habang nagmamaneho ako. Napakaliwanag ng mga bituin sa itaas namin, at halos walang ibang sasakyan sa daan maliban sa ilang truck. Isa iyon sa perpektong mga gabi kung saan tamang-tama ang hangin at ang lahat ay kahanga-hangang tingnan sa mundo. Ginugol namin ang susunod na dalawang linggo sa pagmamaneho sa Rockies, at nalaman ko kung gaano kaganda ang pagmaneho sa kotse na iyon. Isang salita lang ang maaaring maglarawan dito—Awesome!

Pero narito ang tanong na pang-isang-milyong-dolyares. Paano nga ba dumating ang kotse na iyon? Bakit eksaktong iyon ang kotse na sinabi ni Drenda, "Iyan na iyon!"? Alam ko na ang Kaharian ng Diyos

ang nagdala ng kotse na iyon sa buhay namin. Alam ko na noong inihasik ko ang kotse na iyon sa pastor, ipinapatupad ko ang espirituwal na batas. Natatandaan ko na sinabi ko na tatanggap ako ng kapalit na kotse, hindi SUV, hindi jeep, isang kotse; natatandaan ko na sinabi kong magandang kotse. Ngunit kinailangan namin ni Drenda gapasin ito. Hindi darating ang kotse na iyon hanggat hindi namin sinabi ang, "Iyan na iyon!" Kahit na nasa pananampalataya ako noong inihasik ko ang kotse, hindi pa namin naipatupad ang paggapas hanggang sinabi ni Drenda, "Iyan na iyon."

May isa pang insidente na nagpakita ng prinsipyong ito sa mas mataas na antas. Tulad ng alam ninyo, mahilig akong mangaso. Nakatira ako sa lugar na maganda para sa pangangaso, at pinalad akong magkaroon ng sarili kong lupain para rito. Sa aking 60 ektaryang lupa, may mga 19 ektarya ng hardwood o lupaing maraming puno at mga 10 ektarya ng marsh o latian. Taun-taon akong matagumpay na nangangaso ng usa at iskuwirel (squirrel). Palaging may mga bibe at gansa na lumilipad sa paligid, pero sa kung anumang dahilan, hindi ko talaga naisip na mangaso ng mga ganito. Oo, minsan o dalawang beses sa loob ng mga taon, pumupunta kami ng mga anak ko sa latian at humuhuli ng ilang gansa para sa hapunan. Pero hindi talaga kami seryosong nangaso ng mga bibe.

Mga ilang taong nakalipas, habang pinapanood ko ang mga dose-dosenang mga bibe ang dumating sa latian, naisip kong sumubok na mangaso ng mga bibe. Wow! Nakakapanabik ito! Nabighani ako. Sa pangangaso ng mga bibe noong tag-lagas na iyon, nalaman ko na kailangan ko pala nang seryosong pagsasanay sa pamamaril ng mga bibe. May mga ilan akong mga nahuli at nalaman ko na napakasarap pala nila kainin. Napansin ko na maraming beses ang mga bibe ay nasa labas o nasa dulo ng hangganan na maabot ng aking shotgun, na aking pinaniniwalaan ay umambag sa ilan sa aking mga pumalyang mga tira. Nang ako ay gumagamit ng aking regular, all around shotgun na ginagamit ko para sa lahat mula sa mga kuneho hanggang sa usa, isang Remington model 11-87. Huwag kang mamali ng unawa, mahal ko ang baril na ito at ito ay napakagandang baril. Subalit narinig ko na mayroong mga bagong modelo ng mga baril na ginawa para lang sa pangangaso ng mga bibe. Ang mga ito ay mayroong camouflage at may kakayahang magkarga ng tatlo't kalahating pulgadang mga bala, na

alam ko ay makakatulong para sa mga malalayong pamamaril. Pinlano kong tingnan ang mga isa rito bago magsimula ang sumunod na duck season.

Tapos na ang duck season, at ngayon ay Enero na at ako ay naglalakad sa Cabela's at naisip ko na dadaan ako sa lugar ng mga shotgun upang makita ang mga itsura ng mga baril doon. Nang ako ay naglalakad tungo sa mga shotgun, nakita ko na may lugar sila roon na para sa mga shotgun na para lamang sa pangangaso ng mga bibe o pato. Tiningnan ko ang ilan sa mga ito, at naisip kong bumili ng isa, subalit ito ay $2000 at may ilang mga buwan pa bago ang duck season. "Maghihintay ako." Inisip ko sa sarili ko. Subalit gumawa ako ng isang bagay na kakaiba habang ako ay paalis na. Hindi ko talaga napansin ang ginagawa ko ito noong ginawa ko ito. Ginawa ko lamang ito ng hindi nag-iisip. Itinuro ko ang shotgun na gusto ko at sinabi ko ng malakas, "Inaangkin ko ang baril na iyan, sa pangalan ni Jesus." Muli, hindi ko na ito masyado pinag-isipan. Gumagawa lamang ako ng deklarasyon na maangkin ko ang baril na iyon. Ang aking puso ay mayroong malinaw na litrato ng baril na gusto ko.

**...GUSTO LAMANG NG DIYOS NA MAIPAKITA NG MAHAL NIYA AKO. PINAKITA NIYA NA MAHAL NIYA AKO NUNG PINADALA NIYA SI JESUS PARA SA AKIN AT BINIGAY SA AKIN ANG KAHARIAN!**

Ako ay inaanyayahang magsalita sa isang kumperensya ng mga negosyante mga ilang linggong lumipas, at may nangyari na nakatawag ng aking pansin. Pagkatapos ko magsalita, ang may-ari ng kumpanya ay lumapit at sinabing nais nila akong abutan ng regalo bilang pasasalamat sa aking pagpunta. Sabi niya, "Alam naming mahilig kang mangaso, kaya binili namin itong shotgun para sa iyo." Nagulat ako nang inilabas nila ang isang bagong-bago na Benelli, semi-automatic duck gun, ang mismong baril na nakita ko sa store, na aking itinuro! Nakikita mo ba ito? Paano nagpakita ang mismong baril na ito? Dose-dosena nang mga baril ang aking mga naipamigay sa loob ng maraming mga taon, subalit hindi ko inani ito. Sa ibang salita, inihasik ko ang mga baril na iyon sa pananampalataya at sa pagiging mapagbigay, ngunit ni minsan hindi ko man lang ito inani. Hindi ko ni minsang sinabi, "Panginoon, Iyan

na! Iyan ang gusto ko." Subalit nang ginawa ko ito, doon nagpakita ang pag-aani.

Aking ipinahayag ang kuwento ng baril sa isang kaibigan kong kapwa ministro. Sabi niya, "Oo, siguro minsan ginagawa ng Diyos iyan paminsan-minsan. Kanyang pagpapalain ka sa pamamagitan ng mga maliit na espesyal na regalo upang sabihin sa iyo na mahal Ka niya." Habang iniisip ko ang sinabi niya, natanto ko, "Hindi, hindi iyan tama. Oo, mahal ako ng Diyos, subalit hindi lamang Niya ako sinorpresa ng isang maliit na regalo." Yung aso, isda, yung usa na dumating sa tamang panahon, ang mga kotse, hindi iyon dumating dahil gusto lamang ng Diyos na maipakita na mahal Niya ako. Pinakita Niya na mahal Niya ako nang ipinadala Niya si Jesus para sa akin at binigay sa akin ang Kaharian!

Nais kong magbahagi ng isa pang kuwento tungkol sa pag-ani. Gaya nang sinabi ko, hindi ako mahilig sa kotse. Minamaneho namin ang mga ito hanggang kailangan ng mapalitan ang mga ito. Isang halimbawa ay ang aming walong taong gulang na Honda Pilot. Gusto namin ang kotseng iyon, kagamit-gamit ito, maganda ang takbo, mukhang bago at kaya ito ay aming ginagamit. Pero minsan naiisip namin na bumili ng mas malaking SUV para kargahin ang mga pasahero at mga bisita. Ilang mga panahong lumipas, umarkila kami ng isang Cadillac Escalade para sa isa sa mga event na aming isingawa sa Now Center, at minaneho namin ni Drenda ito. Nagustuhan namin ito. Nagustuhan namin ang pearl white na kulay nito, at mas ginusto namin ang mas maikling version nito na minamaneho namin kumpara sa mas mahabang version ng Escalade. Sabi namin, "Ito ang gusto namin, isang Cadillac Escalade, pearl white na kulay, at sa mas maikling version nito. Kailangan naming bumili ng isa sa mga ito." Abala ang buhay at kaya wala kami talagang panahon upang tumingin-tingin at pag-isipang makabili nito.

Mga isang buwan ang lumipas, kakalabas ko lang ng pinto ng aming bahay at kinuha ko ang aking diyaryo sa harap, nang biglang tumunog ang aking cellphone. Isang lalaki ang nagsabi, "Pastor, gusto kitang bilhan ng Cadillac Escalade; anong kulay ang gusto mo?" Nabigla ako at sinabi, "Wow, napakaganda naman niyan. Gustong-gusto namin ni Drenda ang pearl white." "Sige," sabi niya, "hahanapin ko kung ano ang makikita ko." Sa aking kasiyahan, nakalimutan kong sabihin sa kanya na mas gusto namin ang mas maikling version. Ang intensyon

niya ay makahanap ng isa o dalawang taong gulang pa lamang, nasa perpektong kondisyon, at may mababang mileage.

Makalipas ang isang buwan, wala kaming narinig mula sa lalaking iyon hanggang sa tumawag siya at sinabi, "Nakuha ko na ang Escalade ninyo; magkita tayo sa ganitong oras at lugar, at maaari na ninyong iuwi." Kaya nagkita kami, at doon niya ipinakita ang pearl white na Escalade na mas maikling version. Napakaganda nito! "Pasensya na at natagalan bago ako nakatawag sa inyo," sabi niya. "Talagang sinubukan kong hanapin ang mas malaking version, pero sobrang taas ng demand nito kaya walang available. Ang nahanap ko lang ay itong mas maikli na version. Sana ayos lang ito." Sana ayos lang ito? Iyon talaga ang gusto namin at eksaktong iyon ang sinabi namin!

Muli, tinatanong ko: Paano nagpakita ang eksaktong Escalade na gusto namin? Una sa lahat, nagbigay na ako ng walong kotse bukod pa sa kotse na ibinigay ko sa pastor na nabanggit ko kanina. Ngunit hindi ko pa kailanman sinabi, "Ito na iyon!" sa isang kotse, hanggang sa ginawa iyon ni Drenda sa BMW. Muli, nagkasundo kami ni Drenda at sinabi nang malakas, "Ito na iyon!" Paulit-ulit kong sinasabi na mahusay ang mga iglesya sa pagtuturo tungkol sa pagbibigay ngunit kulang sila sa pagtuturo kung paano umani. Kaya, maaari mo bang sabihin kung ano ang panggapas batay sa mga naunang kuwento? Sana ay malinaw! Nagbigay ako ng maraming kotse sa pananampalataya para sa kapalit, ngunit hindi pa kami ni Drenda kailanman nagkasundo para sa bagong kotse. Muli, matagal naming ginamit ang aming mga kotse. Ngunit sa sandaling sinabi namin," Ito na iyon!" saka ito nagpakita. Ang panggapas ay ang ating mga salita!

> *Ang kamatayan at ang buhay ay nasa kapangyarihan ng dila; at ang umiibig sa kanya ay kakain ng kanyang mga bunga.*
>
> —Kawikaan 18:21

May panahon na tila marami sa mga iglesya ang nagtuturo tungkol sa ating pagpapahayag o confession. Nakasama ko na ang ilang mga tao, at maaaring ikaw din, na sasabihin ang isang bagay at pagkatapos ay tatakpan ang kanilang bibig at sasabihing, "Kailangan kong bantayan ang aking mga ipinapahayag." Ito ay tila isang mabuting tungkulin, at sumasang-ayon ako na makakatulong ito na panatilihing ang Salita sa iyong puso. Gayunpaman, ang pagbabantay sa iyong pahayag ay wala

talagang kinalaman sa panggapas. Ano? Pero akala ko sinabi mo kanina na ang panggapas ay ang ating mga salita. Oo, iyon nga ang sinabi ko, ngunit ang pagiging bihasa lamang sa pormula ng pagsasalita ng tamang bagay ay hindi sapat na susi sa sarili lamang nito.

> *Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang sinumang **magsabi** sa bundok na ito, 'Mabunot ka at mapatapon ka sa dagat,' at hindi nag-aalinlangan sa kanyang puso, kundi **naniniwala** na mangyayari ang **kanyang sinabi**, ay mangyayari nga iyon sa kanya.*
>
> —Marcos 11:23

Muli, ang panggapas sa Marcos kabanata 4 ay ang iyong mga salita! Nang dumating na ang Marcos kabanata 4 sa paksa ng panggapas, nauna nang tinalakay ang proseso ng pananampalataya at kung paano ito makukuha. Sinasabi na kapag ang binhi ay hinog na, gagapasin mo na dahil dumating na ang anihan. Dumating ang anihan dahil ikaw ay nasa pananampalataya, sumasang-ayon sa langit sa iyong puso. Ang nasabing talata sa Marcos 11 ay nagpapatibay sa parehong prinsipyo. Ang iyong puso ay sumasampalataya sa Salita, pagkatapos ay iyong sinasalita at kinakalagan ang awtoridad ng langit. Ngunit pansinin ang parirala, "*naniniwala na mangyayari ang kanyang sinabi*." Ang pagsubok ng pananampalataya ay kung naniniwala ka sa iyong sinasabi. Ang simpleng pagsasabi o pagpapahayag ng Salita ng Diyos ay hindi pananampalataya lamang sa sarili nito. Maliban kung ang iyong puso ay sumasang-ayon sa langit, maaari kang magpahayag hanggang sa mamutla ang iyong mukha at wala pa ring mangyayari. Kaya dapat ba nating bantayan ang ating pagpapahayag o ang ating puso?

**NGAYON, ANG PANANAMPALATAYA AY ANG KATIYAKAN SA MGA BAGAY NA INAASAHAN, ANG PANININDIGAN SA MGA BAGAY NA HINDI NAKIKITA.**

**– HEBREO 11:1**

> *Ang mabuting tao mula sa mabuting kayamanan ng kanyang puso ay nagbubunga ng kabutihan. At ang masamang tao mula*

> *sa masamang kayamanan ay nagbubunga ng kasamaan. Sapagkat mula sa kasaganaan ng puso ay nagsasalita ang kanyang bibig.*
>
> —Lucas 6:45

> *Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap; Sapagka't dinadaluyan ng buhay, Ihiwalay mo sa iyo ang masamang bibig, At ang mga suwail na labi ay ilayo mo sa iyo.*
>
> —Kawikaan 4:23-24

Malinaw na nakikita natin na ang ating sinasabi ay nagmumula sa ating puso at sa mga paniniwala nito. Sa pamamagitan ng pagsubaybay sa proseso sa Marcos kabanata 4, nalalaman natin kung paano tunay na baguhin ang paniniwala ng ating puso at dalhin ito sa pagkakasundo sa langit at sa pananampalataya. Sa gayon kapag tayo ay lubos na nagtitiwala at umaayon, ginagapas na natin ang ani sa pamamagitan ng ating mga salita at kilos. Nakuha mo? Mabuti, magpatuloy tayo.

Habang ating tinutuloy ang ating talakayan sa pananampalataya, nais kong itanong ang isang bagay na kailangang masagutan mo.

**Paano Ko Malalaman Kung Ako Talaga Ay Nasa Pananampalataya?**

Iyan ay isang napakagandang tanong at isang **dapat** mong malaman dahil hindi mo maaaring ipanalangin ang panalanging may pananampalataya nang hindi kauna-unahang nasa pananampalataya. Maraming paraan upang malaman kung nasa pananampalataya ka o hindi, maraming sintomas na dapat mong malaman at hanapin. Maaari kang gumawa ng maraming masamang desisyon na batay sa takot kapag wala ka sa pananampalataya. Ang mga desisyong batay sa takot ay laging nagpapahirap sa iyo sa sumpa ng lupa at magiging sanhi ng pagkawala mo sa mga bagay na nais ng Diyos para sa iyo. Kaya ano ang ebidensya ng pagiging nasa pananampalataya? Ang unang palatandaan ay madali; maaari mong balikan ang ating kahulugan ng pananampalataya at maunawaan na ang lubos na pagtitiwala sa iyong puso ay tunay na susi. Ngunit madalas na iniisip natin na tayo ay lubos ng nagtitiwala ngunit sa katotohanan ay sumasang-ayon lamang sa ating mga isipan sa Salita at hindi sa ating mga puso. Kailangan mong malaman ang pagkakaiba. Kapag ikaw ay lubos na nagtitiwala, mayroon siyempreng, isang pagsang-ayon sa isipan sa kung ano ang

sinasabi ng Salita ngunit mayroon ding isang kaalaman ng pagiging tiyak, isang kumpyansa na nagdudulot ng kapayapaan at asahan.

> *Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.*
>
> —Hebreo 11:1

Kapag may ebidensya kang mayroon kang isang bagay, kailangan mo pa bang tiyakin na mayroon ka nga nito? Siyempre, hindi. Muli, kapag ikaw ay nasa pananampalataya, mayroong isang pagkaalam, isang kapayapaan, at isang kumpyansa na mayroon ka ng anuman ang sinasabi ng Salita ng Diyos, kahit na hindi mo pa ito nakikita. Maraming tao ang nagsasabi nito sa ganitong paraan: "Alam ko na alam ko na alam ko na alam ko na mayroon ako nito." Ang pagkaalam na ito ay mula sa loob at hindi batay sa kung ano ang sinasabi ng mga kalagayan sa paligid mo. Ito ay nasa iyong espiritu o puso. Wala na ang takot, wala nang nangungulit na mga kaisipan ng pagaalala na gumugulo sa iyong isipan; alam mong ito ay tapos na.

Ang isa pang aspeto ng pagiging nasa pananampalataya ay ang kagalakan at mayroong inaasahan. Narito na ang sagot mo. Mayroon ka nito! Ang pananampalataya ay higit sa isang pakiramdam ng kapayapaan o kumpyansa, bagaman magkakaroon ka nito. Dapat kaya mo ring ipagtanggol ang iyong posisyon sa espirituwal. Kapag sinabi ko iyan, isipin mo ang isang hukuman at ikaw bilang abogado na sumusuri sa saksi. Bakit mo pinaniniwalaan ang iyong posisyon tungkol sa iyong sitwasyon? Paano mo ipagtatanggol ang iyong posisyon? Mayroong iisang sagot lamang, ang Salita ng Diyos.

Halimbawa, kung may dumating sa iyong bahay at sinabing, "Hoy, lumabas ka sa bahay ko," sasabihin mo ba, "Ay, paumanhin; bigyan mo kami ng isang araw, at lalabas na rin kami"? Hindi, hindi mo gagawin iyon; marahil ay tatawa ka. Kung sabihin ng taong iyon ay, "Hindi, ito ang bahay ko; lumabas ka o magkikita tayo sa hukuman," ang iyong sagot ay, "Magagalak akong magkita tayo sa hukuman!" Sa hearing o paglilitis, nang mahinahon mong ipapakita sa hukom ang iyong titulo ng pag-aari. Titingin lamang siya rito at aarestuhin ang taong iyon dahil sa panggigipit at ipagbabayad sa kanya ang lahat ng gastos sa hukuman. Ang iyong kumpyansa ay itinatag hindi batay sa iyong nararamdaman at emosyon, kundi sa batas at sa katotohanang na legal mong pag-aari ang bahay.

Pagdating sa pagiging nasa pananampalataya, madalas kong napapansin na ang mga tao na hindi nauunawaan kung ano ang pananampalataya ay madaling nalilito sa pamamagitan ng paglalagay ng kanilang kumpyansa sa kanilang mga gawa kaysa sa kanilang tanging pinagmumulan ng pananampalataya, na ang Salita ng Diyos lamang. Madaling malito ang aksyon o formula ng pagkilos batay sa Salita ng Diyos sa tunay na kapangyarihan ng Kaharian, na nagmumula sa isang puso na may lubos na tiwala at katiyakan. Halimbawa, kung nagbigay ka ng pera sa Kaharian ng Diyos, at tinanong kita kung bakit mo pinaniniwalaang tatanggap ka ng kapalit sa pagbibigay na iyon, hindi dapat ang iyong sagot ay, "Dahil sa ganitong petsa, nagbigay ako ng tiyak na halaga ng pera." Ang pagpapahayag na iyan ay tumitingin lamang sa iyong aksyon, sa formula, at walang kasiguruhan. Ang iyong katiyakan ay dapat na manggaling lamang sa Salita ng Diyos.

Hindi ko mabilang ang dami ng mga tao na ipinanalangin ko na kapag tinanong kung bakit nila pinaniniwalaang makakatanggap sila kapag ako ay nanalangin, simpleng tititigan lang ako nang walang sagot. Kapag ako ay nagtatanong, hinahanap ko ang kanilang pananampalataya, ang kanilang pagsang-ayon sa langit. Gusto kong marinig mula sa kanila na nagsasabing, "Alam ko na tatanggapin ko dahil ipinangako sa akin ng Diyos sa ganitong aklat at sa ganitong talata na akin ito." Kung hindi sila makapagbigay ng isang talata, malamang na hindi sila nakakapit at wala silang kaalaman kung saan patungo ang kanilang bangka.

Tandaan, ang pananampalataya ay maaari lamang umiral kapag alam mo ang kalooban ng Diyos. Bakit? Dahil ang pananampalataya ay maaari lamang umiral kapag ang iyong puso ay sang-ayon sa kalooban ng Diyos. Naniniwala ako na maraming tao ang iniisip na nasa pananampalataya sila kahit hindi naman. Muli, maaaring sumang-ayon ang kanilang isipan na ang Salita ng Diyos ay totoo at mabuti, ngunit ang pananampalataya ay umiiral lamang kapag ang kanilang mga puso ay lubos na nagtitiwala at umaayon. Para sa marami, sumasang-ayon ang kanilang isipan sa Salita ng Diyos, ngunit hindi pa rin namamahinga ang kanilang mga puso.

Narito ang isang magandang halimbawa ng aking sinasabi, isang halimbawa na sa tingin ko ay magpapakita na marami ay hindi naman talaga nasa pananampalataya kahit iniisip nila na nasa pananampalataya

sila. Ano kaya ang gagawin mo kung sasabihin ko sa iyo na kamakailan lang ay natuklasan ko na ang langit ay hindi naman talaga kulay asul, tulad ng sinasabi ng mga tao, kundi ang tinatawag nilang kulay asul ay talagang kulay dilaw? Sa madaling salita, sinabi ko sa iyo na buong buhay natin mali ang itinuro sa atin tungkol sa kulay at ang asul ay hindi talaga asul kundi dilaw. Ano ang gagawin mo? Magugulat ka ba at agad na kukunin ang iyong cellphone at tatawag sa iyong guro noong unang baitang ka pa at sisisihin sila, aakusahan sila na sinira nila ang iyong buhay, na itinuro sa iyo nang mali ang lahat ng mga kulay? Hindi naman ata. Walang emosyonal na pagtugon ng takot, walang drama. Ang alam mo lamang ay isa akong mang-mang, itataboy ang aking komento bilang hindi makatuwiran at magpapatuloy ka lang sa iyong gawain. Bakit? Dahil lubos kang nagtitiwala at umaayon na ang asul ay asul!

Ngayon, ihambing natin ang aking halimbawa sa ating talakayan sa pananampalataya. Paano kung lubusan kang nakakatiyak sa sinabi ng Diyos tungkol sa pagpapagaling, at sinabi sa iyo ng isang doktor na mamamatay ka sa kanser? Titingnan mo ang doktor na iyon at iisipin mong siya ay mang-mang dahil alam mong walang paraan na mangyari iyon. Bakit? Dahil lubusan kang nagtitiwala at umaayon sa mga biyaya ng pagpapagaling na binayaran ni Jesus. Nakikita mo ba? Oo, maraming tao ang nananalangin, ngunit sa pagsusuri, natuklasan ko na ang kanilang mga panalangin ay hindi panalangin ng pananampalataya kundi ng pag-asa, nang hindi natitiyak ang kahihinatnan nito. Kaibigan, ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na itinatatag natin ang ating sarili sa Salita ng Diyos. Kailangan nating malaman kung ano ang kalooban ng Diyos upang maging tiwala tayo sa Kanyang sinasabi, at upang tanggihan ang hindi Niya kalooban. Bigyan kita ng isang halimbawa mula sa aking buhay na nagpapakita kung gaano kahalaga na alamin natin ang sinasabi ng Diyos tungkol sa buhay.

Napagod ako, dahil ilang linggo nang naging masalimuot ang pagiging may-ari ng negosyo (ito ay bago ako naging pastor ng isang iglesya). Ang aking oras ay puno ng mga sales call at, siyempre, ang pinansyal na kabigatan ng namumuhay lamang sa mga komisyon. Pupunta ako sa aking dentista para sa isang rutinang pag-filling. Lahat ay normal hanggang sa ang dentista ay magsimulang mag-inject ng Novocaine. Habang itinurok niya ang karayom, biglang may pag-alog,

at bigla na lang nawalan ng pakiramdam ang aking panga, sa halip na unti-unti itong mawala. Ako ay nagulat at sinabi ko sa dentista ang nangyari. Sinabi niya, "Oh, siguro natamaan ko ang isang ugat." Agad kong itinanong sa kanya, "Normal ba ito?" Sinabi niya ang mga salitang ito, "Eh, karaniwan, gumagaling ito." Ano? Narinig ko ba siya nang tama? "Dok, ano ang ibig mong sabihin na karaniwan naman itong gumagaling?" Sinabi niya, "Eh, sa mga 80 porsyento hanggang 85 porsyento ng pagkakataon, ito ay ganap na gumagaling nang walang permanenteng negatibong epekto."

**SA PUNTONG IYON, ALAM KONG ANG TANGING PAG-ASA KO AY ANG SALITA NG DIYOS.**

Ano? Bigla nalang may umiral na takot sa akin. Ano na ngayon? Gagaling pa ba ito? Nagsisimulang mapuno ng mga nakakatakot na kaisipan ang aking isipan. Pagkatapos ng aking appointment, nanatili ang pamamaga ng aking mukha, hindi tulad ng normal na pagbisita sa dentista kung saan unti-unti nang nawawala ang pamamanhid. Papunta na ako sa pagkikita sa isang kliyente na mga isang oras ang layo mula sa appointment sa dentista, kaya marami akong oras upang isipin ang nangyari. Ngunit sa buong daan patungo sa appointment na iyon, ako ay nagdurusa, hindi dahil sa anumang sakit, kundi dahil sa kakulangan ng kapayapaan at sa takot na bumabalot sa aking isipan.

Sa pag-uwi mula sa appointment, bandang huli na ng araw, tumigil ako sa bahay ng isang kaibigan. Manhid pa rin ang aking mukha, at hinahanap ko ang katiyakan mula sa sinuman na ito ay maghihilom. Pansinin ang aking pagkakamali: Hindi ako tumingin sa Salita ng Diyos kundi sa isang tao na hindi man lamang malakas na nanampalataya para sa aking kumpyansa. Sinabi ko sa taong ito kung ano ang nangyari at naghihintay na sabihin nila, "Hindi mahalaga iyan, Gary, gagaling din iyan!" Ngunit sa halip, ito ang narinig ko. "Hala! May kaibigan ako na naranasan iyan, at hindi na gumaling ang kanilang mukha; ang kanilang mukha ay naging paralisado mula noon." Hindi ako makapaniwala sa aking narinig! Ang aking isipan ngayon ay puno na ng takot. Nagpanggap akong alam kong magiging maayos ito at pinasalamatan siya para sa kanyang oras. Sa desperasyon, bumisita ako sa bahay ng isa pang kaibigan at nagtanong ng parehong tanong, at sa

gulat, narinig ko ang parehong sagot, "Hala," sabi nila, "May kaibigan ako na nakaranas niyan, at hindi na gumaling ang kanilang mukha; ang kanilang mukha ay nananatiling paralisado hanggang ngayon."

Pagkatapos ng pagbisita na ito, ako ay nasisiraan na. Alam ko na nagpapagaling ang Diyos (sa aking isipan), ngunit hindi ko talaga maalis ang takot na iyon. Ang aking puso ay tiyak na hindi naniniwala. Nang gabing iyon, ako ay naghihirap! Ang aking isipan ay puno ng takot, at ang aking mukha ay manhid gaya ng dati sa opisina ng dentista. Habang sinusubukan kong matulog, bigla akong naramdaman ng kaunting sakit sa ilalim ng aking kanang tenga. Maaari nga ba? Ang aking ama ay nakipaglaban sa Bell's palsy isang taon o dalawa na ang nakakaraan, at sinabi niya sa akin na ito ay nagsimula sa kaunting sakit sa ilalim ng kanyang tenga. Ang Bell's palsy ay nangyayari kapag ang ugat na may kontrol sa mga kalamnan ng mukha, na dumadaan sa isang maliit na butas sa buto sa ilalim ng tenga, ay naipit ng infection o pamamaga.

Habang sinusubukan kong matulog, lahat ng naririnig ko ay ang mga salitang ito na dumadaan sa aking mga iniisip, "Magkakaroon ka ng Bell's palsy tulad ng iyong ama." Nang magising ako sa umaga, mayroon na akong ganap na kaso ng Bell's palsy! Ngayon, hindi lamang ang aking panga ang nanlambot, kundi pati na rin ang buong mukha sa kanang bahagi ay nanlambot, at hindi ko magawang isara ang aking mga mata o bibig. Ang pangit ng kalalagayan ko.

Pumunta ako sa isang lokal na doktor upang kumpirmahin ang aking mga hinala. Matapos ang pagsusuri, tiningnan niya ako at sinabi na totoo nga, may ganap na kaso nga ako ng Bell's palsy. Pagkatapos, sinabi ko, "Ano ang susunod na mangyayari?" Sinabi niya, "Eh, sa mga 80 hanggang 85 porsyento ng mga kaso, ito ay maghihilom nang walang permanenteng paralisis." "Talaga bang sinabi niya ang iniisip ko?"

Sa puntong iyon, alam kong may problema na ako. Alam ko na hindi titigil doon ang diyablo, at hindi ko nais makita kung ano ang susunod na mangyayari. Sapat na ang aking kaalaman tungkol sa espirituwal na pakikidigma na nalalaman ko na patungo na ako sa maling direksyon. Tandaan, ito ay mga taon na ang nakalilipas bago ko lubos na maintindihan ang ganitong mga bagay. Pero sapat na sa akin ang maunawaan na kailangan kong harapin ito sa espirituwal kung

nais kong magtagumpay laban dito. Napagtanto ko rin na ito ay isang panggigipit ng demonyo upang hulihin ako nang hindi ako handa nang ako ay pagod at hindi inaasahan ang anumang gulo.

Sa puntong iyon, alam kong ang tanging pag-asa ko ay ang Salita ng Diyos. Sa sarili ko, wala akong kakayahan na pigilan ang takot na bumabagabag sa isipan ko. Kaya nagsulat ako ng mga 3 x 5 kard na may mga talatang nagpapahayag tungkol sa pagpapagaling at nilagay ko ang mga ito sa buong bahay ko. Humingi ako ng patawad sa Panginoon at nagsimulang bumuo ng pananampalataya sa aking puso. Alam ko na kailangan kong maghasik ng Salita sa aking puso para magkaroon ng pananampalataya, kaya binulay-bulay ko ang Salita ng Diyos sa buong araw.

Sa una, wala namang nagbago. Nanatili pa ring manhid ang mukha ko, at patuloy kong nilalabanan ang espiritu ng takot. Pagkatapos ng halos isang linggo, na walang pagbabago sa mukha ko, nangyari nga! Katulad ng proseso na itinuturo ng ating talata sa Marcos 4:26, habang inihahasik ko ang Salita sa aking puso, nagsimulang mabuo ang pananampalataya, una itong sumibol, pagkatapos ang usbong, ang uhay, at saka ang hinog sa uhay.

Sa buong prosesong ito, walang pa ring pagsang-ayon at kaya wala ring pananampalataya—sa ngayon. Gayunpaman, bagaman hindi ko pa nakikita ang pagbabago o alam kung paano gumagana ang prosesong ito, ayon sa ating talata sa Marcos 4, talagang nagbabago ang mga bagay. Ang tinutukoy kong pagbabago ay hindi pa sa natural na dako ngunit ang pagbabago ay nagaganap sa ating mga puso. Kung panghahawakan natin ang Salita, unti-unting babaguhin ng Salita nang kusa ang sistema ng paniniwala ng ating mga puso mula sa kawalan ng paniniwala tungo sa pagsang-ayon sa langit. Kaya sa kasong ito, pinanghawakan ko ang Salita, na nalalaman ko na ito lang ang aking tanging kasagutan.

Biglaan, isang araw, habang ako ay naglalakad sa aking bahay na ang mga 3x5 na mga kard na nakasulat ang mga talatang may kinalaman sa kagalingan ay nakalagay sa buong bahay ko, nagkataon lang na napansin ko ang isa sa mga iyon na daan-daang beses ko na nakita. Subalit sa pagkakataong ito nang nakita ko ito, BAM! Biglaan ang pagpahid ay dumaloy akin at nawala agad ang takot, at NALAMAN ko na ako na ay magaling na. Oo, ang aking mukha ay manhid pa rin,

wala pa ring pagbabago, pero alam ko na magaling na ako. Sa loob ng maraming mga oras, ang aking mukha ay naging normal na at wala na ang lahat ng pamamanhid. Purihin ang Diyos! Kumikilos ang Salita!

Kahit na nahayaan ko ang aking esprituwal na buhay ay manghina dahil sa aking kapabayaan at pagka-abala. Napagtanto ko rin pala ang aking pagkakamali at pinagsisihan ang aking kamang-mangan. Ito ay noong unang natutunan ko kung papaano talaga kumilos ang Salita, at wala pa talaga akong karanasan sa larangan na ito. Tinatanaw ko ang aking mga dating kilos, pagtatanong sa mga tao tungkol sa aking kinabukasan kapag may suliranin sa halip na agad na pumunta sa Salita ng Diyos bilang kamangmangan. Nang maunawaan ko ang nangyayari, ako ay nagbalik-loob sa Salita ng Diyos nang may kumpyansa. Sa kasamaang-palad, karamihan sa mga tao ay hindi kumpyansa sa prosesong ito dahil hindi sila tinuruan tungkol sa pananampalataya at kung paano ito dumarating. Dahil hindi nila alam ang proseso, kapag sila ay nasa ilalim ng pressure o kabigatan, hinahayaan nilang mawala ang Salita, iniisip na hindi ito gumagana.

### Unawain ang Ganting-Salakay ni Satanas

Dumating si Christine sa aming iglesya nang walang masyadong alam tungkol sa Diyos. Siya ay naging born again na sa isa sa aming mga gawain ng Linggo ng umaga at lubos na nabago ang kanyang buhay. Sa aming iglesya, mayroon kaming klase na nagtuturo ng oryentasyon sa Kaharian. Isa sa mga larangan na aming pinag-uusapan at itinuturo ay ang legal na karapatan na makatanggap ng kagalingan. Si Christine ay may kahirapan sa kanyang pandinig sa loob na ng maraming taon. Sa katunayan ay, nagsusuot na siya ng hearing aid sa loob ng 40 taon at kanyang nawala na ang mahigit 50 porsyento ng kanyang pandinig. Ang kanyang nanay ay bingi at ang kanyang kapatid na lalaki ay nagdurusa rin sa parehong isyu na ito ng kawalan ng pandinig. Nang narinig iyon ni Christine, na bilang isang mananampalataya, mayroon siyang legal na karapatan na gumaling, siya ay naging sabik.

Sa klaseng iyon, pinatungan siya ng kamay ng aking asawa at ipanalangin na mabuksan ang kanyang pandinig, at biglaan na lamang, pop, nakakarinig na siya nang maayos. Nagsimulang sumigaw at umiyak at pumuri sa Diyos si Christine. Nang sinabi sa akin ng

aking asawa na si Drenda, at ni Christine ang mabuting balita, nakaramdam ako ng kutob na balaan siya tungkol sa ganting-salakay o counterattack ni Satanas. Sinabi ko kay Drenda na turuan si Christine na kapag bumalik ang mga sintomas na siya ay magsasalita ng buong katapangan sa problema at ipapahayag na magaling na at lumayas si Satanas. Kinabukasan, dumating agad ang pagsubok. Ang kanyang pandinig ay bumalik sa kanyang kakulangan ng kakayahang makarinig nang maayos. Kaya ginawa niya ang mismong sinabi namin, "HINDI! Satanas, hindi ko tinatanggap ito. Ako ay magaling na at ako na ay pinagaling, sa pangalan ni Jesus!" Pop! Ang kanyang tenga ay bumukas at naging ganoon na magmula noon.

Tandaan na si Satanas ay gaganting-salakay at susubukang kunin muli ang kanyang dating teritoryo. Huwag mo siyang hayaan. Manindigan ka sa Salita ng Diyos!

Sa kabanatang ito, naglaan ako ng oras upang mabigyan ka ng pangunahing pangunawa sa kung ano ang pananampalataya, paano ito gumagana, paano malaman kung ikaw ay nasa pananampalataya at kung saan makakakuha ng pananampalataya. Upang ang Kaharian ng Diyos ay kumilos sa iyong buhay, dapat mo itong malaman. Tandaan, sinabi ni Jesus sa babae, "Ang iyong pananampalataya ay nagpagaling sa iyo." At magiging ganoon din para sa iyo: Ang iyong pananampalataya, ang iyong puso na ganap na tiyak sa sinasabi ng langit, at ang pagsagawa ng paggapas ay ang iyong magiging kasagutan sa anumang problema o anumang pangangailangan na maaari mong harapin sa buhay.

KABANATA 6

# ANG PAGPAPALA NG PANGINOON

Nakaupo ako sa isang restawran kasama ang aking asawa at ang isa sa aming bisitang tagapagsalita. Halos 10:00 na ng gabi, at katatapos lamang ng isang napaka-makapangyarihang pagtitipon nang gabing iyon. Lumapit ang waiter sa amin upang kunin ang aming order at nagsimula kaming makipag-usap sa kanya. Nagsimulang ibahagi ng aming bisitang tagapagsalita ang tungkol sa kung gaano kadakila ang naging pagtitipon namin at ang patungkol sa aming iglesya. At pagkatapos, sinabi niya, "Mahilig ka bang mangaso?" At sinabi niya na mahilig siyang mangaso. Laging sabik ang aking bisitang tagapagsalita para sa aking mga kuwento sa pangangaso, at sa katunayan, binigyan ko siya ng isa sa aking mga *Faith Hunt* na aklat nang gabing iyon upang iuwi at ibigay sa kanyang kaibigan. Nakalagay ang aklat na ibibigay ko sa kanya sa sahig sa tabi ko.

Nagpatuloy ang waiter namin sa pagkuwento sa kung ilang beses na siyang nangaso at nangaso ngunit kailanman ay hindi pa nakahuli ng isang usa. Sinimulan namin ng aking bisitang tagapagsalita ipaliwanag kung paano gumagana ang Kaharian ng Diyos at na kaya niyang umasa na matanggap ang kanyang usa sa bawat panahon na siya ay mangangaso. Hindi niya talaga alam kung ano ang iisipin tungkol sa amin. Ngunit naalala ko ang aklat na dala ko at inalok kong ibigay ito sa kanya. Sinabi ko sa aking bisita na bibigyan ko nalang siya ng isa pang kopya nito at sumang-ayon siya. Nagpasalamat sa akin ang waiter at ipinangakong babasahin niya ang aklat na ito, ngunit naisip ko na

marahil ito na ang huling beses na makakarinig ako mula sa kanya. Hindi pala.

Pagkalipas ng isang taon, ang parehong bisitang iyon ay pumunta sa aming iglesya at sinabi na nagustuhan niya ang restawran na pinuntahan namin noong nakaraang taon at hiniling na pumunta kami roon. Kaya pumunta kami. Nang umupo kami, nagulat kami na ang waiter namin ay ang parehong waiter noong nakaraang taon. Nang lumapit siya sa amin, tiningnan niya kami at sinabi, "Hey, nandito kayo noong nakaraang taon, at pinag-usapan natin ang tungkol sa deer hunting." Sinabi namin, "Oo, naaalala namin." Sinabi niya, "Binasa ko yung aklat na binigay mo sa akin, at ginawa ko ang sinabi noon. Nakahuli ako ng dalawang usa noong nakaraang taon at umaasa akong makuha ko rin ang aking usa sa taong ito." Nasabik kaming marinig ang kuwento niya ngunit hindi kami nagulat. Palaging gumagana ang Kaharian!

Nagdako ako ng isang pagtitipon ng mga halos 25 na mga pastor, ipinaliwanag ko ang Kaharian ng Diyos at kung paano ito gumagana. Naging maganda ang pagtitipon na iyon. Nang palabas na ako ng meeting room at naglilinis na ang aking staff, bumalik sa loob ng silid ang isa sa mga pastor. Siya at ang kanyang asawa ay lumapit sa aking asawa at hiniling kung maaari ba nila kaming makausap. Sinimulan ng pastor sabihin sa amin na ang kanyang bahay ay mareremata sa katapusan ng linggong iyon kung hindi siya makakakuha ng higit-kumulang $6,900. Ipinaliwanag niya na wala siyang pera maliban sa $100 na nakapangalan sa kanya, na ngayon ay hawak-hawak niya sa kanyang kamay. "Ito lang ang mayroon ako," sinabi niya, "ngunit nais kong ihasik ito tulad ng itinuro mo ngayong gabi, na ikaw at ang iyong asawa na sumasang-ayon kasama namin para sa pananalaping kinakailangan namin sa linggong ito." Kaming lahat ay naghawak-kamay at nanalangin at pinasalamatan ang Diyos para sa pananalapi.

Pagkalipas ng halos isang buwan, nakita ko ang pastor na ito sa ibang event, at sabik na sabik siyang tumakbo patungo sa akin. "Kailangan kong sabihin sa'yo kung anong nangyari," sinabi niya. "Hindi ko sinabi ito sa'yo noong nakaraang nag-usap tayo, pero kami ng asawa ko ay mayroong maliit na part-time silk screen t-shirt business na ginagawa namin sa aming garahe paminsan-minsan. Hindi talaga namin ito madalas na pinagkakakitaan, ngunit paminsan-minsan nakakakuha kami ng mga order. Well, noong sumunod na araw nang nanalangin

kami kasama kayo, tumanggap kami ng ilang mga order na umabot sa halagang $8,900. Kinailangan naming magtrabaho nang maigi noong linggong iyon, ngunit pag dating ng Biyernes, nakuha namin ang $6,900 na kinailangan namin upang mapanatili ang tahanan namin. Salamat!"

Nasa isa akong kumperensya ng mga pastor sa North Carolina na mayroong higit-kumulang 500 ibang mga pastor. Hindi ako tagapagsalita, dumadalo lamang. May isang lalaking naglakad patungo sa akin at sinabi, "Kailangan kitang makausap." Isa siyang pastor mula sa Germany, at sinabi niya na mayroon siyang isang kapansin-pansing kuwentong ibabahagi sa akin.

Ang anak niyang lalaki, na isang teenager, ay tila nakakuha ng aking mga CD. Matapos niyang pakinggan ito, nagpasya siya na makakatanggap siya ng isang PlayStation 3 sa pamamagitan ng pananampalataya dahil wala siyang pera para rito. Naniniwala naman akong alam nating lahat kung ano ang PlayStation 3, ngunit kung sakaling hindi, ito ay isang computer gaming system. Sinabi ng pastor sa akin kung paano ang anak niyang lalaki ay pumasok sa kanyang opisina isang araw at hiniling sa kanya na siya ay sumang-ayon kasama niya para sa PlayStation 3 na iyon. Ipinaliwanag ng anak sa kanyang ama ang kanyang mga natututunan sa aking mga CD at kung paano niyang nais maghasik ng isang binhi at manalangin kasama ang kanyang ama patungkol dito. Kaya sinabi ng pastor sa akin na hindi niya ito masyadong binigyan ng pansin, ngunit bilang pastor ng iglesyang iyon, natanggap niya ang binhi mula sa kanyang anak, isang pinansyal na handog para sa iglesya. Siya at ang kanyang anak ay magkasamang nanalangin at sumang-ayon na ang anak ngayon ay mayroon nang PlayStation 3, at itinuring nila na tapos na ang usaping ito.

Kinabukasan, isang lalaki mula sa kanilang iglesya ang tumawag sa pastor at tinanong kung nais ba ng kanyang anak na kumita ng pera dahil mayroon siyang isang panandaliang proyekto na kinakailangan ng tulong. Tuwang-tuwa ang anak niyang lalaki at kumita ng sapat na pera sa loob ng dalawang araw na proyekto upang makabili ng PlayStation 3.

Nakuha nito ang pansin ng anak ng lalaki, at pagkalipas ng ilang mga linggo, sinabi ng pastor na muling pumasok ang kanyang anak sa kanyang opisina at hiniling na sumang-ayon kasama niya para sa iba namang bagay. Sinabi ng pastor sa akin na sinabi niya, "Siyempre,"

ngunit siya ay medyo nagulat nang hilingin ng kanyang anak na sumang-ayon kasama niya na bigyan siya ng Diyos ng mas malaking mga kalamnan o muscles. Sinabi sa akin ng pastor na hindi niya alam kung paano niyang tumpak na sasagutin ang kanyang anak tungkol dito. Ngunit sa kahulihan, sinabi niya sa kanyang anak na kailangan niyang gawin ang kanyang bahagi kung hihilingin niya ang mga kalamnan (muscles) at na sasang-ayon lamang siya kung nauunawaan niya ito. Sumang-ayon ang kanyang anak. Kaya muling naghasik ang anak para sa mas malaking mga muscle, at nanalangin sila nang may pagsasang-ayon para rito.

Kinabukasan, may isang sasakyang dumaan sa driveway ng pastor. Isa itong pamilya mula sa iglesya. Nang lumabas ang pastor upang makipag-usap sa kanila, sinabi nila na naglilinis sila ng kanilang garahe nang makita nila ang isang barbell set na marahil magustuhan ng anak ng pastor. Kung hindi, naisip nila na marahil may iba ring kilala ang pastor na gugustuhin ito. Sinabi sa akin ng pastor na walang ibang nakaaalam tungkol sa hangarin ng kanyang anak para sa mga muscles at katatapos lang nilang manalangin patungkol dito nang gabi bago iyon. Sinabi ng pastor na siya ay nabigla! Pumasok siya sa bahay at sinabi sa kanyang anak na lalaki, "Nasaan na ang mga CD na iyon?"

Ang ganitong uri ng mga kuwento ay pangkaraniwan. Palagi ko itong naririnig, at nais kong maging pangkaraniwan din ito sa buhay mo. Sa ngayon, natatag na natin at tinalakay na natin ang ilang mga susing aspeto sa kung paano kumikilos ang mga batas ng Kaharian ng Diyos, pati na rin kung paano ang ating pagsasang-ayon o pananampalataya ay kailangan upang ang langit ay magkaroon ng legalidad o hurisdiksyon sa lupa. Ngayon, palalimin pa natin ang ating pang-unawa sa eksaktong paraan kung paano makakatulong ang mga batas na ito ng Kaharian sa ating mga pangangailangan sa pinansyal.

> *Ang pagpapala ng Panginoon ay nagpapayaman, at hindi niya ito dinaragdagan ng kapanglawan.*
>
> —Mga Kawikaan 10:22

Nang una kong makita ang talatang ito, naisip ko, "Tiyak, hindi talaga nito tinutukoy ang literal na sinasabi nito, hindi ba?" Ngunit natagpuan kong talagang tinutukoy nito ang eksaktong kahulugan na sinasabi nito! Upang maunawaan natin ang tinutukoy ng talatang ito, kailangan nating balikan ang pasimula, noong unang nilikha ang tao.

> *Ngunit may nagpatunay sa isang dako, na sinasabi,*
> *"Ano ang tao upang siya'y iyong alalahanin? O ang anak ng tao upang siya'y iyong kalingain? Siya'y ginawa mong mababa kaysa mga anghel nang sandaling panahon; siya'y pinutungan mo ng kaluwalhatian at ng karangalan, at siya'y inilagay mo sa ibabaw ng mga gawa ng iyong mga kamay. Ipinasakop mo ang lahat ng bagay sa kanyang mga paanan."*
> *Nang masakop niya ang bawat bagay, wala siyang iniwan na hindi niya nasasakop.*
>
> —Hebreo 2:6-8

Nabasa na natin ang mga talatang ito dati, ngunit ito ay kritikal sa ating tatalakayin ngayon. Bilang pagbalik-aral, nang nilikha ang tao, ang lahat ng bagay sa lupa ay inilagay sa ilalim ng kanyang pamamahala o dominyon. Walang ni isang bagay ang hindi niya nasasakop. Pinamamamahalaan niya ang lupa mula sa posisyon ng itinalagang awtoridad o delegated authority at isinusuot ang korona ng gobyernong kinakatawan niya. Binihisan siya ng pagpapahid nito at pinarangalan sa lugar ng awtoridad na ibinigay sa kanya. Si Satanas, na siyang naghimagsik laban sa Diyos, ay itinapon na sa lupa bago pa dumating si Adan. Namumuhi si Satanas sa tao dahil natuklasan niyang pinamamamahalaan siya ng taong ito na may suot ng korona ng awtoridad ng Diyos. Kinailangan na ngayon ni Satanas magpasakop sa nilikhang ito, na sa kanyang likas at pisikal na katayuan ay mas mahina kaysa sa kanya. Subalit sa espiritwal na aspeto, ang bawat salita na binigkas ni Adan ay may parehong awtoridad na parang ang Diyos mismo ang nagsalita nito. Si Adan, ang anak ng Diyos, ang namahala sa lupa mula sa kahanga-hangang posisyon ng awtoridad at kadakilaan.

**"ANG PAGPAPALA NG PANGINOON AY NAGPAPAYAMAN, AT HINDI NIYA ITO DINARAGDAGAN NG KAPANGLAWAN."**

**– MGA KAWIKAAN 10:22**

Kaya kinamuhian ni Satanas ang taong ito at pinagnasaan ang awtoridad na taglay niya sa lupa. Ang kanyang tanging paraan lamang ay ang kunin ang korona, ang posisyon na hawak ng tao, mula sa kanya. Mayroon lamang isang maliit na problema. Wala siyang kapangyarihan upang kunin ang koronang ito kay Adan; ang kanyang tanging pag-

asa lamang ay sa paraang malinlang niya si Adan mismo na tanggalin ang kanyang korona. Sa panlilinlang niya kay Eva na ang Diyos ay hindi mapagkakatiwalaan at na mas higit pa ang maibibigay ng buhay kaysa sa pinapayagan ng Diyos sa kanila, si Adan at si Eva ay pinili ang maniwala kay Satanas kaysa sa Diyos at gumawa ng pagtataksail laban sa Diyos. Sa huli, nawala ni Adan at ni Eva ang kanilang legal na posisyon ng awtoridad sa Kaharian ng Diyos, at si Satanas ang naging diyos ng mundong ito, tulad ng makikita nating pagtawag ni Pablo sa kanya dito sa 2 Corinto.

> *Binulag ng <u>diyos ng sanlibutang</u> ito ang pag-iisip ng mga hindi sumasampalataya, upang hindi nila makita ang liwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Diyos.*
>
> —2 Corinto 4:4

Bago naghimagsik si Adan, tinamasa niya ang mga benepisyo ng pagiging isang anak. Maaaring niyang matamasa ang lahat ng mayroon ang Diyos, at kailanman ay hindi siya nakaranas ng isang araw ng pangangailangan o isang kaisipan ng takot sa kanyang buong buhay. Anuman ang kanyang kailangan upang mamuhay sa planetang earth ay nailagay na rito bago pa siya nilikha.

Kung tayo ay magbabalik-tanaw sa anim na araw na paglikha sa aklat ng Genesis, makikita natin na ang tao ay nilikha sa katapusan ng ika-anim na araw ng paglikha, ang pinakahuling bahagi ng malikhaing plano ng Diyos ay naisagawa na. Ang kanyang tadhana ay ang mamuhay sa ikapitong araw, na idineklara ng Diyos bilang araw ng pamamahinga. Hindi ito dahil naging sobrang pagod ang Diyos kundi dahil natapos at nakumpleto Niya na ang lahat ng mga bagay. Panandaliang isipin kung ano ang ginawa ng Diyos at ang Kanyang maluwalhating plano para sa tao. Ang nakalulungkot, isinuko ni Adan ang lahat ng ito, at sa paggawa nito, nawala niya ang kanyang legal na posisyon sa Kaharian.

Nang lumapit ang Diyos sa kanya matapos ang kanyang pagpapasyang sumuway sa Diyos, sinabi ng Diyos kay Adan:

> *Sumpain ang lupa dahil sa iyo. Kakain ka mula sa kanya sa pamamagitan ng iyong <u>mabigat na paggawa</u> sa lahat ng mga araw ng iyong buhay; mga tinik at dawag ang sisibol doon para sa iyo, at kakain ka ng tanim sa parang. Sa <u>pawis ng iyong mukha</u> ay kakain*

> *ka ng tinapay,hanggang ikaw ay bumalik sa lupa; sapagkat diyan ka kinuha. Ikaw ay alabok at sa alabok ka babalik.*
>
> —Genesis 3:17b-19

Ang unang bagay na nais kong makita mo ay hindi ang Diyos ang sumumpa sa lupa, kundi si Adan. Siya ang may taglay ng buong dominyon sa lupa. Siya ang tagapag-ingat nito. Si Adan, na siyang mayroong kumpleto at ganap na dominyon sa buong lupa, ay gumawa ng pagtataksil laban sa gobyerno o pamamahala ng Diyos at sa madaling salita ay pinalayas ang Diyos mula rito. Ang pagpapasyang ito ay nag-udyok ng sanga-sangang mga resulta hindi lamang kay Adan kundi pati na rin sa buong lupa at sa bawat lalaki at babae na mamumuhay sa lupa mula sa araw na iyon. Bagaman napanatili niya pa rin ang kanyang hurisdiksyon sa lupa na ibinigay sa kanya ng Diyos, natagpuan niya ang sarili niyang walang kapangyarihan upang mamahala mula sa parehong posisyon ng korona at gobyerno na noon ay kanyang kinakatawan at sumusuporta sa kanyang pamamahala. Ang pagiging hiwalay sa mismong buhay, kamatayan, na isang banyagang konsepto para kay Adan, ang siyang ngayon ay namamahala.

Hinarap ng Diyos si Adan sa kanyang ginawa at sinabi kay Adan na ngayon, una, dahil sa kanyang kasalanan, nawala niya ang kanyang legal na posisyon sa gobyerno ng Diyos. At dahil si Adan ang kumakatawan sa gobyernong iyon dito sa lupa, nawala ng langit ang kanyang legal na pagkatawan o representation na nagbibigay ng hurisdiksyon sa kanya sa lupa. Ikalawa, Ang lupa mismo ay naapektuhan at hindi na muli magbubunga ng pagtustos katulad ng dati sa Hardin ng Eden. Ngayon ang sariling mabigat na paggawa at pawis ni Adan ay kakailanganin upang ang lupa ay magbunga ng kanyang mga kailangan upang mabuhay o mag-survive. Ang mga tinik at dawag na ngayon ang sasakop sa mga bukid at ang buhay ay magiging mahirap; ang pakikipagsapalaran ang naging paraan ng pamumuhay.

Ang tawag ko sa mahirap na paraan ng buhay at sa survival mentality, na nangangamoy ng takot at kamatayan, na pumapasanin sa bawat taong sumunod kay Adan, ay ang sistema ng sumpa ng lupa o earth curse system. Ito ay kung saan ikaw at ako ay lumaki at ang sistema ng pakikipagsapalaran o survival na alam na alam nating lahat. Tinatawag ito ni David na libis ng lilim ng kamatayan sa ika-23 na Awit.

*Bagaman ako'y lumakad sa libis ng lilim ng kamatayan, wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat ikaw ay kasama ko,*

—Mga Awit 23:4

Ito ang dako kung saan ang takot sa kamatayan ang laganap sa hangin. Ngunit mayroon pang isang masamang kapinsalaan ito. Nawawala ng tao ang kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos at sa gayon, dahil dito, hindi niya na kilala ang kanyang sarili—nawawala niya ang kanyang pananaw sa kanyang nilikhang layunin at pagkakakilanlan. Nang likhain ang tao, binigyan siya ng layunin, ng isang tungkulin. Siya ay dapat na mamahala sa lupa sa ngalan ng Diyos. Sa madaling salita, ang Diyos ay nagbigay sa kanya ng tungkulin at layunin para sa kanyang buhay. Ngunit ngayon ang buong kaisipan ng tao ay nakatuon sa pakikipagsapalaran o survival. Ang survival ngayon ang kanyang layunin at ang kanyang bagong tungkuling iniatang sa kanya upang mabuhay.

Ngayon, ang bawat pagpapasya na gagawin ng tao ay isinasala sa sumpa ng pakikipagsapalaran o curse of survival, maging sa paghahanap o pag-iimbak ng pagtustos. Walang kapayapaan; ang bawat araw ay punong-puno ng mabigat na paggawa at pawis. Ang tanging posibleng pagtakas mula sa ganitong buhay ng pakikipagsapalaran, ang rat race na kung tatawagin natin ngayon, ay kahit papaanong magkaroon ng sapat na nakaimbak na pagtustos upang sa wakas ay huminto na tayo sa pagtakbo rito. Ito ang pangarap ng bawat lalaki at babae mula ng magkasala at mahulog ang tao. Ito ang kanilang pangunahing layunin, ang huminto sa pagtakbo. Ang sinumang mapalad na magkaroon ng sobrang pagtustos ngayon ay iniingatan at pinoprotektahan ito nang lubos. Pinanghahawakan nila ito nang may matinding takot na mawala ito, sapagkat kung mawala nila ito, mapipilitan o maaalipin sila na tumakbo muli nang may mabigat na paggawa at pawis.

**SA EARTH CURSE SYSTEM OF SURVIVAL, PAGOD NA ANG BAWAT ISA SA PAGTAKBO.**

Ang pangarap ng tao, ang kanyang layunin sa pakikipagsapalaran, tulad ng nasabi ko, ay ang kahit papaanong makatagpo ng sapat na pagtustos upang siya ay huminto sa pagtakbo bilang isang alipin ng

pakikipagsapalaran at ang matagpuan ang kapahingahan. Nais kong tiyakin na magkaroon ka ng malinaw na pang-unawa sa katotohanang ito: Sa earth curse system of survival, pagod na ang bawat isa sa pagtakbo.

Naaalala ko ang isang umagang umupo ako kasama ang isang pastor. Sinasabi niya sa akin na mahal niya ang pag-miministeryo sa bawat umaga na gumigising siya, hanggang sa maalala niya ang kalalagayan ng kanyang pananalapi, ang kanyang utang, at ang kanyang kakulangan ng pera. Sinabi niya na ang kanyang pinansyal na kalalagayan ay tila isang basang kumot na sumasakal sa kanyang buhay at tinatanggal ang kaligayahan sa kanyang mga ginagawa. Hindi lamang mga pastor ang humaharap sa ganitong uri ng kaapihan. Ito ay isang pamamaraan na ng buhay ng karamihang mga pamilya na namumuhay sa pagkautang, isang kahig, isang tuka, eksaktong eksakto lamang at minsan kulang pa.

Naghahanap ang bawat isa ng paraang makalabas dito, at ang tanging paraan lamang ay ang kayamanan, ang pagkakaroon ng higit pa sa sapat. Sa ilalim ng earth curse system, ang pagkakakilanlan ngayon ng isang tao ay natutukoy ng kung anong mayroon siya at ng kinikita niya. Una, desperadong sinusubukan ng tao takpan ang kanyang kahubaran, ang pagkawala ng kanyang tunay na nilikhang layunin at pagkakakilanlan, at kumakapit sa isang pekeng kapalit. Sinusubukan niya ngayong gamitin ang kayamanan upang palitan ang pagpahid ng Diyos, na minsang nagbalot sa kanya ng kaluwalhatian. Pangalawa, sinusubukan niyang palitan ang kanyang koronang posisyon ng karangalan, na kung saan siya namahala sa Kaharian ng Diyos, ng pagmamataas sa buhay at sa pamamahala sa ibang mga tao. Ang tao ngayon ay nilamon na ng isang bagay—ang paghahanap o pag-iimbak ng kayamanan. Ang kanyang pagkakakilanlan ngayon ay nakukuha mula sa kung gaano karaming kayamanan ang mayroon siya at sa kung gaano kadakila ang kapangyarihang mayroon siya sa ibang mga tao. Ang estado at posisyon sa lipunan ang napakahalaga ngayon para sa imahe ng taong nahulog sa kasalanan.

Pag-isipan mo ito. Kadalasan, ano ang unang itinatanong ng isang lalaki sa isa pang lalaki? “Anong hanap-buhay mo?” Bakit? Ganoon ba talaga tayo kabahala o ka-interesado sa kanila? Hindi naman talaga, ngunit ang katanungang iyon ang nagtatakda ng antas ng ating paggalang sa taong iyon. Sa madaling salita, tinatanong natin sa ating

sarili, “Sino ang taong ito? Anong posisyon o estado ang mayroon siya sa lupang ito? Gaano ko dapat siya igagalang ng karangalan?” Ngayon, ladies, nangungusap lamang ako rito mula sa pananaw ng mga kalalakihan. Natuklasan ko na ang mga kababaihan ay kumikilos mula sa lubos na iba pang pananaw ng pagkakakilanlan.

Ngayon ang earth curse system na ito ay nagpapatuloy pa rin! Dinadaan ng mga tao ang bawat pagpapasya nila sa salaan ng paghahanap o pag-iimbak ng pera. May mga taong kaagad na lilipat mula sa isang estado para sa isang trabahong may mas mataas na suweldo nang hindi iniisip kung ano ang kanilang tunay na layunin. Gusto ng lahat na maging isang rock star? Bakit? Ito ay dahil sa pagkakakilanlan (posisyon) at kayamanan.

Isang survey ang isinagawa sa libu-libong mga estudyante sa middle school patungkol sa kung anong propesyon o trabaho ang nais nilang gawin kapag sila ay malaki na. Animnapu’t limang porsiyento sa kanila ay nagsabi na ang kanilang pangarap na propesyon ay maging sikat. Sikat? Sa aking buong kaalaman, ang pagiging sikat mismo ay hindi isang propesyon.

Ang isang pang pagsusuri ay nakatuklas na 30 porsiyento ng mga nagtatrabaho ay galit sa kanilang mga trabaho, at ang isa pa ay nakatuklas na 40 porsiyento pa ang hindi gusto ang kanilang trabaho. Kaya mayroon tayong 70 porsiyento ng mga nagtatrabaho sa U.S. na hindi gusto ang kanilang ginagawa! Kung gayon, bakit sila nandoon? Ito ay dahil sila ay mga alipin ng pakikipagsapalaran (slaves of survival), tumatakbo nang may mabigat na paggawa at pawis upang lamang mag-survive. Ang layunin at pagkahilig ay wala sa iniisip ng mga taong ito na nagtatrabaho: ang mabayaran ang mga bayarin ang nag-uudyok sa kanila. Ang pagkaalipin sa pangangailangang maghanap ng pera ay nagtatanggal ng mga maaaring pagpipilian. Kung ano ang mas mapagkakakitaan ang laging nananalo. Ang tawag dito ay ang rat race! Dito ako at ikaw naninirahan. Ilarawan mo sa iyong isip ang hamster na tumatakbo nang pinakamabilis na kaya niya, at walang nararating sa kanyang hamster wheel. Tumatawa tayo at iniisip na cute ito. Ngunit sa totoong buhay, hindi ito cute, hinding hindi. Namamatay ang mga tao sa wheel na iyon at kailanman ay hindi narating ang inaasahan nilang mararating nila.

*Kaya huwag kayong mabalisa sa paghahanap ng kung ano ang makakain o maiinom. Huwag kayong mangamba, sapagkat ang mga*

> *ito ang pinagsisikapang makamtan ng mga Hentil, at nalalaman ng inyong Ama na kailangan ninyo ang mga ito. Ngunit pagtuunan ninyo ng pansin ang kanyang paghahari at idaragdag sa inyo ang lahat ng mga ito.*
>
> —Lucas 12:29-31

Ang tumakbo nang may mabigat na paggawa at pawis lang ang tanging sistema na alam natin. Kung sinabi ko sa iyo na dapat mong bayaran ang iyong utang, ibig kong sabihin DAPAT mong bayaran ang iyong utang, sa loob ng 12 buwan o ang iyong buong pamilya ay ipapadala sa North Pole at iiwan doon (ginagamit ko ang sobra-sobrang halimbawa upang gumawa ng punto), anong gagawin mo? Sasasabihin ko kung anong gagawin mo. Kaagad kang bubuo ng plano na magpawis at bibilisan pa ang takbo mo. Sasabihin mo, "Well, maaari pa akong magtrabaho ng ilan pang mga part-time job. Maaari rin ang asawa kong babae maghanap ng part-time job, at pwede ring makatulong ang mga anak ko." Kita mo, iyon ang tanging sistema ng pagtustos na natutunan mo, ang sistema ng mabigat na paggawa at pawis. Hayaan mong magbigay pa ako ng isa pang larawan ng sistemang ito.

Sabihin nating tumatakbo ako padaan sa inyong kalsada, at nakita ko ang isang brown na paper bag sa tapat ng bahay niyo na may lamang sampung milyong dolyares. Sabik na sabik ako, ngunit alam kong dapat ko i-report ang tungkol dito. At dahil kilala kita, tumakbo ako sa bahay ninyo at hiniling na magamit ang iyong phone. Tinawagan ko ang sheriff's department habang nakatayo ka at nakikinig. Sinabi ko sa kanila ang nangyari at ang aking nakita. Pagkatapos ng ilang tahimik na sandali habang sinusuri nila ang kanilang mga records, sinabi nila sa akin na wala silang report na ang perang ito ay nawawala at sinabi na maaari ko itong kunin na lamang. (Sa tingin ko na hindi talaga ganito ang kanilang sasabihin, pero para lamang ito sa ilustrasyong ito.) Nang sabihin nila ito sa akin, bigla akong tumalon at sumigaw sa galak. Pagkatapos ay sinabi ko sa iyo ang sinabi nila, at naroon ako na may sobrang kagalakan.

Magalang kang ngumiti habang nagsasaya at ipinapaliwanag ko ito sa iyo. Ngunit ano sa tingin mo ang gagawin mo sa hapag kainan nang gabing iyon habang ikinukuwento mo ito sa iyong asawa? Ngingiti? Sa tingin ko hindi. Sasabihin mo, "HINDI ITO ____________!" Pinunan mo na agad yung blangko, hindi ba? Paano mo nalaman na

ang salitang, "PATAS" ang tamang sagot? Sasabihin ko sa iyo kung paano, dahil ganoon ka pinalaki. Ito ang sistemang kinalakihan mo. Ang mabigat na paggawa at pawis ang paraan upang gawin ito.

Sa aking halimbawa, nakita ko ang pera nang walang kasamang pagtatrabaho, at ito ay pandaraya sa sistema. Hindi ito patas o makatarungan. Hindi ito makatarungan dahil hindi ko pinagtrabahuhan ang perang iyon; nakita ko lamang ito. Sa pagkakaalam na malamang hindi ka magkakaroon ng parehong swerte, napuno ka ng pagseselos at sama ng loob, dahil alam mo na ang iyong buhay ay mananatili pa ring puno ng sapilitang pagkakaalipin upang mabuhay.

Sa kabilang dulo naman, kung isang araw pumunta ako sa iglesya na punit-punit at marumi ang aking mga damit at biglang tumayo at sinabi sa mga tao, "Nagawa na namin! Nagtrabaho kami ni Drenda ng 22 oras kada araw sa loob ng nakaraang sampung taon, at sa wakas ay nabayaran na namin ang aming bahay," mapupuno ng hiyawan at palakpakan ang lugar na iyon. Bakit? Ito ay dahil sa wakas mayroon ng isang taong nakagawa nito, at ito ay nakapagbibigay-pag-asa sa iyo. May nakagawa na rin nito; may paraan upang makalabas dito! Marahil kaya rin nating magsunog ng kilay, magtiis, bayaran ang halaga, at maging malaya rin. Ngunit bakit hindi humiyaw o pumapalakpak ang mga tao nang makita ko ang perang nakalagay lang sa kalsada? At bakit naging madali sa iyo ang punan ang blangko kanina? Dahil ito ang pamamaraan ng ating pag-iisip; ito rin ang iyong pinapangarap. Ang pagiging patas ay ang sistema ng mabigat na paggawa at pawis na natutunan nating lahat. Ang pera na walang kasamang trabaho ay hindi patas.

Ngunit ang makatakas sa sistema ng mabigat na paggawa at pawis ay ang pangarap ng bawat isa. Ang maging mayaman, ang maging isang milyunaryo ay isang kaakit-akit na kaisipan para sa karamihan ng mga tao. Isang milyong dolyar, hindi na ito katulad ng dati, ngunit bilang isang numero, tumutukoy pa rin ito sa kayamanan. Inaalok ng kayamanan ang posibilidad ng kalayaan na kabaligtaran ng araw-araw na kapaguran na ipinamumuhay ng karamihang mga tao. Pagod na ang bawat isa sa pagtakbo, at ang pagkakaroon ng isang milyong dolyar ay nangangahulugang maaari na silang huminto at sa wakas ay gawin ang gusto nilang gawin. Pag-isipin mo ito: Ano ba ang apela ng lotto? KALAYAAN! Kalayaan upang mamili, ang gumawa ng pagpapasiya na hindi umiikot sa pagbabayad ng mga bayarin o paghahanapbuhay.

Napakasikat ng palabas na *Who wants to be a Millionaire?* Ito ay nakakaakit sa mga tao dahil pinapangarap ng lahat ang ganoong kalayaan. Habang pinanonood nila ang palabas, ang kanilang mga emosyon ay nakikibahagi, sinusuportahan nila ang mga kalahok, na umaasang manalo sila.

Sa panandaliang pagbabago ng paksa natin, ang pagnanakaw, sa simpleng kahulugan nito, ay isa ring paraan ng pagtustos na walang kasamang trabaho. Sa isang baluktot na kahulugan, ito rin ay nag-aalok ng kalayaan mula sa earth curse system. Umayon na tayong lahat na pagod na ang bawat isa sa pagtakbo! Ngunit may paraan bang makalabas dito? Napakaraming mga money scheme. Nakakatanggap ako ng higit sampung mga email araw-araw mula sa mga tao sa ibang bansa na ikinukuwento ang kanilang mga nakakalungkot na kuwento kung paano nila namana ang 20 milyong dolyar at kailangan nila ng makakatulong sa kanila upang ilagay ito sa ligtas sa lugar. Inaalok nila ang kalahati ng perang ito kung ako lamang ay magboboluntaryo na kunin ang kanilang pera at ingatan ito. Siyempre, gugustuhin nilang kunin ang aking email address at na magbayad ako ng maliit na processing fee, shipping fee, insurance, anumang tatawagin nilang fee upang mapadala na nila sa akin ang pamana. Ganoon ba? Mukha ba akong uto-uto?

May isang akong kliyente na tumawag sa akin, at gusto niya ng payo sa pamumuhunan o pag-iinvest. Tinanong ko ang madalas kong tinatanong sa aking mga kliyente, at natuklasan ko na mayroon siyang higit-kumulang limang milyong dolyar upang mamuhunan. Sinabi niya na wala pa sa kanya ang perang ito sa ngayon, ngunit manggagaling ito sa isang pamana. Tinanong ko siya kung kailan niya matatanggap ito, at sinabi niya marahil sa loob ng dalawang linggo. Kaya tinawagan ko siya pagkalipas ng mga dalawang linggo, at sinabi niya sa akin na matatagalan pa raw ito. Nahihirapan siyang makuha ang pamana niya mula sa bangko sa Europa na may hawak nito. Well, nakuha nito ang aking pansin, kaya sinimulan ko siyang tanungin. Ganito ang kuwento niya, mayroon daw siyang tito na namatay sa France. Iniwan sa kanya ng tito niyang ito ang limang milyong dolyar. Gayunpaman, mayroon $50,000 na tax liability na kailangang bayaran para sa pamanang ito bago niya ito matanggap. Sinabi niya sa akin na sinusubukan niya pa ring mabuo ang pera at na siya ay kumuha na ng home equity loan.

Tinanong ko siya kung mayroon ba siyang abogado, at sinabi niya,

"Oo, ang abogado na tumawag sa akin mula sa France ang nag-aasikaso nito." "Kaya, wala kang Amerikanong abogado na nag-aasikaso rin nito?" Sinabi niya, "Wala, mayroon akong abogado na tumawag sa akin mula sa France." Patuloy niya pang ipinaliwanag na dahil nahihirapan siyang mabuo ang $50,000, sinabi ng abogado sa France na babayaran niya muna ang kalahati nito, at na maaaring niya nalang ito ibalik sa kanya kapag natanggap niya na ang pera. "Huwag," sabi ko, "scam ito!" Bagaman hindi pa siya kailanman nakarinig patungkol sa tito niyang ito, naniwala siya na totoo ito. Tinawagan ko siya muli pagkalipas ng dalawang linggo, at sinabi niya na malapit niya ng mabuo ang $50,000 upang maipadala na sa kanyang bangko ang pera. Muli, sinabi ko sa kanya, "Nasa kanila na ang limang milyong dolyar. Kung gusto talaga nila ang tax money, maaari nalang nilang simpleng bigyan ka ng email o padalhan ka ng form upang pirmahan mo at ipadala pabalik sa kanila upang pahintulutan silang kunin nila ang $50,000 mula sa perang nasa kanila na." Ngunit ayaw niyang maniwala sa akin at lubos na naniniwala na totoo ang kanilang sinasabi.

Nitong nakaraang Linggo lamang sa aking iglesya, nagkaroon ako ng halos katulad na kaso. Ang kabataang lalaking ito ay humihingi sa akin ng payo sa pag-iinvest tungkol sa perang matatanggap niya mula sa ibang bansa. Hindi ko na pinatapos ang kanyang sinasabi. Sinabi ko, "Alam ko, alam ko, gusto nilang bayaran mo sila ng fee o anuman para maipadala na nila ang pera sa iyo, hindi ba?" "Well, oo, paano mo nalaman?" Sinabi ko rin ito sa kanya, na scam ito. Bagaman hindi niya kilala ang lalaki na tila namatay raw, at wala siyang abogado dito sa U.S., ipinaglaban niya pa rin na totoo yung perang matatanggap niya. Bakit napapaniwala ang mga taong ito sa ganito? Dahil gusto nilang makalaya! Hindi nila ito kayang pakawalan dahil, sa kanilang mga isip, kung ito ay isang ikasampung bahagi ng isang bilyong pagkakataon na ito nga ay totoo, gusto nila ito.

Hayaan niyong magbigay pa ako ng isa pang halimbawa. Ang negosyo namin ni Drenda sa financial services ay umabot na sa buong Estados Unidos. Napakagandang negosyo nito! Ang pagkakataong mayroon sa aking kumpanya ay totoo; mayroong akong mga tauhan na kumikita ng daan-daang mga libong dolyar kada taon. Ngunit marami ring dapat matutunan sa aking negosyo. Hinahawakan mo ang pera ng mga tao. Mayroong mga batas na dapat mong malaman at mga estratehiya sa estate planning na dapat matutunan.

Nagpagawa ako ng mga ads sa Columbus, Ohio, sa isang lokal na Christian radio station para sa mga resume, dahil naghahanap ako ng ilang mga magagaling na posibleng mga kandidato. Nakatanggap kami ng mga halos 50 na kandidato. Sa halip na kaagad na magtakda ng mga interbyu, nagpasya akong magsagawa ng mga orientation session sa isang malapit na hotel upang makatulong sa pagsasala ng mga aplikante. Pag-uusapan sa pagtitipong ito ang napakalaking potensiyal ng aming kumpanya sa marketplace, na hindi lamang kami naparito upang magbahagi kung paano kumikilos ang pananalapi kundi pati na rin ang pagbibigay ng payo ayon sa isang Kristiyanong pananaw. Pinag-usapan din namin kung paano kumikilos ang kumpanya patungkol sa mga pamamaraan o procedure, pagsuweldo, pagsasanay, at mga kailangan sa pagkuha ng lisensya. Alam ko mula sa aking karanasan na marami sa mga kandidato ang aatras kapag nakita nila ang hirap ng trabaho upang kumita ng $200,000 kada taon.

Pagkatapos ng pagtitipon, naglalakad ako sa hall ng hotel at nakita ko na ang malaking main ballroom nito ay punong-puno ng higit 1,000 mga tao. Silang lahat ay nandoon para sa iisang rason. Ang isang sikat na multi-level company ay magbibigay ng presentasyon kung paano makasali sa kanilang kumpanya. Ngunit bakit ang napakarami ng mga taong nandoon kumpara sa 50 sa aking pagtitipon? Ang simpleng sagot—pera! Sa kasamaang palad, at hindi ito ang talagang sinasabi ng multi-level company, ngunit ang nasa isip ng mga tao ay "Kung makakapasok ako rito, pagkatapos ay maka-refer ng tatlong tao, tapos bam, milyunaryo na ako." Ngayon, matagal na ako pagnenegosyo upang malaman na para kumita ang isang tao ng malaki sa mga multi-level na mga negosyo, kailangan niyang magtiyaga! Oo, nandoon ang potensiyal, ngunit muli, ang nasa isip ng mga tao ay madaliang pera at "Kung pakakawalan ko ang pagkakataong ito, tingnan mo ang mga taong nandito, makakaligtaan ko ang pagkakataong panghabambuhay!" Pakiusap na huwag ninyong masamain ang aking punto. Marami akong mga malalapit na mga kaibigan na kumita ng milyun-milyon mula sa mga ganitong uri ng kumpanya, at mayroong marami at magagandang mga MLM (multilevel marketing) sa mundo. Ngunit simple ko lamang na pinapahayag ang kaisipan ng isang karaniwang MLM recruit. Ang pagbebenta ng madaliang pera ay malaking kitaan sa earth curse system of survival.

Kung hihinto ka lamang nang ilang sandali at itatanong sa iyong

sarili kung gaano mo kadalas iniisip ang pananalapi, sa pagkita nito o pagprotekta sa kung anong mayroon ka, magugulat ka. Sasabihin ko muli ito para makuha mo ang aking punto: Nais ng bawat isa ang huminto na sa pagtakbo, at pagod na sila sa paghahanapbuhay lamang para sa pakikipagsapalaran at mag-survive! Ang pang-akit ng katapusan ng linggo o mga weekend ay ang huminto. Ang pang-akit ng bakasyon ay maaari tayong huminto. Ang pang-akit ng retirement ay sa wakas maaari na tayong huminto at gawin ang anumang nais nating gawin. Huwag niyo akong masamain. Ang pananaw ng karamihang mga tao sa buhay ay hindi ang umupo nalang sila sa isang tabi at tumambay nang walang ginagawa. Hindi ko rin sinasabi na ito ang kalooban ng Diyos para sa iyong buhay. Hindi, nilikha tayo upang maging aktibo sa ating tungkulin, ang ating natatanging nilikhang layunin. Sa kasamaang palad, karamihan sa mga tao ay sobrang abala sa pagtakbo upang mabuhay o mag-survive lamang na matagal na silang sumuko sa kanilang mga pangarap.

Sigurado akong narinig mo na ito mula sa iba, o marahil ikaw mismo ay nagsabi na nito: "Dapat akong magtrabaho sa araw na ito." Well, tulad ng malamang natuklasan mo na, hindi masyadong maganda ang pakiramdam at emosyon ng mga tao kapag "dapat" silang pumasok sa trabaho. Gayunman, umuunlad sila sa gusto nila at pumapasok sa trabaho nang may alab at sigasig sa kanilang ginagawa. Madalas, hindi ito ang kaso ng karamihan sa mga buhay ng mga tao. Sa halip, sinasabi pa rin nila, "Dapat akong magtrabaho sa araw na ito." Para sumuweldo, isa nanamang araw sa opisina, isa nanamang araw ng pakikipagbaka at halos hindi nanaman makaraos. Ang karamihan ay nagsisimula sa buhay nang maayos at sabik na sabik. Ang trabaho na kinuha nila ay pansamantala lamang para mabayaran ang mga bayarin, hanggang malaman at matuklasan talaga nila ang kanilang mga gagawin. Ngunit ang matutuklasan nila na nagiging malabo ang buhay, at pag dating nila ng kuwarenta, natuklasan nilang walang paraan palabas dito. Ang

**KUNG HINDI MO MAAAYOS ANG USAPIN NG PERA, NAKATAKDA ANG NATITIRANG BAHAGI NG IYONG BUHAY SA PAGTAKBO SA ILALIM NG SURVIVAL MENTALITY NG EARTH CURSE SYSTEM.**

tawag dito ay mid-life crisis, at sa unang pagkakataon, natuklasan nilang nakakulong sila rito.

Kaibigan ko, hindi ito ang buhay na dinisenyo ng Diyos upang ipamuhay natin. Alam mo na ito. Ngunit ang paglaya mula sa kaawa-awang kinabukasang ito ang dahilan kung bakit sa loob ng ilang mga taon sinabi namin ni Drenda na kung hindi mo maaayos ang usapin ng pera, hindi mo kailanman matatagpuan ang iyong layunin, ang natatanging layunin ng iyong buhay. Kung hindi mo maaayos ang usapin ng pera, nakatakda ang natitirang bahagi ng iyong buhay sa pagtakbo sa ilalim ng survival mentality ng earth curse system.

**Kung hindi mo maaayos ang usapin ng pera, hindi mo kailaman matutuklasan ang iyong nilikhang layunin!**

Sa paghahambing, pag-usapan natin kung anong maaaring mangyari sa iyong buhay. Isaalang-alang natin ang iyong mga hilig. Sabihin natin na ito ay ang golf. May nakapag-sabi na ba sa iyo ng, "Lagot, aalis na dapat ako para maglaro ng golf sa araw na ito"? O kung hindi kaya, narinig mo na bang may nag-sabi ng, "Lagot, Friday night nanaman; ayaw ko talaga ng Friday night. Pwede bang Monday morning nalang, para makabalik na ako ng trabaho." O sabihin natin ang hilig mo ay ang pangingisda. Maririnig ba kita nagsasabi ng, "Lagot, dapat pala akong mangisda sa araw na ito?" Hindi, hindi ko iyon maririnig mula sa iyo dahil mayroon kang alab para sa ganoon. Ano ang mangyayari kung mamumuhay ka nang may ganoong parehong alab at sigasig para sa ginagawa mo, at maaari kang tumuon sa iyong mga hilig at mahanap ang iyong sweet spot, hindi sweat spot ng iyong buhay? Paano kung mayroon kang pananalapi na kailangan upang magsustento sa iyong pamilya at mamuhay ng isang buhay na malaya sa pagkabahala sa pananalapi? Mayroon ba talagang paraan upang magawa ito? Natuklasan namin ni Drenda na mayroon nga!

> *Ang pagpapala ng Panginoon ay nagpapayaman, at hindi niya ito dinaragdagan ng kapanglawan.*
>
> —Mga Kawikaan 10:22

Dahan-dahan at tagalan mong basahin ang talatang ito. Sa Hebreo, literal na nangangahulugan ito ng kayamanang walang idinadagdag na mabigat na pagtrabaho. Nakikita mo na ba? Ang Kaharian ng Diyos ay nagbibigay ng paraan upang makalaya mula sa sistema ng mabigat

na paggawa at pawis na nagmula kay Adan. Tunay ba talagang ito ang tinutukoy ng talatang ito? Kung naniniwala ka na totoo ito, sasang-ayon ka na kakabasa mo lamang sa pinakamabuting magandang balita na natanggap mo sa matagal na panahon. Tiyak! Ito ang dahilan kung bakit sa Isaias 61, humuhulang pinag-uusapan nito si Jesus at sa kung ano ang gagawin Niya sa Kanyang ministeryo, pinapahayag:

> *Ang Espiritu ng Panginoong Dios ay nasa akin. Sapagkat hinirang niya ako na mangaral ng magandang balita sa mga mahihirap.*
>
> —Isaias 61:1

Ano ang magandang balita para sa taong nakakulong sa survival lifestyle ng earth curse system? Kalayaan sa pananalapi, siyempre! Literal na sinasabi ni Jesus na ang Kaharian ng Diyos ay naglalaan ng higit pa sa limitasyon ng earth curse system ng pagtakbo nang may mabigat na paggawa at pawis. Harapin na natin ito. Hanggang ganitong kabilis ka lamang makakatakbo rito, at para sa karamihan, pigang-piga na sila sa pagtakbo ngunit hindi pa rin iyon sapat upang sila ay makalaya. Tumakbo ako nang pinakamabilis na kaya ko sa loob ng siyam na taon nang kami ni Drenda ay lubog sa utang. Ang hindi mabilang na daan-daang libong mga kliyente na pumunta sa aming firm sa loob ng 27 mga taon ay tumatakbo rin nang pinakamabilis na kaya nila. Subalit, sa kabila ng kanilang katiyagaan, nakakulong pa rin sila sa isang buhay ng pagkaalipin sa pananalapi. Silang lahat ay tumawag sa amin dahil nagkaroon sila ng kakilakilabot na pagtuklas na wala silang pag-asa sa kanilang pananalapi, ang kanilang pangarap ng pinansyal na kalayaan ay nagmukhang lalong mas mahirap makamit, at ang kanilang pangitain noon ay napalitan ng pakikipagsapalaran. Suriin natin ang salitang pagtustos o provision nang ilang sandali.

Ang pagtustos o provision ay pro-vison.

Kung walang provision, hindi maaaring magkaroon ng vision o pangitain; dahil kung walang provision, ang paghahanap sa provision, ang siyang nagiging at ang iyong vision o pangitain. Muli, sa ganitong paraan namumuhay ang karamihang mga tao—isang buhay na walang pangitain. Ito ang pagkaalipin sa kanyang pinaka mapanlinlang na anyo nito.

KABANATA 7

# ANG PINTUAN

Ating balikan nang sandali ang ating mga natutunan tungkol sa Kaharian ng Diyos. Una, ating natutunan na ang tao ay inilagay sa lupa na may katayuang mamuno sa lupa. Nakita natin sa Hebreo 2:7-8 na walang anuman sa lupa na hindi napapailalim sa tao. Dahil dito, ating natuklasan na ang tao ay ang susi o pintuan sa lupa. Alam ito ni Satanas, kaya niya pinunterya si Adan at si Eva sa kanyang planong makakuha ng awtoridad sa lupa. Nang si Adan at si Eva ay nahulog sa kanyang plano ng pandaraya, sila ay nagkasala at sila ay nahiwalay sa pamahalaan ng legal na awtoridad ng Diyos sa kanilang buhay. Ang Espiritu ng Diyos, na siyang bumalot sa kanila mula sa Paglikha, ay nawala na. Sila ay naging hubad hindi lamang sa pisikal kundi sa espirituwal. Naiisip ko ang gulat na kanilang nakaharap noong lumisan sa kanila ang Espiritu ng Diyos. Sinasabi ng Bibliya na sila ay agad na nagtahi ng mga dahon ng igos upang matabunan ang kanilang mga sarili sapagkat pakiramdam nila na sila ay hubad.

Kahit na mayroon pa ring posisyon ang tao na mamuno sa lupa gaya ng ibinigay sa kanya noong Paglikha, kanyang nawala na ang kanyang awtoridad at kapangyarihan na mamuno sa mundo sa espirituwal. Dahil pinili niyang magrebelde sa Diyos at piniling maniwala at kumampi kay Satanas sa halip ng sa Diyos, ang tao ay napapailalim sa awtoridad ni Satanas at dahil doon, pati na rin sa parehong hatol kay Satanas (Lucifer) nang siya ay itinapon mula sa langit. Ang hatol na iyon ay ang lugar na tinatawag na impiyerno, isang lugar ng pagdurusa at walang hanggang pagtapon mula sa presensya ng Diyos. Dapat tandaan na ang impiyerno ay ginawa hindi para sa tao o ang tao man ay para rito. Hindi intensyon ng Diyos na sinumang tao ay mapunta roon.

*Pagkatapos ay sasabihin niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa. Doon kayo sa apoy na walang hanggan na inihanda sa diyablo at sa kanyang mga anghel.*

—Mateo 25:41

Upang mailigtas ang tao mula sa kapahamakan, kinakailangan ng Diyos na muling maitatag ang Kanyang kapamahalaan sa lupa. Kailangang makahanap Siya ng paraan upang mabawi ang awtoridad na hawak ni Satanas. Mayroon lamang isang paraan upang mangyari iyon. Kailangang may isang walang kasalanan na boluntaryong tatanggap ng parusang kamatayan kapalit ni Adan. Ngunit may isang maliit na problema para maging posible ang planong iyon. Ang bawat tao na naririto sa lupa, bilang mga inapo ni Adan, ay dinungisan na ng kasalanan at sa gayon ay hindi makakayanang dalhin ang Espiritu ng Diyos at Kanyang kapangyarihan. Ngunit may plano ang Diyos upang malampasan ang problemang ito. Kakailanganin ng plano na ang Kanyang matuwid na mga kautusan, ang Kanyang batas, ay maitatag at maisulat sa lupa upang ang isang tao na nabubuhay sa lupa ay maaaring mahatulan na inosente ng parehong batas, kung posible iyon. Sa ganoong paraan lamang maaaring boluntaryong tumayo ang taong iyon sa lugar ni Adan, na inaako ang kaparusahan ni Adan para sa kanyang sarili.

Ngunit may tunay na isyu sa konseptong ito dahil ang taong magpapatupad ng planong pag-sakripisyo ay hindi maaaring maging inapo ni Adan, dahil ang salinlahing iyon ay nabahiran na at naputol mula sa presensya ng Diyos. Kaya paano magiging posible ang isang plano ng pagliligtas? Para maging posible ito, kinakailangan ng Diyos na ilagay ang isang tao sa mundo na hindi nagmula sa angkan ni Adan na handang isakripisyo ang kanyang sarili para sa sangkatauhan. Ngunit ang lupa ay ibinigay kay Adan at sa kanyang mga inapo, kaya sa ilalim ng legal na status na iyon, ito ay magiging labag sa batas, ilegal. Mayroon lamang isang paraan upang maisakatuparan ito, ngunit iisa lamang. Ang taong iyon ay kailangang ipanganak dito, ngunit hindi mula sa salinlahi ni Adan.

Sa unang tingin, maaaring sumang-ayon ka na ito ay muling magiging imposible. Ngunit, may pamamaraan. Maaaring ilagay ng Diyos ang isang binhi ng lalaki sa isang babae sa mundo kung makakahanap Siya ng isang taong maniniwala sa Kanya upang gawin

iyon, sa gayon ay magbibigay sa Kanya ng legal na hurisdiksyon upang gawin ito. Tandaan, ang tao ang may hawak ng susi sa lupa. Ginamit ni Satanas ang parehong susi upang makakuha ng access sa lupa at nakawin ang espirituwal na katayuan ng awtoridad ni Adan dito. Para gumana ang plano ng Diyos at patunayan ang legalidad ng planong iyon sa mundo kay Satanas, na tiyak na magrereklamo, kailangan ng Diyos makahanap ng isang lalaki at babae na maniniwala sa Kanya para sa isang anak kahit na ito ay ganap at lubhang imposible para sa kanila ang magkaanak. Kailangang maniwala sila sa Diyos upang gawin ang imposible.

Ang kapanganakan ng batang iyon ay magkakaroon din ng kalakip na pangako ng kanyang kahihinatnan na sa pamamagitan ng kanyang lahi lahat ng mga bansa ay pagpapalain, sapagkat sa pamamagitan ng kanyang lahi magkakaroon ng legalidad at hurisdiksyon ang Diyos upang dalhin si Jesus sa mundo. Kung mayroong mag-asawang magtitiwala sa Diyos upang gawin iyon, magbunga ng isang anak sa isang patay na sinapupunan, nang naniniwala na sa pamamagitan ng batang iyon lahat ng bansa ay pagpapalain at ang kanyang kapanganakan ay magbibigay sa kanila ng higit pang mga inapo kaysa sa buhangin sa dalampasigan, kung gayon magkakaroon ng legalidad ang Diyos na kailangan Niya upang mailagay ang Kanyang binhi kay Maria, ang ina ni Jesus. Ngunit makakahanap kaya ang Diyos ng ganitong tao? Ang kanyang pangalan ay Abraham, ang ama ng ating pananampalataya.

> *Sa kawalang pag-asa, sumampalataya si Abraham na umaasa at sa gayon siya ay naging ama ng maraming bansa. Ito ay ayon sa sinabi "Magiging gayon ang iyong lahi." Sa kaniyang pananampalatayang hindi nanghihina, hindi niya itinuring na parang patay na ang kaniyang sariling katawan. Siya ay halos isandaang taon na noon. Hindi rin niya itinuring na patay ang bahay-bata ni Sara. Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng hindi pagsampalataya. Sa halip, siya ay lumakas sa pananampalataya na nagbibigay nang kaluwalhatian sa Diyos. Lubos siyang nakakatiyak na magagawa ng Diyos ang kaniyang ipinangako.*
>
> —Romans 4:18-21

Si Abraham at Sarah ay nanampalataya sa Diyos at nagkaroon ng anak na si Isaac noong sila ay napakatanda na at hindi na kayang magkaanak.

Dahil si Abraham ang siyang naniwala sa Diyos, ang pangako ay maaari lamang matupad sa pamamagitan ng pintuang binuksan ni Abraham. Dapat magmumula si Jesus sa salinlahi ni Abraham. Hayaang gawin ko itong malinaw. Upang mailagay ng Diyos si Jesus sa mundo, Dapat Siyang magmula sa salinlahi ni Abraham. Dapat! Ang pagdaan sa pamamagitan ni Abraham ang tanging paraan na maging legal ito. Ito ay dahil kung bakit kung titingnan mo ang unang kabanata ng Mateo, matatagpuan mo ang isang nakakabagot na listahan ng si ganito at si ganito ay ipinanganak si ganito at si ganito. Ang kabanatang ito ay ang pinaka unang kabanata dahil may kadahilanan. Itinataguyod nito ang katotohanan na, rito sa lupa, si Jesus ay inapo ni Abraham. Kinailangang maitala ito sa lupa kung saan inaangkin ni Satanas ang kanyang legal na pamumuno at awtoridad. Kung ang listahan na ito ay hindi tama o hindi talaga nanggaling si Jesus sa salinlahi ni Abraham, ipapahayag ni Satanas na ang kapanganakan at buhay ni Jesus ay isang pandaraya at hindi Siya maaaring magbayad ng halaga ng ating kasalanan.

**SILA NGAYON AY NAGLALAKAD SA IBABAW NG SUMPA NG MASAKIT NA PAGPAPAGAL AT PAWIS PARA LAMANG MABUHAY.**

Kung matatandaan mo, ang Israel ay may maraming batas na ipinagbabawal ang pag-asawa sa labas ng kanilang bansa. Ang pag-asawa sa labas ng kanilang sariling lahi ay maaaring maparusahan ng kamatayan. Ngayon alam mo na kung bakit ang salinlahing iyon ay kinailangang manatiling dalisay at kung bakit nila ito binantayan nang mahigpit. Oo, makikita mo ang ibang mga pagbubukod para sa mga kababaihang galing sa labas ng bansa ng Israel na nakapag-asawa ng isang Israelita, gaya ni Rahab na nanirahan sa siyudad ng Jericho at itinago niya ang mga espiya na sinugo upang siyasatin lupain. Oo, nakatala siya roon sa unang kabanata ng Mateo dahil nakapag-asawa siya ng Israelita. Pero kailangan mong maunawaan na sa kultura ng mga Hudyo, ang lalaki ang nagdadala ng salinlahi.

Hayaan niyong lumihis muna ako nang saglit sa ating pinag-uusapan. Maraming mga usapin kung gaano na katagal ang sangkatauhan dito sa lupa. Mayroon bang tiyak na paraan upang malaman ang kasagutan? Oo! Maaari kong tiyakin sa iyo ang katotohanang ito. Ang listahan sa unang kabanata ng Mateo ay kailangang tumpak. Hindi maaaring

may kulang rito o ikaw at ako ay hindi makakatamasa ng kaligtasan na ating tinatamasa sa kasalukuyan. Magrereklamo si Satanas. Ang listahan na ito ay kailangang perpekto o walang kapintasan! Kaya mula roon, maaari kang makakapagtantiya ng buong kapanahunan ng tao sa lupa. Naisip ko lang na sabihin iyan dito.

> *Gagawin kitang isang malaking bansa, ikaw ay aking pagpapalain, gagawin kong dakila ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging isang pagpapala. Pagpapalain ko ang magbibigay ng pagpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga susumpa sa iyo; at sa pamamagitan mo ang lahat ng angkan sa lupa ay pagpapalain."*
>
> —Genesis 12:2-3

Makikita niyo sa kasulatang ito na ang pintuang ito patungo sa lupa na binuksan ni Abraham ay ang legal na pintuan kung saan dumaan si Jesu-Cristo at pinagpala ang lahat ng tao sa mundo. Bagamat si Abraham at ang kanyang mga inapo ang nagbigay ng legalidad at hurisdiksyon na kailangan ng Diyos upang maibalik ang kapangyarihan at impluwensya ng Kanyang pamahalaan sa mundo, nanatiling alipin ang tao sa bigat ng kasalanan at espirituwal na kamatayan hanggang sa naipadala ng Diyos si Jesus sa mundo upang bayaran ang kasalanan ni Adan. Ngunit tungkol lamang sa larangan ng pagtustos, natagpuan natin na si Abraham at ang kanyang mga tagapagmana, ang mga nagtaglay ng tanda ng pagtutuli, ay nagtagumpay. Sila ngayon ay naglalakad sa ibabaw ng sumpa ng masakit na pagpapagal at pawis para lamang mabuhay.

> *At si Abram ay napakayaman sa hayop, pilak, at ginto.*
>
> —Genesis 13:2

Nakikita natin sa kasulatang ito ang isang malaking pagbabago na dala ng tipan na ito sa pagbibigay ng probisyon o sa pagtustos. Nakikita mo ba ang anumang pagkakaiba sa sinabi ng Diyos kay Abraham kumpara sa sinabi Niya kay Adan sa Genesis 3:17? Tandaan, matapos magkasala si Adan, sinabi ng Diyos sa kanya na ngayon sa pamamagitan ng kanyang sariling masakit na pagpapagal at pawis siya mabubuhay. Ngunit ngayon, tungkol kay Abraham, nakikita natin ang kaibahan. Sinabi ng Diyos, "Gagawin kitang!" Hindi sinasabi na iniwan si Abraham sa kanyang sariling kakayahan na magpagod at pawisan ng

masakit na pagpapagal. Sinasabi na kasangkot na ngayon ang Diyos. Sinabi ng Diyos, “Gagawin kitang!” Kaya nakita ba natin si Abraham na halos hirap nang mabuhay pagkatapos nito? Hindi kailanman!

Si Abraham ay mayaman! Ang kanyang mga anak ay mayaman. Namuhay si Abraham ng isang buhay na labas sa sistema ng lupa na isinumpa o earth curse system. Mayroon siyang higit pa sa sapat! Hindi nagtagal para makita ng mga tao ang pagkakaiba. Ang pagkakaibang ito ay nagpatuloy sa kanyang salinlahi. Sa katunayan, ilang henerasyon pagkatapos ni Abraham, ang kanyang apo na si Jacob ay nagtrabaho para kay Laban, ang biyenan ni Jacob. Nakita ni Laban ang pagpapala kay Jacob at sinubukang lokohin siya para sa kanyang kasaganaan. Ngunit ginamit ng Diyos ang kanyang mga balak na nakawin ang pagpapala para sa sariling niyang kapahamakan at pinagpala pa rin si Jacob ng lubos na kayamanan. Ang sinasabi ko ay kahit sinubukan ng mga tao na pigilan ang pagpapala na ito, hindi nila ito magawa. Hanggat ang mga tagapagmana ay nananatiling tapat sa kanilang tipan at sumasamba sa Diyos, ginawa silang masagana ng Diyos.

**“IGAGAWAD SA IYO NG PANGINOON ANG KANIYANG PAGPAPALA SA IYONG MGA KAMALIG, AT SA LAHAT NG PAGPATUNGAN MO NG IYONG KAMAY.”**

**– Deuteronomio 28:8a**

Isipin ang mga epekto ng sinasabi ko! Natatanggap ko ang lahat ng uri ng mga liham at email mula sa mga tao na nagsasabing masyado akong madaldal sa usapin tungkol sa pera. Sinasabi nila na ang kasaganaan ay wala sa kalooban ng Diyos. Binibigyang-diin nila na kailangan nating lahat na magdusa sa buhay nang may malaking halaga upang paglingkuran ang Diyos. Maaari akong sumang-ayon sa ilang bahagi ng kanilang pahayag. Sinabi nga ni Jesus na ang ating kasaganaan ay magdudulot sa atin ng pag-uusig ayon sa Marcos 10:30. Sa kasamaang palad, maraming Kristiyano ang naniniwala na ang Diyos ay isang mahigpit na panginoon at dapat nating pagdaanan ang isang buhay ng pagtitiis, manatiling mahirap, at magdusa sa pamamagitan ng sakit at karamdaman. Hindi, iyon ay ang sumpa ng mundo at hindi ang pagpapala! Gusto ng Diyos na itatag ang iyong mga pananalapi.

**Nais Kang Itatag ng Diyos!**

Kapag hindi sigurado at naitatag ang iyong pananalapi, ikaw ay mapipilitang mamuhay nang survival mode sa buong buhay mo, hindi mo matutupad ang pinagagawa sa iyo sa espirituwal, sa madaling salita, pamumuhay sa pagka-alipin. Tingnan mo ang sinabi ng Diyos sa mga inapo ni Abraham sa Deuteronomio 28:8-13

> *Igagawad sa iyo ng Panginoon ang kanyang pagpapala sa iyong mga kamalig at sa lahat ng iyong gagawin at pagpapalain ka niya sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos. Itatatag ka ng Panginoon na isang banal na bayan para sa kanya, gaya ng kanyang ipinangako sa iyo, kung iyong gaganapin ang mga utos ng Panginoon mong Diyos, at lalakad ka sa kanyang mga daan. Makikita ng lahat ng mga bayan sa lupa na ikaw ay tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoon at sila'y matatakot sa iyo. Ikaw ay pasasaganain ng Panginoon sa ikabubuti mo, sa bunga ng iyong katawan, at sa bunga ng iyong mga hayop, at sa bunga ng iyong lupa, sa lupaing ipinangako ng Panginoon sa iyong mga ninuno upang ibigay sa iyo.*
>
> *Bubuksan ng Panginoon para sa iyo ang kanyang kamalig na punung-puno, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang pagpalain ang lahat mong ginagawa. Ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram. Gagawin ka ng Panginoon na ulo at hindi buntot; ikaw ay magiging sa ibabaw lamang, at hindi ka mapapasailalim—kung iyong papakinggan ang mga utos ng Panginoon mong Diyos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, na iyong susundin at gagawin.*

Pansinin na sa bagong lupain na ito hindi pa sila naitatatag kahit na sa kanila na ang pangako. Ngunit sinasabi ni Moises sa kanila na itatag sila ng Diyos! Upang maunawaan kung ano ang maaaring itsura nito at kung ano ang sinasabi ng Diyos sa kanila, isipin ang isang puno ng oak. Kapag ito ay isang punla, hindi ito itinatag. Maaaring ilipat ito ng sinuman kung kailan at saan nila gusto. Ngunit kapag ang punong oak ay lumaki at tumanda, walang sinumang makakalipat sa puno na iyon. Ito ay itinatag na.

*Igagawad sa iyo ng Panginoon ang kanyang pagpapala sa iyong mga kamalig at sa lahat ng iyong gagawin at pagpapalain ka niya sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos. Itatatag ka ng Panginoon*

—Deuteronomio 28:8-9a

Kaya anong itsura ng nakatatag na sa pananalapi? Sinasabi sa atin ng Diyos dito sa talatang 12b:

*Ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram. Gagawin ka ng Panginoon na ulo at hindi buntot;*

Sinasabi ng Diyos na sila ay pagpapalain Niya nang sobra na sila ang magpapahiram, at hindi kailanman manghihiram. Sila ang magiging ulo at hindi ang buntot. Ang buntot ay walang masasabi kung saan ito tutungo; sumusunod lamang ito sa kung saan ito dinadala ng ulo.

*Ang namumuno sa dukha ay ang mayaman, at ang nanghihiram ay alipin ng nagpapahiram.*

—Kawikaan 22:7

Ang manghihiram ay hindi nakatatag! Sila ay nasa awa ng nagpapahiram, nagtratrabaho bilang alipin nang walang kalayaan. Subalit sinasabi ng Diyos, "HINDI! Itatatag kita! Walang maaaring magpalayas sa iyo sa iyong tahanan dahil ito ay magiging bayad na. Walang maaaring bumawi ng iyong kotse, dahil ito ay magiging bayad na. Ang iyong kusina ay mapupuno ng mga groceries, at ikaw ay lalakad sa lupaing nabayaran mo na, at tinutupad ang iyong tungkuling ibinigay ng Diyos sa ganap na kapayapaan sa pananalapi. Ikaw ay maitatatag!"

**Nais ng Diyos na sumagana ka!**

KABANATA 8

# ANG KAPANGYARIHAN NG KATAPATAN

Ang iyong mababasa ay isang makapangyarihang prinsipyo sa Kaharian, napaka makapangyarihan kaya naramdaman ko na karapat-dapat itong maging subtitle ng aklat na ito. Ating makikita ito sa kuwento at buhay ni Jose, ang apo sa tuhod ni Abraham. Upang mabigyan ka ng kaalaman, kinamumuhian si Jose ng kanyang mga kapatid at nais nilang siya ay mawala. Sa katunayan, gusto nilang ipapatay siya, ngunit isa sa mga magkakapatid ay hindi nais na umabot sa ganoon; sa halip ay, ibinenta nila siya sa mga naglalakbay na mga mangangalakal na nagdala sa kanya sa Egipto kung saan siya ay ibinenta kay Potifar, isang kapitan sa hukbo ni Paraon.

> *Nang dinala na si Jose ng mga Ishmaelita sa Egipto, binili siya ni Potifar na isa sa mga opisyal ng Faraon. Si Potifar ay kapitan ng mga guwardya sa palasyo.) Ginagabayan ng Panginoon si Jose, kaya naging matagumpay siya. Doon siya nakatira sa bahay ng amo niyang Egipcio na si Potifar. Nakita ni Potifar na ginagabayan ng Panginoon si Jose at pinagpapala sa lahat ng ginagawa niya, kaya't panatag ang kalooban niya kay Jose. Ginawa niya ito na sarili niyang alipin at tagapamahala ng kanyang sambahayan at ng lahat ng kanyang ari-arian.*
>
> *Mula nang panahong si Jose ang namamahala, binasbasan ng Panginoon ang sambahayan ni Potifar na Egipcio at ang lahat ng ari-arian niya sa kanyang bahay at bukirin. Ginawa ito ng Panginoon dahil kay Jose. Ipinagkatiwala ni Potifar ang lahat kay*

> *Jose at wala na siyang ibang iniintindi maliban na lang sa pagpili ng kakainin niya.*
>
> —Genesis 39:1-6

Bigyang pansin ang talatang 2a, *"Ginagabayan ng Panginoon si Jose, kaya naging matagumpay siya."* Ano ang ibig sabihin nito? Hindi ba at ginagabayan ng Diyos ang lahat? Sa konteksto ng ating pinag-uusapan sa mga nakaraang mga kabanata patungkol sa salinlahi, ang kasagutan ay hindi. Tandaan, ang pananampalataya ni Abraham at tipan ay nagbigay sa Diyos ng legal na access kay Abraham at sa kanyang mga inapo—lamang. Kaya kapag pinag-uusapan natin na ginagabayan ng Diyos ang lahat, hindi ito dapat ilito sa pagmamahal ng Diyos para sa lahat, mahal Niya ang lahat. Subalit para sa mga walang legal na katayuan sa harapan ng Diyos, wala Siyang maaaring gawin sa kanila.

> *Nang panahong iyon, kayo ay walang Cristo, hiwalay sa pagiging mamamayan ng Israel, at mga dayuhan sa mga tipan ng pangako, walang pag-asa at <u>walang Diyos sa sanlibutan.</u> Subalit ngayon ay na kay Cristo Jesus, kayo na noong una ay malayo, ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo.*
>
> —Efeso 2:12-13

Pansinin na tinutukoy ng kasulatang ito ang pagiging hiwalay o walang tipan, nangangahulugan na ang Diyos at ang Kanyang kapangyarihan ay legal na walang kaugnayan sa tao. Bakit? Dahil walang legalidad o hurisdiksyon ang Diyos sa lupa kapag walang legal na kasunduan, isang tipan na nakasaad, sa isang lalake o babae sa lupa. Malinaw na hinahayag ng talatang ito na kapag walang tipan, ang mga tao ay walang pag-asa at walang sa Diyos sa mundo. Tandaan, na mula nang itinayo ni Jesus ang isang bagong tipan para sa atin, tayo na ngayon ay mga miyembro ng sambahayan ng Diyos at mamamayan ng Kanyang dakilang Kaharian. (Efeso 2:19.) Kaya ngayon, kung babalikan natin ang ating talata sa Genesis 39, ating mauunawaan ang katagang, *"Ginagabayan ng Panginoon si Jose,"* na nangangahulugan na ayon sa batas, ang Diyos ay mayroong legal na impluwensya sa buhay ni Jose sa pamamagitan ng tipan na ginawa ng kanyang lolo na si Abraham. Ang legal na tipan na ito, na nagpapahintulot sa pagpapala ng Diyos at impluwensya ay na o-override o napagtatagumpayan ang

sistema ng mundong ito ng mabigat na paggawa at pagpapawis. Legal sa Diyos na pagpalain si Jose.

**WALANG LEGALIDAD O HURISDIKSYON ANG DIYOS SA LUPA KAPAG WALANG LEGAL NA KASUNDUAN, ISANG TIPAN NA NAKASAAD, SA ISANG LALAKE O BABAE SA LUPA.**

Tandaan ang sinabi ng Diyos kay Abraham, *"Gagawin kitang."* Dahil ginabayan ng Diyos si Jose, tinutulungan siya sa buhay, nagtagumpay siya sa lahat ng kanyang ginawa. Sa lubos na tagumpay niya, napansin ng kanyang paganong panginoon, si Potifar, ang malaking pagkakaiba sa kakayahan ni Jose kumpara sa maraming ibang tao na kanyang nakita. Dapat kong banggitin dito na kapag tayo ay umuunlad sa tulong ng Diyos, napapansin ng mga taong nabubuhay sa ilalim ng earth curse system of survival ang pagkakaiba sa atin! Labis na humanga si Potifar kaya inilagay niya si Jose bilang tagapangasiwa ng kanyang buong ari-arian.

Maraming prinsipyong pang-Kaharian ang inilalahad sa talatang ito ng kasulatan, subalit ang pinaka susi ng mga susi ay pinapakita rito. Ang tawag ko rito ay "Ang Kapangyarihan ng Katapatan" o maaari mo itong tawagin na "Ang Prinsipyong Potifar." Matatagpuan ito sa Genesis 39:5:

> *Mula nang panahong si Jose ang namamahala,* ***binasbasan ng Panginoon ang sambahayan ni Potifar na Egipcio at ang lahat ng ari-arian niya sa kanyang bahay at bukirin.*** *Ginawa ito ng Panginoon dahil kay Jose.*

Nais kong magkaroon kayo ng malinaw na larawan ng nangyayari rito. Isang araw, si Jose ay hindi pa ang namamahala, ngunit kinabukasan, siya na. Ang Biblia ay binibigyang diin ang sandali ng panahon kung kailan nangyari ang pagbabagong iyon. Ang pagpapala ng Panginoon ay dumating sa lahat ng ari-arian ni Potifar, ang kanyang buong ari-arian! Ngunit hindi niya kilala ang Diyos ni Jose at hindi siya bahagi ng bayan ng Israel. Paano ito nangyari at ano ang kahulugan nito? Narito ang sagot. Nang ilagay ni Potifar ang kanyang ari-arian sa ilalim ng

pamamahala ni Jose, nang hindi niya nalalaman, ang kanyang ari-arian ay napapailalim sa tipan na mayroon si Jose sa Diyos.

**Naglipat ng kaharian ang mga kagamitan, mga pag-aari, at mga propyedad ni Potifar!!**

Nakikita niyo ba, ang mga ari-arian ni Potifar ay nananatiling legal na nakatali sa earth curse system hanggang ito ay isinailalim sa pangangalaga ni Jose. Nang ilagay ni Potifar ang kanyang ari-arian sa ilalim ng pamamahala ni Jose, hindi niya namamalayan na inilalagay din niya ito sa ilalim ng impluwensya ng pagpapala ng Diyos. Sinasabi pa ng Bibliya na habang si Jose ang namamahala, hindi na kailangang alalahanin o ikabahala ni Potifar ang anumang bagay maliban sa pagkaing kanyang kinakain. Wala siyang alalahanin! Sa kawalan ng alalahanin, ang tanging kailangang pagtuunan ni Potifar ay ang kanyang tungkulin at layunin bilang kapitan ng bantay sa Ehipto. Marami ang makikita rito, ngunit ang naranasan ni Potifar, nang hindi niya nalalaman, ay ang tinatawag sa Hebreo 4 na pagpapahinga sa Sabbath, at oo, ito ay magagamit ng mga mananampalataya sa Bagong Tipan.

**ITO AY TINAWAG NA ARAW NG SABBATH, ISANG LARAWAN NG ARAW KUNG SAAN ANG TAO AY HINDI NA KAILANGANG MAGPAKAHIRAP SA KANYANG MABIGAT NA PAGGAWA AT PAGPAWIS UPANG MABUHAY LAMANG.**

Kung pag-aaralan ninyo ang Sabbath, makikita ninyo na hindi pinahintulutan ng Diyos ang mga Israelita na magtrabaho sa araw na iyon; walang pagpapawis o mabigat na paggawa na naganap. Ang Sabbath, siyempre, ay ang ikapitong araw ng linggo, at ito ay katumbas ng ikapitong araw ng paglikha. Maaaring maalala ninyo na ang ikapitong araw ng paglikha ay ang araw na idineklara ng Diyos bilang araw ng pamamahinga. Hindi dahil pagod ang Diyos kundi dahil tapos na Siya. Lahat ay kumpleto na. Ang ikapitong araw ay ang araw kung kailan orihinal na dinisenyo ang tao upang mabuhay, isang araw na walang alalahanin, kung saan ang lahat ng kailangan ng tao ay nakahanda na

bago pa niya ito kailanganin. Ngunit siyempre, alam natin na nawala kay Adan ang pamamahinga na iyon nang siya ay sumuway sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagrebelde laban sa Diyos, pinutol ni Adan ang kakayahan ng Diyos na tustusan siya. Kaya nawala ni Adan ang kanyang lugar sa pagtanggap ng panustos na dating ibinibigay ng Diyos. Si Adan ngayon ay napilitang tustusan ang kanyang sarili, ginugugol ang lahat ng kanyang oras sa mabigat na paggawa at pagpapawis upang mabuhay lamang.

Ngunit hindi iniwan ng Diyos ang tao nang walang pag-asa. Binigyan Niya ang tao ng larawan ng pamamahinga na Kanyang ibabalik balang araw. Ito ay tinawag na araw ng Sabbath, isang larawan ng araw kung saan ang tao ay hindi na kailangang magpakahirap sa kanyang mabigat na paggawa at pagpawis upang mabuhay lamang. Nang sumanib si Potifar sa pagpapala ng Panginoon na dala ni Jose sa pamamagitan ng tipan na iyon, pinakinabangan niya ang kakayahan ng Diyos na magbigay sa pamamagitan ni Jose at natagpuan niya ang kapahingahan. Lahat ay naayos na; wala siyang alalahanin.

> *Ipinagkatiwala ni Potifar ang lahat kay Jose at wala na siyang ibang iniintindi maliban na lang sa pagpili ng kakainin niya.*
>
> —Genesis 39:6

Upang maunawaan ang kahalagahan ng araw ng Sabbath at ano ang pinapakita ng Diyos sa tao, kailangan mong magtanong ng isang simpleng katanungan. Paano nagiging posible ang Sabbath? Kung tutuusin, sa ilalim ng earth curse system, ang tao ay nagtatrabaho araw-araw upang mabuhay. Kung totoo iyon, paano kaya hindi kailangang magtrabaho ang tao sa araw ng Sabbath? Paano siya tinutustusan sa Sabbath kung hindi siya maaaring magtrabaho? Iyan ay isang magandang tanong na kailangang masagot, at sa sagot na iyon, matatagpuan natin ang buong kapahayagan ng "pagpapala ng Panginoon" na tinahak ni Jose.

Sa palagay ko, isang mahusay na halimbawa ng prinsipyong ito ay matatagpuan sa Levitico kabanata 25, kung saan ipinaliwanag ng Diyos ang Taon ng Pagpapalaya at Pagsasauli o Year of Jubilee sa bansang Israel. Upang mabigyan kayo ng kaunting kaalaman, nagaganap ang Year of Jubilee tuwing ika-50 taon, at maraming kahalagahan ang taon na iyon na hindi ko tatalakayin dito. Gayunpaman, ang bahagi

na nais kong maunawaan ninyo ay hindi sila maaaring maghasik ng kanilang mga pananim sa taon na iyon. Sa katunayan, hindi rin sila maaaring maghasik ng kanilang mga pananim sa ika-49 na taon dahil ito ay isang taon ng Sabbath. Kaya nais kong magkaroon kayo ng malinaw na larawan kung ano ang nangyayari: Sinabihan ang Israel na hindi sila maaaring maghasik ng kanilang mga pananim sa ika-49 at ika-50 na mga taon. Pagkatapos, kailangan nilang maghintay hanggang sa katapusan ng ika-51 taon, matapos silang magtanim ng mga pananim, para sa mga pananim na mahinog upang anihin. Kaya sa madaling salita, sinasabi ng Diyos sa kanila na magkakaroon sila ng tatlong taong panahon na walang ani. Kung sinabi ko sa inyo na hindi kayo magkakaroon ng suweldo sa loob ng tatlong taon, maaaring medyo mag-alala kayo. Sa katunayan, nag-alala ang Israel. Sa natural na kalagayan, ito ay imposible. Ngunit may ipinapakita ang Diyos sa kanila.

> *Huwag kayong mababahala sa kung ano ang inyong kakainin sa ikapitong taon na hindi kayo makakapagtanim o makakapag-ani. Pagpapalain ko ang inyong mga bukid tuwing ikaanim na taon upang maging masagana ang ani para maging sapat para sa tatlong taon. Kaya sa tuwing magtatanim kayo sa ikawalong taon, ang kakainin ninyo ay ang inyong ani pa rin noong ikaanim na taon, at magiging marami pa ang pagkain ninyo hanggang sa dumating ang tag-ani sa ikasiyam na taon.*
>
> —Leviticus 25:20-22

Ang Sabbath ay nagiging posible lamang dahil pinagpala ng Diyos ang ika-anim na araw ng isang dobleng bahagi, o higit pa sa sapat. Hayaan ninyong maunawaan pa muli ng inyong isipan ang katagang ito. Hindi ba at iyon ang hinahangad ng bawat lalaki at babae, ang higit pa sa sapat? Nang bigyan ng Diyos ang tao ng dobleng bahagi sa ika-anim na araw, ipinapaalala Niya sa tao na Siya ang kanilang tagapaglaan, at lagi Siyang naglalaan ng higit pa sa sapat. Maging tapat tayo; ang higit pa sa sapat ay nagbibigay ng kalayaan mula sa rat race o sa pamumuhay ng pagmamadali. Inililigtas tayo nito mula sa pagkaalipin patungo sa pagkakaroon ng mga pagpipilian sa buhay. Pinakamahalaga, pinalalaya tayo nito upang matagpuan at umunlad sa ating layunin at pagkahilig. Ito ang tinatamasa ni Potifar. Walang

alalahanin. Ang bawat pangangailangan niya ay natutugunan. Ang tanging dapat niyang pagtuunan ng pansin ay ang kanyang layunin. Muli, tulad ng sinabi namin nina Drenda, "Hanggat hindi mo pa naaayos ang usapin sa pera, hindi mo kailanman matatagpuan ang iyong layunin." Ngunit mayroong magandang balita! Ang kapahingahan ng Sabbath ay magagamit pa rin ngayon, at ito ay nag-aalok ng isang lugar kung saan ang ating mga pangangailangan ay natutugunan at tayo ay maaaring umunlad nang higit pa sa pagtitiis.

Mayroong natitira, sa gayun, isang Sabbath na kapahinahan para sa bayan ng Diyos; para sa sinuman na pumapasok sa kapahingahan ng Diyos ay nakakapagpahinga mula sa kanyang sariling pagpapagal (ang sistema ng mabigat na paggawa at pagpawis; survival) gaya ng ginawa ng Diyos.

Ang Kaharian ng Diyos ay pinapalitan ang batas ng lupa na nagtakda ng mabigat na paggawa at pagpawis para kay Potifar, at gagawin din nito para sa iyo. Habang natututunan natin kung paano mapanghawakan ang Kaharian ng Diyos, maaari tayong magtagumpay at matagpuan ang ating layunin. Ang buhay ay maaaring masaya, puno ng pagmamahal at kasiyahan.

> *Ang pagpapala ng Panginoon ay nagpapayaman at hindi niya ito dinadagdagan ng anumang kalungkutan.*
>
> —Kawikaan 10:22

Ang pagpapala ng Panginoon ay nagpapayaman, at hindi ito dinadagdagan ng Diyos ng anumang kalungkutan!!! Maaari tayong mabuhay nang higit pa sa masakit na paggawa at pawis ng sistema ng Genesis 3:17. Ako ay nabuhay sa lumang sistema ng survival sa loob ng maraming taon hanggang sa natutunan ko kung paano gumagana ang Kaharian ng Diyos. Maaari mo ring matutunan ito. Kasama mo ang Diyos! Maaari ka Niyang tulungan! Maaari kang umunlad. Hindi, baguhin natin iyon: Kailangan mong umunlad. Ang mga Potifar ng mundo, ang mga hindi nakakakilala sa Diyos at pinapahirapan ng sumpa ng walang pag-asa, mahirap na trabaho, nagtatangkang mag-survive, ay nanonood sa iyo. Hindi sila namamangha sa iyong relihiyon, sa iyong mga gusaling simbahan, o sa iyong mga banal na kasulatan dahil wala silang makita sa iyo kundi ang iyong kakulangan ng mga katugunan. Hindi mo maaasahan na makikinig sa iyo ang mga tao kapag sinasabi

mo sa kanila kung gaano kadakila ang Diyos mo, habang sa parehong oras ay nabubuhay ka sa parehong matinding pangangailangan sa pananalapi at kawalan at survival na kanilang kinakaharap din. Hindi, dapat mong ipahayag kung ano ang itsura ng Kaharian gaya ng ginawa ni Jose. Hindi ko sinasadyang maging mahigpit, pero hindi rin bulag ang mga tao. Naghahanap sila ng kasagutan.

Sa loob ng maraming taon, wala akong tinig ng impluwensya. Walang humihiling na ako ay pumunta sa TV; hindi ako namumuno ng isang iglesya ng mga libu-libo. Bakit? Dahil wala akong masasabi, walang mga solusyon, walang mga kasagutan, walang patunay na ang Diyos ay buhay at kasama ko. Ako ay humihiram ng pananalapi mula sa aking pamilya upang mabuhay lamang. Ang aking kotse ay nasisira na, ang bahay ko nasisira na, ang buhay ko ay nasisira na. Bakit nanaisin ng sinuman na makinig sa kung gaano kadakila ang Diyos ko? Oo, papunta akong langit at ang langit ay ang pinakadakilang bagay, subalit hindi makikinig ang mga tao kung gaano kadakila ang langit maliban na maipahayag mo ang kalangitan dito sa mundo. Makinig, ang aking sinasabi lamang ay ang kung ang Diyos ay Diyos at ang Salita Niya ay talagang tunay, dapat ito ay kikilos o gagana. Ang ating buhay ay nararapat na magmukhang naiiba at dapat talagang naiiba! Aabutin natin ang henerasyong ito sa pamamagitan ng katotohanan ng Kaharian. Ang mga Potifar ay nanonood.

**ITIGIL ANG PAGSASANG-AYON SA LAHAT NG PAG-AALINLANGAN AT KAWALAN NG PANANAMPALATAYA SA PALIGID MO. BAGUHIN ANG IYONG KATAPATAN AT TAMASAHIN ANG KAHARIAN NG DIYOS!**

Kaya bakit ko nilagay ang subtitle na *Ang Kapangyarihan ng Katapatan* sa aklat na ito? Ito ay dahil si Potifar ay nakaroon ng access sa Kaharian ng Diyos at natamasa ang pahinga ng Sabbath kung saan ang pagpapawis at mapait na paggawa ay hindi isang pamamaraan ng buhay, kung saan wala ang takot, at ang kapayapaan ang namamayani. Ito ay kung saan ang survival ay napalitan ng layunin at kasiglahan, at ang kahirapan ay natabunan na ng pagtutustos. Paano niya ito nagawa? Dinala niya ang kanyang mga problema at pangamba sa ilalim ng

hurisdiksyon ng Kaharian ng Diyos. Sa madaling salita, bagaman hindi niya nalalaman ang kanyang ginawa, iniayon niya ang kanyang sarili sa Diyos. Sumang-ayon siya at pumasok sa hurisdiksyon ng Kaharian ng Diyos. Matalino si Potifar na ipagkatiwala ang kanyang mga gawain sa pangangalaga ni Jose dahil nakakita siya ng mga kasagutan. Maaari mo rin itong gawin; iyan ang ginawa namin ni Drenda. Iyan ang dahilan kung bakit nagpakita ang mga usa, dumating ang pananalapi, ang mga sasakyan, at ang bahay na kailangan namin. Kaya hayaan mo akong magbigay ng isang mungkahi sa iyo. Kung nais mong tamasahin ang lahat ng mayroon ang Diyos para sa iyo, baguhin mo ang iyong katapatan. Itigil ang pagsasang-ayon sa lahat ng pag-aalinlangan at kawalan ng pananampalataya sa paligid mo. Baguhin ang iyong katapatan at tamasahin ang Kaharian ng Diyos!

## KABANATA 9

# PAKAININ NINYO SILA!

Nang una kong nakilala si Don, siya ay dumating sa aking opisina na nanlulumo at baon sa utang.  Tila walang tamang nangyayari sa buhay niya sa panahong iyon. Nang ako ay umupo at kinausap siya, natagpuan ko na siya ay tatlo hanggang apat na buwan nang huli sa pagbayad ng kanyang upa at ng iba pa niyang bayarin. May mga problema sa pag-aasawa—ang kanyang asawa ay sawa na sa kanilang kalalagayan sa pananalapi at nagsimula nang mawalan ng respeto para kay Don dahil hindi na siya nakakapagtustos sa kaniya at sa kanilang limang anak. Ang katotohanan ay, nawalan na ng respeto si Don para sa sarili niya. At siya ay puno ng mga katanungan.

Ang kanyang trabaho ay may kinalaman sa pagbebenta ng health insurance sa buong estado ng Ohio, ngunit ang kanyang kawalan ng tagumpay ay mabilis siyang dinadala sa isang mapanganib na landas ng pagkalugi.

Sa kabila ng lahat ng mga bagay na laban kay Don, nakita ko ang potensyal sa kanya. Siya ay handang matuto at handang magtrabaho. Ang makapangyarihang kombinasyon na iyon ay nag-udyok sa akin na kunin siya at mag-invest sa kanyang kinabukasan. Sa huli, ito ay naging isang investment na nagbunga ng malaking pakinabang para sa aming dalawa.

Ang aking bagong tatag na kumpanya ay nanalo ng isang trip sa Hawaii mula sa isa sa aming mga vendor, at naramdaman kong ito ay magiging isang magandang pagkakataon upang ibahagi kay Don ang tungkol sa Kaharian ng Diyos. Bagaman si Don ay isang Kristiyano, wala siyang parehong pag-unawa tulad ng sa akin. At kahit na ilang beses ko nang sinubukang ibahagi sa kanya ang mga prinsipyo ng Diyos sa larangang ito, tila hindi siya naniniwala sa aking sinasabi.

Patuloy akong naghahanap ng paraan upang makuha ang atensyon ni Don na makakatulong sa kanya na maunawaan na maaari rin siyang magtagumpay sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano kumikilos ang Kaharian ng Diyos. Gayunpaman, labis na nadismaya si Don na nahirapan siyang maniwala sa kanyang sarili at maniwala na ang pagbabago ay talagang maaaring mangyari. Alam ko na ang trip na ito sa Hawaii ay ang aking pagkakataon.

Sa mga linggo bago kami umalis ni Don, pinag-usapan namin ang mga bagay na makikita at gagawin namin doon. Isang espesyal na interes ang lubos na nakakuha ng atensyon ni Don. Gusto niyang makahuli ng isang blue marlin sa magagandang tubig ng Karagatang Pasipiko. "Ang Hawaii ay ang blue marlin capital ng mundo," sabi ni Don sa akin nang may kasabikan. "Matagal ko nang pangarap na makahuli ng blue marlin; ito ang pangarap ko." Sa unang pagkakataon sa loob ng ilang linggo, nakita ko ang kislap sa mga mata ni Don. May isang bagay na talagang nagpasigla sa kanya, at alam ko na ang kasabikan niya ay magbubukas ng pinto para sa isang makapangyarihang aral.

"Don," sabi ko, "alam mo ba na posible mong matiyak, hindi basta ang makaasa, kundi *matiyak* na makakahuli ka ng blue marlin sa Hawaii sa pamamagitan ng pag-access sa Kaharian ng Diyos?" Bagaman naguguluhan, si Don ay nabighani at nais pang malaman ang higit pa. Ipinagpatuloy ko ang aking pagpapaliwanag tungkol sa Kaharian. Aking binanggit ang Marcos 11:24, na sinasabi, "*Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at mangyayari nga iyon sa inyo."* Para kay Don, halos hindi kapani-paniwala ito. Naglaan ako ng oras upang tulungan siyang maunawaan ang Kaharian at kung paano kalagan ang kanyang pananampalataya. Kaya bago kami umalis para sa aming paglakbay, sila ng kanyang asawa ay naghasik, katulad ng ginawa ko para sa aking usa, nanalangin nang may pagkakaisa, at naniwalang natanggap na nila ang blue marlin.

Samantala, ginawa ni Don ang lahat ng kanyang nalalaman upang mapanatili ang kanyang bahagi ng ani. Nagsaliksik siya tungkol sa mga available na bangka at mga presyo, at sa wakas ay nag-book siya sa isang kapitan na sa tingin niya ay magaling. Nakahanda na ang lahat, at labis kaming nasasabik sa pagpunta sa asul na tubig ng Hawaii.

Dumating ang araw ng paglayag, at habang sumasakay kami sa

bangka, masayang sinabi namin sa kapitan na ngayon ay araw na namin para hulihin ang isang blue marlin. Bagaman inaasahan niya na magkakaroon kami ng matagumpay na araw sa pangingisda para sa iba pang mga isport na isda, itinataguyod niya na ang mga posibilidad ay hindi sa aming pabor para sa paghuli ng isang blue marlin sa araw na iyon. Sa dalawang bangka na sumasailalim sa mga charter tour araw-araw sa loob ng huling apat na buwan, isang blue marlin lamang ang dinala ng kanyang mga tauhan. Ito ay dahil sa katotohanan na hindi pa panahon ng marlin, dahil ang mga ito ay isang migratoryong isda. Hindi namin pinapayagan ang aming sarili na mawalan ng pag-asa, marahang sinabi namin sa kanya na kami ay makakahuli ng isa at patuloy kaming naghahanda ng aming gamit.

**"KAYA'T SINASABI KO SA INYO, ANUMAN ANG HINGIN NINYO SA INYONG PANALANGIN, PANIWALAAN NINYONG TINANGGAP NA NINYO AT MANGYAYARI NGA IYON SA INYO."**

**– MARCOS 11:24**

Pagkatapos ng anim na oras ng pag-troll o paghatak ng aming pamingwit sa aming bangka ay wala kaming nakuha kahit isang kagat, at medyo nababahala ako na ang kawalan ng pagkilos ay maaaring magpahina sa pananampalataya ni Don. Sa aking pag-aalala, sumigaw ako ng isang tanong sa kanya. "Don," sigaw ko mula sa aking upuan sa ibabaw ng kanyang kinaroroonan, "May itatanong ako sa iyo. Kailan mo tinanggap ang blue marlin, kapag ito ay nagpakita o nang tayo ay nanalangin?" Nang may kumpyansa, mariin niyang sinagot, "Gary, simple lamang iyan. Tinanggap ko iyon nang ako ay nanalangin." Napawi ang aking pangamba at ako ay puno ng kumpyansa nang marinig ang kanyang sagot. Sa sandaling iyon, alam ko na si Don ay seryoso sa aking gabay at determinado siyang makamit ang marlin na iyon.

Minutong lumipas, ang pamingwit ni Don ay nagsimulang tumunog nang ito ay bumaluktot patungo ng karagatan at ang mga kasama namin roon ay sumigaw ng, "Fish on!"

"Huwag masyadong masabik," binalaan ng kapitan. "Malaking isda ito, oo, pero hindi ito blue marlin. Ang mga marlin ay lumalapit

mismo sa ibabaw at gumagawa ng napakalaking talon sa himpapawid, at ang isdang ito ay nananatili sa malalim." Lumipas ang mga minuto habang patuloy na nilalaban ni Don ang isda na hindi pa lumalapit sa ibabaw upang makita. Sa pagod ni Don, mas napagod ang isda at mabilis itong sumuko sa laban. Hindi kami nagulat ni Don nang hulihin niya ang malaking, magandang blue marlin, ngunit nagulat ang lahat ng nasa bangka.

Ang larawan ni Don at ng kanyang isda ay nananatili sa aking opisina hanggang sa araw na ito bilang patotoo sa iba at patuloy na paalala sa akin ng katotohanan ng Kaharian. Sa panlabas, ito ay simpleng isda lamang. Ngunit para kay Don, ang marlin ay mayroong mas malalim na kahulugan. Kung gumana ang Kaharian para sa marlin, tiyak na gagana rin ito para sa lahat ng kailangan niya sa buhay. Para kay Don, ito ay simula pa lamang ng pag-unawa sa epekto ng Kaharian ng Diyos sa kanyang buhay.

**TULAD NG HANGIN NA HINDI NAKIKITA NGUNIT MAY NAKIKITANG EPEKTO SA NATURAL NA DAKO, GAYUNDIN ANG KAHARIAN NG DIYOS AY TOTOO AT MAY EPEKTO SA NATURAL NA DAKO.**

Balikan natin ang ilang libong taon at alamin ang tungkol sa isang lalaking tinatawag na Nicodemo, na nagtanong kay Jesus nang espesyal tungkol sa Kaharian ng Diyos. Ibinunyag sa Kabanata 3 ng aklat ng Juan ang sagot ng Panginoon, *"Ang hangin ay umiihip kung saan nito nais, at naririnig mo ang tunog nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nagmumula at kung saan ito pumupunta. Gayundin ang sinumang ipinanganak sa Espiritu.""* (v. 8). Ang magandang araw sa bangka kasama si Don ay isa sa pinakamagandang halimbawa nito.

Bagaman hindi namin makita ni Don ang Kaharian ng Diyos, tiyak naming nakita at naramdaman ang epekto nito nang dumating ang malaking marlin sa araw na iyon. Tulad ng hangin na hindi nakikita ngunit may nakikitang epekto sa natural na dako, gayundin ang Kaharian ng Diyos ay totoo at may epekto sa natural na dako. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga batas na namamahala sa Kaharian ng Diyos, nagbubunga tayo ng pagbabago sa ating buhay tulad ng ginawa ni Don noong araw na iyon.

Okay, Narito ang tanong: Paano nagpakita ang Marlin na iyon? May sagot sa tanong na iyon. Hindi maaaring sabihin lang na ginawa lamang ito ng Diyos. Hindi, kailangan nating malaman kung paano namin nalaman na darating ito. Kailangan mo talagang malaman ito dahil may mga pagkakataon sa iyong buhay na mangangailangan ka ng isang blue marlin o isang blue car o kahit na mga bilihin lang. Ang totoo, ang punto ng kuwento ay hindi talaga tungkol sa pangingisda kundi tulad ng mga kuwento ko sa pangangaso ng usa. Ang kuwento ay nagbibigay sa atin ng kaalaman tungkol sa Kaharian at kung paano ito kumikilos. Mayroong dahilan kung bakit dumating ang marlin! Ginugol ni Jesus ang maraming oras sa pagtuturo sa Kanyang mga alagad kung paano kumikilos ang Kaharian, ngunit bukod sa pagsasalita patungkol dito, ipinakita Niya ito.

Bigyan mo ito ng pansin. Ang Kaharian ay hindi kumikilos tulad ng lupang iyong kinagisnan. Hindi mo talaga ito lubos na mauunawaan sa iyong isipan. Ito ay gumagana batay sa mga batas, ngunit iba ang mga batas na ito kaysa sa mga nakasanayan natin dito sa lupang ito. Pero maaari nating matutunan ang mga batas na iyon. Ginugol ni Jesus ang maraming oras sa pagpapakita at pagtuturo ng mga batas ng Kaharian saanman Siya magpunta. Isa sa aking paboritong kuwento kung saan ipinakita ni Jesus ang Kaharian ay nangyari sa Marcos 6. Ito ang sikat na kuwento ni Jesus na nagpakain sa 5,000 mga kalalakihan gamit ang limang tinapay at dalawang isda. Bagaman narinig ko na ang kuwento ng maraming beses noong ako ay lumaki sa iglesya, walang sinumang nagsabi sa akin kung paano ginawa iyon ni Jesus.

> *Nang gumagabi na, lumapit sa kanya ang kanyang mga alagad at nagsabi, "Ilang ang pook na ito, at gumagabi na. Paalisin na po ninyo ang mga tao upang makabili ng makakain sa mga karatig-nayon."*
>
> *Ngunit sumagot si Jesus, "Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain."*
>
> *Sumagot ang mga alagad, "Makabibili ba tayo ng dalawandaang denaryong halaga ng tinapay upang mapakain ang mga taong ito?"*
>
> *"Ilang tinapay ang dala ninyo?" tanong ni Jesus. "Tingnan nga ninyo."*

> *Pagkatapos tingnan ay sinabi nila sa kanya, "Limang tinapay, at dalawang isda."*
>
> *Inutusan ni Jesus ang mga alagad na paupuin ang mga tao nang pangkat-pangkat sa luntiang damuhan. Kaya't naupo ang mga tao, tig-iisandaan at tiglilimampu bawat pangkat. Kinuha ni Jesus ang limang tinapay at ang dalawang isda, tumingala siya sa langit, nagpasalamat, hinati-hati ang mga tinapay at ibinigay niya sa mga alagad upang ipamahagi sa mga tao. Hinati-hati rin niya ang dalawang isda upang ipamahagi sa lahat. Kumain silang lahat at nabusog. Tinipon ng mga alagad ang mga lumabis, at nakapuno sila ng labindalawang kaing. Limang libong lalaki ang nakakain ng tinapay.*
>
> —Marcos 6:35-44

"Jesus, mayroon tayong problema. Ang mga tao ay nagugutom at maliban kung umalis na sila ngayon, hindi na nila kayang makauwi hanggang sa maging gabi na; at nababahala kami." Ano ang sinabi ni Jesus sa kanila? "Oh, grabe, tama ka. Hindi ko na napansin ang oras; tapusin na natin ang pagpupulong." Hindi, sinabi Niya lamang, "Pakainin niyo sila." Ano? Iniulat ng Bibliya na may 5,000 kalalakihan doon, ngunit kung kasama na ang mga babae at mga bata, maaaring mayroon nang 20,000 na tao roon. Ang pagpapakain sa grupo ng mga tao na iyon, kahit na mayroon nang mga kagamitan doon, ay magiging napakalaking gawain, isang imposibleng gawain. Sigurado ako na hindi makapaniwala ang mga alagad sa sinabi ni Jesus. Ang kanilang tugon sa solusyon Niya ay nagbibigay ng malinaw na kaalaman sa karaniwang pag-iisip sa lupa. "Ngunit, Jesus, ito ay kailangang bayaran ng walong buwang sahod! Papayagan ba natin na gastusin iyon sa tinapay?" Una sa lahat, pansinin kung paano nila kaagad na binago ang kanilang suliranin na may kakulangan ng pagtustos sa ekonomiya ng earth curse system, mabigat na paggawa, at pawis, walong buwang ganito upang maging eksakto.

Isang araw, nanalangin ako at sinabi ng Diyos sa akin na mayroon akong karnal na pag-iisip. Nalito ako; Ano ang ibig sabihin noon? May problema ba ako sa pagnanasa? Hindi, tinutukoy Niya ang aking pag-iisip at kung papaano ako nalilimitahan dahil ang sinasala ko sa earth curse system ang aking kinabukasan dahil sa pamamagitan ng kaisipan

ng gaano ako maaaring kabilis tumakbo. Ganito tayong lahat, kung kailangan natin ng bagong bahay, titingnan natin kung magkano ito at bigla nating kwekwentahin kung kaya ba natin itong mabayaran. Paano natin ito kwekwentahin? Sa pamamagitan ng sinumpang kaisipan ng mundo ng gaano tayo kabilis tumakbo. Tingnan natin, kung kumikita ako ng $15 dollars kada oras at 40 na oras sa isang linggo iyon ay… "Wow, hindi ko ata kayang bilhin ang bahay na ito." Kaya isasantabi mo ito bilang imposible. Ating sinasala ang bawat ideya sa kung gaano ako kabilis tumakbo na filter. HINDI natin maabot ang pamamaraan ng buhay ng Kaharian dahil hindi nakatali ang Diyos sa ganoong sistema. Sinasabi ng Diyos sa akin na kung nais kong makibahagi sa Kaharian, dapat magsimula akong mag-isip ng mga kaisipang pang-Kaharian—lahat ng bagay ay posible!

Ito ang kalalagayan ng mga alagad nang sinabi nila, "Aabot ng walong buwang sahod iyan." Samakatuwid, sinasabi nila na imposibleng bagay ang pakainin ang mga taong ganoon karami.

Payagan niyong ipakita ko ang tunog ng "Pakainin niyo sila" ni Jesus sa kanila. Isipin ninyo na ako ang inyong pastor, at nagkaroon kayo ng mga pagkakataon sa buhay na nahuhuli ka sa pagbayad ng inyong mortgage. Tatlong buwan na kayong hindi nakapagbayad at malapit nang mawala ang inyong bahay. Kaya lumapit kayo sa akin at nagtanong kung maaari bang tulungan kayo ng iglesya na makabawi sa inyong mga bayarin. Sa kalmadong kalooban, sinabi ko sa inyo, "Mayroon akong mas mabuting ideya. Bakit hindi na lamang kayo magbayad nang buo, at wala na kayong dapat bayaran?" Titingin kayo sa akin ng, "Hindi niya talaga naunawaan ang sinasabi ko" na tingin. "Hindi, Pastor, nagkakamali ka. Wala kaming pera; kaya nga kami lumapit sa iyo. Kailangan lang naming tulungan kami ng iglesya para mabayaran ang aming mga utang." Muling titingin ako sa inyo nang may kalmadong kalooban at sasabihin, "Hindi, naiintindihan ko ang sinasabi ninyo, at ibinigay ko sa inyo ang isang magandang solusyon. Dapat lamang na bayaran ninyo ang bahay nang buo, at wala nang dapat bayaran." Parang isang pinball machine na nagsasabing tilt, iisipin ninyo na baliw ako.

Ito siguro ang naramdaman ng mga alagad. "Jesus, hindi Ka naman seryoso talaga sa pagpapakain ng mga 20,000 mga taong ito. Ano? Hindi talaga kasi ito posible. Wala tayong sapat na kasangkapan para gawin

iyon. At kung gagawa kami ng plano para magtrabaho nang mabuti upang makuha ang pananalapi, ayusin ang mga wagon o mga karo at ang mga committee upang yumaon at bilhin ang tinapay, sa panahong makabalik kami dala ang tinapay, patay na silang lahat. Kung mayroon man kaming pananalapi, wala kaming sapat na panahon upang magawa ito." Ganito tayo tumugon sa mga imposibleng mga bagay sa natural na dako kapag wala tayong nakikitang paraan na ito ay matupad. Kapag wala tayong probisyon o pagtustos ang ating pangitain ay namamatay.

Hindi iniwan ni Jesus ang mga alagad sa ganoong sitwasyon nang walang mga kasagutan, at hindi sinabi sa kanila na pakainin ang mga tao kung walang paraan na magawa ito. Ipapakita Niya sa kanila ang kabilang sistema—ang Kaharian na kumikilos. Ngayon na nalilito na ang mga alagad, pinangunahan na ni Jesus.

"Ano ang mayroon kayo? Tingnan ninyo," sabi ni Jesus. Bumalik ang mga alagad at sinabi, "May nakita kaming limang tinapay at dalawang isda." Nang makita ang limang tinapay at dalawang isda, hiniling ni Jesus sa mga alagad na dalhin ito sa Kanya. Kinuha Niya ang tinapay at isda, pinagpala ito, at ibinalik sa kanila. Sa natural na mga mata, walang nagbago, ngunit sa espirituwal na kaharian, may napakahalagang nangyari, isang bagay na susi sa ating pag-unawa sa Kaharian ng Diyos. Inutusan ni Jesus ang mga alagad na ipamahagi ang tinapay at isda, at namangha sila habang ang pagkain ay dumadami sa kanilang harapan at pinakakain ang lahat ng 20,000 tao hanggang sa hindi na nila makain ang kahit isang mumo o crumb. Ano ang nangyari? Paano ito nangyari?

Upang malaman ang sagot, kailangan nating bumalik ng kaunti at masusing pagmasdan ang mga detalye ng pangyayaring ito. Ang salitang "pinagpala o pagpala" ay literal na nangangahulugang paghiwalay o pagpapakabanal. Kaya masasabi natin na nang magsalita si Jesus sa pagkain at pinagpala ito, ang tinapay at isda ay nahiwalay mula sa isang kaharian patungo sa isa pa. Sa mundo, ang pagpapakain ng 20,000 tao gamit ang limang tinapay at dalawang isda ay hindi posible. Ngunit sa Kaharian ng Diyos, ang lahat ng bagay ay posible. Sa katunayan, hindi rito nagtatapos ang kuwento. Bago pa ito matapos, nakapag-ipon pa ang mga disipulo ng 12 basket ng natirang mga piraso. Ang limang tinapay at dalawang isda ay mula sa hindi sapat, naging sapat para sa 20,000 tao at pagkatapos ay may sobra pang natira kaysa sa pinasimulan? Iyan ang paraan ng Kaharian, higit pa sa sapat!

Bilang isang spiritual scientist, nang tingnan ko nang maigi ang kuwento, nakita ko ang parehong formula na ibinigay sa akin ng Diyos sa pamamagitan ng pangangaso ng usa. Itinuro sa akin ng Diyos na unang maghasik sa Kaharian ng Diyos ng bahagi ng anumang kailangan ko. Ganito ang ginawa ng batang lalaki sa tinapay at isda na kanyang dala. Inilagay niya ito sa ilalim ng awtoridad ng Kaharian ng Diyos, at ito ay dumami, nagpakain ng 20,000 tao na may 12 basket pang natira. Pansinin na ang tinapay ay dumami bilang mga tinapay, at ang isda ay dumami bilang mga isda. Ganitong paraan ito gumagana. Maaari akong maghasik ng isda sa Kaharian at maaari itong dumami bilang mga isda. Ngunit paano kung kailangan ko ng isda at wala akong isda na maaaring ihasik? Ang sagot—pera! Tandaan, ang pera ay isang barter system o sistema ng palitan. Araw-araw nating "pinapangalanan" ang pera. Pinapangalanan natin ito bilang gatas, bahay, damit, tinapay, at anumang bagay na kailangan natin bawat araw. Ang pera ay nagiging anumang kailangan natin. Kaya sa ating paghahasik, maaari nating pangalanan ang pera. Sa halip na pumunta sa tindahan at bumili ng isda para ito ay ihasik, maaari na lang nating pangalanan ang pera. Maaari itong mangyari sa pamamagitan ng iyong pagbibigay, ngunit hindi sa iyong ikapu, dahil binigyan na ito ng Diyos ng pangalan. Makikita natin ang parehong batas ng pagpaparami na gumagana sa Lucas 5.

**ITINURO SA AKIN NG DIYOS NA UNANG MAGHASIK SA KAHARIAN NG DIYOS NG BAHAGI NG ANUMANG KAILANGAN KO.**

> *Samantalang si Jesus ay nakatayo sa baybay ng lawa ng Genesaret at habang nag-uunahang palapit sa kanya ang mga tao upang makinig sa salita ng Diyos, nakita niya ang dalawang bangkang nakadaong sa tabi ng lawa. Wala na sa mga bangka ang mga mangingisda dahil naghuhugas na ng kanilang mga lambat. Sinakyan niya ang bangka na pag-aari ni Simon. Hiniling niya kay Simon na sumagwan nang kaunti palayo sa lupa. Umupo siya at nagturo sa mga tao mula sa bangka. Nang matapos siyang magsalita, sinabi niya kay Simon, "Dumako kayo sa malalim at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang makahuli."*
>
> *Sumagot si Simon, "Ginoo, buong magdamag po kaming*

*nagtiyaga ngunit wala kaming nahuli. Subalit dahil sa inyong utos, ihuhulog ko ang lambat." Pagkagawa nila nito, nakahuli sila ng napakaraming isda na halos ikapunit ng kanilang mga lambat. Kaya't kinawayan nila ang kanilang mga kasamahan sa kabilang bangka upang lumapit at tumulong sa kanila. Lumapit nga ang mga ito at pinuno nila ang dalawang bangka hanggang sa halos lumubog na ang mga ito.*

—Lucas 5:1-7

Bilang isang spiritual scientist, tingnan nating maigi ang kuwento. Paano nagpakita ang mga isdang iyon? Nakikita mo ba? Naglalakad si Jesus sa dalampasigan at nakakita ng bangka na nais Niyang gamitin upang mangaral sa mga tao mula roon. Tinanong Niya si Pedro, ang may-ari ng bangka, kung maaari Niya ba itong gamitin at sumagot si Pedro, "Sige po." Pagkatapos ng lahat, tapos na silang mangisda; buong magdamag silang nagtrabaho ngunit wala silang nahuli. Pagkatapos gamitin ni Jesus ang bangka, sinabi Niya kay Pedro na pumalaot muli at mangisda sa malalim na tubig. Siguradong nagulat si Pedro sa kahilingang ito, at sumagot siya, "Jesus, buong magdamag kaming nangisda at wala kaming nahuli." Si Pedro ay isang propesyonal na mangingisda, at alam niya kung paano mangisda. Batay sa kanyang karanasan, walang mga isda roon. Hindi makatuwiran sa natural na paraan na bumalik pa sa dagat. Naayos na nila ang kanilang mga kagamitan at katatapos lang nilang linisin ang kanilang mga lambat.

Hindi ko pinaniniwalaang gagawin iyon ni Pedro kung hindi siya nakinig sa isang oras na pangaral ni Jesus na tumagos sa kanyang puso sa paraang hindi pa niya nararanasan noon. Kaya sinabi niya, "Dahil sinabi Mo, ibababa ko ang aking mga lambat." Bumalik si Pedro sa dagat at nakahuli ng napakaraming isda na halos mapunit ang kanilang mga lambat at muntik nang lumubog ang kanilang bangka. Sa kanyang pag-aapura, tinawag niya ang kanyang mga kasamahan na nasa pampang pa, at lumapit sila, at halos mapunit din ang kanilang mga lambat at muntik nang lumubog ang kanilang bangka. Ang sabi ng Bibliya, si Pedro ay labis na namangha!

Paano ito nangyari? May mga palatandaan ba? Malalaman ba natin? Sa isang maikling buod, ito ay ang kapangyarihan ng prinsipyo ng katapatan na ating tinalakay kanina. Nang payagan ni Pedro si Jesus na gamitin ang bangka, ang bangka at ang negosyo ay lumipat ng kaharian.

Lumabas ang negosyo mula sa ilalim ng pamamahala ng sumpa ng lupa at pumailalim sa pamamahala ng Kaharian ng Diyos. Dahil nasa ilalim na ito ng pamamahala ng Kaharian ng Diyos, nagkaroon ng karapatang magbigay ang Diyos ng salita ng karunungan at ibigay kay Jesus ang eksaktong lokasyon ng mga isda; "doon sa malalim na tubig."

Kaya himayin natin ang pangyayaring ito. Hiniram ni Jesus ang bangka ni Pedro na kagagaling lamang sa isang mahabang gabi ng pangingisda nang walang huli. Sa usapang ito, ang mga bangka ay napailalim sa pamamahala ng Kaharian ng Diyos. Ngayon, alam ni Jesus ang eksaktong lokasyon ng mga isda sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Itinuro ni Jesus ang bangka ni Pedro sa eksaktong lokasyon. Ang bangka ni Pedro ay halos lumubog sa dami ng isda. Ang bangka ng kanyang mga kasamahan ay halos lumubog din dahil sa dami ng huli. Paano nahuli ang mga isda? Sa simpleng salita, sa pamamagitan ng direktang utos mula sa langit. Harapin natin ito, kahit sino ay kayang manghuli ng isda kung alam mo eksakto kung nasaan sila. Isipin ang ating sinabi. Alam ng Diyos ang lahat; kaya Niya tayong tulungan at sabihin kung ano ang dapat gawin.

Noong kami ni Drenda ay mahirap at nagsimulang matuto tungkol sa Kaharian, binigyan ako ng Diyos ng isang panaginip sa gabi upang magsimula ng isang negosyo na hindi ko talaga alam kung paano simulan. Ang negosyong iyon ay patuloy sa operasyon hanggang ngayon, 28 taon na ang lumipas, at kumikita ng daan-daang libong dolyar bawat taon ng net income. Sa loob ng 28 taong iyon, ito ay nagbigay-daan upang makapag-handog ako ng milyun-milyong halaga sa ministeryo at pagtulong sa mga tao. Paano nangyari iyon? Narinig ko mula sa langit, at kaya mo rin ito! Hayaan niyo akong magbigay ng isang halimbawa.

Ako ay nagdaraos ng kumperensyang na pang-limang gabi patungkol sa Kaharian ng Diyos mga ilang taong nakalipas. Pagkatapos ng ikalawang gabi, ang isang lalaki na nagngangalang Chris ay lumapit sa akin at hiniling na ipanalangin ko siya. Tinanong ko kung ano ang kanyang kailangan na ipanalangin. Ibinahagi niya sakin ang kanyang kuwento. Siya ay nakipag negosyo sa isang lalaki na nagnakaw ng pera mula sa negosyo niya kaya ito ay nalugi. Siya ay nasa kanyang pang-apat na na pag-aasawa, hindi na ito mabuti at 40 taong gulang pa lamang siya. Sinabi niya na siya ay sobrang depressed na kaya siya ay kumuha ng isang baril na kargado at nagmaneho nang saglit at tumigil sa isang

saradong gasolinahan na may intensyong patayin ang kanyang sarili.

Nasa mga alas-tres ng madaling araw, at habang siya ay nakaupo roon na may hawak na baril, biglang tumunog ang kanyang cellphone. Agad niyang nakilala ang cellphone number. Ito ay mula sa kanyang dating partner. Hindi talaga niya gusto siyang kausapin, kaya hindi niya sinagot. Tumunog ulit ito, at nang paulit-ulit, paulit-ulit. Sa katunayan, tumunog ito ng labing-isang beses bago nagpasya si Chris na sagutin ito. Ang unang salita ng kanyang dating partner ay, "Nasaan ka, at ano ang iyong ginagawa?" Nang sabihin ni Chris sa kanya, sinabi ng kanyang dating partner, "Huwag kang gumalaw; darating ako riyan ngayon mismo!" Kamakailan lang isinuko ng kanyang dating partner ang buhay niya sa Diyos at nais niyang ibahagi ito kay Chris. Kamangha-manhga, nadama niya ang pagmamadaling makausap si Chris ng alas-tres ng madaling araw, at nang hindi sumasagot si Chris, patuloy siyang tumatawag.

Nang dumating ang partner ni Chris, dinala niya si Chris sa Panginoon, at radikal na nagbago ang buhay ni Chris. Lahat ay nagsimulang maging mas mabuti. Natagpuan niya ang isang mabuting iglesya, unti-unting umunlad ang kanyang pag-aasawa. Lahat ay gumanda maliban sa kanyang kita. Walang trabaho si Chris, at ito ang hiningi niyang ipanalangin ko. Sa pamamagitan ng kumperensya, tinuruan ko nang eksaktong kung ano ang sinasabi ko sa inyo sa aklat na ito, kung paano ang Kaharian ay maaaring gumawa ng kamangha-manghang mga bagay na lampas sa ating sariling kakayahan.

Habang iniisip ni Chris kung papaano ang Banal na Espiritu ay papangunahan tayo at tutulungan tayo sa mga direksyon at mga ideya, biglang may naisip siya. Sa totoo lang, wala siyang gaanong pagpipilian pagdating sa pananalapi. Pero gumagawa siya ng isang napakasarap na cheesecake. Ang specialty niya ay isang health-based cheesecake o isang cheescake na maganda para sa kalusugan, na alam niyang ang pinakamasarap na cheesecake na natikman niya. Sa katunayan, si Chris ay kilala ng lahat ng kanyang mga kaibigan bilang isang taong gumagawa ng pinakamasarap na cheesecake na natikman nila. Maraming beses na siyang pumunta sa lokal health food stores, at sinubukan niya ang ilan sa kanilang mga baked goods ngunit lahat ay parang may kulang. Hindi maraming pagpipilian si Chris, ngunit pakiramdam niya ito ay isa sa mga pagpipilian niya, ang pagbebenta ng mga cheesecake. Sigurado siya

na kung dadalhin niya ang isa sa kanyang mga cheesecake sa lokal na health food stores at titikman nila ito, gugustuhin at gugustuhin nilang ibenta ito. Sigurado siya na mas magbebenta ito kaysa sa kanila. Kaya iyon ang eksakto ang ginawa niya. Nagluto siya ng cheesecake at dinala ito sa health food store nang walang pag-aanunsyo. Sa natatanging panahon, nagkataon na ang CEO ng buong chain ng tindahang iyon ay bumibisita sa lokasyong ito nang dumating si Chris. Pumayag ang CEO na tikman ang cheesecake at ipaalam sa kanya ang resulta.

Noong gabing iyon, bumalik si Chris sa harap pagkatapos ng pagtitipon para kausapin ako ulit. Iniulat niya sa akin ang kanyang ginawa at hiningi sa akin na muling ipanalangin siya tungkol sa kontrata sa tindahan ito. Ayon, noong sumunod na araw ay nandoon na naman si Chris, at wow, sobrang nagagalak siya! Sinabi niya sa akin na gusto ng CEO na magluto siya ng cheesecake hindi lamang para sa isang tindahan kung saan tinikman niya ang cheesecake kundi pati na rin para sa lahat ng mga tindahan sa buong chain. Tinanong din siya kung ano pa ang kaya niyang lutuin. Labis na nagulat si Chris! Nang pagkatapos ng pagpupulong, dumating ang CEO noong huling gabi ng kumperensya, kung saan siya ay lumapit at binigay ang kanyang puso sa Panginoon at napuspos sa Banal na Espiritu. Natanggap ko ang isang sulat mula sa kanya dalawang linggo pagkatapos na nagsasabing nais niyang magtanim pabalik sa Kaharian ng Diyos. Ibinibigay niya ang sampung porsyento ng kanyang stock sa kumpanya sa aming ministeryo, Faith Life Now. Nakakagulat! Kayang-kaya ng Diyos kunin ang isang ideya at gawing isang malaking bagay mula sa wala.

## KABANATA 10

# MAGTIPON, HINDI MAGPAWIS!

Nakakita ka na ba ng isang kabayo habang tag-init pagkatapos nitong tumakbo? Ang mga ito ay nababalot ng pawis; isang parang mabulang pawis na tinatawag ay lather na nakabalot sa kanila. Mapapansin mo na sila ay nagpursigi. Laging tinatanong sa akin, "Gary, sinasabi mo ba na hindi na dapat ako magtrabaho?" Hindi, hindi ko sinabi iyon at hindi rin iyon sinasabi ng Salita ng Diyos. Subalit may malaking pagkakaiba sa kung papaano ka magtrabaho. Tingnan, halimbawa, sa kuwento na ating mababasa tungkol kay Pedro at sa kanyang mga kasama na nakahuli ng dalawang bangkang puno ng isda na halos sila ay lumubog na. Buong gabi sila naghirap sa pagsubok na makahuli ng isda ngunit nang walang tagumpay. At siyempre si Jesus ay dumating at pinakita sa kanila kung nasaan ang mga isda sa pamamagitan ng salita ng kaalaman. Sa puntong iyon, sila ay naghirap din subalit ito ay naging ibang uri ng paghihirap. Sila ay naghirap habang kanilang hinihila ang kanilang mga nahuling sda. Pero sila ba ay nangingisda?

Alam kong nilalaro ko ang mga salita rito. Ginagamit natin ang salitang fishing o pamimingwit para sa maraming bagay. Ang babae ay namimingwit o naghahanap ng pagpuri. Ang lalake ay hinalungkat ang kanyang bulsa, hinahanap o namimingwit para sa kanyang mga susi. Ginagamit natin ang pamimingwit kapag ating tinutukoy ang paghahanap sa isang bagay. Kaya si Pedro ba ay namimingwit? Kapag ako ay nangangaso, sinabi ko sa inyo na nakukuha ko ang aking usa sa loob ng 40 minuto. Ako nga ba ay nangangaso? Sa ibang salita kung alam ko kung nasaan ang mga isda, ako nga ba ay namimingwit o nangingisda? Kung alam ko na mahuhuli ko ang usa, pangangaso ba ito? Sinasabi ko lamang ito upang makuha ninyo ang pagkakaiba.

Oo, ako ay nagtratrabaho, subalit hindi ako nagtratrabaho ng buong magdamag at walang nahuhuli. Una sa lahat, sa pagkakaroon na ng aking mga pangangailangan sa buhay, ako ngayon ay makakapagtrabaho sa Kaharian sa gawain ng aking Ama at sa aking layunin.

### Tatawagin Ko Itong Pagtipon!

Nang lumapit si Pedro kay Jesus at tinatanong Siya kung paano nila babayaran ang kanilang buwis sa Mateo 17:27b, sinabi ni Jesus ang mga sumusunod:

> *"…pumunta ka sa lawa at maghulog ka ng bingwit. Kunin mo ang unang isdang lilitaw, at pagkabuka mo sa bibig niyon ay makakakita ka roon ng salaping pilak. Kunin mo iyon at ibigay mo sa kanila, pambuwis nating dalawa."*

Pansinin na hindi sinabi ni Jesus na, "Okay, Pedro, may mga buwis tayo na kailangang bayaran, ganito ang gagawin natin, pupunta ka sa lungsod ng tatlong buwan, magtatrabaho, kikita ng pera at babalik ka rito sa amin kapag kinita mo na ang pera para sa pagbayad ng ating buwis." Hindi. Hindi gayon ang sinabi ni Jesus. Dahil sa gayon kakailanganing iwan ni Pedro ang kanyang tungkulin at sisimulan niyang habulin ang pera kung babalik siya muli sa pag-iisip ng earth curse system. Sa halip, ipinakita sa atin ni Jesus kung paano gumagana ang Kaharian at kung paano tayo dapat kumilos habang naririto sa lupa. Ang sagot para kay Pedro ay siya ring sagot para sa iyo. Sinabi lamang ni Jesus kay Pedro kung saan matatagpuan ang pangtustos, kung anong pamamaraan ang kailangan niyang gamitin upang anihin ito, at kung ano ang eksaktong dapat niyang hanapin. Ang kailangan lamang gawin ni Pedro ay pumunta at tipunin ito.

Habang ating napagmamasdan si Jesus at ang Kanyang mga alagad, madalas silang namamangha at nagugulat kapag nakikita nilang kumikilos ang Kaharian. Nang patayin ni Jesus ang puno ng igos sa pamamagitan ng Kanyang mga salita sa Marcos kabanata 11, sinasabi ng Bibliya na si Pedro ay namangha. Nang lumabas si Lazaro mula sa libingan pagkatapos ng apat na araw ng pagkamatay, sila ay namangha. Nang mahuli nina Pedro, Santiago, at Juan ang maraming isda, sila ay namangha. Kami ni Drenda ay namangha rin, na nakabukas ang

aming mga bibig, nang sinasabing, "Nakita mo ba iyon?" nang paulit-ulit sa mga taon habang patuloy kaming natututo ng higit pa tungkol sa kung paano gumagana ang Kaharian. Habang pinag-uusapan natin ang pag-aani sa tulong ng Banal na Espiritu, kailangan kong dalhin kayo sa Mateo kabanata 6. Ang aking Bibliya ay may pamagat sa itaas ng talatang ito na nagsasabing, "Huwag Mabalisa!" Gustung-gusto ko iyon.

> *"Walang taong maaaring maglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kamumuhian niya ang isa at mamahalin naman ang pangalawa, o kaya'y magiging tapat siya sa isa at hindi igagalang ang pangalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa salapi.*
>
> *Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong ikabalisa ang inyong ikabubuhay, kung ano ang inyong kakainin o kung ano ang inyong iinumin, ni ang inyong katawan, kung ano ang inyong isusuot. Hindi ba't mas mahalaga ang buhay kaysa sa pagkain, at ang katawan kaysa sa pananamit? Tingnan ninyo ang mga ibon sa himpapawid! Hindi sila nagtatanim o gumagapas o nagtitipon sa kamalig, gayunma'y pinakakain sila ng inyong Amang nasa langit. Hindi ba mas mahalaga kayo kaysa kanila? At sino sa inyo na dahil sa pagkabalisa ay nakapagdaragdag ng isang oras sa haba ng kanyang buhay?*
>
> *At bakit nag-aalala kayo tungkol sa pananamit? Masdan ninyo ang mga ligaw na bulaklak sa parang, lumalaki sila nang hindi naman nagpapagal ni humahabi ng tela, gayunma'y sinasabi ko sa inyo na kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagbihis nang tulad sa isa sa mga ito. At kung gayon nga binibihisan ng Diyos ang damo sa parang na ngayon ay buháy ngunit bukas ay inihahagis sa kalan, kayo pa kaya ang hindi niya bibihisan, kayong mahina ang pananampalataya?*
>
> *Kaya't huwag kayong mabalisa at magtanong, 'Ano ang aming kakainin?' o 'Ano ang aming iinumin?' o 'Ano ang isusuot namin?' Sapagkat ang mga bagay na ito ang pinagsisikapang makamtan ng mga Hentil, at nalalaman ng inyong Ama na kailangan ninyo ang mga ito. Subalit pagsikapan muna ninyong matagpuan ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay idaragdag sa inyo. Kaya't huwag kayong mag-alala para*

*sa araw ng bukas, sapagkat mag-aalala ang bukas para sa kanyang sarili. Sapat na para sa buong maghapon ang mga alalahanin nito."*

—Mateo 6:24-34

Sinasabi ni Jesus na hindi ka maaaring maglingkod sa dalawang panginoon. Maaaring iniisip mo na kaya mo itong gawin, ngunit hindi mo kaya. Mamahalin mo ang isa at ang isa lamang. Sasabihin ko sa iyo kung alin iyon dito. Ito ay ang panginoon na pinagkakatiwalaan mo upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Nang kausapin ako ng Panginoon sa aming lumang farmhouse patungkol sa hindi ko paglalaan ng panahon upang matutunan kung paano gumagana ang Kanyang Kaharian, sinasabi Niya sa akin na hindi talaga Siya ang aking panginoon. Hindi Siya ang isa na lubos kong pinagtitiwalaan at pinaglilingkuran. Oo, ako ay pumupunta sa iglesya, mapagbigay, mahal ang Diyos, at alam kong pupunta ako sa langit. Ngunit hindi ko kailanman binigyan ng panahon ang matutunan ang sistema ng Diyos para sa pananalapi at kung paano gumagana ang Kanyang Kaharian.

*Sapagkat kung saan nakalagak ang inyong kayamanan, doon din naman malalagak ang inyong puso."*

—Lucas 12:34

Basahin iyon nang dahan-dahan, *"Sapagkat kung saan nakalagak ang inyong kayamanan, doon din naman malalagak ang inyong puso."* Marami ang bumabaliktad ng talatang iyon at sinasabing, "Kung saan nakalagak ang iyong puso, doon din naman nakalagak ang iyong kayamanan." Subalit hindi ganoon ang sinasabi rito, at hindi rin ito gumagana sa ganoong paraan. Maraming tao ang nag-iisip na maaari nilang mahalin ang Diyos sa linggo ng umaga at magiging naroon na ang kanilang kayamanan. MALI! Ang sistema na iyong pinagkakatiwalaan upang matustusan ang iyong mga pangangailangan ay ang kung saan nakalagak ang iyong kayamanan.

Sinasabi ni Jesus na nababaliktad natin ito!

Nais ng Diyos na Siya ang magiging pangunahin sa ating mga buhay, hindi ang pananalapi. Kung ang pananalapi ay ang ating kayamanan, ito ang ating magiging pangunahin, hihingin at kukunin nito ang ating oras, ang ating mga priyoridad, at ang ating damdamin. Ito ang dahilan kung bakit hindi pinaalis si Pedro sa kanyang tungkulin upang kumita ng pera nang dumating na ang panahon ng bayaran ng buwis. Ito ang

dahilan kung bakit kailangan tayong sanayin ng Diyos na magtipon, hindi magpawis. Kinailangan tayong turuan ni Jesus patungkol sa pamamaraan ng Kaharian, kung papaano pagkatiwalaan ang Diyos para sa ating mga pangangailangan, sa gayon mapapalaya ang ating mga puso upang mahalin ang Diyos nang buong puso! Sinabi ni Jesus, *"Hindi ba't mas mahalaga ang buhay kaysa sa pagkain, at ang katawan kaysa sa pananamit?"* Sinasabi Niya na ang buhay ay hindi sa pagkakaroon ng mga kagamitan. Ang layunin ng buhay ay ang paglingkuran tayo ng mga kagamitang iyon at ang gawin ang tungkulin natin sa lupa.

**KUNG ANG SALAPI AY ANG ATING KAYAMANAN, ITO ANG ATING MAGIGING PANGUNAHIN, HINIHINGI ANG ATING ORAS, ATING MGA PRIORITIES, AT ANG ATING DAMDAMIN.**

Subalit ano ang nakikita natin? Karamihan sa mga tao ay walang tigil na nagsisikap upang paglingkuran ang mga bagay na iyon. Nagsisikap ang mga tao upang bayaran ang utang sa bahay, bayaran ang utang sa sasakyan, bayaran ang mga bayarin. Sinabi ni Jesus na hindi iyon ang buhay! Ngayon, huwag mo akong talikuran at sabihing, "Kita mo, sinabi mismo ni Jesus na ang pagkakaroon ng mga bagay ay masama." Hindi, hindi Niya sinabi iyon. Sa ika-33 na talata, sinabi Niya na kung hahanapin mo muna ang Kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran, lahat ng mga bagay na ito ay idaragdag sa iyong buhay. Hindi natin makikita ang problema sa mga bagay na ito; ito ay ang puso. Kung ayaw ng Diyos na magkaroon tayo ng mga bagay-bagay, iyon sana ang sinabi ni Jesus. Sa halip, sinabi Niya na lahat ng mga bagay na hinahabol ng mundo ay idaragdag sa ating mga buhay kung mamumuhay tayo ayon sa paraan ng Diyos.

Sa madaling salita, ang buhay ay hindi paglilingkod sa mga bagay na iyon, ngunit sa kasamaang-palad maraming tao ay gayon ang ginagawa. Wala silang magawa tungkol dito; sila ay alipin. Imposible na paglingkuran ang dalawang panginoon, at ang paglilingkod sa mga bagay ay hindi ang buhay. Patuloy si Jesus na nagpaliwanag na mayroong isa pang sistema, isang lugar ng pinansyal na kapayapaan at pagtutustos na nagpapalaya upang mamuhay. Ang tawag dito ay ang Kaharian.

Nagbigay si Jesus ng dalawang halimbawa sa kung ano ang itsura

ng Kaharian sa Kanyang pagtuturo rito sa Mateo 6. Sabi niya, *"Tingnan ninyo ang mga ibon sa himpapawid! Hindi sila nagtatanim o gumagapas o nagtitipon sa kamalig, gayunma'y pinakakain sila ng inyong Amang nasa langit."* (v. 26)

**Ang mga Ibon ay walang farm o palakihan ng mga uod!**

Hindi nila inaako sa sarili nila ang pagtutustos para sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Hindi, pinapakain sila ng Ama. Ang kanilang tanging kailangang gawin ay ang magtipon ng kanilang pangangailangan sa bawat araw. Nakikita mo ba? Hindi sila nagpapawis nang may mabigat na paggawa para sa kanilang mga buhay. Nagtitipon sila!

**Ang Mga Bulaklak ay Hindi Nagpapagal ni Humahabi ng Tela!**

> *"At bakit nag-aalala kayo tungkol sa pananamit? Masdan ninyo ang mga ligaw na bulaklak sa parang, lumalaki sila nang hindi naman nagpapagal ni humahabi ng tela gayunma'y sinasabi ko sa inyo na kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagbihis nang tulad sa isa sa mga ito." (v. 28-29)*

Hindi dinadamitan ng mga bulaklak ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mabigat na paggawa at pagpawis. Hindi, dinadamitan sila ng Ama. Nagpatuloy si Jesus at sinabi sa atin ang ating kasagutan. Mayroon pang ibang paraan ng pamumuhay, ang paraan ng Kaharian! Sinasabi ni Jesus, *"Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian, at ang kaniyang katuwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo."* Ano ang kahulugan ng "hanapin ang Kaharian ng Diyos"? Ang ibig sabihin nito ay ang alamin kung papaano ito gumagana! Pag-aralan ang mga batas na namamahala rito. Pag-aralan kung papaano kumikilos ang sistema ng Diyos!

Kung ibababa kita mula sa eroplano patungo sa isang bansa na hindi mo pa napupuntahan, ang una mong gagawin ay aalamin kung paano gumagana ang kaharian doon: paano sila kumakain, paano sila bumibili at nagbebenta, ang mga batas na namamahala sa kanilang lupain. Ganito rin sa Kaharian ng Diyos. Kailangan mong matutunan

kung paano gumagana ang Kaharian ng Diyos upang matamasa mo ang mga benepisyo ng pagiging bahagi nito. Alam ko mula sa aking sariling karanasan kung gaano karami ang aking hindi tinamasa dahil hindi ko pa alam kung paano ito gumagana. Ang kasagutan para sa iyo ay simple lamang. Kailangan mo ng rebolusyong pinansyal. Sa isang rebolusyon, ang mga tao ay bumabangon laban sa itinatag na pamahalaan at naglalagay ng bagong pamahalaan. Kailangan mong gawin din iyon. Kailangan mong tanggalin ang lumang pamahalaan ng earth curse system na puno ng kakulangan at kawalan ng pag-asa at tamasahin ang bagong paraan ng pamumuhay—pamumuhay sa Kaharian ng Diyos, na may mga bagong batas, walang kakulangan, at dakilang kagalakan!

KABANATA 11

# MAS MADALI ANG LUMIPAD KAYSA MAGLAKAD!

Kung bumalik ka sa kasaysayan at ninais mong pumunta sa San Francisco mula New York City, kakailanganin mong maglakbay gamit ang barko o bapor. Ang paglalakbay bago nabuksan ang Panama Canal ay maaaring tumagal nang isang taon sa pag-iikot sa buong South America. Kalaunan, nang nabuksan ang Oregon Trail, maaari mo na itong gawin sa loob na lamang ng apat na buwan. Ngayon, maaari ka nang makarating doon sa loob ng apat na oras. Paano? Sa paggamit ng panibagong batas, ang batas ng pag-angat o law of lift. Ang batas ng pag-angat ay laging nang nandito sa lupa—ginagamit ito ng mga ibon araw-araw—subalit hindi ito naunawaan noon ng mga tao. Gaya ng mga natural na batas ng paglipad, maraming mga Kristiyano ang hindi nakakaalam sa mga batas na ito ng Kaharian, bagaman halos buong buhay na nilang nababasa ang mga patungkol dito. Ang Kaharian ng Diyos ay narito na, ito ay nasa iyo, at mayroon kang legal na karapatan upang matamasa ang mga benepisyo nito. Sa natural na dako, ang mga batas ng paglipad ay hindi pinapawalang bisa ang batas ng gravity, kundi napagtatagumpayan nila ito. Sa madaling salita, habang ikaw ay kumikilos ayon sa mga batas na namamahala sa paglipad, ikaw ay makakalipad, kahit na mayroon pa ring gravity. Sasang-ayon ka na mas madaling lumipad ng apat na oras kaysa sumakay ng barko sa loob ng isang taon! Ngayon, simulan mo na ang paggawa ng mga bagay sa mas mabilisang paraan at dapat mong iwanan na ang iyong mga lumang mabagal na pamamaraan.

Nakakita ka na ba ng isang Monarch Butterfly! Dito sa Ohio, sa panahon ng taglagas, makakakita ka ng daan-daang mga Monarch butterfly na lumilipad patimog kapag tag-lamig. Sila ay maglalakbay patungong Mexico, isang paglakbay na 2,000 milya. Ngunit ito ang kapansin-pansin. Hindi pa sila nakakapunta roon! Paano nila alam kung papaano o kailan sila pupunta roon? Kung nakagawa ang Diyos ng paraan para sa Monarch butterfly upang sila ay mabuhay, mayroon din Siyang paraan para sa iyo. Paano ito ginagawa ng isang butterfly?

Ang salita ay tinatawag na metamorphosis. Ang ugat na salita ay "morph" na nangangahulugang pagbabago. Marami ang may alam na ang isang Monarch ay hindi nag-uumpisa bilang isang butterfly o paru-paro na kaagad. Kundi, sila ay nag-uumpisa sa pagiging caterpillar o higad. Sa panahon na sila ay caterpillar pa lamang, sila ay mabubuhay sa isang milkweed na halaman at lalago sa paglaki hanggang sa kalaunan ay maging handa na sila para sa isang malaking pagbabago. Pagkatapos nilang maabot ang tiyak na laki, sila ay gagawa ng tilas o chrysalis, isang uri ng balat na kung saan papalibutan ng caterpillar ang sarili nito sa loob ng 7 hanggang 15 araw. Pagkatapos, ang isang paru-paro ang lalabas mula sa tilas na ito na ang itsura at pagkilos ay hindi na tulad noong ito ay isa pang caterpillar. Ito ay mabubuhay sa panibagong antas ng pamumuhay. Ito na ay lumilipad! Sa halip na maging limitado sa isang halamang milkweed, ito na ngayon ay maaari nang lumipad patungong saan man ang nais nito. Ito ay may ganda at kariktan na hindi mahahalintulad sa anuman sa kalikasan.

Ngunit ang pinaka kamangha-manghang nagagawa nito ay ang kakayahang lumipad palayo sa panganib. Alam mo, ang Monarch ay hindi mabubuhay sa mga buwan na tagniyebe habang taglamig, na karaniwan ang klima sa hilaga. Mamamatay ito. Ngunit gumawa ang Diyos ng paraan para sa nilalang na ito na lumipad palayo sa panganib, sa pamamagitan ng paglipad ng 2,000 milya patungo sa lugar na hindi pa nito kailanmang napuntahan. Paano nito nalalaman ang daan doon? Paano nito nagagawa ito? Metamorphosis. At sinasabi ng Bibliya na sa pamamagitan ng parehong proseso, maaari ka ring lumipad sa ibabaw ng iyong mga problema, kahit sa mga sitwasyon na wala kang ideya kung paano ito haharapin, katulad ng Monarch.

Si Steve, isang kong kaibigan, isang gabi ay nagmamaneho ng kanilang sasakyan pauwi at natamaan niya ang isang usa gamit ito.

Nasira nito ang sasakyan niya. Sa kasamaang palad pagkalipas ng isang linggo, pumutok ang makina ng van ng pamilya, na ito ang tanging natitira nilang sasakyan. Ang insurance company ni Steve ay nagbibigay sa kanya ng dalawang linggong libreng pang-upa ng sasakyan para sa pagkawala ng kanyang sasakyan, ngunit ang van ay hindi kasama sa anumang insurance coverage upang makatulong sa pagpalit nito. Hindi alam ni Steve at ni Karen ang kanilang gagawin. Ang negosyo ni Steve ay nangangailangan na mayroon siyang sasakyan dahil nasa sales siya at nagmamaneho siya upang makagawa ng mga sales calls gabi-gabi.

Matagal na silang nakikinig sa mga aral tungkol sa Kaharian kaya alam nila na ang Diyos ang kanilang katugunan. Sa panahong iyon, wala talaga silang sapat na pera upang palitan ang kanilang mga sasakyan. Kaya alam nila na ang Diyos at ang Kaharian ang tanging pag-asa nila. Papalapit na ang pagtatapos ng dalawang linggo para sa libreng pag-upa ng sasakayan at wala pa ring sagot. Nakakagulat, noong gabi bago ibalik ni Steve ang inupahan niyang sasakyan, nakatanggap siya ng tawag mula sa isang lalaki na nagsabing may kotse siya na nais niyang ipamigay, at dahil alam niyang dumadalo si Steve sa aking iglesya, tinanong niya si Steve kung may kilala siyang pamilya na nangangailangan ng kotse sa aming iglesya. Agad na ipinaliwanag ni Steve ang kanyang sitwasyon at nagsabing magiging lubos siyang nagpapasalamat na tanggapin ang kotse para sa kanya at sa kanyang pamilya. Maganda iyon, ngunit mayroong anim na anak si Steve, at ang isang maliit na kotse ay hindi sapat para sa kanila. Gayunpaman, ang pagdating ng kotse na iyon ay nagbigay sa kanila ng pag-asa.

Sa sumunod na Linggo, pumunta silang pareho sa harapan ng iglesya at hiningi na manalangin ako kasama nila patungkol sa susunod nilang sasakyan. Sinabi ni Karen, “Pastor, naniniwala kami na makakatanggap kami ng Honda Odyssey na van, sa pamamagitan ng pananampalataya, at nais namin na sumang-ayon ka kasama namin habang kami ay magtatanim ng binhi para rito.” Sinabi ko, “Siyempre naman.” Kaya nanalangin kami. Hindi ko na matandaan kung ilang mga linggo ang lumipas, hindi naman ganoon katagal, siguro mga tatlo o apat na linggo ang lumipas hanggang ang araw na bumisita kami sa bahay nila. Nang kami ay dumalaw, pumasok kami sa kanilang kusina, at naroon sa pintuan ng kanilang refrigerator ay isang litrato ng Honda Odyssey. Sinabi ni Karen na araw-araw tuwing bubuksan niya

ang refrigerator na iyon, kanyang papatungan ng kamay ang litrato at papasalamatan ang Diyos para sa van na iyon.

Isang linggo ang lumipas, tumawag ang aking secretary sa akin at sinabi, "Pastor, may nakakatuwang tawag kaming natanggap ngayong araw." May isang lalaki ang nais magbigay ng van sa iglesya. Ngayon, sa panahong iyon, walang nakakaalam na nanampalataya sila Steve at Karen para sa bagong van o sa uri ng van na ninanais nila. Kaya sinabi ko sa secretary ko, "Anong uri ng van ito?" Sagot niya, "Ito ay isang Honda Odyssey." "Kumusta naman ang kalalagayan nito?" Sabi niya na sabi ng lalaki na ito ay nasa napakaganda pang kalalagayan at walang man lang gasgas at 70,000 milya pa lamang ang mileage nito. Sinabi ko sa kanya na alam ko kung saan mapupunta ang van na ito. Sinabi ko kay Drenda ang patungkol dito at sinabihan siya na tawagan si Karen. Nang tumawag si Drenda, tinanong niya si Karen kung kumusta na sila at kung may nangyayari na ba patungkol sa pangangailangan nila ng isang sasakyan. Ang unang mga salita ni Karen ay, "Malapit ko nang matanggap ito!" Sabi ni Drenda, "Mas malapit ka na kaysa sa iniisip mo. Pumunta ka na rito at kunin mo na ito."

**MADALAS, NILILIMITAHAN NATIN ANG ATING MGA SARILI SA PAMAMAGITAN NG PAGSUSUKAT SA ATING HINAHARAP AYON SA INIISIP NATING POSIBLE LAMANG. NGUNIT SA DIYOS, LAHAT NG BAGAY AY POSIBLE KUNG HAHAYAAN LANG NATIN ANG SALITA NG DIYOS NA BAGUHIN ANG ATING PAG-IISIP.**

Gustong-gusto ko ang ganitong uri ng mga kuwento, hindi ba? Nagpatuloy ang kuwento habang sina Steve at Karen ay nagkaroon ng higit pang kumpyansa sa Kakayanan ng Kaharian na magtustos.

Sa panahong iyon, nais nina Steve at Karen na magkaroon ng sariling tahanan. Ilang taon na rin silang nangungupahan at naramdaman nila na panahon na para magkaroon sila ng sarili nilang tahanan; subalit, wala silang sapat na sobrang pananalapi para sa paunang-bayad o down payment. Napuntahan na nila ang hindi mabilang na mga bangko

upang magtanong patungkol sa pagbili ng lupa, at silang lahat ay nangangailangan ng parehong bagay, 50 porsiyentong down payment. Sa puntong ito bago pa lamang ang kanilang pamilya, wala silang ganoong kalaking pananalapi upang makapagbayad. Nadismaya si Karen at nagtanong sa akin tungkol dito. Nagkasundo kami na gagawa ng paraan ang Diyos. Kaya nagsimula silang tumingin ng iba't ibang lupain at mga bahay.

Isa sa mga lupain na tiningnan nila ang talagang umagaw ng kanilang pansin. Ito ay nasa lugar kung saan gusto nilang pagtayuan ng bahay, at nagkakahalaga lamang ito ng $55,000 para sa 55 ektarya. Muli, wala silang pananalapi para sa down payment. Gayunpaman, narinig ko ang tungkol sa isang maliit na bangko sa probinsya, na dalawang oras kalayo mula sa lugar namin, na tumatanggap ng equity bilang bahagi ng down payment para sa lupa. Ito ay talagang kakaiba para sa ganitong uri ng mga lupa. Sinabi ko sa kanila ang tungkol dito, at nagtakda sila ng oras upang makipag-usap sa bangko. Ang lupa ay nagkakahalaga ng higit sa $100,000, at sinabi ng bangko na hindi nila kailangan ng anumang down payment. Kaya binili nila ang lupa na iyon nang walang down payment at nagtayo ng isang magandang tahanan sa mga magagandang ektarya ng probinsya, lahat ng ito nang walang down payment. Patuloy na umuunlad sina Steve at Karen hanggang ngayon dahil, tulad namin ni Drenda, ginagawa nila ang mga bagay ayon sa pamamaraan ng Kaharian.

Maraming mga kuwento ang katulad nito sa aking iglesya, at lubos kong inaasahan na magkakaroon ka rin ng ganitong klaseng mga kuwento sa iyong buhay. Kaya ng Diyos gumawa ng mga kamangha-mangha at minsan ng mga kakaibang bagay para matugunan ang ating mga pangangailangan. Madalas, nililimitahan natin ang ating mga sarili sa pamamagitan ng pagsusukat sa ating hinaharap ayon sa iniisip nating posible lamang. Ngunit sa Diyos, lahat ng bagay ay posible kung hahayaan lang natin ang Salita ng Diyos na baguhin ang ating pag-iisip.

> *Huwag kayong makiayon sa takbo ng kapanahunang ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip. Sa gayon, mapapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos.*
>
> —Roma 12:2

Bilang mga mananampalataya, hindi dapat tayo makikiayon sa takbo ng mundong ito. Ang tinutukoy ni Pablo ay ang earth curse system at ang paraan ng pamumuhay nito, partikular sa kung paano tayo mag-isip. Nakapagtahi ka na ba ng damit o gumawa ng isang bagay na gamit ang isang blueprint o plano? Kung nagawa mo na ito at hindi mo nagustuhan ang naging kinalabasan, ano ang mangyayari kung susubukan mo ulit gawin ito gamit ang parehong blueprint o pattern? Makukuha mo ang parehong resulta. Kaya sinasabi ni Pablo na kailangan nating magbago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating pag-iisip; kailangan nating baguhin ang pattern o takbo na ating sinusunod sa buhay. Kailangang iba ang paraan ng ating pag-iisip sa pag-iisip ng mundo.

Ang salitang "baguhin" ay kapareho ng salitang pinag-usapan natin kanina, "morph," at ito ay nangangahulugan sa pagbabago. Kailangan natin ng metamorphosis! Kailangan nating mag-isip tulad ng Diyos. Kailangan nating mag-isip ng mga kaisipang pang-Kaharian. Sa halip na mag-isip mula sa pananaw ng isang pangit, nakabihag, at nakatakdang mamatay sa taglamig na caterpillar, kailangan nating magtiwala sa Diyos para sa isang lubos na bagong paraan ng pamumuhay. Pagkatapos at tanging pagkatapos lamang nito tayo makakalipad sa ibabaw ng ating mga problema at magiging handa upang malaman ang ganap at nakakalugod na kalooban ng Diyos sa bawat sitwasyon. Kung hindi natin yayakapin ang ganitong pagbabago ng pag-iisip, ang ating mga lumang pag-iisip ay patuloy na magsasabi ng, "Hindi, hindi ko magagawa iyon. HINDI, hindi ko nakikita kung paano iyon mangyayari."

Sino ang mag-aakala na ang pangit na caterpillar na iyon ay maaaring makalipad nang may ganap na kariktan at kagandahan? Sa pagtingin sa caterpillar at pag-iisip sa 2,000 milyang paglalakbay na kailangan nitong gawin, tiyak na mapapailing ka at sasabihin ang, "IMPOSIBLE!" Ngunit sa Kaharian ng Diyos, lahat ng bagay ay posible. Tingnan mo ako. Kapag nagsisimula ang aking programa sa TV, tinutukoy nila ako bilang isang eksperto sa pananalapi. Minsan, naiisip ko ang aking mga araw bilang isang caterpillar at sinasabi, "Kamangha-mangha nga ito!"

Tungkol sa paglipad, nang nasimulan namin ni Drenda ang matutunan kung paano gumagana ang Kaharian, naisip ko na gusto ko ng isang eroplano. Naging piloto ako mula sa edad na 19 at palaging

na akong umuupa ng mga eroplano, ngunit hindi pa ako naging may-ari ng eroplano. Siyempre alam mo naman kung bakit; wala akong pera para rito. Kaya isang araw naisip ko na ito ay kabaliwan lamang; ang eroplano ay hindi mahirap para sa Kaharian ng Diyos. Bakit ko nililimitahan ang Kaharian sa kung ano ang iniisip kong posible para sa akin? Kaya isinulat ko ang isang tseke, isinulat sa memo section, "Para sa aking eroplano" (at inilista ko ang mga detalye). Ipinatong ko ang aking mga kamay dito at ipinadala ito sa mail, nang naniniwala na natanggap ko na ang eroplano nang ako ay nanalangin, ayon sa Marcos 11:24.

> *"Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at mangyayari nga iyon sa inyo."*

Hindi pa lumipas ang isang buwan nang pumunta ako sa doktor para sa isang rutinang physical exam. Nagulat ako nang bigla na lang sinabi ng doktor, "May kilala ka bang gustong bumili ng eroplano?" Naisip ko na kakaiba naman iyon. "Anong klaseng eroplano iyon?" tanong ko. Ako ay namangha at nasabik dahil ito ang eksaktong eroplano na sinasampalatayanan ko noong ako ay nanalangin. Kaya tinanong ko siya kung saan ko ito makikita, at sinabi niya sa akin na ito ay nasa county airport na malapit lamang sa aking bahay. Hayaan ninyong ipaliwanag ko. Ang aking bahay ay nasa isang dulo ng county airport. Ang bawat lumalapag ng eroplano roon ay kailangang lumipad sa direktang itaas ng aking bahay. Ang buong araw na panonood sa mga eroplano na dumadaan paroo't parito at ang katotohahan na isang milya lamang kalayo ang runway sa aking pintuan ay lahat nangangahulugan na talagang kailangan kong magkaroon ng eroplano!

Kaya tinawagan ko ang kaibigan kong buong buhay nang nagpapalipad ng mga eroplano at isa na ring flight instructor upang sumama sa akin para suriin ang eroplano. Habang tinitignan namin ang eroplano, alam kong ito na ang eroplano ko; perpekto ito! Ito mismo ang gusto ko. Isa lamang ang problema ko, gayunman, ang parehong problema na hinarap ko sa loob ng maraming taon pagdating sa pagkakaroon ng eroplano—wala akong pera. Naranasan mo na ba ang ganitong problema? Pero sa pagkakataong ito, hindi ako aatras dahil sa takot. Alam ko na ito na ang eroplano ko; hindi ko lang alam

kung paano dadalhin ng Diyos ang pananalapi.

Ilang buwan nakalipas, naghahanap kami ni Drenda ng opisina para sa aming kumpanya. Alam namin kung saan namin gustong ilagay ang negosyo, ngunit walang mga ibinebenta na mga lote sa lugar na iyon; kaya nagsimula kaming maghanap sa ibang lugar. Nakakita kami ng ilang mga gusali na muntik na naming bilhin, ngunit naramdaman namin sa aming mga espiritu na hindi tama na ipagpatuloy ang alin sa mga iyon. Patuloy lang kaming bumabalik sa lugar kung saan alam namin na nandoon dapat ang opisina, na umaasang makahanap ng bakanteng lugar. Habang nananalangin kami tungkol sa desisyong ito, isang araw tumawag ang aking ama at sinabi ang mga salitang ito, "Alam ko, sasabihin mo na ito ay mula sa Diyos, ngunit nag-usap kami ng iyong ina, at nais naming ibigay sa iyo ang gusali na pag-aari namin para sa iyong opisina." Ang gusali na pag-aari nila ay nasa eksaktong lugar kung saan ako naghahanap ng malilipatan namin. Nabigla ako!

**ANG AKING BUHAY, NA DATI AY NAKAKULONG SA PAKIKIPAGSAPALARAN AT TAKOT, AY NABAGO NA NGAYON NG KAHARIAN NG DIYOS. SA PAMAMAGITAN NG PAGGAMIT NG MGA BATAS NITO, NAHANAP KO ANG ISANG BUHAY NG WALANG-HANGGANANG MGA POSIBILIDAD.**

Para maunawaan mo kung ano ang nangyari, kailangan mong malaman na hindi pa mananampalataya ang aking ama noong panahong iyon. Siya ay napaka mapang-uyam tuwing binabanggit ang tungkol sa Diyos. Sa katunayan, napaka lala nito na hindi ko magawang makipag-usap sa kanya tungkol sa Diyos. Nanalangin pa nga ako na magpadala ang Diyos ng ibang tao na makapagpapahayag sa kanya tungkol kay Kristo. Alam kong hindi ko siya maaabot; hindi siya nakikinig sa akin. Ngunit naligtas ang aking ama ilang taon ang lumipas sa edad na 80. Nakakagulat, naligtas siya sa pamamagitan ng panonood ng aming TV broadcast at pagtingin sa lahat ng mga kamangha-manghang bagay na ginagawa ng Diyos. Ginugol niya ang huling tatlo at kalahating taon ng kanyang buhay bilang isang nabagong tao at nasa gawain kada linggo.

Isang araw, matapos ang gawain, lumabas ako sa mga pasilyo ng

simbahan. Nakita ko ang aking ama na kausap ang isang lalaking matagal na niyang kilala, na miyembro ng aming simbahan. Habang papalapit ako sa kanila, narinig kong tinanong ng lalaki ang aking ama kung bakit siya nagsimulang magpunta sa gawain doon. Sumagot ang aking ama na nakita na niya ang napakaraming bagay na hindi niya maipaliwanag. Purihin ang Diyos! Ganyan dapat ang mangyari.

Ngunit kailangan nating bumalik sa phone call na iyon patungkol sa gusali, noong hindi pa ligtas ang aking ama. Nagulat kami ni Drenda na binigay niya sa amin ang gusaling iyon. Alam namin na ang Diyos ito, at siyempre, maaari naming sabihin noon sa Tatay ko nang tumawag siya na, "Oo, Tay, tama ka, ang Diyos nga ito!"

Nangangailangan ang gusaling iyon ng maraming pagpapaayos upang makapasok sa pamantayan ng komersyo para ito ay maaaring gamitin para sa aming mga pangangailangan bilang opisina. Disyembre iyon noong binigay ng aking ama sa amin ang gusali, at ako ay maghihintay sana hanggang tagsibol upang simulan ang pag-remodel o pagpapaaayos. Sinarado ang gusali sa panahon ng tag-lamig nang walang gumagamit nito, at sinabi ng aking tatay ng pinatay niya na ang daloy ng tubig doon. Ganito ang naging kalalagayan ng mga bagay noong mga buwan ng tag-lamig hanggang nang isang linggo matapos kong tingnan ang eroplano. Tumawag sa akin ang kapatid kong lalaki at sinabi na kailangan kong pumunta sa aking gusali dahil may dumadaloy na tubig mula rito patungo sa kalsada. Uminit na ng kaunti ang panahon at nagkamali pala ang aking tatay dahil hindi napatay yung daloy ng tubig noong tag-lamig. Nagmaneho ako tungo sa gusali at isa sa mga palikuran sa itaas ay patuloy na tumutulo ang tubig nang ilang araw na o baka nga ilang linggo na. Kaya lahat ng mga drywall sa baba ay nabaklas na mula sa mga dingding.

Ngayon alam ko na sa unang tingin, parang hindi maganda ang pangyayaring ito, subalit ang hindi mo alam at hindi alam ng kapatid ko ay napirmahan ko na ang isang kontrata upang baklasin ang lahat ng mga drywall sa buong gusali, tanggalin ang lahat ng panlabas na siding, at ang buong redesign o remodel ng gusali, na masisimulan sa loob ng ilang mga linggo. Kaya ang pinsala na dulot ng tubig ay hindi naging problema dahil tatanggalin naman talaga ang lahat ng mga nasira. Ngunit pakinggan mo ito—nagsulat ang insurance company sa akin ng tseke para sa nadulot na pinsala ng tubig, na sapat na pananalapi upang mabili ang aking eroplano!

Nakita ko ba talagang nangyari ang mga ito? Katatanggap ko lamang ng aking eroplano at opisina, lahat nang walang utang at walang drama ng "gaano ako dapat kahirap magtrabaho para magawa ito"? Oo, nakita ko nga! Ngayon, kapag pinapalipad ko ang eroplano at umaakyat ako sa himpapawid, naaalala ko na ang pagpapalipad ng eroplano ay katulad ng Kaharian ng Diyos. Ang mga operasyon at batas nito ay nagbibigay-daan sa atin upang mamuhay sa isang kakaibang dimensyon ng pamumuhay. Tulad ng caterpillar at butterfly, kailanman hindi magagawang patakbuhin nang mabilis ng caterpillar ang kanyang mga paa upang makarating sa Mexico. Ang aking buhay, na dati ay nakakulong sa pakikipagsapalaran at takot, ay nabago na ngayon ng Kaharian ng Diyos. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga batas nito, nahanap ko ang isang buhay ng walang-hangganang mga posibilidad.

Sa aking pagtatapos ng aklat ito, nais kong mag-iwan ng isang talata. Tiyak akong narinig mo na ito sa buong buhay mo. Subalit sa palagay ko magkakaroon na ito ng panibagong kahulugan sa iyo ngayon.

> *Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagod at may mabigat na pasanin, at bibigyan ko kayo ng kapahingahan. Ang aking pamatok ay inyong pasanin, at kayo'y matuto sa akin, sapagkat ako'y maamo at may mapagpakumbabang puso, at matatagpuan ninyo ang kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa. Sapagkat ang aking pamatok ay madaling dalhin, at magaan ang aking pasanin.*
>
> —Mateo 11:28-30

Naparito si Jesus upang kunin ang ating pamatok, ang ating mabigat na paggawa at pagpawis ng earth curse system, mula sa atin. Ating kukunin naman ngayon ang Kanyang pamatok (tapos na ito) at makakatagpo ng kapahingahan (ang ika-pitong araw, ang tunay na Sabbath) para sa ating mga kaluluwa.

Maaari mong maranasan ang mga dakilang bagay sa iyong sariling buhay kapag simple mo lamang na gawin ang ginawa ni Potipar, ang kumilos sa pamamaraan ng buhay ng Kaharian. Gumawa ka ng pagpapasya ngayon na ihanay ang iyong sarili sa mga batas ng Kaharian ng Diyos at magsimulang matamasa ang kapangyarihan ng katapatan. Simulan mo ang iyong rebolusyong pinansyal ngayon, tanggalin ang

lumang pamamaraan ng buhay, ang lumang pamahalaan, ang earth curse system ng kahirapan, sakit, at kawalan ng pag-asa. Iyong iwanan na ang lumang pamamaraan mula sa pagiging caterpillar at simulang lumipad sa pamamagitan ng paggamit ng mga batas ng Kaharian na ipinagkaloob sa iyo ni Jesus. Ikaw ay mamamayan ng Kahariang iyon.

Mayroon kang legal na mga karapatan!

Kung ikaw ay nagkaroon ng interes sa aklat na ito, at ikaw ay determinadong maging isang mag-aaral ng Kaharian, hayaang i-direkta kita sa GaryKeesee.com. Doon ay matatagpuan ang isang library ng mga impormasyon na tutulong at gagabay sa iyo sa Kaharian. Hinihimok ko ring ikaw ay maging isang Team Revolution Partner upang makasali sa mga special events at mga coaching sessions.

Ang pagtatagumpay sa pananalapi ay nangangailangan ng parehong espirituwal na kaalaman at ng maka-lupa, natural na kaalaman. Para sa impormasyon tungkol sa paglaya mula sa utang, ang magkaroon ng isang libreng debt-free plan para sa iyo mula sa aking kumpanya, Forward Financial Group, tumawag sa kanila sa 1-800-815-0818.

Ang maingatan ang iyong pinagpagalang retirement money ay kasing halaga na malaman kung paano ito kitain, lalo na sa oras ng ganitong mga pinansyal na pagkalito. Naka-pokus ang aking kumpanya sa pagtulong sa mga tao na makapag-invest nang maingat. Sa mahigit na isandaang milyong dolyar na na-invest para sa aming mga kliyente, ni walang isa sa kanila ang nawalan ng isang sentimo sa loob ng nakaraang 15 years ng pinansyal na kaguluhan sa aming bansa. Muli, libre ang pagtawag at libre rin ang pagpayo. Tumawag sa 1-800-815-0818 para sa karagdagang impormasyon.

Layunin namin ni Drenda ang pagtulong sa mga indibidwal at mga pamilya na maging matagumpay sa buhay. Ito ang dahilan kaya nagpapalabas si Drenda ng sarili niyang TV broadcast, na kung tawagin ay *Drenda.* Ito ay isang programa na ang layunin ay nakatuon sa buhay ng pamilya at kalakasan para sa mga kababaihan sa lahat antas ng edad. Maaaring pumunta sa Drenda.com para sa karagdagang impormasyon.

Panghuli, nais namin ni Drenda na isaalang-alang mo ang pagsuporta sa mga iglesya at mga pastor sa buong daigdig. Ang aming H-3 outreach project ay isang ekstensiyon ng aming mga puso upang makatulong sa praktikal na bahagi ng buhay ng mga tao. Ang H-3 ay naglalaan ng sampu-sampung libong mga materyales ng pagtuturo sa mga pastor sa buong daigdig kada taon. Kami rin ay nagpapakain sa mga nagugutom, sumusuporta sa mga ministeryo na nakatuon sa pagtigil ng sex trafficking sa maraming mga bansa, sumusuporta sa mga bahay-ampunan, pinansyal na sumusuporta sa mga pastor sa maraming mga bansa, at pinapanatili ang isang tahanan para sa mga kababaihan dito sa Ohio. Ang aming layunin ay ang makatulong sa mga tao sa buong daigdig na matutunan ang patungkol sa Kaharian ng Diyos at matutunan ang kalayaan at kasiyahan na nais ng Diyos na magkaroon tayong lahat.

Maraming salamat sa pagbigay pahintulot sa akin na ibahagi ang aming kamangha-manghang kuwento sa iyo. Ngayon, humayo ka at gumawa rin ng iyong sarili mga kamangha-manghang kuwento, sa pamamagitan ng Kaharian ng Diyos.



Pumunta sa FLNFree.
com upang mag-
download ng libreng
mga aralin sa iyong
sariling wika!

Nais mo pa ba ng LIBRENG resources sa pagtuturo sa iyong sariling wika?
Pumunta sa **FLNFree.com**

# ANG IYONG REBOLUSYONG PINANSYAL
# Ang Kapangyarihan ng Katapatan

**Basahin mo ang aklat na ito kung ikaw ay…**

**SAWA NA SA IYONG PINANSYAL NA KALAGAYAN**

**NAIS NANG MAKALAYA SA UTANG**

**HINDI ALAM KUNG PAANO MAG-UMPISA**

**WALA NG PAG-ASA**

Naranasan na rin ni Gary Keesee ang lahat ng mga ito. Sa loob ng siyam na mahahabang taon, ang kanyang buhay ay puno ng matinding emosyonal na paghihirap dahil sa kanyang malubhang pinansyal na kalagayan. Mga tawag mula sa kanyang mga pinagkakautangan, mga lien o pataw mula sa IRS, mga paghatol, at ang kahihiyan ay ang naging pamamaraan ng kanyang pamumuhay. Ngunit, isang araw, ang lahat ng mga ito ay nabago nang mangusap ang Diyos kay Gary patungkol sa kanyang pananalapi at ipinahayag sa kanya ang mga lihim na radikal na nagbago ng kanyang buhay! Nakalaya siya sa utang, napatayo ang mga multi-million dollar na kompanya, at sa kasalukuyan ay ipinapahayag din ang mga susi na nakapagbago ng kanyang buhay sa kanyang television broadcast, *Fixing the Money Thing*, na mapapanood araw-araw sa bawat time zone sa buong mundo. Itinuro ni Gary ang mga konseptong ito sa daan-daang libong mga tao sa buong mundo sa mga kumperensya at mga personal na pagbisita at pagtitipon. Sang-ayon siya na mayroong maraming mga prinsipyo na bahagi ng pamumuhay para sa isang matagumpay na buhay. Ngunit kung may tanging isa lamang siyang maibabahagi, ito na ang iisang iyon. Inaanyayahan ka ni Gary na sumali sa rebolusyon at radikal na baguhin ang iyong pinansyal na kalalagayan sa pamamagitan ng *Kapangyarihan ng Katapatan*.



Si Gary Keesee ay isang may-akda, tagapagsalita, negosyante, eksperto sa pinansyal, at pastor na may matinding hangarin upang tulungan ang mga tao na magtagumpay sa buhay, lalo na sa mga aspeto ng pananampalataya, pamilya, at pananalapi. Si Gary at ang kanyang asawa na si Drenda ay lumikha ng ilang matagumpay na mga negosyo at sila ang mga founder ng Faith Life Now, na nagpapalabas ng dalawang programa sa telebisyon—*Fixing the Money Thing* at Drenda—mga pandaigdigang kumperensya, at praktikal na mga resources. Ang mag-asawang Keesee ay pastor din ng Faith Life Church na malapit sa Columbus, Ohio.

P. O. Box 779, New ALBANY, OH 43054
1.888.391.LIFE | garykeesee.com